

**IBA'T IBANG SINULAT**

---

**RIZAL**







REPUBLIKA NG PILIPINAS  
TANGGAPAN NG PANGULO  
PAMBANSANG KOMISYON NG IKASANDAANG TAON  
NI JOSE RIZAL

MGA PINUNO AT MGA KAGAWAD

DIOSDADO MACAPAGAL  
*Pangulo, Republika ng Pilipinas*

TAGAPANGULO  
ALEJANDRO R. ROCES  
*Kalihim Ng Pagtuturo*

MGA PANGALAWANG TAGAPANGULO

RODRIGO PEREZ, JR.  
*Pansamantalang Kalihim  
ng Pananalapi*

SANTIAGO F. DE LA CRUZ  
*Kataas-taasang Punó  
ng mga Maginoo ni Rizal*

MGA KAGAWAD

MARIA KALAW-KATIGBAK  
*Tagapangulo, Lupon sa Pagtuturo,  
Senado ng Pilipinas*

CARLOS P. ROMULO  
*Pangulo, Pamantasan ng Pilipinas*

CARLOS QUIRINO  
*Pangsamantalang Patnugot ng  
Kawanihan ng mga Aklatang  
Bayan*

JESUS E. PERPIÑAN  
*Patnugot, Kawanihan ng mga  
Paaralang Sarili*

EUFRONIO M. ALIP  
*Pangulo, Pambansang Samahang  
Pangkasaysayan ng Pilipinas*

LEONCIO LOPEZ RIZAL  
*Kasangguning Tagapagtatag ng Pam-  
bansang Sanggunian ng Pagsusuring  
Pang-aghay*

SALIH UTUTALUM  
*Tagapangulo, Lupon ng Pagtuturo,  
Kapulungan ng mga Kinatawan*

GERONIMA T. PECSON  
*Tagapangulo, Pambansang Komisyon  
ng UNESCO*

BENIGNO ALDANA  
*Patnugot, Kawanihan ng Paaralang  
Bayan*

LUIS MONTILLA  
*Tagapangulo, Lupon Pangkasaysayan  
ng Pilipinas*

JOSE P. BANTUG  
*Kasangguning Pangkalinangan sa  
Sugo ng Republika ng Pilipinas sa  
España (1953-1955)*

VICENTE OROSA  
*Naging Kalihim ng mga Pagawaing  
Bayan at mga Pahatiran*

EDUARDO QUISUMBING  
*Naging Patnugot*  
PAMBANSANG MUSEO

LUIS MONTILLA  
*Patnugot na Tagapagpaganap*

VEDASTO G. SUAREZ  
*Pangalawang Patnugot at Kalihim*

LUPONG TAGAPAGLATHALA

LEONCIO LOPEZ RIZAL, *Kagawad*

LUIS MONTILLA, *Kagawad*

JOSE P. BANTUG, *Kagawad*

VICENTE DEL CARMEN, *Kalihim*

**MGA SINULAT NI  
JOSE RIZAL**

**Ikawalong Tomo**

**IBA'T IBANG SINULAT**



**PANGMADLANG PALIMBAG**

**MGA LATHALAIN NG  
PAMBANSANG KOMISYON NG IKASANDAANG TAON  
NI JOSE RIZAL  
MAYNILA**

**1961**



## P A U N A W A

Sa pamamagitan ng Ikawalóng Tomong ito ng mga sunud-sunód na lathalaín ng Komisyon ng Ikasandaang Taon ni José Rizal ay inihahandog sa bayan ang mga nálalabi sa mga sinulat ni Rizal na hindi kasama sa mga unang tomong nailathala na. Ang mga sinulat na ito ay nauukol sa iba't ibang bagay at iba't ibang uri, na hindi kabilang sa mga pag-uuri-uring ginawa sa mga naunang tomo. Ang ilan sa kanila ay mga talá lamang sa klase na kanyang ginawa sa loob ng panahong siya'y isa lamang na mag-aarál, ang iba naman ay maiikling artikulo o pagsasanay tungkol sa iba't ibang bagay at kalakip na rin dito ang ilang mahahalagang salin sa wikang tagalog, na inaakala naming kapakipakinabang at may malaking katutuhan ang bayang mambabasa.

Wala kaming ibang layon sa paglalathala ng tomong ito maliban sa hangad na bigyan ng isang pagkakátaón ang madla na makilala nila nang lubos at ganap ang lahat ng sinulat ni Rizal, pati na ng mga sinulat ng ilang pantas na manunulat na banyaga, na pinagtiyagaang isalin sa Tagalog ng bayaning taga-Kalamba.

Ang pagkakasalin sa Tagalog ni Rizal sa *Wilhem Tell*, isang dulá o trahediyang sinulat ng bantog na makatang aleman na si Friedrich Von Schiller, ay hindi namin binago munti man, pati na sa pagkakasulat. Si Mariano Ponce ang nagpasok ng ilang pagbabago sa pagkakasulat at pagbuô ng mga salitâ, bilang panghahawak sa kapahintulutáng ibinigay sa kanya ni Rizal na "dapat suriing muli ang pananagalog, sapagka't patakbo ang kanyang pagkagawa, sa kakulangán ng panahon"..... Gayunman, ang mga pagbabagong ginawa ni Mariano Ponce, bagaman nápalapít nang bahagya ay hindi rin tumutugon sa makabago't pangkasalukuyang palatitika't pánitikáng Tagalog. Ito'y iginalang namin upang mapapanatili ang diwa ng pagkakasalin ni Rizal.

Ganito rin ang aming masasabi sa pagkakasalin sa Tagalog

ni Rizal sa *Limang Kuwento (Fairy Tales)* ni Hans Christian Andersen: wala kaming binago sa pagkakasulat ni sa pagkaka-buo't pagkakabalangkas ng mga pangungusap, upang manamnam ng mga babasa ang tunay na himig at katas ng pananagalog ni Rizal nang sulatin niya ang saling ito.

Ang "Karagdagan ng aking Mapa ng Pulo ng Mindanaw" ni Blumentritt at ang "Kasaysayan ni Pagong at ni Matsing" ni H. Kern ay inihulog ni Rizal sa wikang Kastila, at kami na ang nag-salin sa Tagalog.

# MGA NILALAMAN

Paunawa .....	v
Ang Pagtuturo .....	1
Kalagayan ng Pagkamakarelihiyon sa mga Bayan sa Pilipinas .....	16
Ang Sining ng Panulaang Tagalog .....	38
Ang Masoneriya .....	45
Tungkol sa Bagong Palatitikang Tagalog .....	55
Mga Pag-aaral Tungkol sa Wikang Tagalog ni Jose Rizal ....	70
Ang Paggamot sa mga Nakukulam .....	91
Bahagi ng Isang Pagsasanay na Pangkasaysayan .....	97
Karagdagan ng Aking Mapa ng Pulo ng Mindanao ni G. F. Blumentritt .....	100
Kasaysayan ni Hans Christian Andersen .....	107
Ang Punô ng Pino .....	109
Si Gahinlalaki .....	120
Ang Pangit na Sisiu ng Pato .....	135
Ang Sugu .....	149
Ang Batang Babaing mai Dalang Sakafuego .....	152
Ang Kasaysayan ni Pagong at ni Matsing ni H. Kern .....	156
DAHONG DAGDAG	
Tungkol sa Pagkakaiba ng mga Lahi ni Professor H. F. Blumentritt .....	161





## ANG PAGTUTURO

Talikdan natin sumandali ang masasaya't nakalulugod na isipan; lisanin natin ang magagandang larangan ng mga tulain at mga damdamin, at buhat sa matataas na dako ay bumaba tayo't talakayin natin ang ilang sakit na ang lunas. kung magagawa namin, ay ilalahad dito.

Ang pagtuturo sa Pilipinas ay siyang layunin ng lathalaing ito. Ang bagay na itong nakapunô sa maraming tudling ng mga pahayagan sa bayang ito, ay pinagtalunan, tinalakay at inilahad nang buong liwanag at ningning; at kung tinutukoy man namin ngayon ay upang talakayin sa ibang kaparaanán.

Gayunma'y hindi namin hangad na maglathala ng isang akdang ang layo'y makahigit sa mga nauna; palibhasa'y iniuukol namin ito sa lalong nakararami sa mga bayan-bayán, na siyang pinag tatalagahan ng aming pagod at pagsisikap, nang di dumudulog sa Pamahalaan ni sa mga matataas na pinuno, kung kaya ang lathalang ito'y may uring ibang-iba, at inaakala naming hindi makikipangagaw sa alin mang nauna ritong mga lathalain.

Kaming mga naging batang mag-aarál sa mga paaralan at pagkatapos ay naging mga guro sa mga bayan-bayan; kaming nang dakong huli'y pumasok sa mga klase ng lahat ng paaralan sa Maynila at ng ilan sa Espanya; kaming, sa wakas ay nagdanas at nakamalas ng pagyao ng mga huling mabubuting taon ng aming kabataan at ng aming pagbibinata sa pagitan ng isa't isang dahon ng mga aklat at ng alikabok ng mga silid ng paaralan, ay pangangahasan naming magpahayag ng aming kuru-kuro hinggil sa ika-unlad ng minamahal naming bayang iyon, isang kuru-kurong buhat sa udyok ng aming kagitingan, at siyang nahinuha sa aming mga gunita't pagdidilidili. Mapatatawad na kami, marahil, sa pagtukoy sa lagi nang mithiin namin sa buhay.

Kung ang aming hamak na kuru-kuru ay diringgin noong aming mga pinag-uukulan; kung ang mga pangungusap ng isang di-kilalá ay magkakapalad na hindi mawala sa guwang ng pagwawalang-bahala at kapabayaang lagi nang ipinararatang sa amin (mayroon man o walang matwid), ay ituturing naming kami'y mapapalad na, at pasasalamatan namin ang panahong binawi namin sa ibang gawain upang iukol lamang sa ikabubuti ng aming kinamulang lupa at ng aning mga kapatid.

Lahat ng humarap sa kasalukuyang kalagayan ng kaisipán at kabutihang asal ng mga bayan namin, ay nangag-ukol sa amin ng masasaklap na pagpansin; aywan ko kung karapat-dapat nga kami o hindi sa gayon; ang ilang talatang sumusunod ay magbibigay, marahil, sa amin ng bahagyang sinag ng liwanag sa bagay na ito.

Itinuturing ng mga manlalakbay na alemán, ingles at pranses na kami'y hulí o mabagal (huwag ninyong masamain, mga kababayan ko, na kayo'y pagsabihan ko ng ganito, sapagka't sa inyo ako nakikitungo at di sa kaninuman) at ang sanhi ng gayon ay inililihim o ayaw sabihin nang buong katapatan at kaliwanagan dahil sa anumang layuning hindi nararapat sabihin sa mga sandaling ito; ang mga manunulat sa inang-bayan, o kaya'y ang mga *naghawak* dito ng matataas o walang kabuluhang tungkulin sa loob ng mahaba o maikling panahon, at pagkatapos ay nagnasang maglathala ng kanilang mga alaala at mga pansin hinggil sa lahat ng kanilang namalas o narinig na isalaysay, ay nangag-uulat ng mga alamat at mga pangyayaring humigit-kumulang ay di-mapani-niwalaan, humigit-kumulang ay katawá-tawá, humigit-kumulang ay masaguwa hinggil sa atíng pagtuturo, na lumalabas tuloy na parang tayo'y nakakabasa ng isang kahanga-hangang ulat ng isang paglalakbay sa loob ng Aprika o ipinalalagay nating doo'y nagkaroon ng pagbabago ng pamagat at inilathalang parang mga alaala ng isang paglalakbay ang nababagay lamang pará sa isang mapagpatawáng almanake o kalendaryo, gaya ng isang munting payaso sa mga salon at mga silid na aralán.

Gayunman, sa gitna ng kagandahan ng tikas na iyon ng manunulat na mangangalakal, na nagpapamalas ng hangad na makapagpasayá, makapagpatawá, upang mabili ang kanyang mga akda at nang sa gayo'y makatipon ng salaping galing sa mga walang-

malay, ay kinatatagpuan ng maraming katotohanan, nguni't mga katotohanang napakalulungkot at nakahahapis. Ako ang una-unang nagtatapat ng isang pagkakamali kung ito'y namamalas ko't napagmamasdan, gaya rin naman ng pagtutol kong ginagawa laban sa isang *paninirang puri* at ng pagsumáng ko sa isang kamalian, kailanma't nagkakatinig ako upang makapagsalita at may pandinig na nakakaulinig.

Ngayon, alam ba ninyo kung ano ang pangkaraniwan at ipinangalandakang paksa, na laging sinasabi-sabi at inilalarawan sa libu-libong kaparaanan?

Dili iba kundi ang kagahulán at kamangmangang kinaroroonan namin, iyang uri ng unang kamusmusang lumulutang sa aming kapamayanan, at katulad ng isang makapal at masamang amoy na simoy ay lumulunod sa kanyang aluyan sa lalong mainam na pasiya, sa lalong sariwang mga kaisipan.

Kung itinatanong ang pinagmumulan ay sila na rin ang sumasagot nang di na pinagdidilidili ni pinangangatuwiranan, ng ganitong mga salitang karaniwan na rin: ang kapabayaan o katamaran, at sa pamamagitan nito'y ipinalalagay nilang nasabi na nila ang buong katotohanan at parang natuklas na nila magpasa walang hanggan ang kabantugan sa pagiging dakilang palaisíp.

Inakala naming ang sanhi ng kagahulán at kamangmangan ay ang kawalan ng kaparaanan sa pagtuturo, siyang bisyong tinataglay sa mula't mula pa hanggang sa katapusan ng mga karera, kung di man ang kakulangan ng pampasigla sa isang kaali-alinlangang hinaharap o ang mga sagwil at balakid na natitised sa bawa't hakbang.

Hindi kami magmumungkahi ng anumang pagbabago sa mga tadhana ng Pamahalaan; napakawalang kapangyarihan ng aming tinig upang magnais at mangusap ng hindi mangyayari; wala kaming nais kundi ang makapagturo ng lalong malaking kabutihan sa kasalukuyang kalagayan ng pamamaraan sa pagtuturo. At sa dahilang ito'y isang bagay na napakalawak at maselan sa ilalim ng alin mang uri suriin, at sapagka't ang kaiklian ng aming artikulo ay hindi makasasaklaw sa kabuuan ni pagkasiyahan ng lahat ng bahagi, ay magkakasiya na lamang kami sa ngayon, sa pag-

tukoy sa pagtuturo sa mababang paaralan sa mga bata sa mga bayan-bayan, at ipagpapahuli na namin sa ibang pagkakataong lalong mabuti ang pagtalakay sa mga matataas na paaralan. At hindi sa dahilang mabababa't pampanimula lamang ang mga unang kaalamang ito ay ipagwawalang-bahal na't wawaling-halaga, palibhasa'y kung wawaling-katuturan ng kalikasan ang binhing tinatangay ng hangin at isinasabog sa kanyang sinapupunan, ay hindi mamamalas kailan man na napapalamutihan ni nagagayakan ng mahalagang balabal ang maiinit na pook.

Bago ang lahat ay ilahad natin sa maikling pangungusap ang anyong inihahandog ng mga unang "laboratoriong" ito ng karunungan ng tac.

Ang mga bayan, ayon sa kanilang kahalagahan, sa kayamanan, kalakal at bilang ng mga naninirahan, ay gayon ding nagkakarcon o walang isa o dalawang paaralan pará sa mga batang babae at mga batang lalaki. Karaniwan nang ang isang paaralan ay pinamamahalaan ng isang guro ng mga batang lalaki (kung minsan, ay may isang gurong babae) at kung wala nito, ang gurong lalaki ay siyang nagtuturo sa mga batang babai't lalaki.

Ang paaralan sa mga bayang mayayaman at malalapit sa pangulong-bayan ay karaniwang isang kamalig na tisa, kaya'y kamalig na kawayan at pawid o kaya'y ng pinagsamang dalawang uring ito ng kamalig, alinsunod sa kakayahan ng kabang-bayan ng mga tribunal. Sakaling sa kabila ng mga abuloy, buwis at kusang paggawa ng tao ay hindi rin makaipon ng hamak na halagang maipagpapatayo ng isang habong at may bakod na kawayan, sa gayon, ang silong ng kumbento o alin mang silong ay siyang ginagawang paaralang-bayan, bilang pansamantalang gusali, pansamantalang nagiging panghabang panahon na at tunay nang gusaling paaralan. Ito'y napapalitan din o kaya'y natitigil na sa pagiging "pansamantalang" paaralan, kapag ginawang kuwartel, bilangguan o tribunal, gaya ng nangyayari sa maraming bayan. Sa paniniwala, marahil, na ang kaalaman ay hindi sumasaklaw ng lugar, ang kaalamang iyan ay maaari na ring ibitin o ilagay sa papawirin. Ang mga kasangkapan ng mga paaralang ito ay binubuo ng mahahabang bangkong kahoy o kawayan, isang malapad na mesang mahaba o parisukat na sinusulatan ng lahat at hina-

hanapan ng kasagutan ng kanilang mga suliranin, kung di man pinipintahan ng mga kung anu-anong guhit at larawan; isang masamang silya para sa guro, na sa tabi'y may isang *palmeta*, isang yantok o ang suplina (*disciplina*), mga kasangkapang siya na lamang laging inaalaala't kinatatakutan ng masasayang bata, at pumaparam ng kanilang kapayapaan. Gayunma'y may ilang paaralan-na bibira lamang naman — na may kaayusan at sa harap ng bawa't bangko ay may isang hapag na sadyang ginawa upang paglagyan ng mga aklat at mga papel, may isa o dalawang mapa, parisian sa pagsulat, abakadahan, at iba pang nangakadikit sa dingding. Nguni't ang mga ito'y hindi siyang karaniwan, at sa dahilang hindi kami tumutukoy dito sa mga napapatangi o kataliwasan, ay tatalikdan namin ang mga brilyanteng itim na ito upang hanapin lamang ang pangkalahatan.

Ang guro ay karaniwan nang isa sa mga nagtapos sa Paaralang Normal, isa siyang binata at may sapat na pinag-aralan para sa tungkuling ginagampanan niya; o isa kayang namamahinga nang direktorsilyo, isang tagasulat o isang dati't matandang mag-aaral na mapagbasang lubha ng mga aklat, at lalong nakaalam ng latin kaysa kastila at higit na nakatatalos ng mga salawikain kaysa ibang bagay.

Katulad ng kasabihang ang *letra'y pumapasok nang kasama ang dugo* o ang *qui parcit vapulum odit fillium suum* (Ang nagtitipid ng palc ay nagagalit sa kanyang anak). Sa kabutihangpalad, itong huli'y unti-unti nang nababawasan habang dumarating ang ibang lalong bata, lalong may kakayahan, lalong mapagbigay at higit sa lahat ay walang gaanong pinagkakaabalahan. Salamat sa pagkakapagtatag ng Paaralang Normal at ngayo'y bihi-bihira na ang mga bayang walang isang guro o guru-guruan o katulong, na sa munting sahod ay nakahahalili sa mga tunay na guro. Ang pinakamalaking sahod na maaaring matanggap sa Pamahalaan ay karaniwan nang hindi lumalampas sa 25 piso, kung di kami nagkakamali, at ang pinakamababa naman ay 12 piso. Ang mga anak ng mga magulang na may kakayahan ay karaniwan nang magbayad ng butaw na piso. Sa pamamagitan nito at sa pagbibili ng papel na may guhit, mga panitik at mga aklat ay nabubuhay ang binatang guro, na parang isang kaawa-awang sisiwang may tungkuling mag-

bigay ng unang dagta sa binhing iyang hindi naaalagaang mabuti, na kung tawagi'y kamusmusan o kabataan.

Sakaling marami ang bilang ng mga bata, ang guro'y maka-hihingi ng isang katulong na binabayaran ng 7 o 8 piso upang makabahagi sa mga gawain o kaya'y siyang magpasang mag-isa ng pinakamalaking bahagi ng mga araw sa loob ng isang linggo. Ang katulong na ito'y karaniwang siyang lalong magaling sa mga nagaaral o kaya'y isang nagtapos sa Paaralang Normal din, na sa kakulangan ng magugugol o iba kayang kadahilanan ay hindi makapagtapos ng pagiging guro.

Tungkol sa mga gurong babae, na bihira at napakahirap na makita sa ilang lalawigan, ang nangyayari sa kanila'y katulad din ng sa mga kapuwa guro nilang lalaki, maliban sa ilang kaibhan. Karaniwan na silang siyang pinakamabuti sa mga Kolehiyo, hindi lagi nang buhat sa mga angkang mahihirap ang buhay o may kakayahan, palibhasa'y ang hilig o hangad na magkaroon ng isang titulo o isang karera (yamang walang nakikilalang iba pa) ay siyang nag-uudyok sa maraming dalagang anak ng mayayaman na magsipagsulit sa pagka-guro nang di sa hangad na magturo kundi sakali lamang. Gayunma'y napakakaunti at halos mabibilang lamang sa daliri ang mga nangangahas na gumawa ng hakbang na ito, na itinuturing ng mga kiming dalagang ito na parang isang patuluyang hakbang sa kanilang buhay o hinaharap. Ang Paaralang Munisipal ng mga batang babae sa Maynila, ang mga Kolehiyo ng La Concordia, Sta. Catalina, Sta. Rosa ay siyang mga paaralang pinanggagalingan ng mga tanging tagapagtuturong babae, na may lakas o tinitingnan sa mga bayan-bayan. Palibhasa'y kakaunti at bihira ang mga gurong babaing ito, kung kaya sila'y namimili ng mabubuting bayang lalong maraming mayaman o may kakayahan sa buhay; kaya't iyong mga bayang nasa ikatlo o ika-apat na uri lamang ay nangagkakasiya na lamang sa pagpapasok sa kanilang mga anak na babae sa mga paaralan ng mga batang lalaki, upang ang mga ito'y huwag mag-silaki nang walang nalalaman sa mga pang-una't mababang kaalaman, gaya ng pagbasa at pagsulat.

Ang pagtuturo'y nagkakasiya lamang, humigit-kumulang, sa ganito; sa paaralan ng mga batang lalaki, pagbasa, pagsulat at

ang apat na pangunahing tuntunin ng Aritmetika; sa mga paaralan ng mga batang babae ay ito ring mga kaalamang ito, na may kasamang pagtuturo ng pananahi at mga gawaing babae, na lalong kinatutuhan nila ng higit sa iba.

Ang una ay nagkakasiya sa pagbasa, nang walang tuldok ni kuwit, na ang pagbigkas ay mapararaan, humigit-kumulang, sang-ayon sa naaabot at pagtitiyaga ng guro, ng mga aklat na ang siyam sa ika-sampung bahagi ng mga batang lalaki ay hindi naka-unawa, at pinarurusahan ng gayon na lamang upang pagkatapos ay walang matutuhan kahit na ano, maliban sa paniniwalang sila'y nagsayang lamang ng panahon nang walang napakinabang kundi ang matutong bumasa ng ilang katagang hindi nila nauunawaan, at ang wikang buong kahirapang sinasalita nila't binibigkas. Pagkatapos ng mapapait na dahon ng kartilya, na sa kanilang kamusmusa'y siyang di-sukat malimot na paksa, ay isinusunod ang pagbasa ng *trisagio* o ng mga Hiwaga ng Santisimo Rosario, mga tunay na hiwaga pará sa isang batang musmos sa bayan, at lalong hindi maunawa kaysa mga *joroglífico* pará sa mga pangkaraniwang mga turista. Kung may kalambutan na ang dila ng bata, ay binibigyan siya ng *Doctrina Cristiana* ni P. Astete, ng *Amigo de los Niños* o ng *Rueda*, upang ang mga ito'y isaulo at kanilang bigkasiu nang lalo pang masama kaysa isang loro o *papagayo*. Dito inilalabas ang kabayanihan at ang katiyagaan. Tandaan sa isip ang buubuong pahina nang di nauunawa ang kahulugan, sabihin ang mga salita sang-ayon sa pagkakasunud-sunod ng pagkakasulat nang di babaguhin ni babawasan munti man ay isang tunay na gawa ni Hercules, at maaari lamang paniwalaan ng isang nakakita at nakasaksi. Ito'y nangyayari kung ang mga magulang ng bata ay makagugugol at makabibili ng lahat ng iniutos ng guro na bilhin; kung hindi, ay daramputin ang unang *Novena* (Pagsisiyam) kay San Antonio o San Vicente o sa iba kaya, at bitbit itong papasok sa paaralan nahandang-handang parang mag-aaral ng isang aklat na kinasasalalayan ng kanyang kabantugan at ng kanyang hinaharap. Ang guro naman ay sapilitang magtitiis na lamang, sa harap ng diyosang ito ng Pangangailangan, magyuyuko ng ulo at makikinig sa bata sa pagbigkas ng mga dasal, at pagsamo at ng di makakaligtaang *oremus* o pananalangin sa wakas, ng kastila at latin, na pagkakabisala'y walang pagkakawangis kundi ang mga bagay-

bagay sa ibang daigdig. Kung minsan, ang nahuhulog sa kamay ng bata, na nagkakalyo na sa palo ng palmeta, ay ang aklat ng *Pasion*, at kung hindi siya nakakatagpo ng nasa wikang pranses o ingles ay sa dahilang wala ng mga ito sa bayan o sa buong lalawigan.

Ito ang nauukol sa pagbasa. Hinggil sa pagsulat, masasabing ito'y mabuti-buti na ng kaunti, bagaman marami pa ring kakulangang. Sa pamamagitan ng pagtitiyaga't pagsisikap, ang ila'y nakasusulat na ng mabuti-buti, tumpak at mainam, na anupa't baha-bahagya na lamang ang pagkakalayo sa parisan kung di man nakakahawig na o nakahihigit pa.

Sa kabilang dako'y hindi sila nakasusulat nang ayon sa palatitikan ng wikang sinasalita nila ni ng kastila, sanhi sa itong huli'y hindi nila sinasalita ni nauunawaan, at ang una nama'y hindi nila napag-aralan kailanman.

Madali rin namang napag-aaralan ang mga unang tuntunin ng pagtutuos sa aritmetika, nguni't sa dahilang hindi sila tinuturuan sa gawa, ni hindi sila binibigyan ng mga suliraning dapat lutasin sa maraming pangyayari, lumalabas na sila'y nananatiling mga hangal at wala ring muwang, at madali nilang malilimutan ang mga patakarang pinag-aralan upang, sa wakas, ay hindi nakapagtuos o makabilang kundi sa pamamagitan ng mga daliri o mga maliliit na bato na ipinagiging matalas at magaling ng marami hanggang sa sila'y nakagagawa ng lalong malalalim na pagtutuos, katalinuhang masasabing magiging tunay na maliwanag, nguni't pagkatapos ay buong kahinayangang nangawawala.

Sa kabuuan, ano ang nakukuha pagkatapos ng dalawa, tatlo o apat na taon sa kabila ng isang pagsusumikap at isang pagtitiyagang hindi malirip, ng nagsimulang pumasok na isang bata lamang at lumabas na isang binata na pagkatapos, ano ang nakukuha, inuulit namin sa mga walang palad na pabinhiang iyon ng pagtuturo? Kakaunti nga lamang; payat na halaman sa kabatuhan na babahagya't napakaikli ang buhay, na sa halip na yumbong ay namamatay, sa halip na tumubo ay nalalanta.

Matutong bumasa, kung iya'y matatawag na pagbasa; makasulat ng mainam na titik kahit na hindi magamit sa nararapat



paggamitan; matutong magbuo, magbawas, magparami at maghati, gayong ang karamiha'y hindi magagamit sa mga pangangailangan ng kanilang kalagayan. Nagkulang ba kayo rito ng pagsisikap, pamamaraan o pagtitiyaga? Hindi. Nagkulang ba ang guro sa kanyang mga tungkulin hanggang maaari? Inaakala naming hindi rin. Saan nga naroroon ang kasiraan? ang kakulangang nagpapawalang kabuluhan sa mababang panahon at ang maraming pagpapagod?

Maglalahad kami ng ilang kuru-kuro namin bago sagutin ang mga katanungang ito.

Sa mga bayan-bayan (at hindi namin tinutukoy dito ang mga nasa liblib kundi pati ng mga malalapit sa mga pangulong bayan) ay mabibilang sa daliri ang mga nakauunawa at nakapag-sasalita't nakatatalos na mabuti, na anupa't ang nalalabi sa mga mamamayan ay walang nalalaman kundi balita lamang. Ang mga anak ng nangauna, na karaniwan nang may kakayahan sa buhay ay nagsisitungo sa Maynila karaka-rakang maka-alam ng mga unang aralin upang magsipasok sa isang Kolehiyo, na kinatutuhan ng lalong angkop at ganap na kaalaman. Nangatitira nga ang mga anak ng mga dukha, na, bagaman may mabubuting ulo at may kasipagan sa pag-aaral ay nangapipilitang magtiis sa madilim na kapaligirang kinaroroonan at kinabubuhayan, at sa pook na walang katagpuang karapat-dapat na pag-ukulan ng kanilang mahalagang kakayahan. Wala kaming binibigyang sala kundi ang kakulangang-palad at ang karukhaan.

Dahil sa pangangailangan ng kanilang mga kaanak sapul pagkabata, kasabay ng pag-aaral, kung kaya kailangang harapin ang lahat ng gawain sa kanilang bahay upang huwag kapusin ng pagkain sa araw-araw, ang panahong iniukol sa pagpasok sa paaralan ay isang panahing inaagaw sa ikabubuti ng kalagayan sa buhay, at kung hindi sisikaping mabuti ito'y magiging mga sandali ng buhay at kaligayahang nawala. Ang mga unang kaalamang natutuhan nila'y pawang panimula lamang; hindi nila nalalaman ang dako pa roon ng nangyayari sa kanilang bayan, hindi nila nalalamang lubos kung alin ang kanilang bayan o kung may iba pang ibang bayan, at walang pinag-iingatang anuman, hindi nag-uusisa, hindi nagkakaroon ng malasakit na makaalam ng lahat

ng nangyayari sa kabuhayan ng mga tao. Nagsasalita ng wikang pinag-aralan noong siya'y bata, iyong naririnig sa kanyang mga kaanak, kung nakakaramdam ng di-magpatahimik na hangad na makaunawa ng lalo pang marami kapag nakikita ang ibang bata o binata, ang hangad na itong matuwid na pag-iimbot ay napi-pigilan sa pag-aalaala sa kanyang kasalukuyang kapalaran. Nang una'y pinapapasok siya sa paaralan at siya'y sumusunod nang buong pangangayupapa at walang anumang tutol kahit na laban sa kanyang kalooban; nag-aaral upang huwag bigyan ng sama ng loob ang kanyang mga magulang at upang huwag makatanggap ng parusa; hindi nakapupukaw sa kanya ang pananaghili sa iba sapagka't sa simula'y nadudungo dahil sa mga palo sa harap ng kanyang mga kasamahan; hindi nagpapasigla sa kanya ang anumang gantimpala o katumbas, sapagka't wala ng mga ito; walang naiibigan sa pinag-aralan, sapagka't bukod sa baog nang talaga ay lalo pang nagiging baog at walang utang na loob, buhat sa sandaling mamalas ang kanyang kawalang kabuluhan, sapagka't hindi niya nauunawa ni nakikita ang anumang makakatumbas ng kanyang mga sama ng loob.

Huwag nang bigyan ng kasalanan ang pagkakahuli o kabalagan ng kalagayan ng mga bayan ng Sangkapuluan sa katamaran ng mga pilipino, ng sinumang hindi nakaaalam nang buong kataimtiman ni nakapag-aaral ng pinakabuod ng mga bagay-bagay. Sisihin natin ang baluktot at hindi matinong pamamaraan ng pag-tuturo, na, gaya ng makapal na ulap ay nakapagpapadilim sa kaisipan, at pumapatay at lumulunod sa lalong mabubuting pasiya; sinasabi namin ito sapagka't natatalos namin dahil sa aming sarili't malaking karanasan, palibhasa'y mga anak kami ng bayan at kami'y sinawi ng walang-palad na kaasalang iyan. Lahat ng masasabi ng mga tumatalakay sa bagay na ito ay magiging mainam lamang at mapangangatuwirang tuntunin, na nasasalig sa walang laman at mapag-imbot na pangkaraniwanin, kung hindi nababatay sa tunay na mga pangyayaring nadarama at sa pag-aaral at pagsusuri sa mga pangyayari.

At sa katotohana'y ano ang katamaran? Isang kalagayan ng kaluluwa na napapatangi sa isang malabis na pagwawalang-bahala sa lahat ng nakaliligid at nauukol sa kanya.

Ngayon, maaari bang tanggapin sa diwa ang gayong sakit, sa harap ng kaalamang inaangkin tungkol sa kapangyarihan at mga sangkap niyang bumubuo? Ang nakauunawang ang kalooba'y kasunod na lagi ng kabutihan o ng layuning nagpapasigla; ang nakatatalos ng mga simbuyo niyong tinatawag na malayang pagpapasiya sa sarili, maging ito'y nagbubuhay sa udyok ng katuwiran, maging gawa ng pagkabulag ng damdamin; ang nakatatalos ng kanyang kapangyarihan at lakas, maaari bang makaamin na ang gayo'y isang katamarang nabuo sa sarili, pinagkatandaan at hindi malulunasan, nang hindi magtataksil at susumangin ang sarili?

Inaakala naming kung may katamaran, ito'y parang anak lamang ng kamangmangan at hindi parang isang pangunahing uri na iniukol sa bayang pilipino at sa singaw ng lupa nito. Ang palagay na ito'y parang mali at gawa lamang ng simbuyo sa ganang mga humahatol sa mga bagay-bagay alinsunod sa balat at hindi sa laman; para doon sa mga nasisisilaw sa ningning ng mga kuru-kuro ng iba at dahil dito'y nasasanay nang ulit-ulitin iyon at sabihing parang kanila nang sarili, at pagkatapos, sa di kaalaman sa kanilang ginagawa ay nagiging parang alingaw-ngaw na lamang sila ng mga kamalian ng iba; para sa mga nasisiyahan sa nakasisilaw na apat na pangungusap na may dalawa o tatlong kasabihang nakagugulat hindi sa kawalan ng kaparis o sa dahiling nakapagpapatawa at kailan ma'y hindi sinusuri; doon sa dahil sa kawalang katiyakan sa kanilang kuru-kuro ay ipinagkakamali ang sanhi sa mga dapat ibunga; o kaya'y maging doon sa nakakikitang malitanag ay hindi makapangahas na magsakdal laban sa makasalanan, ni magtapat ng pagkakamali, ni hindi dumadaliri sa may kasalanan, ay humahanap ng magaang na kalutasan, at nag-aatáng at pumupuno ng mga paglilit sa, katulad ng ibon sa Bibliya, ay hindi makasasagot ni makapagtatangol sa sarili.

Sabihin ninyo, katamaran ba ang ipinamamalas ng mga mag-aaral na dumaragsa sa Maynila buhat sa iba't ibang lalawigan at nagsisiksikan sa dalawa o tatlong pintuang binubuksan sa kanila ng isang hinaharap na madilim at walang katiyakan? Bunga rin ba ang katamaran ang buo-buong nayon ng mga "artista" at "artesano" doon ba ang mga gawang-kamay na nakahahanga sa kakinisan at kainaman, gayundin naman ang mga yari ng indus-

triya at pagsasaka bagaman ang mga ito'y alinsunod sa matandang ayos at pamamaraan? At sa wakas, katamaran din ba ang bunton ng mga kahilingan upang magkalupa, mga kahilingang inihaharap ng mga naghahangad na iukol at gamitin ang kanilang panahon, ang kanilang talino at paggawa? Hindi namin itinatangi, bagkus ipinagtatapat pa nga nang buong kalungkutan, bagaman hindi isang kahinaan ng loob, na ang baya'y napakahuli at kung isasa-alang-alang ang kanyang mga mamamayan at ang lupain ay malayong malagay sa dapat niyang kalagyan. Hindi kami naniniwalang kami'y nakakakita ng mga rosas sa halip ng mga tinik; hindi kami nasisilaw na gaano hanggang sa kami'y maging kasapakat ng mga kalunus-lunos na bisyo; nguni't sinasabi namin ang aming dinaramdam, at sa pagpapalagay ng gayon ay walang umaakay sa aming ibang kaisipan ni hangarin kundi ang makapaglingkod kahit bahagya at makapagbigay lunas, kung magagawa namin, sa ilang kasamaang nakaatang sa ating bayan. Ano ang mapapala ng mediko sa pagdaraya o sa pagkita ng aliw sa pamamagitan ng kaalialinlangan nguni't nakalulugod na panghuhula kapag ginagamot niya ang isang sakit?

Turuan ninyo, aralan at parilagin ang indiyos; sa lalong maliwanag ay turuan natin at parilagin natin, at mawawala ang pagwawalang-bahala, ang kapabayaan at ang katamarang iyan. Hindi maaaring di ibigin ng bulag ang liwanag na kanyang nakita; ang nakarinig na minsan ng mga himig ni Meyerbear o ang mga himig ni Rossini ay hindi maaaring di umibig sa musika. Ang nakamalas ng mga kalamangan ng isang lalong mabuting buhay, ay magsisikap na nakalabas sa kulungan ng mahigpit na kaasalang kinabubuhayan, at hahanaping lagi ang wakas na ninanasa at pinangangarap ng mga tao, na dili iba't ang kaginhawahan ng kanyang mga pagdaralita kung di man ang kaligayahang dinidiyos ng mga tao na itinapon sa lupa.

Upang magtapos ay marapating maglahad kami ng isang munting mungkahi na inihaharap namin sa pagsusuri ng lahat ng may tungkuling mangalaga sa ikauunlad ng minamahal na bahaging iyan ng lupaing sanhi ng mga pagsisikap ng lahat ng nagpapalagay na siya ang pinakagigiliw na anak ng Espanya o siyang lupang tinubuang pinagkakautangan nila ng kanilang kagalingan at ng

kanilang kabuhayan. Gayunman, sapagka't ang suliraning tinatalakay namin ay lalong nauukol sa isang uri ng lipunan kaysa iba, ang mga pangungusap namin ay tuwirang tutukoy sa mga may tungkuling magsagawa ng mga layunin ng Pamahalaan, gayundin sa mga ipinalalagay naming makatutulong sa aming mga palagay at mungkahi.

Gaya ng namalas na, ang pinakamalaking balakid na kinitisuran ng lahat ng pagtatangka, ay ang di-kaalaman ng wikang pampamahalaan; dahil dito'y habang ang lahat ng mga pilipino'y hindi nakapagsasalita't nakuunawa ng wikang kastila, lahat ng pagtuturong gagawin sa pamamagitan ng wikang ito ay magiging walang kabuluhan, gaya rin ng pagiging walang kabuluhan ng lahat ng pagsisikap, ng lahat ng layunin kapag kapos at wala ng mga kaparaanan upang masunduan ang mga iyon.

Kaya't ang kinakailanga'y o gamitin ang mahalagang panahong iyan, na nasasayang lamang, sa pagtuturo sa gawa at sa tuntunin ng wikang kastila, yamang ang kabataan ay siyang gulang na lalong nababagay sa pag-aaral ng mga wika, o kaya'y palitan ang mga aklat na iyang binanggit na namin ng mga aklat na nasusulat sa wika ng bayan, na ang layo'y ituro ang mga kaalamang kapakipakinabang. Halimbawa, sa halip ng mga *Nobena*, *Rueda*, *Trisahiyo at Misteriyo*, na walang katuturan, ni upang palusugin ni gisingin ang pananampalataya, ni upang gawing kristiyano ang isang tao, sa tunay na kahulugan ng salitang ito, kung ang nais ay mamalas siyang isang taong nananalig, gumagawa at umiibig sa kanyang kapuwa, at hindi isang mahiligan at kaibigan ng pagdarasal at paglubulong ng mga salita nang di ito iniisip ni pinaniniwalaan; sa halip ng mga aklat na iyan, inuulit namin, ay hindi ba mabibigyan ang isang bata ng magagaang na akda tungkol sa kabaitan at kagandahang-asal, sa heograpiya at kasaysayan ng Pilipinas, at higit sa lahat ay isang akdang nauukol sa Pagsasaka nguni't nasusulat sa wikang sinasalita nila, yamang ang karamihan sa mga mamamaya'y walang hinaharap kundi ang pagbubungkal at pagtatanim sa lupa, ang pag-aalaga ng mga hayop, na sadyang nababagay sa bayang ito? Pagkakagugulan ba ito ng malaki, hindi ba ito magagawa? Ang hamak na pagtuturong ito na halos pangkaraniwan ay sapat na upang gisingin ang mga mamamayan sa ipagkakaisip sa lalong ikabubuti at ikauunlad, at ipa-

kikinabang ng malaki ng mga bayan at ng mga pinuno at pati na ng Relihiyon, palibhasa'y mapapawi, sa gayon, ang mga pamahiin, ang buhay na kinapamihasnan, ang malabis na kamangmangan, at ilang kaugaliang labag sa kagandahang-asal, kundi man anak ng kawalang-malay at malabis na pagka-mapaniwalain. May mga aklat na tunay na nagtuturo ng kabutihang-asal at mayroon din namang maliliit na aklat tungkol sa kasaysayan at heograpiya o mga kaalaman hinggil sa Pagsasaka na sadyang naaayók sa bayan; gaano na ang magugugol upang isalin ang mga iyan sa wika ng bayan at palaganapin sa mga paaralan sa mga bayan-bayan, upang matutuhan ng mga kulang palad na iyan, na sa kawalang kaya'y hindi makatungo sa lalong mabubuting paaralan upang makapagtamo ng lalong mabuti't kapakipakinabang na kaalaman?

Talikdan natin ang kalakarán at karaniwan, pag-aralan natin ang ikauunlad; hanapin natin ang tandisang kabutihan yamang ang buhay ay maikli at ang tungkulin ng tao'y napakalaki; bawa't isa'y dapat tumupad sa kanyang mga kautangan at tungkulin sa kapaligirang kinaduroonan, hindi lamang sa pagtupad at di pag-suway sa utos, kundi upang gumawa ng mabuti at tumulong sa pangkalahatang gawain sa sangkatauhang may karamdaman at umuunlad.

Dumudulog nga kami sa inyong may banal na tungkuling magturo sa mga binhing ito ng lipunan, sa inyong may mga tungkuling bumuhay at magpalakas sa diwa ng mga magiging mga mamamayan o magsisipaghawak ng mahahalagang tungkulin, sa inyo nga'y dumudulog kami't inilalahad ang mga kuru-kurong ito. Suriin ninyo't litisin ang nasa inyong harap, sikapin ninyong mapapatan ng lunas ang maaari ninyong lunasan at pabutihin.

Hindi kaila sa amin ang malaking tulong na maibibigay ng mga governadorsilyo sa mga bayan-bayan, na nangararapat magmalasakit nang buong tiyaga at buong ingat upang lahat ng bata'y magsipasok sa mga paaralan o kaya'y mag-atas sa mga magulang upang papasukin nila ang kanilang mga anak, at di rin kaila sa amin ang kabutihang nagagawa ng mga mayayamang magulang sa ikasusulong ng pagtuturo, sa pamamagitan ng pagbibigay ng gantimpala sa mga masisikap sa pag-aaral at nangagpapamalas ng mabuting kaasalan; sa kaunting pagpapagod, marahil, at kaun-

ting halaga, kung ito'y iuukol sa kapanahunan at buong kaayusan, ay magbubunga ng malalaking pakinabang kaysa kung hindi magawad agad. Maging malaki man o maliit ang pagpapakasakit; maging wala mang utang na loob o malilimitin ang mga tao; na ang kasamaan man ay humadlang o ang baog na pagtingin sa sarili at hindi magbunga ay magbiro, ay hindi tayo nararapat tabangan ng loob sa harap ng walang gaanong halagang pagkabigo, ni umurong sa maliit na balakid na natatanaw sa malayo. Upang maputungan ng lalong maningning na tagumpay ang gawain ng isang tao, ay kinakailangan ang tulong ng lahat ng mabuting kapalaran, ang pagkakasama-sama ng lahat ng mapapalad na pangyayari, isang lupang linang, isang kaloobang napapanahon; at kung hindi ganito'y mawawala lamang ang tinig sa kalawakan, gaya rin naman ng inga pag-asa at mga pagsusumakit. Magtulung-tulong nga tayo sa paggawa at sa halip ng mga walang kabuluhang pagdaing, ng mga paghihinagpis na nakahahambal, ng mga paratang at paninisi, ay igawad natin ang lunas, itayo natin ang gusali kahit na magmula tayo sa lalong maliit, sapagka't sa dakong huli, pagdating ng araw ay makapagtatayo tayo sa ibabaw ng batayang iyan ng mga bagong gusali. Pahakbang-hakbang na makararating tayo sa templo ng Pagkakasulong, na ang marami't pasikut-sikot na baitang ay hindi mapapanhik kapag sa kaluluwa'y walang pananalig at pananampalataya, sa puso'y walang tapang na kinakailangan upang pakiharapan ang mga kabigua't kawalang pag-asa, at ang paningi'y nakapako sa hinaharap. Gawin nati't sikapin, alang-alang sa saling-lahing susunod sa atin, na siya nating magiging kapurihan o kapintasan, ang lahat ng ninais nating gawin sana sa atin ng ating mga ninuno, kung sakaling sila'y napalagay man sa isang katayuang lubhang kasira-sira ay batbat naman ng magagandang hangarin. Ang landas ay atin gaya ng pagiging atin ng kasalukuyan, at sakaling panununtan tayo ng palad na makarating sa ating hanggahan, ay umasa tayong sa pagtupad sa ating tungkulin, ay magiging atin din naman ang hinaharap, ang hinaharap na puspos ng mga biyaya.

## LAONG LAAN



## KALAGAYAN NG PAGKAMAKARELIHIYON SA MGA BAYAN SA PILIPINAS

Bilang 12. "Samakatuwid ang karaniwang taong hindi nakauuna-wa ng wikang ito, ay nakakikita ng mga hiwaga sa lahat ng bagay; at dahil sa kanyang kamangmangan ay pinaglalangán niyá ang kanyang sarili, o kaya'y nakapagbubuyó sa panlilinlang ng iba."

(Kasaysayan ng Daigdig ni C. Cantú tungkol sa mga relihiyón.)

Lahát ng nag-ukol ng kuru-kuro sa Pilipinas ay nagpapatunay, maging sa mga sinulat o maging sa mga pakikipagusap, ng isang bagay: ang pagkamakarelihiyón, o sa lalong maliwanag, ang kaitimang loob sa relihiyón. Datapuwa't hindi silá nagkakaayon sa pagpapahalagá. May nakakasumpóng ng isang diwang ganap na katóliko na hindi mahuhulí sa kabatang karapat-dapat sa mga unang dantaón. Mayroón namáng nakakasumpóng ng isáng bulág at mapamahiing pananampalataya na hindi kinaaaninagan ng anumáng bagay na dakila at matayog, na siyang mga katangiang sarili ng Kristiyanismo. May nakakikita rin ng isáng kamangmangan o isáng makinis na pagkukunwari. Mayroón ding waláng nakikita kundi isang relihiyóng makalupa at paimbabaw lamang, dahop sa matibay na pananalig at salát sa tunay na kabaitan. Ang ganyang malaking pagkakaiba-iba ng mga paglagáy ay maaaring maipaliwanag lamang kung isasaalang-alang ang pagkakaibá ng mga kuru-kuro ng mga taong nag-uukol ng panahón sa bagay na iyón, sa kaliitan o kalakhán ng kaniláng pinag-aralan, at sa iba't ibáng salamíng ginagamit nilá sa pag-susuri sa mga bagay-bagay at mga pangyayari.



Sa katunayan, ang ilan, dahil sa pagkakawangis ng mga pananalig at mga simulain ay pinupuri sa iba sa kanilang ginagawa at sinásampalatayanan. Ang ibá namán sa dahiláng nag-aangkin ng kasalungat na aral ay pumupula sa lahat nang hindi umiisip ng gaya ng kanilang niisip. Ang mga ito, na nag-aangkin ng diwang mahilig sa masama ay nagpapasiyá sa kalahatán ng parang hiwa-hiwaláy, bagamán hindi mga kataliwasán ay pambihira namán. Ang mga nauna ay nagpapahalagá sa mga bagay na sinusuri sang-ayon sa mga panlabas na anyo ng mga ito na anyong nakatatawag lamang ng kaniláng buóng pansín at naglalayo sa kanilá sa malalim na pagsisiyasat ng mga katangiang panloób. Ang mga papuring lalong masisiglá at ang mga pagpintás na lalong mapangutya't masaklap ay nakikipaghalinhinan sa mahabaging paglibák o sa pagpuring mapagbiro; at hindi bihirang makariníg ng isáng taong dati'y dumarakila sa kanilang pananampalataya't kagandahang-asal, at págkatapos ay humalakhák at sumisiphayo sa noóng una'y kanilang pinakakapuri-puri.

Ang sinumáng nagtatangkáng makakilala ng kalagayang "moral" o magandang kaasalán ng mga bayang iyon at manununtún lamang sa mga aklát na inilalathala ng mga manunulat na lubháng mapaniwaláin o kayá'y puno ng pag-iingat; ang sinumáng nag-sasabing nakatatarók ng mga nangyayari sa mga pananalig ng mga mamamayan doon sa pamamagitan lamang ng iba't ibáng balita ng mga manlalakbáy, ay walang salang magkakaroon ng ligaw na kaalaman, at humigit-kumulang ay magiging masagwa sang-ayon sa bukál na pinagkunan niyá ng mga balita't mga palapalagáy na iyón.

Kamí, na sa pagsusulát ay waláng ibáng hangarin kundi ang magíng kapaki-pakinabang sa aming ináng-bayan at sa mga mamamayan nito; kamíng hindi nagnanais manghibo sa dahiláng matutuklasán ang kabulaanan at susuklián kamí ng karampatang paghamak; kamí, na nag-aakalang ang mga talata naming itó'y babasahin niyaóng mga pinag-uukulan lamang namin, at dahil dito, ang aming mga pagpuná ay hindi maaaring mag-angkin ng pakay na paninirang-puri ni ng pagpapababa sa palagáy na tinatagláy na ng mga dayuhan; at higít sa lahat, kamí na lagi nang nagpapalagay na namuhay, kamí ng gaya ng pagkakapamuhay nilá, lumangháp kamí ng katulad ng simoy na nilangháp nilá, at naki-

bahagi kami sa kaniláng mga kapintasa't mga kamalian; kami'y umaasa, na sa pagtalakay sa suliraníng itó, ay maisisiwalat namin ang hubád na katotohanan nang waláng pagkakabago, sang-ayon sa aming pagkakakita, at sang-ayon sa kasalukuyang pagkákilala namin buhat sa malayo, na anupa't malaya kami sa makapang-yarihan niyáng lakás.

Sa bigláng malas, ay tila madali ang suliranín, datapuwa't kung liliriping mabuti, ay maselan at bakil-bakil. Sa simula ay ipinangangako sa sarili ng tatalakay ng suliraníng itó na wala siyáng sasabihin kundi ang katotohanan, lantáy at hubád na katotohanan, datapuwa't pagkatapos, mapipilitan siyáng bihisan iyon at gayakan upáng magíng kalugúd-lugód, at pagkatapos pa nito'y mapipilitan siyáng yaó'y ikublí at palitán ng isang pagkukunwa lamang, na kung hindi isáng kasinungalingan ay kawangis na kawangis namán nitó. Habang hindi dumarating ang lalong mabubuting panahon, ang panitik ay mangangayupapa sa mga pangyayari, kaya nga, bagaman kami'y hindi magkakasiya sa pagsaysay ng mangisa-ngisang pangyayari, ni magkakasiya sa ilang lalawigang tinutukoy, magsasalita kami ng nauukol sa kalahatan, at hindi kami tutukoy o susugat sa kaninuman.

At yamang ang mga pananalig sa relihiyon at ang mga kautusang pinakabunga niya, ay kasakasama ng tao sa lahat ng dako at sa lahat ng sandali ng kanyang buhay, at nakapagpapabago ng kanyang ugali. hilig, mga simbuyo at hanggang ng pamaraan ng pagkukuro, bagaman maraming hindi ganito ang paniniwala, ay pag-aaralan namin ang diwang makarelihiyon sa lahat ng mga kilos at yugto ng buhay ng pilipino, sa buhay niyang sarilinan at pambayan, sa mga pagpipista at mga paglilwaliw, gaya rin ng kapag siya'y nagluluksa't tumatangis, sa katagang sabi'y buhat nang siya'y ipanganak hanggang sa siya'y mamatay.

Hahatiin nga namin, ang kathang ito sa dalawang bahagi: ang isa'y tatalakay sa *pagsambáng panloób* at ang ikalawa'y sa *pagsambáng panlabás*.

Sa salitang *pagsambang panloób* ay tinutukoy namin ang mga paniniwala't pananalig na tinataglay tungkol sa Kadiyusán, sa mga santo, at sa kabilang buhay.

Sa salitang *pagsambáng panlabás* naman ay tinutukoy ang lahat ng nadaramang pagpapakilala ng kaluluwa, ang lahat ng mga sagisag, ang lahat ng mga paggalang na inuukol sa mga likhang nakatataas. sa pamamagitan ng mga makalupang pagpapahayag, sang-ayon sa mga pananalig.

Tatalakayin namin ngayor: ang pagsambang panloob o kaya'y ang mga paniniwala't pananalig, nguni't huwag lilimuting ang babanggitin lamang namin ay yaong paniniwala't pananalig ng mga katólikó na siyang bumubuo ng lalong nakararami sa bansa, palibhasa'y ang paksa ng aming pag-aaral ay ang lalong nakararami sa mga mamamayan at hindi namin tinatangkang saklawin ang sangkalahatan.

### *Pagkakakilala sa Kadiyusan*

Bago ang lahat ay suriin natin ang batayang pinagpapatakarán ng isang relihiyon — ang pagkakilala sa Kadiyusán. Tingnan natin kung anong pagkakilala mayroon, hindi ang mga taong naturuan na o nakapasok, kung ito'y masasabi, sa mga hiwaga, kundi ang karaniwang tao, ang nakararami sa mga mamamayan, nilikhang ni walang-halaga sa mga panahon ng kamangmangan at ng kawalang taros, kinatakutan at iginalang sa mga araw ng sigwa't kaguluhan at sanhi ng lahat ng pangangalaga sa mga bansang bihasa't mulát. Tingnan natin kung paano ang kanyang pagkakilala sa Diyos o sa Kataas-taasang Lumalang na sinasamba niya, sa dahilang sa laki o liit ng kawagasan ng pagkakilalang ito nasasalalay ang laki o liit naman ng kadakilaan ng Relihiyon. Karaniwang lahat ng dungis at kapintasang napapansin sa alinmang aral ay nagbubuhát sa isang munting anino o bahid sa pagkakilala sa kadiyusan, walang iniwan sa isang manipis na ulap na kapag tumatakip sa kabilugan ng araw, ay nakapagpadilim sa tanang bagay na nalulukuban at nakapaghahari buhat sa kanyang matayog na kataasan.

Nababatid naming mabuti na sa lupa'y walang sinumang naka-kaunawang lubos at tiyak na tiyak tungkol sa Diyos, at ito ang sanhi ng hindi pagkatumpak at pagkaganap ng lahat ng relihiyong binalak o inayos ng tao, datapuwa't hindi dahil dito'y sasabihin nating nararapat tayong mawalan ng pagasang makilala ang

Diyos. Hindi hinihingi sa taong gumawa ng higit sa kakayahan ng lakas niya; hindi sinisisi ng manlilikha ang makina kung ito'y hindi makayayari nang higit sa nararapat at sa makakaya.

Sa gayon, kung pagbabatayan ang simulain na ang ating pang-unawa ay hindi ganap at may hanggahan, at ang kaganapan ng ating kaisipan ay alinsunod sa laki ng ating pinag-aralan; mahihinuha nang ang pagkaunawang humigit kumulang ay malinaw at maliwanag na matatamo natin tungkol sa ating Lumikha, ay nababatay sa maliit o malaking kamangmangan o kakapusang kinaroroonan ng kapangyarihan ng ating isip.

Pagkatapos ng maikling pagwawari-waring ito, ay pumasok tayo nang tatahanan sa paglalarawan ng pagkakilala sa Diyos ng malaking bahagi ng mga mamamayan sa Pilipinas, at huwag tayong magtaka kung makakita tayo ng ilang bagay na di-karaniwan.

Sang-ayon sa sinabi o itinuro sa kanila noong kanilang kamusmusan ng mga magulang nila o ng mga guro; alinsunod sa narinig nila sa mga sermon, na sa isang pagkakataon ay maging paksa ang Diyos, kung di man ang Birhen at mga Santo; sang-ayon sa mga nabasa nila sa mga aklat, gaya ng Pasyon, Katesismo at iba pa, ang mga pinaniniwalaan nila't pinananaligan sa bagay na ito ay nauwi sa mga sumusunod:

Matibay at walang munti mang pag-aalinlangang sumasampalataya sila na may Diyos na iisa, lumikha, makapangyarihang di-sapala, na walang di magagawa kahit na yaong mga tinatawag na hindi maaaring maisagawa dahil sa nalalaban sa katutubong kakanyahan ng mga bagay; mapaghiganti at makakatarungang higit kaysa mahabagin at maawain. Ang sanhi ng paniniwalang ito'y ang walang tantang pagbabala ng mga parusang walang hanggan, ang pagpapakahulugan na ang lalong maliliit na pangyayari ay mahihigpit na parusa ng isang Lakas na nagngangalit. Ito ang dahilan kung bakit sa Paglalarawan nila'y walang iba ang sumasaisip maliban sa mga paghihiganti at sa katarungan ng Diyos, na para bagang ang itcng-ito lamang ang tanging katangian niya. At sapagka't sa isang dako'y manaka-naka lamang siyang ilarawang mapagmahal at maawain, at mahabagin sa kahinaan ng tao; at sa kabilang dako nama'y sa dahilang lalong nakikintal sa

kaisipan ng karaniwang tao ang nakapangingilabot at nakapangyayari kaysa pagkamairugin at pagkamaawain, dahil dito'y ipinalalagay nilang ang Relihiyon, sa halip na mapagpatawad, mabagin at mapang-aliw, gaya ng pagkagawa sa kanya ni Hesukristo, ay isang relihiyon ng mga pagbabala, ng mga pagpaparusa, at ng mga pagpapahirap.

Sumasampalataya sila, gaya ng nasabi na, sa kaisahán ng Diyos at pagkatatlo ng Persona. Tinatanggap nila ang malalim na hiwagang ito; karaniwang lumuluhod pa sila sa halip na mag-siyasat, mag-usisa. Gayunma'y hindi mawawalan ng mangisa-ngisang kapatid sa *orden tercera* o sa ibang kapatiran, o ng isang sakristan mayor na nangangahas magpaliwanag niyaon sa pamamagitan ng mga paghahambing na humigit kumulang ay magaspang o sa pamamagitan ng mga di-karaniwang pagpapakahulugan. Kailan ma'y hindi namin narinig na may kalakip na magtanong kung ano ang pinagmulan ng Diyos, gaya rin ng kung ano ang katapusan Niya, lubos ang pananalig nila sa kawalang-hanggan. Ang bayang pilipino'y isang mapagsampalatayang masunurin at mababang-loob; kapag ang pangangatuwiran niya'y nakakatagpo ng isang balakid o isang naaalit sa nararapat mangyari na hindi niya masang-ayunan, hindi dahil dito'y maghahagilap siya ng isang kuru-kurong makapagpaliwanag niyaon, ni hindi niya tinatalikdan ang inaakala niyang isang kabalighuan, bagkus pa nga'y nilulunod niya ang kanyang mga pag-aalinlangan o pagtutol sa apoy ng kanyang pananalig o sa dakilang pagtitiwala sa kahiwagaan.

### *Ang Birhen at mga Santó*

Parang isang pagpapalubay at pagbabawas nang bahagya sa kakila-kilabot na isipang tinataglay nila tungkol sa Diyos ay nariyan ang matulai't magiliwing pagpapalagay nila sa Birhen. Datapuwa't kailangang papagbukurin ang dalawang bagay: ang Birhen, bilang Ina ng Mananakop, at ang iba't ibang larawang kumakatawan sa kanya. Yaong Biring Ina ng Mananakop ay mairugin, maawain, mahabaging tagapamagitan ng lahat ng makasalanan; siya'y tumatahan sa Kalangitan, at siya'y isang Inang mapagmahal at mapagpalayaw na walang pangalawa. Ang mga Birhen ng mga larawan o saibang sabi'y ang iba't ibang pagpapakilala sa Birhen, mga larawang humigit kumulang ay mapag-

himala, ay nakaugalian nang ipalagay sa ibang paraan: sila'y madaling napahihinuhod sa mga panalangin, mga alay, at iba pang gawang kabanalan ng mga sumasamba sa kanila, ng mga nagsusuot ng kanilang kalmen o ng anumang tanda nila. Sila'y nagkukupkop sa mga masambahin sa oras ng kamatayan, at sila'y isang makapangyarihang tagapagligtas ng lahat ng mga tumalaga sa pananalig sa kanila habang nabubuhay. Gaya ng kanilang pagiging tunay na tagasaklolo ng mga nagsisitupad sa kanilang mga pangako, sila rin nama'y nagpaparusa sa isang paraang humigit kumulang ay sukat mapansin sa mga hindi tumutupad ng kanilang mga panata, anuman ang maging uri ng mga panatang ito. Nagkaroon ang mga larawang ito ng napakalaking lakas sa kaisipan ng karaniwang tao; na nayaglalaho nila ang Birhen na ring kinakatawan nila, at sa ganito'y nawawala ang kanilang pagkalarawan lamang at sila'y nagiging parang iba nang tunay na nilikha na may sariling kakanyahan. Sa mga larawang ito'y nakikita nila, hindi ang sagisag ng Inang yaon ng Diyos, kundi isang halos-diyos, makapangyarihan, at karaniwang ipinalalagay nilang mayroon ding mga simbuyo't mga kagustuhan, at bawa't isang larawan ay may kani-kanyang mga tagapagtanggol at mga kampon. Ang alinmang estatuwa, isang kuwadro, o isang pintura kaya ng Nuwestra Senyora del Rosariyo ay iginagalang sa isang paraang naiiba sa alinmang larawan ng Nuwestra Senyora del Carmen, at ang iba't ibang estatuwa o pintura ng Nuwestra Senyora del Carmen ay pinag-uukulan ng iba't ibang uri ng pagpapahalaga, sangayon sa kung ito'y lalong mapaghimala kaysa iba. Isang mapanata sa Birhen ng Antipolo, halimbawa, ay gugugol ng kalahati ng kayamanan niya at kahit na higit pa, kung natutungkol sa pagpapaluwalhati o pagpaparangal sa kanyang simbahan, nguni't hindi siya magsisindi ng kahit isang kandila sa harap ng Birhen ni Rafael, kung ito'y hindi nakapagbibigay ng anumang pagkakakilalanan ng kahit na pinakamaliit na kababalaghan.

Bilang kabuuan, hindi ang diwa kundi ang sagisag ang kanilang pinipintuho't pinararangalan; hindi ang Ina ng Diyos kundi ang isang estatuwa o pintura niya, na noong isang panahon ay tagapagpakilala lamang ng isang nilikhang ang kabanalan at pagkamairugin ay walang kahulilip, nguni't ngayon ang larawan ay naging isa nang nilikhang tangi at may sariling pagkabuhay. Kung

sasabihin ninyo sa isa sa mga masambahing yaon at may maningas na puso sa pananalig na ang misa para sa Birhen ng Antipolo ay maaaring ipagtungkol sa Dolorosa nang walang anumang magiging kasiraan, walang paliguy-ligoy at marubdob ang pusong kayo'y tatawaging erehe o kung hindi man gayon kabigat ay kahit na masamang kristiyano.

Ganyan din ang nangyayari sa mga santó. Sa mga ito ay may mga pintakasi para sa mga bagay na ninakaw, gaya ni San Antonio de Padua; para sa mga sakit ng mata, gaya ni Santa Lucia; para sa salot, gaya ni San Roque; para sa mga pananim, gaya ni San Isidro; para sa ulan, gaya ni San Juan Bautista; para sa mga balang, gaya ni San Agustin at marami pang iba, at hanggang sa pagkakaloob o pag-aalis ng pagkabaóg, gaya ni San Pascual Baylon na pinipintakasi sa bayan ng Ubandó. Ang pananampalataya't pananalig nila sa mga santong ito ay totoong napakalaki, na hindi na sila humihingi, kailan man halos, sa Diyos ng kanilang hangarin at aywan ko kung bakit lagi na silang nakakakita ng isang santong natatalaga sa tanging bagay na kanilang hinihingi. Ang nangyayari sa mga larawan ng Birhen ay nangyayari rin naman sa mga larawan ng mga santó. Ang larawan ni San Antonio de Padua sa gayong simbahan o nayon ay lalong mapaghimala kaysa kay San Antonio ng simbahang ito o bahay, sa dahilang sa isang kandilang sinindihan sa karangalan ng una ay ibinalik kay Pedro ang nawala nitong ari-arian, bagay na hindi pa nagagawa ng santó dito sa huli.

At kakatwang bagay! Ang mga larawang lalong mapaghimala ay yaong lalong pangit ang pagkakayari, yaong lalong matatanda o yaong nakapupukaw ng lalong malaking sindak o pagkatakot dahil sa kulay nilang itim o kayumanggi, o kaya'y dahil sa pagmumukha nilang mababagsik, at sa bagay na ito'y nangyayari ang gaya ng nangyayari sa mga matatandang estatuwa ng mga diyus-diyosang griyego, na ipinalagay na lalo pang makapangyarihan at kakila-kilabot kaysa magaganda't magagarang estatuwang nililok nina Pidiyas at Praksiteles.

### *Pagkawalang-Kamatayan ng Kaluluwa*

Walang sinumang hindi naniniwala na mayroon tayong kalu-



luwa at ang kaluluwang ito'y walang pagkamatay. Walang sinu-mang nag-aalinlangan sa bagay na ito at totoong malalim ang ugat ng paniwalang ito, na marahil ay siyang kaisa-isang pani-walang sinasang-ayunan ng lahat. Ang kaluluwang ito'y maaaring makaalis sa lunáng pinagtalagahan sa kanya ng Diyos at gumala-gala sa paligid-ligid ng mga pook o taong kinalulugdan o kaya'y kinasasabikan niya. Ilang bayan, o sa lalong tumpak na sabi, maraming naninirahan sa bukid ang naniniwalang ang mga di-kristiyano ay walang kaluluwa, at ito ang sanhi kung bakit ipinalalagay nilang ang mga insik ay mga nilikhang sadyang iba ang uri sa kanila.

### *Palá-palagáy tungkol sa Kabilang Buhay*

Sapilitang pinakabunga ng kawalang kamatayan ng kaluluwa'y ang buhay na nagsisimula sa libingan at hindi nagwawakas kailan man.

Nararapat sapantahain na bago dumating ang mga kastila, o kaya'y ang relihiyong katólikó sa mga pulóng yaon, ay wala pa silang kaalaman tungkol sa impiyerno ni sa purgatoriyo, bagama't naniniwala na silang mayroong kaluluwa; hindi namin nata-tanto, kung ang kaluluwa'y ipinalalagay nilang walang kamata-yan. Ganyan ang aming palagay, sa dahilang sa lahat ng wika sa kapuluan ay matatagpuan ang salitang nangangahulugan ng kaluluwa, bagay na hindi nangyayari sa purgatoriyo ni sa im-piyerno.

Hinggil sa paraan ng pag-iisip nila tungkol sa Langit, sa Pur-gatoriyo at sa Impiyerno, ay wala silang pagkakaiba sa ibang mga katólikó. Iपालalagay nilang ang nauna'y siyang tahanan ng mga anghel at mga pinagpala; at ang ikalawa'y ng mga nanganga-ilangang magbayad ng mga napakagagaang na kasalanan o mag-linis ng mga dungis na iniwan ng mga kasalanan lalong mabi-bigat at ang ikatlo, ay siyang tapunán ng mga masasamáng katólikó at ng lahat nang hindi naaanib sa Iglesia Katólika, kahit na sila'y higit pang banal kay Job o higit pang "anacoreta" kay San Pablong namuhay sa iláng upang makapagsisi. Ang pagka-kaunawang sinisimpan nila tungkol sa mga lunáng itong kakila-kilabot ay yaon ding inaangkin sa kapanahunan ni Dante; data-



puwa't ang tungkol sa langit ay iba't iba at sari-sari, sang-ayon sa matang tumitingin at sumusuri. May mga naniniwalang makakakita sa langit ng napakaraming sabungán, ng mga palabas at ng mga manggá; may nagpapalagay na makakakita ng isang tugtugang walang hanggan at ng liwanag na nagniningning; may makakakita ng mga kawili-wiling awit at kalugud-lugod na sayawan; sa madaling sabi, bawa't isa'y nag-aakalang makakakita sa langit ng ninanais at pinipita.

Gayunma'y mayroon ding mangisa-ngisang tagabukid na nag-aasal ng gaya ni Voltaire at nagsasalita tungkol sa mga bagay na ito nang may paglibak at para bagang walang paniniwala. "Hindi ko ninanais pumaroon sa Langit", ang sabi ng isa, "napakataas iyon na kung sa anumang pagkarapa ay mahulog ako sa lupa, ay tiyak na madudurog ako; ayoko ring patungo sa impiyerno, sapagka't anila'y napakasama roon, bagama't hindi ko pinaniniwalaan ang lahat nang iyan, sapagka't kung ito'y totoo ay marami na sanang nagbalik. Sa ano't anuman ay minamabuti ko na ang lupa". "Halos, halos gusto ko na ang impiyerno", ang sabi ng isang manunugal, "doon tumutungo ang lahat ng mayayaman, lahat ng manunugal at lahat ng mga babaing magaganda't masasaya; datapuwa't sa langit ay tumutungo ang lahat ng mga walang malay sa kasalanan at bukod dito, ang labing-isang libong birhen..." Pinaniniwalaan nang walang pagtatalo at walang pagtatalo at walang pag-aalinlangan na may mga anghel na mabubuti't masasama, nguni't hangga ngayo'y walang nakikita ang masambahin kundi ang mga masasama sa dahilang tila bihira ang mga anghel na mabubuti. Ang mga demonyo ay siyang may kagagawan ng lahat ng kasamaan at napakikita sa mga tao sa ilalim ng lahat ng kaanyuán.

### *Ang Kabaitang Asal at ang Kasalanan*

Ang diwa ng kabaitang-asal na nararapat maging wagas, dakila at pandaigdig ay nagbabago rito ng anyo at nagiging lubusang kakaiba. Ito'y hindi ang kabaitan ng kababaang loob at pakikiayon ng mga ebreo, na kung abutan ng mga kapahamakan at kaabaan ay walang isinusukli kundi mga awit o panambitang mapapanglaw. Ito'y hindi ang kabaitang matigas at mabangis

ng mga espartano na ipinapará sa kabutihang nadarama ng inang-bayan ang lalong magagandang damdamin at ang lalong magiliw nasimbuyo ng kalikasan. Ito'y hindi ang maganda at mataimtim na kabaitang-asal ng mga taga-Atenas na hindi nag-iingat sa kawalang-turing ni sa karukhaan, kundi sa mga tungkulin lamang na sa kanila'y iniaatas ng inang-bayan at ng mga batás. Ito'y hindi rin naman ang kabaitang malupit o walang lingon-likod, bagaman dakila't kakila-kilabot ng mga romano, na walang ibang dinidiyos maliban sa kadakilaan at pamamayani ng kanilang inang-bayan. Ni hindi rin ito ang kabaitang kristiyano, ang tanging totoo, makatao, pandaigdig, mababang loob na magiting na ipinamana ng anak ng Diyos sa mga tao bilang sagisag ng kapayapaan, bilang mabisang lunas sa lahat ng kasamaan, hindi ng isang lipunan, bayan, o lahi kundi ng buong sangkatauhang naghihirap at nagtitiis.

Ang isang bayang kapos at may kasiraan ang pinag-aralan, walang pagkakilala ni wastong kaalaman sa kanyang relihiyon, ay humahatol, gaya ng sukat asahan, sa mga bagay-bagay, sangayon sa kanyang napag-aralan at kakayahan; madalas na nadaraya ng paimbabaw o pakitang-tao kaysa taos na pananalig at sa udyok ng tunay na kahalagahan ng pinakabuod. Para sa ganyang bayan ay banal at mabuting kristiyano yaong madalas na pasasimbahan, ang madalas makipagprusisyon, ang nagsisindi ng lalong maraming kandila at nagreregalo ng mariringal na kasuutan sa mga larawan, at hindi niya isinaalang-alang kung ang salaping ginugugol sa ganitong gawa (banal nga, nguni't di tantong kailangan) ay nakamit dahil sa gutom at mga luha ng maraming sawimpalad. At ano? Hindi ba nangyayaring yaong mga nakapagsamantala ng lalong maliliit na ari-arian, at nangag-siyaman sa pamamagitan ng panlilinlang at pagdaraya, kapag sila'y nasa-oras na ng kamatayan at hindi na kinakailangan ang kayamanang nakamal o kaya'y kung pinahihirapan na ng katakut-takot na pagsisisi at sa hangad na mapatahimik ang budhi at matamo ang langit, ay ipinagkakaloob sa Iglesiya ang bunga ng kanilang kasakiman at kawalang-dangal, at namamatay nang payapa sa pag-aakalang natupad na nila, sa gayong paraan, ang lahat nilang tungkulin at nakagawa nang alinsunod sa kalooban ng Diyos? At mamarapatin kayang tanggapin ng Walang Hanggang Kalinisang

yaon ang isang bagay na kinaririmarimang hipuin ng isang taong may dangal? Ang handog ng isang balong babae, ang hamak na abuloy, ay kalugud-lugod sa mga mata ni Hesukristo, sa dahilang nagbubuhay sa isang pusong wagas na pinapatnubayan ng isang budhing malinis at tahimik! Kay laking kaibhán ng maliit na abuloy na iyon, na nagpapakilalang lalong walang kapalaluang pagkaawa sa sukat masabi sa mga mariringal na pamana at magagarang handog na ginugugol sa mga bagay na walang kapararakan! Datapuwa't huwag akalaing minamasama namin ang mga gawang iyong supling kung minsan ng isang mabuting hangarin at ng isang pananampalatayang tapat, hindi; walang pag-aalinlangang hindi lagi nang masama ang sanhi ng mga gawang iyon; datapuwa't kay rami pang mga kaabaáng kailangang luna-san, kay raming luhang kailangang pahirin, at higit sa lahat ay napaka bihira ang mga mapagpalang kamay para sa mga tunay na sawimpalad!

Datapuwa't pagbabalikán namin ang aming sinasabi. Idurug-tong naming ang diwa ng tunay at matatag na kabaitang-asal ay hindi nakilala halos o kaya'y lubos na hindi nakikilala sa bayan; bihirang magkaroon ng isang tumatanaw sa dako pa roon at bihira ang naghahangad ng higit sa riyán. Ang lalong madalas mang-yari'y lahat ng pang-unawa at lahat ng kalooban ay nanunnton sa isang pagkaunawa't isang kaloobang hindi lagi nang may kakayahang makatarok ng tunay na kahulugan ng mga aral na kristiyano. Hinuhubog nila ang kanilang asal sang-ayon sa asal nito at tinutularan nila ito kung di man sa mga kabaitang-asal ay sa mga kapintasan man lamang.

Ang walang tigil na pag-aayuno, ang mga pagkukumpisal, o ang pagsapi sa isa o sa maraming kapatiran ay siyang mga gawang nakaugaliang ipalagay na lalong karapat-dapat sa buhay, Ang paggawa ng mabuti sa kapuwa, ang pagpapakasakit sa ikaliligaya ng kapuwa, ang pagsasabi ng katotohanan kahit ito'y makapinsala sa sarili, ang pagtingin sa kapuwa na parang kapatid — ang mga ito'y mga gawang hindi inaalumana, sanhi marahil sa ang tunay na kabaitang-asal ay mahinhin at hindi marangya o kaya'y sanhi marahil sa ang mga yao'y hindi nakikilala ng mga tao.

Ganyan din ang nangyayari sa pagkaunawa sa kasalanan. Ang

pagsasahóg o pagkain ng lamang-kati sa mga araw ng pangilin, ang pagkukulang sa isang pag-aayuno o ibang gangganitong bagay, ay madalas na ipinalalagay na kasalanang higit na mabigat pa kaysa pagsisinungaling na nakapipinsala at nakasasama sa iba, kaysa pag-alimura o pagsiphayo sa kasawiang-palad o sa karalitaan. Maaari ninyong sugatan nang wala sa matuwid ang pag-ibig sa sarili ng isang kulang palad; maaaring pagnakawan ninyo ang ulila o ang balong babae o kaya'y ilugso ang puri ng isang taong wala nang ibang kayamanan maliban dito; maaari ninyo siyang bansagan ng lahat ng ngalang nakadudusta't nakahahalay; maaaring pabayaran ninyo sa kanya ng mapapait na luha ang malungkot niyang kapalaran at ang inyong kalagayang kapana-panaghili; sa wakas, maaari ninyo siyang apihin at suntukin at patayin pa ang buhay niyang "moral"; ang lahat nang ito, at higit pa sa rito'y inyong magagawa, at walang sinumang magsasabing kayo'y masamang kristiyano, habang kayo'y nakikinig sa misa, nagkukumpisal, nakikinabang at dumadalo sa lahat ng prusisyon, nagdarasal sa buong maghapon at nag-aayuno sa lahat ng araw na itinatakda ng talaarawan. Ang sanhi nito'y sapagka't lalong iginagalang ang mga utos ng Iglesia kaysa mga utos ng Diyos; ang sanhi nito'y sapagka't ang mga pormula ay lalong pinananaig kaysa mga kaisipan, sapagka't ang karingalan at mga seremonya'y lalong kina-gigiliwan ng karaniwang tao kaysa tunay na kahulugan at sa mga simulain.

Ang pag-aakalang madali silang makalagan ng kasalanan at mapawi ito, at sa paraang ito'y makasundo silang muli ng Lumikha, sa pamamagitan ng isang pagkukumpisal o kahit na sa pamamagitan ng pagsisising alipin, ay ipinagiging sanhi ng maraming paglabag sa mga utos ng Diyos, palibhasa'y natitiyak nilang sila'y mapatatawad ng kanilang kasalanan sa lalong madaling panahon kaysa ginugugol nila sa pagsuway sa kautusan.

Ang pagkamapaniwalain, o sa lalong tumpak na sabi, ang kamangmangang kinalulugmukan ng maraming bayan, ay nakatutulong sa walang katapuwang pagpapamalagi ng mga nakahahapis at laganap na paniniwalang ito, na hindi lamang ikinaliligaw ng maraming pang-unawa kundi nakasisirang-puri pa rin sa mga mata ng mga tagaibang bayan ng mga banal na aral ng

Relihiyóng Katóliko, at sa ganito'y nalalantad sa mga paglibak ang maraming katotohanang dakila't násasaád sa mga ebangheliyo.

Ito ang mga pala-palagay na lalong laganap ng mga mamamayan sa mga bayan-bayan. Marahil ay mayroong hindi umiisip ni naniniwalang gaya ng pamamaraan ng iba; datapuwa't ang katotohanan, ang mga paniniwala tungkol sa relihiyon ng karaniwang tao ay nauwi sa mga naisiwalat na namin nang biglaan; ang kaiklian ng lathalaing ito ay hindi nagpapahintulot na talakayin namin ang mga maliliit na bagay o kaya'y limiing lalo't lalo ang mga suliranin.

Lumipat tayo ngayon sa pagtalakay ng pagsambang panlabas. Datapuwa't yamang ito'y yumayakap at sumasaklaw ng maraming paksa, ay iiwan namin nang hindi sasalangin ang mga seremonyas, ang mga kagawian at kaugaliang hindi sa kanila unang nagbuhat o kaya'y nahahawig sa mga ibang bansa, at ang aming babanggitin ay yaon lamang kapansin-pansin dahil sa kanilang katangian o alin mang bagay na ipinagiging kapunapuna.

### *Ang mga Panalangin*

Kapag ang pananalangin ay siyang gagawing batayan, ang bayang pilipino'y masasabing tunay na makarelihiyon; sapagka't buhat sa pagbangon sa hihigan hanggang sa pagbabalik dito upang mamahinga sa mga kapaguran sa maghapon, lahat ng gawain niya'y nasasalitan ng pagdarasal at pananalangin. Marahil, ang bayang pilipino'y siyang tanging bayang katolikong nag-iingat pa't sumusunod sa mga nagkasalin-saling kaugalian at paniniwala nang mga kauna-unahang panahon: lahat ng tugtog ng batingaw ay nagpapagunita sa kanya ng mga oras ng pananalangin at pag-ninilay-nilay; ang pakikipag-usap niya sa Lumikha ay madalas at paulit-ulit, bagaman ang tinatawagan niya sa mga pananalangin ay ang Birhen at ang mga santó.

Ang mga dasal na lalong karaniwan ay ang Rosariyo at ang mga Nobena o Pagsisiyam: ang una'y dinarasal araw-araw halos at ang ikalawa'y kapag nagnanasang magkamit ng isang biyaya. Ang mga pagdarasal na ito, na nakaugaliang gawing napakahahaba ay idinaraos sa gabi, oras ng katahimikan at ng pagpapahingalay.

Halos lagi nang napakahahaba dahil sa maraming karagdagan, mga pag-ulit at marami pang ibang bagay. Dahil dito, at dahil din sa iyu't iyon din ang sinasabi araw-araw, bukod pa sa ang karamihan ng mga panalangin ay nasawikang kastila at kung minsa'y sa wikang latin pa, mga wikang hindi nauunawaan ng karaniwang tao, ang marami sa mga nagdarasal ay *nag-aantok* at nagyuyukayok o kaya'y umiisip ng mga bagay na iba't totoong malayo sa dinarasal habang ibinubulong-bulong o inuulit-ulit, na parang mga loro, ang mga "amá namin" at mga "abá ginoong Maria". Gayunman ay maraming nagdarasal sa wikang sarili; nguni't sa dahilang ang karamihan sa mga Nobena at iba pang aklat, na totoong itinatagubilin upang makapagkamit ng ilang layon at pakay ay nasawikang kastila, ito'y nakapipilit sa mga masambahin sa paggamit at pagbigkas ng mga panalanging hindi nila nauunawa sa halip ng malinis at magaan na pananalanging itinuro ni Hesukristo, kaya't nagiging sanhi tuloy ng pagkakarinig ng mga pangungusap at mga salitang napakasama ang pagkakabigkas, na ikatatawá pati ng mga larawang pinatutungkulan ng mga gawaing itong makarelihiyon. May isang bagay na lubhang karapat-dapat pansinin sa mga gawang nabanggit; ito'y dili iba kundi ang pagkakaroon ng isang mahigpit at di-mababagong bilang ng mga ama namin, aba ginoong Maria at gloriya patri, at isang tiyak na pagsasama't pagsusunud-sunod ng mga yaon, isang aywan ba kung anong gawangawang sinusunod at tinatalima nang buong higpit, na para bagang tinatalikuran ng Diyos ang panalangin ng isang kulang-palad sa dahilang may isang ama naming labis o isang gloriya patring kulang. Ganyan din ang nangyayari sa mga Nobena na kailangang maging talagang siyam na araw bagama't ito'y hindi kailangang dasalin nang buong kataimtiman ng loob; lagi nang ang anyong panlabas muna bago ang panloob ang pinahahalagahan. Gaya ng ating nabanggit, ang pagsamba sa Birhen at sa mga Santó ay lalong laganap kaysa pagsamba sa Kadiyusan, dahil sa paniniwalang ang mga biyaya'y lalong matatamo sa tulong ng mga tagapamagitan. Ang mga Pagsisiyam na ito'y ipinatutungkol sa lahat ng anyo ng Birhen at ng mga santó, na kilalang natatangi para sa gayon o ganitong mga himala.

Ang pananampalataya ng iba sa ilang panalangin ay napakalaki kaya ang mga ito'y ginagamit nila tuloy na parang mga ga-

mot o anting-anting. Sa maraming pagkakataón, ang mga banal na bagay ay ginagamit na kagamitan para sa mga gawang hindi banal kung hindi man sa mga gawang isang kalapastanganan sa Diyos at sa mga karima-rimarim na bagay; gaya ng banal na ostiya, matatandang medalyang naglalakihan, bihira o gasgás, ang bulak na tigmak ng mga banal na langis, ang bibliya sa wikang ingles, ang aba-ginoong-Maria sa wikang pranses (kami'y naging mga saksing kaharap nito), at marami pang ibang bagay na dahil sa hindi makayang maunawaan at napakamahiwaga para sa karaniwang taong mangmang, ay inaakalang mga tunay na tagapagsanggalang na ipinagiging di-tinatalaban ng sinumang may dala. Sa dakong huli'y pag-uukulan namin nang lalong mahaba ang suliraning ito sa pagtukoy sa mga pistang makarelihiyón.

Isa pang kaparaanang ginagamit nila upang makapagtamó ng mga tanging biyaya ng langit ay ang mga kandilang sinisindihan at ang mga misang humigit kumulang ay maringal, alinsunod sa kabantugan ng larawan, sa yaman ng taong nagpapamisa, at sa halaga ng biyayang ninanasa. Ang biyayang hinihingi ay hindi lagi nang matuwid, mabuti o kaya'y hindi makasalanang; may mga pangyayari rin, lalo na sa mga taong babahagya ang pinag-aralan at kahinahinala, na ang hinihingi sa pagsisindi ng kandila at sa pagpapamisa ay ang kapahamakan o kamatayan ng isang taong kinamumuhian o kinapopootan, ng isang anak na babaing nagtanan o umalis nang laban sa kalooban ng mga magulang, o ng kalaban sa mga usaping mahalaga at nauukol sa kayamanan.

Ang mga kandila'y karaniwang may iba't ibang uri, sang-ayon sa halaga at laki; sa mga bagay na ito nababatay na lalo ang bisa at bagsik ng dasal. Ang mga kandilang sinisindihan sa simbahan kung nagmimisa ay karaniwang hindi humihigit sa sikapat ang halaga at ang mga ito'y nabibili o sa sakristiya o sa pintuan ng simbahan. Dito'y maraming babaing ang hanapbuhay ay ang pagbibili ng mga kandila. Saan man bilhin ang kandila sa dalawang pook na iyon, ang simbahan ang, sa wakas, ay nakikinabang.

Gawang maawain at kapuri-puri ang pagsisindi ng isang kandila upang parangalan ang isang larawan; ito'y isang pagpapakilalang panlabas ng ningas ng pananampalataya at ito'y malayong masamain namin; datapuwa't ang hindi namin matatanggap, ni



ngayon ni kailan man, ay ang pag-uukol na ginagawa ng maraming pagbibigay ng higit na bisa sa isang kandila (na ipinagbibili hanggang apat na kuwalta lamang ang halagá) kaysa isang taimtim na panalanging bukal sa pusong mapagpakumbaba't nagsisisi. Ang Diyos ba'y walang nakikita kundi ang mga anyong panlabas lamang, at gaya ba siya ng tao, na napadadalá sa hamak na karingalan sa lupa o sa hangal na panunuya?

Iyan din ang nangyayari sa mga misa. Ito ang paraang lalong mabisa na maaaring kasangkapanin ng tao sa lupa upang siya'y kahabagan ng Diyos. Ibá-ibá rin ang halaga ng misa, sang-ayon sa dingal at kagamitan at sa mga kandilang sinisindihan, kung mayroon o walang tugtog, kung marami o kakaunti ang mga sakristan at iba pa. Buhat sa piso hanggang sandaán, buhat sa misang tinatawag na *rezada* (dinarasal lamang) hanggang sa misang tinatawag na *de gracia* na pinagpapakitaan ng lahat ng dingal, lahat ng pagsaliw, tugtugin, ilaw, gulóng ng mga pailaw, paputok, dupikal ng kampana, at iba pa. Mayroong sari-saring uri, na nabagay sa kagustuhan, kapalaluan, kabanalan o kayamanan ng taong nagpapamisa. Para sa karaniwang mámamayán, ang isang *misa rezada* o dinarasal lamang, na may iisang sakristan, apat na kandila, mga kasuutang pangkaraniwan ng pari at walang mga awit ay walang gasinong bisa sa kaharian ng langit, na di gaya ng isang misang tinatawag na *de gracia* na buhat pa sa madaling-araw ay dinurupikal na ang mga batingaw, sinisindihan ang mga luses at paputok, ang paring nagmimisa ay nabibihisan ng lalong mahal na kasuutan, at ang kamanyang at mga ilaw ay inuubos nang walang patumangga at inaawit ang mga panalangin.

Kaya kapag iniluluhog o hinihingi sa langit ang masaganang ulan, o kapag hinihingi sa isang bantog na santuwariyo ang paghuhulog ng isang balak; kapag ninanasang parangalan ang isang santo o ang pintakasi ng bayan, ang kinakasangkapan ay ang mga magugugol na misang ito, na para bagang natitiyak ang pagasang ang mga yao'y magiging kalugud-lugod sa mga mata ng pinatutungkulan. Nakatutulong din sa bagay na ito ang kababaan ng loob ng mga nananalig, na nag-aakalang ang panalangin ng pari ay lalong kalugod-lugod sa Diyos kaysa kanilang sariling panalangin, bagay na kababanaagan ng nangyayari rito sa lupa, na, upang makatungo sa isang maykapangyarihang nakatataas ay



pinamamagitan ang mga taong malalakas, ang mga naglilingkod sa palasiyo, o ang mga tanging kinalulugdan ng maykapangyarihan.

### *Mga Panata't Handog*

Bahagya lamang ang aming sasabihin tungkol sa paksang ito na hindi nagbabago sapul nang panahon ng paganismo. Ang mga nagkasakit na gumaling; ang mga nanalo sa mga usapin; ang mga tutungo o nanggaling sa isang malayong paglalakbay; yaong mga nakapanganak nang maginhawa; sa biglang sabi, ang lahat ng mga nakapagtamo ng ninanasa ay nangaglalagak sa paanan ng larawan o sa dambana nito ng isang alaala, isang pampagunita ng pangyayari o ng biyayang tinamo.

Ang katangiang pagkamapaghimala ng mga larawan ay maaaring mapagkilala agad sa isang tangin pagpasok sa simbahan. Ang dambanang nabubukod sa lahat, dahil sa mga tau-tauhang pagkit o pilak, ay nauukol sa isang santong nakagawa ng lalong maraming kababahalaghan o nakagawa ng lalong maraming pagkakapagaling sa mga maysakit. Sa maraming larawan ng Birheng matatagpuan sa bawa't templo, ay may isang nakauungos sa iba sa pagpapakilalang ito ng pananalig at pagmamahal, lagi nang iniilawan, ngunit sa ibang larawan ay walang sinumang nagdarasal ni nakaaalaalang magsindi ng kahit isang kandilang nangangalirang. Ito ang dahilan kung bakit ang ilang santuwariyo ay nakapagkakamal ng kayamanang di mapaniwalaan halos, samantalang ang iba'y wala kahit maibili ng langis na sinusunog at inilalaan sa pagpapahayag ng pagsambang lalong ganap at maliit. Kadalasan sa mga masambahing mayayaman ay may piping paligsahan ng pagpapalakihan ng mga kaloob: isa't isa sa kanila'y nagnanais na makatawag ng pansin ng madla sa pagpaparangalan ng kabanalan, kagandahang loob o kapalaluan, na humigit kumulang ay nakatatawa.

### *Paglalakbay*

Tatalakayin namin dito ang lalong mahahalagang paglalakbay sa Kapuluan, na dinadaluhan ng lahat ng mga binyagan. Natitiyak naming sa pagtalakay sa bagay na ito ay para na rin naming

tinalakay ang tungkol sa iba; ang paglalakbay sa Mahal na Birhen sa Antipolo.

Sa mga unang araw ng Mayo, kapag nagsisimulang papag-bagahin ng araw ang sikat niyong nakapapaso; kapag ang walang tilang pag-ulan ay nagtitigil sa kanyang pagbagsak at nagpapahupa sa kanyang tubig; kapag ang mga mámamayán sa mga lalawigang kanugnog ay nagsisiluwás sa Maynila upang mangalakal at ipamili ang kanilang natipong ani sa buong taon, ay binubuksan ang mayaman at iginagalang na simbahan sa Antipolo upang simulan ang marami at sunud-sunod na Pagsisiyam, ang tatlumpu't anim na araw ng pista, ng mga misa de grasiya, ng walang tantang pagyayao't dito, pagkakagulo, pagdarasal, paglililiwaliw, tatlumpu't anim na araw ng pananalangin, ng pananampalataya at pangigingibang bayan. Sa unang martés ng Mayo, ang larawan ng Birhen, na nagagayakan nang buong kisig ng mahahalaga niyang kagamitan, mga brilyante, mga tungkod na yari sa pilak, kapa at balabal na binurdahan, ay itinatanghal sa pamimintuho o pagsamba ng mga nananalig na nangagpapalagay, sa pamamagitan ng iba't ibang kulay ng mukha ng larawan, ng kalagayan ng ka-looban ng Birhen, alalaong baga'y kung siya'y pinasisigla ng pagsasaya o ginagalit ng anumang kamalian. Ang kulay ng mukha ng larawan, umano, ay kayumanggi kung nagagalit at puti naman kung nasisiyahan.

Ang mga lalawigang lalong masambahin ay Batangan, Maynila, Kapampangan, Laguna, Bulakan, Kabite at Tayabas. Datapuwa't bawa't isa'y may tangi niyang kaarawan o Pagsisiyam, kaya't walang maaaring makiagaw ni makapantay sa makulay na kasiglahan at sa masaya't maingay na tulain ng Ilog Pasig, na ang mga bangkang kinalulunanan ng mga manggagaod ay payao't ditong napapalamutihan ng mga maliliit na bandilang pula't puti, at kinarirringgan ng mga taginting ng alpá o ng kurdiyón samantalang sa ilalim ng karang ay sumusungaw ang mga ulo ng matatanda, mga binata at mga batang kahalubilo halos ng mga tampipi at piyambbrero. Ang Pasig, Kainta, Taytay at Antipolo ay nagdudulot ng sari-saring tanawin, isang tanawin lalong nakalulugod kaysa sukat hakain. Ang ilan ay naparoroong sakay ng umugoy na duyan, na dahil sa kahinaan ng katawan o dahil sa takot ay hindi makasakay sa mga nag-ugaugang karomata. Ang iba, at ito'y ang

mga binata, ay sumasakay sa mga kabayong matutulin at sa hulihan nila'y patakpong sumusunod ang mga may-ari ng kabayo. Ang iba pa, sa wakas, dahil sa isang panata o sa kakapusan ng salapi ay umaakyat nang lakad hanggang sa tuktok ng Antipolo; isang bating banal at masaya, o isang buntung-hininga ng kasiyahan at kung minsa'y isang patak na luha, ang mga tanda ng pagkakatanaw sa matandang dalanginan.

Balót at puno ng alikabok ng daan, hapo dahil sa mahabang paglalakbay, pagkatapos na mailagak ang kanilang mga dala-dalahan sa kauna-unahang bahay na tinutuluyan nang walang bayad — at doon ang lahat ng bahay ay bahay-tuluyan — ang mga masambahin ay nagtutungo sa simbahan upang humarap sa banal na larawan, magpasalamat sa kanya at sumamo sa ikatatamo ng tiyak na pagtangkilik. Anong laking kataimtiman, anong pananampalataya, anong paggiliw at pamimintuho ang sinisimpan ng matapat na nananalig sa pagpasok niya sa dalanginan upang manikluhod at mangayupapa sa harap ng pakay ng kanyang mga kapagalan! Sa gayo'y nananalangin siya roong puspos ng pagmamahal at hindi umaalis nang hindi napagiginhawa ng kanyang pananampalataya at pananalig!

Sa loob ng simbaha'y walang naririnig liban sa nakababagot na pagdarasal ng mga Nobenaryo, ang tanging tunog ng mga lumalakad nang paluhod sa buong hinaba-haba ng simbahan, ang walang tugot na paglabas at pagpasok ng mga may panata, datapuwa't ang lahat ay may kaakibat na kataimtiman at kabanalan. Ang lahat, bukod tangi ang mga sakristan at mga taong simbahan, ang lahat ay nag-aangkin ng malaking takot, isang malalim na paggalang, isang pananalig na marahil ay masagwa.

Sa magkabilang panig ng dambana ay nag-aalab ang hindi mabilang na kandilang may tau-tauhang yari sa pagkit, at hindi pambihirang makakita sa tabi ng mga kandilang puting itiniritik ng mga sakristan, ng mga kandilang pula't ubod ng lalaki ng mga insik na maaaring magdasal, lumuhod, at magkaloob ng lahat ng limos na kanilang manais; at upang gawin ang lahat nang ito'y hindi na kailangang magkristiyano ang mga insik o magkaroon ng mga kaisipang umiiral tungkol sa Birhen.

Isang nagsisiksikang pulutong ng mga tacng nagsisikuhanan at nagtutulakan, na nagkakagalitan o nagdarasal, ay dumaragasang bigla sa daang patungo sa likod ng dambana upang humalik sa damit ng larawan o kaya'y sa kamay nito, kung siya'y isang tinitingnan o iginagalang. Inihuhulog nila ang kanilang abuloy sa isang kahong malaki at parisukat na nakalagay sa paanan ng Birhen, at gayon na lamang kalaki ng pamimintuho ng mga mapanata, na ang kahong ito na higit sa kalahating metro ang haba ay karaniwang napupuno bago makaraan ang maghapon.

Sa labas ng simbahan ay naroroon ang mga bulag, mga dukha o pulubi na ipagdarasal kayo ng lahat ng misteryo ng Rosariyo na inyong manais kung magkakaloob ng kaunting limos, gaya rin ng sa loob ng Simbahan ay ipagmimisa kayo, sangayon sa inyong mapita, alinsunod sa limos na inyong ipinagkaloob sa Simbahan at sa mga tagapag-ingat nito.

Buhat sa ikaapat ng madaling araw ay wala nang tigil ang tugtog ng batingaw tuwing may sinisimulang misa, sapagka't lubhang napakarami ng mga misa na halos hindi mabilang. Ang mga taong nakikinig ng misa ay napakarami at iba't iba, na buhat sa lahat ng uri ng lipunan at galing sa lahat ng lalawigan.

Isa sa mga paglilwaliw, o sa lalong maliwanag, isa sa mga dahilan ng paglalakbay ay ang batis o ang paliligo sa bukal ng Birhen na pinaniniwalang pinag-iwanan ng Birhen ng mga bakas ng kanyang pagkakapagsadya roon. Ang mga bagay-bagay na binenditahan o pinapaging banal, bilang ala-alang iniuuwi ng mga masambahin. ay karaniwang ang langis ng Birhen, ang kanyang mga pamatséng pula ang kulay at yari sa pagkit. Ang langis ay nasa-maliliit na bumbong at ang mga pamatse naman ay nababalot ng papel. Ipinagbibili ang mga ito, o ipinamimigay sa sakristiyá bilang kapalit ng mga limos ng mga sumasampalataya. Ang mga ito'y ipinalalagay na mabibisang gamot para sa ilang karamdaman. Hindi na kami magsasalita ng tungkol sa di-matulusang bilang ng mga kalmen ng Birhen sa dahilang ang pangyayaring ito'y lubhang karaniwan sa lahat ng dálangináng bantóg at kilalá.

Ang aming isinalaysay hangga ngayon ay ang paglalakbay ng mga masambahing tutupad sa isang panata, ng mga nanggaging sa malalayong lalawigan, hindi upang magliwaliw at mag-

tamasa ng lugod sa panonood sa maraming tao, kundi upang magtamo ng isang biyaya at mangayupapa sa paanan ng larawan. Wala kaming sasabihin tungkol sa paglalakbay na ginagawa ng mga nagpapalipas lamang ng ilang araw; na gaya ng mga aleman at ingles na walang ibang pakay kundi magsaya, magsayaw at magkainan; ng mga dahil sa paggaya o sa kinaugaliang asal o sa pakikipagtipanan sa kasintahan o dahil sa pakikipagsugal. ay halos wala kaming nararapat sabihin tungkol sa kanila sa dahilang ang kanilang layon ay ibang-iba sa suliraning tinatalakay namin.

Mga paglilinis ng kasalanan — Mga pagsasanay ng kaluluwa.

---

## ANG SINING NG PANULAANG TAGALOG (\*)

Ang Tagalog, gaya rin ng karamihan ng mga wika, ay gumagamit sa mga tula ng sukat, ng mga pantig, ng tugma at ng saknong o taludturan.

Ang mga pantig sa tagalog ay katulad din ng sa ibang mga wika: binubuo ng isang patinig o kambal-patinig, kung minsa'y nag-iisa o may kasamang isa o maraming katinig na binibigkas sa isang panahon lamang. Ang mga patinig ay tatlo: *a*, *i*, *u*. Ang *i* sa huling pantig ay maaaring magkaroon ng tunog na lalong bukas, o maluwag, na halos nakakaparis ng *e*; ang *u* ay maaaring magkaroon ng halagang katulad ng *o* sa ganito ring pangyayari; sa pagtutugma, ang pagbabagong ito'y maaaring walang ipinag-iiba sa tugmaan o pagtutugma. Sa karaniwang paggamit, sa mga pook na ang tagalog ay hindi sinasalita ng boong kapayakan, ang *e* at ang *o* ay maaaring magamit kahit sa gitna ng mga salita, ngunit sa bagay na ito'y karaniwang nagiging pinagsamang mga kambal-*ai* at *au*.

Ang mga tugmang lalong gamitin ay binubuo ng anim, pito, walo at labindalawang pantig; gayunma'y mayroon din namang mga tulang sisiyamin at sasampung pantig, bagaman ang mga ito'y bibihira, na anupa't halos ginagamit lamang sa mga bugtong o pahulaan, at sa ganito'y karaniwang pinagdadala-dalawa (*pareado*).

Halimbawa:

Pasan nang pasan  
Di na nahirapan.  
Tinaga ko sa gubat  
Sa bahay nag-iiyak.

---

\* Ito'y salin sa kastila bubat sa wikang aleman na binasa ni Rizal sa "Sociedad Etnografica" sa Berlin nang Abril, 1887, at inilathala ng naturang samahan nang taon ding iyon. Si Rizal din ang nagsalin sa Kastila.

May mag-asawang sing-ibig  
Maghapon walang imik  
Pakanin pa'y nagagalit,  
May naawa ngang nagsubo  
Luha'y sinahod sa pasô,  
Nang mailaga't maluto  
Naging dalisay na ginto.

Ang tulang lalabindalawahing pantig, na siyang lalong gamitin, lalo na sa mga tulang pormal, ay may hati sa pagitan ng ikaanim at ikapitong pantig.

Halimbawa:

*Kung pagsaulan kong — basahin sa isip.*

Ang huling pantig na may tuldik o tuldikan ay karaniwang hindi nakasisira sa tula, na di gaya ng nangyayari sa maraming wikang europeo; halimbawa:

*Pag-ibig anak'y aking nakilala*

*Di dapat palakihin ang bata sa sayá.*

Gayunman, bilang kataliwasang pangyayari, ay nakakatagpo ng mga tulang ang panghuling pantig na mabilis ay binibilang na parang dalawa.

Halimbawa:

*May mag-asawang sing-ibig*

*Maghapon walang imik.*

Ang mga tagalog ay wala ring katungkulan na mag-alis ng titik gaya ng nangyayari sa mga kastila, bagkus pa ngang maaaring magpahaba o magpaikli ng isang salita at bumuhay ng isang pantig na hindi na ginagamit, sa kaparaanang pinaghihiwalay ang isang kambal-patinig o inaalís ang isang maikli, ang katapusang n upang magawa ang pagparan ng katagang ay sa pang-ugnay na at.

Mga Halimbawa:

*pakinigan yaring datng.*

Na lumalabas na ang *Pakinigan* ay siyang inihalili sa *Pakinigan*, at

*Ang kaluluwa ko'y kusang lumiligaw.*

Sa kabilang dako, hindi itinutulot sa kanila ang pagbabagong lagay ng tuldik, katulad ng ginagawa ng mga makatang kastila nang mga nakaraang dantaón at maging sa mga simula ng kasalukuyang dantaón, sapagka't bukod sa ang pahintulot na ito'y hindi kailangan ay makagugulo ng malaki sa kahulugan ng mga salita kung gagamitin yaon.

### *Ang tugma*

Hindi nakikilala ng mga tagalog ang malalayang tula, palibhasa'y maluwag at madaling gamitin ang kanilang wika sa pagtutugma, at sa dahilang ito'y napakadali at likas.

Sa tagalog, ang mga salita ay may sariling kaparaanan at naiiba kaysa ibang wika sa pagtutugma: ang tagalog ay nanghahawak sa hulíng pantig, maging ito'y may tuldik o wala.

Dahil dito, ang mga tagalog ay walang nakikilala kundi labindalawang uri ng tugma; anim pará sa mga salitang natatapos sa patinig, at anim pará sa mga natatapos sa katinig.

Ang anim na tugma sa patinig ay hinahati pa rin sa dalawang pangkat: tatlo sa patinig na pangkaraniwan at tatlo rin sa patinig na mabigat.

#### Mga Halimbawa:

##### *Karaniwang patinig*

Matá	bilí	gulú
sála	áli	úlu

##### *Mabigat na Patinig*

dalitá	muntí	lalagô
tuá	labí	yukô
nasà	idadampí	tulò

Ang anim na tugma sa katinig ay hinahati rin sa dalawang pangkat: ang isa ay pará sa mga katinig na malalakas at ang isa pa ay pará sa mga katinig na mahihina.

Ang pagkakaroon ng tatlong patinig na batayan ay siyang lumikha ng pagkakaroon sa bawa't pangkat ng tatlong uri lamang ng tugma.



Ipinalalagay ng pandinig ng mga tagalog na mga katinig na malalakas ang *b, d, g, k, p, s, te* at *t*: ipinalalagay namang mahihina ang *l, m, n, nga, y* at *w*. Ang mga titik na *r* at *h* ay wala sa katapusan ng mga salita.

Sang-ayon dito, nagkakatugma-tugma ang mga salitang sa pag-aangkin na magkakisang patinig sa huling pantig ay natapos sa isa sa mga katinig ng pangkat, at sa gayon ay nagkakatugma-tugma sa katinig na malakas:

liáb	inít	ayop
pálad	dibdib	pagod
haráp	linis	libot
lálabás	lisik	lunos
lálagapák		

at kung may kasamang mahinang katinig:

áral	linsíl	taghóy
álam	pitásín	úusbóng
buhay	lining	luóm
dalaw	giliw	ukol

Upang ang isang tugma ay maging mainam sa pandinig madulas at kalugod-lugod ay kinakailangang ang hulíng katinig, gaya rin naman ng tuldik ay magkaiba sapagka't magiging paulit-ulit o mabigat kung ang isang sagnong na ang mga taludtod ay matatapos na lahat sa pantig na mabilís, pakupyá o malumí, gayon din naman sa kahawig nitong pagkakasama-sama ng isang uri ng patinig sa isang uri ng katinig.

### *Ang mga Sagnong*

Lahat ng mga taludtod ng isang sagnong ay nararapat magkaroon ng isang tugma; ang sumusunod na sagnong ay nararapat maging iba ang tugma, sapagka't kung hindi'y magiging isang tunog lamang at pawang makapapagod ang pag-ulit ng isang tinig lamang.

Ang mga sagnong na gamitin ay binubuo ng dalawa, tatlo, apat at limang taludtod; ang mga may dalawa, o tatlong taludtod

ay ginagamit sa mga magagaang na tula, gaya ng mga bugtong at mga kasabihan at sawikain.

Ang mga sagnong na lalong gamitin ay ang may apat at limang taludtod.

Ang *cuarteto* o ang sagnong na may apat na taludtod, na karaniwang lalabindalawahing pantig, ay ginagamit sa mga tulang liriko, mga awit at mga kasaysayang patula at gayundin, kung minsan, sa mga tulang pandulaan. Gaya ng nasabi na namin, ang tulang lalabindalawahing pantig, ay may hati sa wakas ng ika-anim na pantig; nararapat na ring idagdag na alang-alang sa ipagiging magkakaayos at magkakaakma, ang unang bahagi ng taludtod ay hindi nararapat makatugma ng ikalawa, ni sa una ng taludtod na kasunod, kundi kinakailangang tapusing lagi sa ibang tunog na ipinagkakaiba ng isa't isa. Nasusulat sa ganitong uri ng mga sagnong ang tulang pangkasaysayan ni Francisco Baltazar, isang akda sa wikang tagalog na bantog na bantog at napakaganda.

Ang *quinteto*, isang sagnong na may limang taludtod, na karaniwang may pito o walong pantig, ay ginagamit sa mga mahahabang pagsasalaysay, na hindi nangangailangan ng maraming palamuti sa tula, ni maraming pagdidili-dili. Sa lilimang taludtod nasusulat *Ang Pasión*, isang kasaysayang patula na may uring makarelihiyong kristiyano ng mga pilipino, na sinulat sa tagalog nang maliwanag at tumataos agad sa pakiramdam, bagaman kung minsan'y matigas at parang magaspang. Naglalaman ng napakagagandang bahagi na hindi napapagkukulimlim ng talatnigan ng mga paglait at pagmurang isinaboy sa mga hudyo.

Kung hindi babasahin ang mga tulang tagalog kundi aawiting may kasaliw na malaya at maibigang himig, ang lilimahing taludtod na tulang ito ay nagiging katangi-tangi: mapapansin ang isang paghinga sa wakas ng ikatlong taludtod na pinahahaba ang pag-awit, at pagkatapos ay ipinagpapatuloy.

Lahat ng taludtod ng isang sagnong ay hindi nararapat magkaroon kundi isang tugma lamang na iba sa mga sinusundang sagnong. Nawalang halaga ang pagsisikap ng mga Kastila na ipasok ang pamamaraan ng pagbuo ng kanilang mga tugma. Hindi

sinunod ng bayan ang mga iyon. Ang mga karaniwang saknong ng tagalog ay may 2, 3, 4, o 5 taludtod. Ang mga saknong na may 2 o 3 taludtod ay hindi ginagamit kundi sa mga magagaang na tula lamang, gaya ng mga bugtong at mga pahulaan. Ang mga saknong na may 4 at 5 taludtod ay siyang karaniwang gamitin. Ang saknong na may 4 na taludtod na halos lagi nang may 12 pantig bawa't isa, ay ginagamit sa mga tulang liriko, kundiman, sa mahahabang kasaysayang patula na épiko o pambayan, sa mga dula atbp.

Gaya ng nasabi na, ang tulang lalabindalawahing pantig ay nararapat magkahati, at sa ipagiging maayos at akma, ang unang hati o bahagi ng taludtod ay hindi nararapat makatugma ng ikalawang hati o bahagi.

Ang saknong na may limang taludtod, at lagi nang may pito o walong pantig bawa't taludtod, ay ginagamit sa mga kuwentong pangkasaysayan na hindi nangangailangan ng maraming palamuti at tulain. Sa ganitong mga saknong nasusulat ang *Pasión ni Hesukristo*, isang aklat na lubhang kinagigiliwan, gaya ng pagkagiliw sa Bibliya ng mga protestante o ng Koran ng mga Mahometano. May ilang taon nang inawit ang *Pasión* nang naka-luhod ang mga gumaganap at sa liwanag ng mga kandila.

Ang lalong magaganda't matulaing mga tula ay nasusulat sa *cuarteto* o aapating taludtod, gaya ng tula ni F. Baltazar, na isang huwaran ng pamamaraan ng pagsasalita ng mga tagalog.

Ang *quinteto*, o lilimahing taludtod, gaya ng nasabi na, ay may isang katangian: gumagawa ng isang paghinga pagkatapos ng ikatlong taludtod.

### *Kay Bathala*

Ang mga tula'y hindi binabasa kundi inaawit: sa mga tanghalan ay binibigkas nang boong kisig, maraming himig na hindi lagi nang nakapag-aantok. Ang mga himig na ito'y sinulat na ng mga musikong pilipino sa pamamagitan ng mga nota ng musika. Kung may isang kaanib sa kapisanan na nagnanais na tumalakay nang boong katangian sa paksang ito, ay maaaring

magbilin sa aking bayan upang dalhin dito ang mga himig na ito. Sanhi sa kagaanan at kadalian ng sining ng panulaang tagalog, halos hindi sila sumusulat kundi patula; naaalaala ko pa ang aking kabataan, noong kung paano kami gumagawa sa daan ng mga biglaang tula sa liwanag ng buwan; ang makagawa ng pagkakamali ay nagtitiis na mapagtawanan ng iba.

Ang kakapusan ko ng kaalaman ng wikang aleman ay hindi magtulot sa akin upang magpaliwanag na lalo tungkol sa paksang ito.

—oOo—

# ANG MASONERIYA

*Agham, Kabaitan at Paggawa*

ni

Doktor Jose Rizal

Kagalang-galang na guro't minamahal kong mga kapatid:

Nang tayo'y nasa labas pa, ay tumawag tayo sa mga pinto ng Templo upang makatanggap at maturuan ng mga hiwaga ng Masoneriya; taglay ang pusong tumitibok at ang damdaming sumisilakbo sa buong pagkatao natin sa harap ng di-nakikilala ay narinig natin ang tatlong salitang nagpapatiwasy sa ating pandinig, at ipinagdirinang inuulit-ulit:  
Agham, Kabaitan at Paggawa.

Ang makababalaghang salitang ito na ang mapanghalinang pangako noong unang panaho'y ikinapaglakbay sa mga maalong dagat nina Pitagoras at Herodoto na lulan ng marupok na saksayan upang ihanap ng kalutasan ang mga salitang yaon sa nag-aagaw-dilim na makaparing Tebas; ang makapangyarihang Trinidad na ito na kapag nakababa sa lupa'y magagawang isang paraiso at karapat-dapat na tahanan ng mga diyoses; ang tatlong salitang ito, *agham*, *kabaitan* at *paggawa* o kaya'y ang pagpapaging diyos ng pang-unawa, ang pagpapaging diyos ng damdamin at ang pagpapaging diyos ng kasipagan, ay siyang magiging paksa ng kasalukuyang panayam upang pag-aralan sa sinapupunan, at sang-ayon sa pagpapakahulugan ng makabagong masoneriya.

Agham, ang iyong wiwikain marahil, anong agham ang narapat sa templo ng Masoneriya? Ang Agham ay maaaring napakupkop sa kanya noong mga panahong namamayani ang ka-

buktutan upang makapagbangon ng mga dakilang bantayog na makaarkitektura ng mga dantaong nakaraan, gaya ng pagpapakupkop ng panitikan sa mga tahimik at payapang klaustro ng mga monasteriyo, nguni't ngayon, ang agham ay malaya, iniaalok sa balana, at hindi na siya hahanapin sa mga lingguhang pagtitipon ng mga lohiya, kundi sa mga pamantasan, sa mga pinagpupulungan ng mga Maka-agham at sa mga tanggapan ng mga Pantas!

Sumasang-ayon ako, minamahal kong mga kapatid: ang agham ay malaya, gaya ng liwanag na sa kanya'y nagbibigay ng lakas. Ang Masoneriya ay siyang naging sisiwa niya, ang nag-iwi sa kanya na parang isang banal na apoy, samantalang humahaginit ang sigwa, at nang makapanumbalik na ang katahimika'y ibinigay siya sa daigdig upang ito'y maliwanagan ng kanyang mga sinag. Ano kaya ang naging kapalaran ng agham kung ito'y hindi binalot ng mga hiwaga ng mga paring ehipsiyo at ng mga matatandang pantas? Kung baga sa binhing kapupunit pa lamang halos ng balok, ay ipinaubaya na sa paggangalit ng mga elemento, namatay na sana siya sa mga kamay ng kamangmangan at ng kapabayaan. Sa pagpapailalim ng masoneriya sa mahihigpit na pagsubok sa mga baguhan sa agham — palibhasa'y Masoneriya rin ang mga hiwaga ni Isis, Eleusis, ng dakilang Ina, at iba pa — ay ibig niyang matiyak sa pamamagitan ng paraang iyon, na ang lupang paglalagakan ng binhi'y makapagpapatubo sa kanya, na ang makakatanggap ng liwanag ay makapagtatangkakal sa kanya laban sa lahat ng malakas na hampas ng alon.

Pagkatapos, isang Relihiyong nagpapanggap na tanging nag-aangkin ng katotohanan ay nagnasang gumapos at sumiil sa agham, na nagtuturo ng ibang mga katotohanan, at pagtatakda ng pamimihag. Sino ang nagligtas sa agham? Sino pa kundi ang Masoneriya sa pagpapahayag nito ng Kalayaan ng katuwiran ng tao at sa pagsisikap na ito'y kilalanin.

Oo nga. Ang agham ay malaya na, nguni't ang diwa niya'y nabubuhay sa templo gaya ng pagkabuhay sa gitna ng mga guhó ng Roma ng diwa ng kanyang mga bayani kahit na pagkatapos ng pagkakapahayag ng kanyang mga pantas na batas. At sa

ganitong pagpapakahuluga'y hinilingan natin ng tulong dito ang ngalan ng agham, at ang Masoneriya'y muling makikipagbaka dahil sa kanya kapag siya'y napapasa panganib, gaya ng pakikipagbaka upang buksan sa kanya ng Pilipinas ang mga napipinid niyang tanawin.

Tungkol sa salitang Paggawa, huwag kayong ngumiti sa paggunita sa ating ginagawa sa mga lingguhang pagtitipon, na ang pinakamatagal ay tatlong oras. Tunay nga na sa daigdig ng mga hindi nakauunawa sa Masoneriya'y dumaragundong ang mga makinang nagpapayanig ng kanilang mga bisig na bakal, at nanghahalukay ng hangin sa pamamagitan ng kanilang mga makapangyarihang gulong at ng mga magkakambal na gulóng na maglihis ang kalagitnaan; tunay nga na sa malalaking pagawaa'y gumagawang parang masipag na pukyutan ang batang lalaki, ang binata, ang dalaga, ang asawa, ang matanda, ang tao sa pagyari ng libu-libong bagay na kinakailangan sa buhay; tunay nga na ang paggawa'y nagpapayanig sa daigdig sa lahat ng kaliit-liitang bahagi't mga butas nito, buhat sa pusod ng lupang kinakunan ng magmimina ng uling na batong makalilibong higit na pinakikina-bangan kaya pinakamahalagang diyamante, hanggang sa mataas na taluktok ng mga bundok na nababalot ng yelo, na inaakyat ng treng humihinga ng apoy at humihila ng kaisipan ng tao; tunay nga at sadyang tunay na ang ating kasipaga'y waláng anumán kung ihahambing sa maninisid sa kailaliman ng dagat; sa manuklas na pumapasok sa mahihiwagang lupalop, sa inhinyero, na sa di kasiyahán sa malalayang landás ng malalawak na karagata'y pumuputol sa mga lupalop, nagbubukás ng mga kanal at naglalakbay sa papawirin sa paghanap ng mga bagong dáraanan. Totoó ang lahat nang itó, datapuwa't huwág nating limutin na kung napapanoód ngayón ang mga kahanga-hangang pangyayaring itó, iyá'y utang sa pagkamalaya ng masoneriyá at sa mabuting pagkakabahá-bahagi ng mga manggagawa na itinatag buhat pa nang malaong panahón ng mga ehipsiyong masón. Kapág nakikita natin ang binatang malusog at masipag sa piling ng kanyang inang matanda't ugod-ugod, isagunita nating yao'y dinala ng kanyang ina sa sinapupunan nito, inalagaan nang siya'y musmos pa, at pinasuso ng gatas ng kanyang dibdib.

Ang talyer ng Masoneriya noong unang panaho'y tunay na isang pagawaan. Doon pinagtatalunan ang balangkas ng mga gawaing kahit na ngayo'y hinahangaan ng daigdig, gaya ng templo sa Buak, ng katedral sa Estrasburgo, sa Kolonya at iba pa. Sa sinapupunan ng mga talyer ng Masoneriya sa Santa Wehma ay napakupkop ang kalayaan ng tao upang makipagbaka laban sa mga kastilyong "feudal" nang ang "feudalismo" ay umiiral sa Alemanya, at sa mga talyer din ng Masoneriya gumawa sa araw at gabi ang diwa ng tao upang igiba ang kalagim-lagim na Bastilya, ibagsak ang isang maharikang luklukan, pagpantay-pantayin ang mga tao, at papurihan ang dakilang gawa ng Nazareno. At bakit? Ang manggagawa bang tumitibag sa tibagan ng bato upang ito'y kasangkapanin sa pagtatayo ng mga pader ng isang palasyong tahanan ng kapalaluan at ng kaligayahan o ng mga pader ng isang bilangguan yungib ng kawalang pag-asa at ng mga pananaghoy, ang mason bang ito ng matandang panahon ay gumagawa ng higit kaysa makabagong masong naghahasa ng isip at nagpapalakas upang magwasak ng lahat ng nakasisirang di-pagkakapantay-pantay at upang maipagtayo ang taong natubos ng maningning na tahananang marahil ay natigmak ng dugo ng mga naghahari-harian?

Hindi, minamahal kong mga kapatid: ang masong makabago'y gumagawa't kailangang gumawa pa: na ang mga mason sa mga malalayang bayan ay nagsisikap sa pagpapalaki ng pangangalakal at sa pagkakawanggawa, mabuti nga. Datapuwa't hindi sila nararapat magpahingá habang ang lupa'y nagpapakain at bumubuhay ng isang naghahari-harian; habang inuulit ng gabi sa kanyang mga alingawngaw ang mga taghoy ng inaapi; habang may mga alipin, habang may mga nang-aapi! Ang gawaing ito'y siyang pinakadakila, marahil, sa lahat ng mga gawaing sadyang isinabalikat ng Masoneriyá at siyang tanging karapat dapat sa kanyang ngalang pandaigdig.

Ngayo'y lumipat tayo sa pag-aaral ng Kabaitang kinusa kong ilaán pará sa huli, sa dahilang ito ang inaakala kong paksang pinakamahalaga ng Masoneriyá.

Kabaitan! Kabaitan! Ikaw ay hindi iba kundi isang ngalan lamang, ani Katon, nang may labinsiyam na dantaon na, at



marahil, marami sa inyó ang nagsasabi uli ng pangungusap na yaón kapág nariníg ninyó ang kakaibang salitáng itó. Ibinulá-lás ni Schiller: "Kailán matatapos na dinggin ko ang pagbanggít sa iyó, o kabaitan? Sa araw na hindi ka gaanong papurihan, ay sasapiling ka ng mga tao."

Anóng kabaitan ang isinasagawa natin sa loób ng bulwagang itó? Kaipala'y napipigilan namin ang inyóng budhi sa kailaliman ng inyong puso, gaya ng sa mga templo, kayó'y malungkót na ngumingiti at parang nabigo sa tunóg ng ngalang itó. Marahil ay may matuwid kayo, nguni't bago tayo magpatuloy, ay tingnan natin kung ano ang pagkaunawa natin sa salitang kabaitan, kung bakit naglalaman ito ng isang kaisipang nasa bibig ng lahat, nguni't hindi pinagkakaisahan ng lahat ng mga bayan.

Ang kabaita'y nakikita ng insik sa paggalang sa mga mata-tanda, sa pagsambá sa mga ninuno at sa pagsasagawa ng mga waláng katapusáng pananalangin at pagpaparangál; ang taga-Indiya, ay sa di-pagkilos ng katawán at sa paninimbáng, at inaring banál yaóng nakapananatiling waláng galáw sa isang sadyang kalagayan sa loób ng maraming buwán. Natatagpuán ng taga-Persia ang kabaitan sa kalinisan ng pamumuhay, at dahil dito'y nagíng sagisag nilá ang apóy na dumadalisay. Ang kabaitan ng hudiyó'y binubuo ng pagkatakot kay Heobá, ng pagtupád sa mga kautusáng nauukol sa mga bagay na nadaramá na sinasaysáy ng "Deuteronomiyo," at ng paghihintáy ng pagdating ng Mesias upáng makapag-ari ng sandaigdigan. Ang kabaitan ng griyego'y nababatay sa *estoisismo*, sa karunungan magtiís ng lahat ng kasamaan nang angkin ang ganáp na katiwasayan ng loób; dahil dito'y iniaalay ng taga-Esparta sa harap ng kabaitan ang kanyáng mga damdaming lalong mahál, ang kanyáng kasiglaháng lalong katutubo sa paniniwalang yao'y mabangís at waláng habág; samantalang ang budista nama'y nagsasanay ng kabaitan sa katamisan ng pag-uugali at sa pag-ibig sa kapuwa. Sa kabiláng dako, hinahanap ng Roma ang kabaitan sa katiningan ng loób, sa damdaming makalalaki, kaya ito'y tinatawag niláng *virtus* na sa ating wika'y "pagkalalaki"; para sa Roma'y mabaít ang nag-iingat ng kanyáng pagkalalaki, ang marunong magpakasakit sa mga malalaking panganib, ang ma-

unong magpakamatáy alang-alang sa batás, alang-alang sa ngarian at sa kaluwalhatian ng Roma. Dumatíng ang kristiyanismo, gumuló sa maraming paniniwala, at sa simulá'y sa anó nababatay ang mga kabaitang kristiyano? Ang relihiyóng kristiyano, tagapagmana, at kabuuan at ubod ng lahá't ng mga relihiyón, ay nagsabog ng banaag sa kanyáng mga kabaitan ng tanáng kabaitan ng lahá't, ng iba, at nagpabanal sa pagpapakumbaba ng loób, sa kawaláng tigatig (*estoicismo*) sa kalinisan, at nagdagdag sa mga itó, bilang tunay na taga-silangan, ng pagkakawanggawa, kabaitang itinaás, pagkatapos, ng Mahometismo sa isáng di-matingkaláng kadakilaan.

Pagkatapos pa ay nabago ang mga aral, nawala ang pananampalataya, ang diwang makarelihiyón ay naging diwa ng pagkakapangkát-pangkát sa pananampalataya, yaóng mga nangangaral ng pagkakapantáy-pantáy at pagpapakarukha ay naghangad na magíng panginoó't mayaman, at sa gayó'y ang kabaita'y ipinagkamali sa di-pagpaparaya sa isip ng ibá at sa bulág na pananampalataya, at sa anyóng lalong hindi nakapopoót, ay nag-angkin ng anyong kalaban ng kalikasan. Naging kabaitan ang sapilitang di-pag-aasawa, gayóng sinabi ng Diyós na kayo'y magpakarami; naging kabaitan ang pangririmarim sa kagandahan, ang pagkapoót sa pag-ibig, gayóng ang buóng kalikasa'y magandá, gayóng buhat sa buwán hanggáng sa bulaklak, ang buong nilikhá'y nangangaral ng pag-ibig; naging kabaitan ang pangingilin sa pagkain at sa lamang-kati gayóng kinakailangan ng taong gumamit at makapag-ibayo ng kanyáng lakás upáng magamit sa paglilingkód sa kanyáng kapuwa; naging kabaitan ang paghampás sa sarili at ang pagpapakaaba, gayóng ang ahas ay tumitirá sa putik at ang Diyós ay sa kataasan, at sa wakás, naging kabaitan ang kamangmangán na rin, gayóng ang karunungan'y isang katangian ng Diyós, gayóng ang pang-unawa ay isáng biyaya, at gayóng ang tao'y natutubós lamang sa pamagitan ng malalalim na pag-aaral.

Mga dantaóng makahayop, minamahal kong mga kapatíd, yaóng ang mga singáw na nagbubuhát sa mga klaustro'y gumusót ng gayón na lamang sa pang-unawa ng tao. Datapuwa't maaaring lalo pang bumaba at ang pagkahulog ng pangangatuwira'y

magíng lalo pang masahól at lalo pang malalim, at sa gayó'y tinawag na kabaitan ang sumusunód: ang pagkapoót sa mga taong hindi nagtatagláy ng kaisáng pananampalataya, ang pagpatáy at pagsunog sa mga itó: ang pagbigkas ng sunud-sunód na kahalángán at marahil ay sunud-sunód na panlalait sa haráp ng mga larawang pinapagíng banál at ginawáng diyós. Tinawag na kabaitan ang pagtatakwil sa mga hinuha ng aghám at ng karanasán; kabaitan, ang pananampalataya sa kabalighuán, ang pagbibigáy sa Papa upáng matustusán ang pagmamarangya nitó, ng salaping itinatanggíng ibigáy sa isáng bata upáng pasilayin ang kanyáng isip; kabaitan ang kabaliwán, ang pagkasira ng baít, ang katawátawá, at patí ng mga bisyo na rin kapág ang mga itó'y nabibigyan ng balabal ng relihiyon.

Sa pagkahulog sa banging ito ng pagkukuro ng tao at sa pagkagulat sa kanyang pagkakalagpak, ay ibinabaling ang tingin sa nakaraan at ipinagbubuntung-hininga ang kabaitan nang mga panahon ng kabayanihan.

Ano ka ba, O kabaitan? Ikaw ba'y isang pangalang walang kabuluhan, ikaw ba'y lakas ng kaloobang lumalaban sa mga katutubong damdamin? Ikaw ba'y isang salitang nilikha ng isang masamang makaakin, upang kung masilaw ang mga mapaniwalain sa harap ng ningning ng iyong kaluwalhatian, ay mapaglagablab ang mga damdamin ng kagandahang loob, at nang pagkatapos ay mapag-samantalahan sila? Ikaw ba'y nilikha ng mga maykapang-yarihan upang hiratihin ang mga naaapi sa pagtutungó ng kanilang ulo o ikaw ang tinatawagan ng mga sawimpalad upang maipamukha mo sa mga mang-aapi ang kanilang kaasalan? Ikaw ba'y isang pagtutol o isang daya lamang? Ikaw ba ang kagitingang nagtitipon ng mga bayan-bayan sa malalaking angkan, o ikaw ang pagmamakasariili na nag-uudyok sa taong bakahin ang ibang tao?

Kung tatanggapin natin ang simulain ng karaniwang tao na nagpapalagay na kabaitan ang damdaming kung isasagawa'y makabubuti sa iba, nguni't makasasama sa gumagawa, sa Espanya'y magiging kabaitan ang hindi pagiging kawani o hindi pagiging mananalumpati kundi ang pagiging isang nagpapautang na ma-

tiisi't mapagbata; sa Tsina, gaya ng sa ibang panig ng daigdig, ang kabaitan ay ang pagpayag na dayain ng lahat; sa Pransiya'y ang pagbibigay at hindi pagtanggap kailan man ng mga pabuya.

Sa harap ng gayon karaming pagkakasalungatan ng mga pala-palagay ng tao, ang budhi'y nangangailangan ng isang panuntunan.

Sa kabaita'y nararapat maunawaan ang matamang pagtupad sa tungkulin, gaya rin naman sa bisyo, ang matamang paglabag sa tungkulin; at sa ganitong pagpapakahulugan, ang salitang kabaita'y napapasok na lubos sa talyer ng masoneriya at maaari pang sabihing siyang layon ng Masoneriya, at siyang tangi niyang buhay.

Sa kabaita'y itinuturing natin ang matiyagang pagtupad sa tungkulin. Sa katuturanang ito'y dapat liwanagin ang salitang "tungkulin". Ano ang tungkulin ng tao sa makabagong panahon?

Ang simulaing "gumawa ka ng mabuti" ay malabo; ang "huwag mong gawin sa iba ang hindi mo ibig gawin sa iyo" ay kulang, dahil sa maraming bagay ang nararapat nating gawin sa iba na hindi natin ibig gawin sa atin! Ang paglilimos, halimbawa, ay isa. Ang simulaing "ibigin mo ang iyong kapuwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili" ay napakaganda, nguni't hindi maisasagawa; iya'y makadiyos, datapuwa't hindi makatao; walang taong maaaring makaramdam ng magkaisang damdamin pagkakita niya sa sinomang kapuwa tao.

Ang tungkulin ng taong makabago, sa aking palagay, ay gumawa para sa katubusan ng sangkatauhan, sapagka't kapag ang tao'y dumarakila ay uunti ang sawimpalad at darami ang mapapalad sa loob ng ating kalagayan. Hindi matutubos ang sangkatauhan habang may mga taong pinagsasamantalahan, habang may mga lahing inaapi, habang may mga isipang pinuputol at mga matang binubulag, upang ang iba'y makapamuhay na parang mga sultan at sila lamang ang malugod sa pagmamalas sa kagandahan. Ang sangkatauha'y hindi matutubos habang ang katuwiran ay hindi malaya; habang ang pananampalataya'y nagnanasang makapanaig sa mga pangyayari, habang ang mga huma-

ling ay batas, at habang may mga bansang lumulupig sa iba. Upang matamo ng sangkatauhan ang matayog na kapalarang pinag-aakayan sa kanya ng Diyos, ay kinakailangang mawala sa kanyang sinapupunan ang pag-aalit-alitan at paghahari-harian, na siya'y huwag puksain ng mga salot, at huwag umalingawngaw sa kanyang paglakad ang mga himutok at mga tungayaw. Kinakailangang ang kanyang mapagwaging paglakad ay dumaan sa saliw ng mga awit ng kaluwalhatia't kalayaan, nagniningning ang mukha't tiwasay ang isip.

Sa gayo'y ipinangangaral at isinasagawa ng Masoneriya ang banal na simulain ng kalayaan pagkakapantay-pantay at pagkakapatiran ng mga tao at sa mga iyan nababatay ang mga kabaitang mason ang mga tanging kabaitang ang kaganapa'y maglalayo sa piling ng mga tao ng mga digmaa't pagmamalabis at magdudulot ng kahariang pinapangarap ng lahat ng mga dakilang tagapagbago. Sa ganitong pakahulugan sa ngayo't ngayo'y walang ibang templo ang kabaitan maliban sa templo ng masoneriya na pinagbubuhatan ng ilang kislap na tumatanglaw sa maraming palaisip na tagalabas; sa ganitong pakahulugan, ang kabaita'y hindi na nagiging isang katangiang baog, bihira, laban sa kalikasan, mabangis o masambahin; ang kabaita'y nagiging maganda, pampabihasa, pandaigdig, sapagka't may gaganda pa ba sa kalayaan, pagkakapantay-pantay at pagkakapatiran ng mga tao? Umiinog ang yuta-yutang daigdig sa kapayapaa't kalayaan sa pagbagtas sa mga karagatan ng kalawakang walang katapusan, at sa kanilang makadiyos na pagtakbo'y umaawit ng isang dalit ng pag-ibig sa lumikha sa kanila; ang mga limbas ay bumabagtas sa kanilang maharlikang paglipad sa himpapawid at sila'y nagmamatyagan at nagpipitaganan; ang mga ilang ay nagsisikap na bawa't hayop na naninirahan sa kanila'y huwag magsilaan at mag-apihan; ang mga punungkahoy ay nagtataas sa araw ng kanilang maharlikang yabong at nagbubulong at naglalagak sa hanging palay-palay ng awit ng pasasalamat dahil sa liwanag na bumubuhay at bumibihis ng mga kulay sa kanila; ang mga bulaklak ay nagsusungaw ng kanilang sariwang ulo't pumupuno sa hangin ng kanilang mga halimuyak at mga ngiti; ang buhay, ang kaligayahan, ang pag-ibig, ang kalayaan ay sumisilang sa lahat ng dako, kahit na buhat sa kamatayan at maging sa yagit na rin; ang tao lamang ang

kaaway ng tao, naghahari-harian sa kanyang kapuwa, umaapi sa lahat, naghahatid ng kanyang poot at nagsasalin ng mga sakit sa mga hayop na nasa ilalim ng kanyang kapangyarihan at nagagalak sa pagkaapi ng kanyang mga kapatid; ang pagtangis ay siyang nagbababalâ ng kanyang buhay, ang mga kasaliwaang-palad at mga pakikibaka ay siyang tumitina sa paliguy-ligoy na landas na hinawi ng kanyang pagkabuhay sa pamamagitan ng mga luha dugo, at apdo; ang mga bisyo, ang mga sakit at mga simbuyo'y nagbubunga ng kanyang kamatayang karaniwan nang nangyayari sa gitna ng panghihilakbot at mga pagtitiis, gaya ng mga manlulupig na naiinggit, umaangal at lumuluha ng mga luhang apoy, sa kapalaran ng mga tagabukid; ang tao, ang hari ng mga nilikha, ay naiinggit, kaakibat din ng pagluha, sa kapalaran ng mga kulisap, sa kapalaran ng paruparo na palipat-lipat sa gitna ng mga bulaklak ay sumisipsip ng nektar, isinisilang na kasabay ng bukung-liwayway at namamatay na kasabay ng araw, nang hindi nakakakita, sa kabutihang palad niya, ng malungkot na karimlan ng gabi!

JOSE RIZAL

# TUNGKOL SA BAGONG PALATITIKANG TAGALOG

Madrid, ika-15 ng 1890

Noong kayo'y nangag-aaral pa sa paaralang-bayan upang matutuhan ang mga unang titik o kaya'y noong itinuturo ninyo ang mga ito sa mga lalo pang maliliit na bata, ay walang salang nakatawag ng inyong pansin, gaya rin ng nangyari sa akin, ang malaking kahirapang nasusumpungan ng mga bata pagdating sa mga pantig na "*ca, ce, ci, co, ga, ge, gua, gue, gui,*" at maraming iba pa dahil sa hindi nila nababatid ang sanhi ng mga kaguluhang ito at ng mga pagbabagu-bagong tunog na ito ng ilang katinig. Paulanan man sila ng palo, sukdam limitan ang pagpaparusa sa kanila, mangabakli man ang mga pamalo sa kanilang palad at malatayan man ang kanilang maliliit na kamay; mangalaglag mang punit-punit ang mga unang dahon ng kanilang aklat na pinag-aaralan, mangag-iyakan man ang mga bata at suhulan man sila ng mga katiwalang mag-aaral ay hindi rin nila malamlasan ang mga kasindak-sindak na mga Termó — pila<sup>1</sup> na ito. At nababatid na nila na ang mga pantig na iyon, na binabayaran ng di gagaanong luha ng mga bata, ay hindi pakikinabangan sa anumang bagay, yamang sa ating wika at sa dating palatitikan ay wala tayo ni ng *ca* ni *ce*, ni *ge* ni *gi* at iba pa, na pawang mga pantig na sarili ng wikang kastila, isang wikang natutuhan sa Maynila sa kapapakinig at kasasaulo ng maraming mga aklat ng tatlo lamang sa bawa't sanlibong bata. At kahit madalas kong maitanong sa aking sarili kung bakit ang mga iyo'y pinag-aaralan pa kung sa wakas ay wala silang ibang wikang sasalitain maliban sa tagalog (wikang hanggang mga araw na yao'y may katitikang kalahati'y kastila, kalahati'y di ko alam kung ano, sapagka't hindi itinuro sa amin), ay nagwalang-imik ako, sapagka't may kutob

<sup>1</sup> Ipinalalagay ng mga paham sa pagtuturo noong araw, na ang "isang titik ay natututuhan lamang kung may kasamang dugo," ang ibig sabih'y may kasamang palo na nagpapadugo sa katawan ng bata.

ako, na sa bansang iyon,<sup>2</sup> ang pagsisikap sa pagtutuwid ng anumang bagay ay katumbas ng pagtugpa sa isang mapanganib na paglalalayag.

Nakaraan ang ilang panahon at ako'y lumaki. Nang kailanganin kong sumulat ng mga liham sa ating wika, bukod sa ikinaayayamot ko ang hindi ko kaalaman, ay nagtaka ako sa mga kagusutang napapansin ko sa mga aklat na aking pinagsasangunian upang makasulat sa palatitikang sinusunod noon, ngunit gayonma'y nagwalang-imik ako, sanhi rin sa mga kadahilanang nasabi ko na sa itaas.

Pagkatapos, nang ako'y na sa iba nang kapaligiran, at binabasa ko isang araw ang "Contribución para el Estudio de los Antiguos Alfabetos Filipinos" (Tulong sa pag-aaral ng mga dating baybaying Pilipino) na sinulat ni Duktur Pardo de Tavera, ay napukaw sa alaala ko ang aking pinagdaanan noong ako'y bata pa. Kaya naisip kong humanap ng anumang bagay na ikagagaan ng gawain at ikadadali ng mga unang hakbangin ng mga bata. Nararapat padaliin ang palatitikan, at magpasok ng ibang palatitikang lalong tumpak at naaayon sa katuwiran. Ang palatitikang ito'y nararapat din namang maging agpang sa diwa ng ating wika at ng mga kapatid na wika nito at makapagpanatili sa anyo ng salitang-ugat upang sa ganito'y mapadali ang pag-aaral nito at matutuhan kahit na ng mga dayuhan. Pinasigla ako sa pag-sasakatuparan ng balak na ito, sa isang dako, ng pag-aaral na isinasagawa ko noon tungkol sa mga mabababang paaralan sa "Sajonia",<sup>3</sup> na kinakitaan ko ng pagmamalasakit ng mga guro sa pagpapadali at pagpapagaan ng mga itinuturo sa mga bata; at sa kabilang dako'y ng kakauntian ng mga kathang nasusulat sa tagalog.

Ginawa ko ang mga unang pagsubok. Isinulat ko noong Setyembre ng 1886 sa palatitikang aking binabalak ang salin ng "Wilhelm Tell", isang dula ni Schiller.<sup>4</sup> Ito'y sulat-kamay at da-

<sup>2</sup> Ang mga pangungusap na ito'y nauukol sa Pilipinas na lahat ng mga pagbabago'y ipinalalagay na isang paghihimagsik laban sa natatatag na kalagayan.

<sup>3</sup> Ang "Sajonia" ay isang bahagi ng Alemanya. Noong una ay isa itong kahariang sakop ng Imperyong Aleman.

<sup>4</sup> Ito'y nilimbag ng "Manila Filatelica" sa ayos na parang isang munting aklat noong 1907.



pat na matagpuan sa Kalamba. Gayundin ang aking ginawa sa pagsasalin sa ilang kuwento ng danés na si Andersen.<sup>5</sup> Sa isang nobelang inilathala ko noong Marso ng 1887,<sup>6</sup> ang mga salita't mga banggit sa tagalog ay kauna-unahan kong ipinalimbag sa bagong palatitikang ito, na sa aking mungkahi ay ginagamit na ng ilang kaibigan, at inaasahan kong gagamitin na rin ng bayang Pilipino, pagkatapos ng isang makatuwirang pagtatalo hinggil sa kanyang pagkamarapat at pagaangkop sa panahon.<sup>7</sup>

Inakala kong ako ang kauna-unahang nagpasok ng ganitong pagbabago at nagpatuloy ako sa ganitong paniniwala kahit na noong mabasa ko ang isang palathala ni Duktur Pardo de Tavera sa mga pahayagan sa Maynila nang taong 1888. Dito'y binabanggit niya ang ilang pagmamatuwid at ang mga kapakinabangang matatamo sa pagbabago. Nguni't ako'y nagkamali.<sup>8</sup>

Ilang buwan pa bago kumita ng liwanag ang nasabing nobela ay naipalimbag na ni Duktur Pardo de Tavera ang "El Sanscrito en la Lengua Tagalog". Ito'y ginamitan niya ng isang palatitikang lalong magaling kaysa aking naisip, bagama't ang pagkaka-bago ng mga titik sa mga salita ay kanyang ipinaloob sa panaklong. Sa isang dako'y ikinalungkot ko ito at sa kabilang dako naman ay ikinagalak ko. Ikinalungkot ko, sapagka't kung napag-alaman ko ang kathang itong sumakamay ko noong 1889 lamang ay ginamit ko na sana ang "wa", na ginagamit ng nasabing masugid na palaaral sa mga bagay-bagay na ukol sa Pilipinas. Ang katinig na ito'y hindi ko ginagamit hanggang sa ipakita sa akin ng mananagalog na si Ginoong Pedro Serrano<sup>9</sup> ang isang maikling

5 Ang mga kuwentong ito ni Andersen, na isang taga-Dinamarka, at nasusulat sa wikang aleman, at isinalin ni Rizal sa Tagalog nang siya'y nasa Leipzig, Alemanya noong ika-14 ng Oktubre ng 1886. Ang mga kuwentong ito'y ipinalimbag at inilathala ng mga "Caballeros de Rizal" noong 1954 dito sa Maynila.

6 Tinutukoy kaya niya rito ang kanyang nobelang Noli Me Tangere, na nilimbag ng taong 1887.

7 Ang palatitikang ito'y siyang ginamit ng mga mananagalog nang kapanahunan ni Rizal, gaya nina Marcelo H. del Pilar, Pedro Serrano Laktaw. Mariano Ponce, at pati na ni Ferdinand Blumentritt at iba pa.

8 Napagkikilalang si Rizal ay isang taong marunong kumilala ng kanyang pagkakamali, hindi "maka-ako", samakatuwid; at di lamang ito, kundi siya'y marunong yumukod sa karunungan at kuru-kuro ng iba, lalo pa kung ito'y talagang tumpak at matuwid.

9 Ito'y si Padre Serrano Laktaw, kilalang paham na mananagalog, at siyang may-akda ng Talatinigang Kastila-Tagalog at Tagalog-Kastila. Siya'y tubo sa bayan ng Bulakan lalawigan ng Bulakan.

sulat na nilimbag, sang-ayon sa mga bagong tuntunin sa pagsulat. Ikinagalak ko sapagka't nabatid kong hindi pala ako nag-iisa sa aking balak<sup>10</sup> at halos sabay na gumitaw sa aming isip (marahil ang sulat-kamay ng "El Sanscrito en la Lengua Tagalog" ay una pa kaysa aking "Wilhelm Tell"), at sapagka't ang kanyang ni Doktor Pardo de Tavera ay nagpasigla nang gayon na lamang sa aking mga layunin. Ang matatag na katibayan na ang dalawang pagsubok na ito ay hiwalay at halos sabay na gumitaw sa aming isip nang walang anumang namagitan sa aming pagsasanggunian at pagpapaliwanagan ay ang paggamit ng "wa" ni Doktor Pardo de Tavera, na hindi ko man lamang naisip na gamitin sa aking katha. Tinularan ko agad ang paggamit niyon pagkakatang-pagkakita ko, sapagka't naunawa ko ang kanyang ganap na kahalaghan.

Ito'y ipinahahayag ko upang, kung pag-aralan ang kasaysayan ng palatitikang ito, na unti-unti nang ginagamit ng mga bihasang mananagalog, ay maibigay kay Cesar ang Kay Cesar; ang mga pagbabagong ito'y walang ibang pinagkakautangan liban na sa mga pag-aaral tungkol sa tagalog ni Doktor Pardo de Tavera; ako'y isa sa mga lalong masugid na tagapagpalaganap.

Yamang ang lahat nang ito'y akin nang nailahad ay sisimulan naming isiwalat ang mga tuntunin ng bagong palatitikang ito, na siyang pinakamadali at pinakamagaang na maidudulot namin.

Ang matandang baybaying tagalog ay binubuo ng tatlong patinig "a, i, u," at labing-apat na katinig: *ka, ga, nga, ta, da, na, pa, ba, ma, ya, la, wa, sa, ha.*<sup>11</sup>

Sa pamamagitan ng labimpitong titik na ito ay nabibigkas noon, gaya rin ngayon, ang lahat ng salita sa ating mayamang wika.

<sup>10</sup> Halos magkasabay sina Pedro Serrano Laktaw at Trinidad H. Pardo de Tavera sa pag-aaral at pagsusuri ng palatitikang tagalog. Sila'y nangauna kay Rizal sa gawaing ito, bagay na kinikilala naman ng mabunying anak ng Kalamba.

<sup>11</sup> Ngayon, alinsunod sa makabagong pagsulat ng tagalog at sunód sa Balarila ng Wikang Pambansa, ang baybayin o abakadang tagalog ay dalawampung, sa halip ng labimpito ng matandang baybaying binabanggit ni Rizal. Ang ating mga patinig, sa kasalukuyan, ay lima (a, e, i, o, u) sa halip ng tatlo ng dating baybaying binabanggit ni Rizal (a, i, u).

Ang patinig na *a*, na lalong nakararami o lalong gamitin, ay sintunog ng *a* sa kastila at ang gamit ay hindi naiiba sa gamit sa kastila: dahil dito'y hindi ito nagdudulot ng kahirapan.

Ang *i* na nasa gitna ng salita ay kaisang-kaisa ng tunog ng kastilang *i*. Kung nasa hulihan ng pantig naman ay ibinubuka nang kaunti ang bibig sa pagbigkas at nagkakatonog na tulad ng titik ingles na *y* sa dulo ng mga salitang *carry*, *fluently*, at iba pa, alalaong baga'y nagkakaroon ng isang tunog na alangang *e* at *i*, bagay na ikinapaniwala ng maraming kastila na walang pagkakaiba ang *e* at *i* sa paggamit ng mga tagalog. Ang pagpapatutoong ito'y walang bahid ng katotohanan, sapagka't walang sinumang tagalog na magsasabi ng *selid* sa halip ng *silid*, a kaya'y ng *siled*, na may maliwanag na *e* sa kastila. Samakatuwid ay nararapat gamitin ang *i* maging sa gitna, at maging dulo ng isang salita, at nararapat itakwil ang paggamit ng *e* na ipinasok ng mga manunulat na taga-ibang bansa.

Ang *u*, kapag nasa gitna ng salita ay sintunog ng *u* sa kastila. Kapag nasa hulihan ng pantig, ay ibinubuka nang kaunti ang bibig sa pagbigkas at ang nagiging tunog ay alangang *o* at *u*. Ang bagay na ito ay naging dahilan na naman upang ang ilan ay maniwalang ginagamit ng mga tagalog ang mga titik na ito nang walang pagkakaiba. Ito rin ang naging sanhi kung bakit ipinasok ng mga prayleng mananagalog ang kaka-twang pagsulat ng *olo*, *vondoc* at iba pa. Ang pagkamayroon ng mga salitang *tutoo*, *noo*, *poon*, at iba pa, na maging ang unang *o*, at maging ang ikalawang *o* ay may tunog na alangang *o* at *u* ay hindi nararapat ipalagay na kataliwasan, sapagka't yaon ay may tunog na *u*, sa hulihan at may kahabaan ang tunog. Samakatuwid, maaaring tanggapin ang *o* sa hulihan lamang ng salita, at may tunog ng katulad ng *ou*, na lalo pang makipot at patulis ang bilog ng bukas ng bibig kaysa *o* ng mga italyano.

Ang *t*, *n*, *p*, *b*, *m*, *y*, *l*, at *u* ay ginagamit ng gaya ng pagkamit sa kanila hanga ngayon, sa mga tunog na kinakatawan ng bawat isa mang walang anumang pagbabago, at kaisa ng gamit sa kanila sa kastila.

Nananatili ang tunog ng *d* liban na lamang kung napapalitan

ng *r* sa ikagaganda ng tunog; halimbawa, sa mga salitang *marami*, *darating*, at iba pa. Datapuwa't ang mga pagbabagong ito'y hindi naman nagagawa tuwing makahumalaingan, sapagka't ang *d* ay nananatiling *d* maging sa hulihan at maging sa simula ng mga salita, at kahit na kung nasa gitna ng salita kapag ito'y nasa hulihan ng pantig, kaya ba't mali ang mga bigkas na *tartar*, *bakor*, *sinulir* sa halip ng *tadtad*, *bakod*, *sinulid*; dahil dito'y hindi binibigkas ng *roon*, *rito*, *raraos*, gayang nakaugalian sa Morong, sa halip ng *doon*, *dito*, *daraos*, at iba pa.

Ang *h* ay may tunog na maluwag na paghinga katulad ng tunog nito sa nakararami sa mga wika. Ang tunog na ito'y iniingatan, maging sa unahan at maging sa gitna ng salita. Sa wikang tagalog ay hindi natatagpuan ang *h* sa dulo ng isang salita.

Ang *ñg* na binibigkas sa sabang ng lalamuna't ilong (gaya ng pagkagamit nito hanggang sa panahong ito halos) at ating isinusulat na *ng* na pinagsasanib ang dalawang titik, at ninanais palitan ni Duktur Pardo de Tavera ng isang katinig na may ganitong anyo: *ng*. Naniniwala kami na ito'y mapadadali't mapaiikli kung gagawing "g" lamang. Ang mungkahing ito'y kinakatawan ng sumusunod na matuwid na hango sa kasaysayan: Sa lahat ng orihinal na sulat-kamay at sa mga lumang aklat na nilimbag hanggang sa ikalabing-anim na dantaon, ang isang guhit na nakalagay sa ibabaw ng isang titik ay nangangahulugan ng isang *m* o isang *n* na kinaltas o nawawatasan na. Hangga ngayon ay iniingatan pa ito sa kastila sa titik na *ñ* na siyang naging huling anyo ng *n* kapag ito'y inuulit. Samakatuwid, kung ang guhit na ito'y kumakatawan na sa isang *m* o sa isang *n*, ang dating anyong *ng* ay magiging singhalaga ng *nag* o ng *ngá* at ito'y isang kamalian, at dahil dito'y aming pinalitan ng *ñg* sa kathang aming ipinalimbag. Datapuwa't yamang ang pagtatambal na ito'y maaaring magdulot ng ilang kaabalahan sa palimbagan at ang pagkalimot sa guhit ng pagsasanib sa pagsulat ay makagugusot sa kahulugan ng mga salita, imumungkahi sana namin ang paggamit ng *g* kailanma't nanasaing ipakatawan ang tunog na binibigkas sa sabang ng lalamuna't ilong. Pinagtitibay rin kami sa bagay na ito ng aming paniwala na noong mga pa-

nahong malaon nang lumpipas, ang  $\bar{g}$  ay siyang anyong gamitin upang ipakilala ang tunog na galing sa lalamuna't ilong, gaya ng ating nakikita sa mga daglat ng pantukoy na *ng* at *mga*, sapagka't kung hindi ganoon, ang mga ito'y ipinakatawan sana sa *nng* at *mnnga*, at ang daglat na *ng* ay dapat dising bigkasing *nga*. Ang bagay na ito'y nalalaman ng mga tagalog na hindi nararapat mangyari. At kaya lamang ginamit, pagkatapos, ang magkasanib na *ng* sa halip ng  $\bar{g}$  ay noong ang mga prayle, na hindi makabigkas ng tunog na talagang galing sa lalamuna't ilong, ay sinulat niyaon nang magkahiwalay na *n* at *g* at pina-natili ang guhit sa ibabaw upang sa wari'y tandaang doo'y may tunog na galing sa ilong. Ang paggamit, samakatuwid, ng *g* ay inaakala naming karapat-dapat itagubilin maging sanhi sa mga naisaysay nang mga matuwid na hango sa kasaysayan, at maging sanhi sa kanyang kadalian, liwanag, at pagkamakatuwiran. Kaya nga't kung isinusulat ang *mangá*, *bangá*, *sangá*, at iba pa ay napagtatanto na ang mga salitang ito'y may ukol-ukol na kahulugan, alalaong baga'y isang *bungang-kahoy*, *maumpog*, *sumalag* at nangaiiba ang mga ito sa mga salitang, *māgá*, *bagá*, *sagá*, na hangga ngayon ay isinusulat ng *mañga*, *bañga*, *sañga*, at iba pa, at nangangahulugan ng *karamihan*, *isang sisidlan ng tubig*, *isang bahagi ng punung-kahoy*, at iba pa. Datapuwa't, yamang upang mabigkas ang titik na may tunog na galing sa ilong kung nasa hulihan ng salita, gaya ng kinalalabasan ng pag-aangkop ng katagang *na*, gaya ng *Haring bata* sa halip na *hari na bata*, ay kinakailangang tanggapin namin ang *ng* upang huwag mawala ang katangian ng *na* kung ito'y iniaangkop, halos mamabutihin na sana namin ang anyong *ng* na atin nang ginagamit, bagama't ang paggamit nito'y hindi lubhang madali na gaya ng paggamit ng *g*. Sa bagay na ito'y nararapat magpasiya ang mga batikang mananagalog.

Ang paggamit ng *g*, o sa lalong tumpak na sabi, ng *ga*, (na binibigkas nang may kayumian sa lalamunan) ay walang idinudulot na iba pang pagbabago liban sa palitan ng *gi* ang dating pantig na *gui*. Buhat sa sandaling hindi na kinakailangan sa ating wika ang *g* na binibigkas nang may pahangin sapagka't ang tunog na ito'y atin nang ipinakakatawan sa *h*, inaakala naming hindi lamang wala nang paggagamitan ang pantig na *gui* kundi

magiging sanhi pa rin ito ng kagusutan sa pagbabanghay ng mga pandiwa na may salitang-ugat na nagsisimula sa *g*. Bilang halimbawa; nalalaman natin na ang panahunang pangnagdaan ay binubuo sa pamamagitan ng “paglalagay ng pantig na “in” sa unahan ng unang patinig ng salitang-ugat”, gaya ng “patay”,—*pinatay*, “sipa” — *s-in-ipa*; “ulan” — *in-ulan*; “alis” *in-alis* at iba pa. Datapuwa’t sa datihang palatitikan, pagdating sa pagbubuo ng mga pandiwang nagsisimula sa *ga*, *gu*, kinakailangan nating magpasok ng isang, pagbabago sa tuntuning pangkalahatan, at sa halip na dagdagan ng *in* lamang, ang kinakailangan ay *uin*. Ito’y kahangalan at labas sa karaniwan, gaya halimbawa ng salitang *gapas* — *g-uin-apas*. Samantala, kung ipasok ang pantig na *gi* na ang *g* dito ay singhalaga ng *g* sa mga pantig na *ga*, *go*, *gu*, ay ay hindi na kailangan pang magbago ng tuntuning pangkalahatan. Isa pa ay pinagagaan nito para sa mga bata ang pag-aaral ng ang *g* dito ay singhalaga ng *g* sa mga pantig na *ga*, *go*, *gu*, sasapat na sa kanila ang *ga*, *gi*, *go*, *gu*, at iba pa.

Ngayo’y tatalakayin naman namin ang suliranin ng *k* at ng *w*. Maraming tumututol sa paggamit ng mga titik na ito, hindi lamang sa mga mangmang kundi gayundin sa mga taong hindi mapag-aalinlanganang lubhang mahuhusay managalog. Hindi namin maunawaan kung paano nakasumpong ang mga taong lubhang matatalino at lubhang maaalam sa wika, gaya ni P. Tecson, ng mga sagwil sa isang pagsasaayos na ang tanging layunin ay magbigyan ng sariling katangian ang tagalog at ito’y mapagaan sa pamamagitan ng pagsasakatuwiran at pagpapadali sa pagsulat at pagbasa upang sa pamamagitan ng isang palatitikang maliwanag, makaagham at makatuwiran, ay maihanda ang kanyang mga salita sa lalong malalim, makabalarila at makapantas-wikang pag-aaral.

Ibinabatay ang pagtutol ng mga kalaban ng pagpapasok ng *k*<sup>12</sup> sa umano’y *pinagbuhatang aleman*. Tutoo nga, na nitong mga huling panahon ay pinagmalabisan ito ng mga aleman. Ginagamit nila ang titik na ito kahit na hindi nawawasto, gaya ng mga salitang “*Konzert, Kursaal*” at iba pa. Nguni’t labis naman yatang pagpapakababa ang pagitna sa pagtawa ng sansinukob kapag

12 Si Rizal ay kasang-ayon ng paggamit ng katinig na ito (*k*), sa halip ng titik na “*c*” at “*qu*” ng kastila.

pinagpilitang ang *k* ay galing sa mga aleman. Nalalaman ng lahat ng bata sa mataas na paaralan na ang *k* ay kilalá na at nakarating sa atin sapul pa noong kauna-unahang panahon, buhat sa Gresya na may titik nang ito sa kanyang baybayin, at halos kaisang anyo ng titik na ito ang tinatawag nilang *Kappa*. Ang baybaying ebreo ay mayroon din ng titik na ito bagama't iba lamang ang anyo. Sa panahong kasalukuyan ay mayroon din nito ang halos lahat ng mga bansang europeo, ang Rusya, Inglatera, Dinamarka, Olanda, Suwesiya, Norwega, at iba pa. Mayroon din nito ang lahat ng bansang gumagamit ng binagong baybaying griyego; mayroon nito ang pranses, ang hilagang amerikano, ang hapones, ang insik, ang arabe, ang sanskrito; mayroon din ang lahat ng sangay ng wikang malayo at kung hindi man katulad na katulad ng titik na ito ay kawangis naman, na ipinapalit sa *k* kapag isinasalibang-titik ang wikang latin. Kung gayon, ay isang kamusmusan, upang huwag nang sabihin ang iba pa, ang hindi paggamit ng titik na ito, sa dahilang ito'y "tubong aleman" at kasangkapanin ang bagay na ito sa pagpaparangalan ng kanilang pagkamakabayan, na para bagang ang pagkamakabayan ay nasasalaláy sa mga titik. *Bago ang lahat ay mga kastila tayo!* ang wika ng mga nagsisitutul, at sa pagsasabi nito'y inaakalang nakagawa na sila ng isang kabayanihan. *Bago ang lahat ay mga kastila tayo! kaya itakwil natin ang "k" na kuha sa aleman!* Tiyak na siyam sa bawa't sampu ng mga makabayang ito sa mga bagay na nauukol sa abakada ng aking bansa, ay gumagamit ng sambalilong taal na gawang-aleman at marahil pa'y ng mga botang tunay na yaring aleman din! Kung gayo'y nasaan ang pagkamakabayan? Nararagdagan ba ang pagluluwas ng Alemanya ng kanyang mga yari kung ating gagamitin ang *k* kaysa kung tayo'y umaangkat at gumagamit ng mga bagay-bagay na yaring aleman? Bakit gumagamit ng *chambergo*, *salakot* o *sombrerong buntal* kung sila'y tunay na mapanangkilik sa sariling gawa? Tayo ba'y pamumulubihin ng paggamit ng "k"?<sup>13</sup> at ang "c" ba'y likha rito sa ating bansa? Sa ganyang paraan ay lubhang madaling māging makabayan.

---

13 Napagkikilalang ang pagkamakabayan ni Rizal ay hindi lamang nauukol sa palatitikan ng kanyang wika, kundi lalo't higit na tumataos sa mga kakanan sa kabuhayan ng kanyang bayan.



Datapuwa't yamang ang lalo mang mahalagang pagmamalabis sa politika ay walang kinalaman sa katuwiran, sapagka't "bago ang pagkakastila" ng mga kalaban ng sawimpalad na katinig na ito, ay "*mga tao silang bago ang lahat ay makatuwiran,*" ay suriin natin ang mga matuwid na pinanghahawakan ng mga mahilig sa pagbabago sa pagkatig nila sa paggamit ng *k* na ipapalit sa dating mestisong *c* at sa *qu*. At upang sinumang makabayang atsoy sa bagay na nauukol sa mga titik ng baybayin, ay huwag manindigan na ang kanyang kuru-kuro ay nasasandig sa pinaka-Kristo ng kabuuan ng bansa, gaya ng nakaugalian na doon sa mga dalam-pasigan ng ilog Pasig, na tila hindi mabuti ang pagtingin sa kanya sa pagsasabing ang kabuuan ng bansa ay isinasapanganib sa pagpasok ng isang titik, ay ipinatatalastas namin na ang *k* ay kastilang-kastila. Ang titik na ito'y nasa baybaying kastila at napapagitan sa mga titik na *j* at *l* at hindi kasalanan ng *k* kung hindi siya ginagamit. Kay raming mga batas at mga kautusan, kay raming mga kapasiyahan at magagaling na tadhana na lalo pang bihirang gamitin kay sa *k*! Ang *k* ay ginagamit kahit na sa ilang salita lamang, gaya ng *kiosko*, *khan*, *knout*, *kepis*, at natatalos ng lahat kung gaano kahalaga ng mga salitang ito.

Nguni't kami'y nalingat. Babalik kami sa paksa. Ang *k* ay may lalong tiyak na tunog kaysa *c* at sa *qu*. Ang pagpapalit ng *k* sa *c* at *qu* ay hindi lamang makatitipid sa bata sa kahirapang kadalasa'y natatagpuan niya sa mga hindi karaniwang anyo ng *ca*, *ce*, *co*, *cu*, at *qua*, *que*, *qui*, *quo*, *quu* kundi makapagpapagaan pa sa pagbuong pambalarila ng mga pandiwang nagsisimula sa *k* at *ku*. Sa bagay na ito'y lalong maiuukol ang mga katuwirang nailahad na nang talakayin namin ang *gi*. Sa katunayan, upang buuin ang panahunang pangnagdaan ng pandiwang *katay*, halimbawa, ay wala tayong nararapat gawin liban na sa sundin ang tuntunin at sabihing *k-in-atay*, hindi na gaya noong dati na kina-kailangan pang palitan ang *c* ng *q* at ang pantig na *in* ay gawing *uin*. At palibhasa'y hindi ginagamit sa ating wika ni ang mga pantig na *ce*, *ci*, ni ang mga pantig na *qua*, *que*, *quo*, *quu*, ay bakit papagdurusahin pa ang mga bata sa pagpilit sa kanilang pag-aralan ang mga pantig na ito yamang sila'y hindi naman nagsasalita kundi ng tagalog, sa dahilang ang kastila'y lubusang ipinagbawal sa kanila? Kung pagkatapos ay magkaroon sila ng pagka-



kataong mag-aral ng wikang kastila ay pag-aaralan din nila ang mga pagbabagay-bagay na ito, gaya ng ating ginagawa kung nagsisimula tayo sa pag-aaral ng pranses, ingles, aleman, olandes at iba pa. Walang sinuman sa Espanya na nag-aaral, sapul sa pagkabata, ng baybaying pranses o ingles; kung gayon ay sa anong dahilan pinahihirapan natin ang ating mga bata sa mga bayan-bayan sa pagpapaaral sa kanila ng baybayin ng isang wikang kailanma'y hindi nila sasalitain? Ang tanging kabutihang makukuha sa bagay na ito ay ang kamuhian nila ang alinmang pag-aaral, sapagka't mapapansin nila na ang pag-aaral ng mga ito, bukod sa mahirap ay wala pang kabuluhan.

Bukod sa roon, ang mga pantig na *ka, ki, ko, ku* sa tagalog ay hindi tunay na mga katunog ng mga pantig sa kastila na *ca, qui, co, cu*. Ang tagalog na *k* ay may pagkapahangin, halos natutulad sa *kh*. Dahil dito, yaong mga bumibigkas nito nang walang pahangin (gaya ng mga naninirahan sa Maynila at ng mga kastila, na may mga lalamunang hindi sanáy sa pagbigkas ng mga tunog na ito) ay kinaugalian nang tawaging "garíl" ng mga tagalog, gaya rin ng pagkagaríl niyaóng mga hindi makabigkás nang tama ng katinig na *c* noóng nakaraáng panahón sa iláng korte sa Europa. Kung hindi lamang kami'y tutoóng mapagmahál sa madali at maikli, ipapayo sana namin ang paggamit ng *kh* nguni't sa dahilang sa wikang tagalog ang *k* ay lagi nang pahangin at hindi mangyayaring pagkamalán sa ibáng titik na hindi pahangin, naniniwala kami ng sukat nang isulat na *k* lamang at bigyán ng kaukuláng bigkás.

Nálalabí pa ang pagpapasok ng *w*<sup>14</sup> na tinútutulan din ng marami. Gaya ng aming nasabi na, ginamit namin sa halíp ng *w* ang payák na *u* na kinákatinig, at sa pagkágamit na ito'y wala kami ng anumáng matuwíd. Kung kinakailangang tanggapín ang *y* bilang katinig ng *i* at katumbás ng pinagdawaláng *i* sa mga salitáng *yaman, bahay, biyaya*, ay nararapat ding tanggapín namin upáng magíng makatuwiran, ang katinig na *w* na katumbás ng pinagdawaláng *u* sa mga salitang *wala, araw, kawal, awa*, at iba pa, na ang *u* ay hindi patinig kundi katinig, at hindi bumubuo ng

14 Kasang-ayon din si Rizal ng paggamit ng "w" sa tagalog, na siyang katumbás ng dalawang "u" ng kastila.

kambal-patinig bagkus isang pantig na buo at ganap. Ang dating paraan ng pagsulat ng *alio*, sa halip ng *aliw*, ay nagbibigay daan sa maraming "garil", na binabanggit namin sa unahan, upang iyon ay bigkasing *ali-o* gaya ng salitang *palio* sa kastila. Bagama't ito'y tama kung ang pag-uusapan ay pagpapantig, ang bigkas naman ay lubhang katawatawa. Walang pagaalinlangang sa bagay na ito'y hindi maaaring ipagsanggalang ng mga kalaban ng paggamit ng *w* ang kabuuan ng bayan, sapagka't ang *w* sa aleman ay kaisa ng tunog ng *v* sa wikang pranses, nguni't ang aming *w* ay katulad ng *w* sa wikang ingles. Nguni't ipinapaki nila ang isang pangangatuwirang tunay na alangan sa talino ng sa kanya'y nangagsikatha: sinasabi nila na ang *w* ay mag-aangkin ng isang tunog na katumbas ng *uwe*. Sa *w* na ipinapasok namin ay wala kaming makikita kundi ang pinagdalong *u*, gaya rin ng sa *y* ay pinagdalong *i*. Hindi namin maunawaan ang tunog na *uwe* na ninanais nilang ipaangkin sa titik na *w*, sapagka't wala kaming wikang nalalaman na ang *w* ay binabasang *uwe*, samantalang sa malayo, hapones, ingles, olandes at iba pang wika ang *w* ay may tunog na pinagsunod na *u* gaya ng makikita sa mga salitang *warna*, *gawa*, *wife*, *gewoonlyk*, at mga kagaya nito; sa aleman naman ay binibigkas nagaya ng *v*.

Ang paniwalang ito'y nagbuhat marahil sa anyong tinataglay ng titik na *w*, na dili iba kundi dalawang *v*. Datapuwa't kung isasaalang-alang na sa simula ang *v* at ang *u* ay magkaisa at ang kanilang gamit ay nagkakapalitan hanggang sa ikalabimpitong daan taon, ay hindi namin matatanggap na lalo pang makatuwiran ang bagong bigkas na ito, na pinaaangkin sa titik na ito kaysa ibinibigay sa kanya ng mga ingles, malayo, hapones, at iba pa.

Isa pang matuwid na sa amin ay humihikayat na palitan ng *w* ang *u* at ang *o* na ginagamit sa mga dating sipi ng *arao*, at *arao* halimbawa, ay ang kawalan ng katuwiran ng dating pamaraan. Bakit sa salitang *arao* ay ginagamit natin ang *u* nguni't sa salitang *arao* ay *o* upang ipakatawan ang iisang tunog? Ang ibubunga nito, gaya ng sukat maakala, ay kung di man kagusutan ay pag-aalinlangan, at para sa nagsisimulang bumasa ay narapat pagbuhatan ng maraming kahirapan.

At sa wakas, gaya ng ating makikita sa *Metrica del Tagalog*

na ilalathala namin agad, ang mga dulong *ay, oy, aw*, at *iw ay* tumutugma sa tugmang katinig at hindi sa tugmang patinig. Ito'y pagkakakilanlan na ang pandinig ng mga tagalog ay humihingi para sa mga tunog na ito, hindi ng *i* ni ng *o* ná hangga ngayo'y siyang ginagamitan, kundi ng mga katinig na *y* at *w*.

Tungkol sa palatuldikan, ay kaunti lamang ang aming sasabihin. Ang gamit na hangga ngayo'y nakagawian na ay hindi masama, at amin lamang tatalakayin ang pagtutuldik sa *patinig na impit, maging malumi o maragsá* na natatagpuan sa dulo ng maraming salita, halimbawa'y sa *habà, lubhà* at, at iba pa.

Naniniwala kami na ang patinig na ito'y nararapat tandaan ng tuldik na paiwâ ( ` ) ang mga salitang gaya ng *punò, tamà, Pili* sapagkat sa mga salitang ito'y ang lundo ng bigkas ay wala sa hulihang patinig. Datapuwa't kung ang bigat ay nabubunto sa hulihang patinig, ay nararapat gamitin ang tuldik na pakupyá. gaya halimbawa sa mga salitang *masamá, basá, masidhi, likó*, at iba pa. Sa aming palagay, ito'y malabis na nakapagpapagaan sa pagsulat, sapagka't hindi na kakailanganin pang maglagay, gaya ng nakaugalian hangga ngayon ng dalawang tuldik sa isang salitang binibigkas ng malumi at tuloy-tuloy hanggang sa huling pantig, nguni't binubuntunan ng bigat ng bigkas ang huling patinig at pabigla o impit sa lalamunan ang nagiging tunog. Nagbabago na ang suliranin kung ang pinag-uusapan ay ang mga salitang mariin. Dito'y sapilitan nang tayo'y gagamit ng dalawang tuldik, gaya halimbawa sa *sásamá, hihigá* at iba pa, bagaman halos makasasapat na disin ang tuldik na mariin sapagka't ang mga salitang ito'y hindi mapagkakamalan sa mga ibang salita na kaisa sa hugis nguni't naiiba ang bigat sa hulihang pantig, yamang naniniwala kami na ang mga ganitong salita ay hindi natatagpuan sa ating wika.

Hangga ngayo'y nakaugaliang isulat ang mga salitang kinalatasan, gaya ng *masdan, palab-sin*, at iba pa, na galing sa mga anyong *masidan, palabasin*, at iba pa, sa ganitong anyo: *mas-dan, pa-lab-sin*, at iba pa. Naniniwala kami na ito'y hindi wasto, sapagka't ang gitling ay nagpapahiwatig ng pagbuo ng dalawang salitang pinagtambal, at ito'y hindi tutoo. Sa aming palagay, ang isang kuwit sa itaas o isang kudlit na gaya ng ginagamit sa mga

ibang wika ay makasasapat na upang tandaan ang pagkawala ng alinmang titik. Dahil dito'y aming iminumungkahi na isulat na *mas'dan*, *palab'sin*, *ting'nan*, at iba pa, o dili kaya ay isulat na lamang nang walang kuwit ni gitling.<sup>15</sup>

Iyung-iyon din ang iminumungkahi namin tungkol sa pandiwang pang-angkop na *ay*. Kapag ito'y iniaangkop sa isang salitang nagtatapos sa patinig ay nakagawian nang palitan ng *i*, gaya halimbawa, sa *ako'i* sa halip ng *ako ay*. Hindi naming mahagilap ang matuwid sa paggamit ng dalawang kuwit na ito; hindi rin namin mawatasan kung bakit ang *y* ay pinalitan ng *i*. Kaya nga iminumungkahi namin ang paggamit ng isang kudlit lamang upang tandaan ang pagkawala ng *a* at isulat ng: *ako'y*.<sup>16</sup>

Ito ang pagsasaayos na sa aming paniniwala'y nararapat ipasok sa hangga ngayo'y lisyá at magusot na palatitikan ng wikang tagalog.<sup>17</sup> Ang pagpapasok ng mga ito'y tutoong makapagpapagaan at makapag-aayos sa pagsulat. Nananalig kami na kung ang ganyang pagbabago'y ituturo ng mga guro sa paaralan ay walang batang may karaniwang talino na hindi matututong bumasa ng tagalog sa loob ng isang linggo, sapagka't kahit na ipalagay na anim na titik lamang ang kaya niyang matutuhan sa isang araw, sa loob ng tatlong araw ay matutuhan na niya ang buong baybayin, palibhasa'y lalabimpito ang mga titik sa tagalog. Ang pagbuo naman ng mga pantig ay hindi nagdudulot ng anumang kataliwasan, kaya nga sa dalawang araw ay matututuhan na niyang baybayin ang lahat ng mga pantig sa wikang tagalog, sapagka't ang mga ito'y lubhang madadali at ang pinakamahirap ay binubuo lamang ng katinig, patinig, at katinig na matigas, gaya halimbawa ng *tad*, *las*, *min*, at iba pa, at lalabas na nalalabi pa ang ikaanim na araw na magagamit niya sa pag-aaral ng pagbuo ng mga salita. Huwag sabihing ito'y magaling sa ganang

15 Ang mungkahing ito ni Rizal ng paggamit ng "w" sa tagalog, na siyang katumbas ng dalawang "u" ng kastila.

16 Ang pamamaraang ito sa pagsulat ay siya nang karaniwang ginagamit ngayon.

17 Sa panahong ito, matapos makaraan ang napakahabang mga araw buhat ng sulatin ni Rizal ang "pag-aaral" na ito tungkol sa Palatitikan Tagalog noong taong 1890, at nang magkaroon na ngayon ng isang Balarila ng Wikang Pambansa sa ilalim ng kapangyarihang kaloob dito ng Batas, ay masasabing "hindi na matuturang lisyá at magusot" ang palatitikan tagalog, pagka't ang umiiral ngayon ay sinusunod at siya nang ginagamit ng lahat ng sumusulat ng wikang tagalog o wikang pambansa.

haka lamang, sapagka't marami na kaming nadalaw<sup>18</sup> na mga paaralan at nababatid namin na ang pagkalito ng mga bata, na nagiging sanhi ng kanilang pagkahangal, ay nagbubuhay sa mga kagusutang kanilang nakikita sa mga bagay-bagay at ito'y kanilang ikinapag-aalinlangan, ipinag-uurong-sulong at ikinawawala ng pagdidilidili.

Ang pagkamakatuwiran ng mga pagbabagong ito ang naging sanhi kung bakit sa loob lamang ng maikling panahon ay ginagamit na ang palatitikang ito, at ginamit hindi lamang ng mga mananagalog, na gaya nina G. Pedro Serrano, G. Marcelo H. del Pilar at iba pa, kundi gayundin ng mga taong hindi nakikialam sa mga suliraning nauukol sa wika, at ng mga dayuhang pantas. gaya ni Blumentritt, na matamang sumusubaybay sa bawa't pangyayari sa Pilipinas, maging sa panitikan at sa pamahalaan, at maging sa malayang larangan ng mga gawaing makaagham. Ang mga pagbabagong ito na isasaayos at pagagandahin ng panahon at ng mga pag-aaral<sup>19</sup> ay nararapat palaganapin nang mahinay, sapagka't hindi mahihintay na ito'y gamitin agad niyaong mga mahirati na sa pagsulat sa dating pamamaraan. Ang pagbabago'y lagi nang pinagbubuhayan ng di-kakaunting kahirapan, at ipinagtatapat namin na kami man ay nakasumpong din sa simula ng maraming sagwil at madalas din kaming nagkakamali. Nang makalipas ang ilang araw ay noon lamang nakapanaig ang kadalia't pagkamakatuwiran ng bagong paraang ito sa dating kinaugalian at nagapi ang tanang kahirapan. Hindi kami nag-aalinlangan, dahil dito, na sa wakas ay lalaganap ang palatitikang ito, at bagaman binabati namin yaong sa simula'y hindi nagsigamit nito kundi pagkatapos na mapag-ukulan ng matamang paglilimi, ay nananalig kaming kapag sila'y naliwanagan ng kabutihan ng bagong palatitikang ito, ay siya na nilaang aariing palatitikang pambansa, makatuwiran, at magaan sa ating matamis na wika.

## JOSE RIZAL

18 Napagkilalang maliwanag na si Rizal ay sadyang masipag at matiyaga sa pagsusuri't pag-aaral ng mga suliraning pambayan at ng lahat ng ikamuulat at ikauunlad ng kanyang mga kababayan. Walang sinasayang na panahon sa pagharap sa mga suliraning ito ng kanyang tinubuang lupa.

19 Sa pamamagitan ng mga paaralang bayan o pangsarili, ng mga paha-yagan at ng mabubuting aklat ay walang tigil na ginagawa ang mga pagbabago't pagsasaayos ng palatitikan at ng panitikan na rin, na pinangarap ni Rizal noong mahigit nang limampung taong nakalipas.

# MGA PAG-AARAL TUNGKOL SA WIKANG TAGALOG

NI

JOSE RIZAL

(Akdang hindi nalimbag na sinulat noong 1893 sa Dapitan, at inialay kay Parì Francisco de P. Sanchez, S. J.)

Ang tagalog ay kalipi ng mga wikang ang mga salita ay binubuô sa pamamagitan ng paglalapi at pagtatambal. Sa loob ng mahabang panahon, ang tagalog ay pinaniwalang isá sa mga sangay ng Wikang Malayo, dahil sa ang malayo ay siyang kauna-unahang wikà sa angkang ito na nakilala ng mga tagá-Europa. Datapuwa't ang mga hulíng pag-aaral ukol sa paghahambing-hambíng ng mga wikang Malayo-Polinesyo, ay nangagpatunay na ang palagay na ito ay walang matibay na pinagbabatayan. Ang pagbabanghay ng pandiwang tagalog bukod sa hindi hangó sa pagbabanghay ng pandiwang malayo, ay nag-aangkin ng lahat ng uri ng pandiwang malayo at lalo na sa mga ibang wikain.

Bagama't sa wikang tagalog, sang-ayon sa pagbigkas at pag-sulat nito sa kasalukuyan (na bahagya lamang ang kaibhan sa matandang Tagalog) ay maraming salitang hiram sa mga wikang sanskrito, kastila at insik, gayunman, ang balangkas ng wika ay nanatili sa kanyang sariling kakanyahan at katangian. Ang mga salitang hiram na ito ay nagiging palamuti ng tagalog, katulad ng mga batong ibinabaón sa mga hiyás, at dahil dito'y maaari silang mawalâ o palitan nang hindi makapipinsala sa kabuuan.

Katulad ng lahat ng ibang wika, ang tagalog ay may sariling baybayin. Ito'y binubuô ng limang patinig at labing-apat na katinig.

Ang mga patinig ay *a, e, i, o, at u.*

Ang *a* ay binibigkas na maliwanag at buò. Ito rin ang masasabi tungkol sa *i* at sa *u*.

Ang *e* at ang *o* ay matatagpúan sa huling pantig lamang o kaya'y sa ikalawang pantig buhat sa hulihán kapag ang huling pantig ay nagmumula sa gayong patinig. Sa ganitong pangyayari, itong *e* at itong *o* ay maaari ring palitán ng *i* at ng *u*. Sa dahilang ang mga patinig na ito, kung nasa-hulihang pantig *o*, kaya'y nasa-ikalawang pantig buhat sa hulihan, ay nag-aangkin ng tunog ng *y* sa wikang ingles katulad ng mga salitang *pity*, salitang *mabuti* o *mabute*, ang huling *i* o *e* ay may tunog na gaya ng tunog ng *y* ay wikang ingles katulad ng mga salitang *pity*, *beauty*, na ang *y* ay may tunog na alangang *e* at *i*. Sa mga salitang *leeg* o *liig*, ang patinig ay may tunog ding namamagitan sa *e* at *i*.

Sa ganito ring paraan, ang *o* sa mga salitang *dulo*, *ubod*, *look*, ay may tunog na namamagitan sa *o* at sa *u*.

Ang mga katinig ay *b*, *d*, *g*, *ḡ*, *h*, *k*, *l*, *m*, *n*, *p*, *r*, *s*, *t*, *w*, *y*.

Ang *b*, *d*, *h*, *k*, *l*, *m*, *n*, *p*, *s*, *t*; at *y* ay nag-aangkin ng tunog na kaisà sa tunog nila sa wikang kastila.

Ang *g* ay lagi nang banayad at kaian mo'y hindi binibigkas nang may pahangin.

Ang *ḡ* (na dati'y isinusulat na *nḡ* ay binibigkas sa sabang ng ilong at lalamunan, at may tunog na kawangis ng *ng* sa salitang *angel*, at katulad na katulad ng *ng* sa wikang alemán at inglés.

Bagama't ang *r* at ang *d* ay maaaring magkapalitan at sa katunaya'y nagkakapalitan nga sa maraming salita upang gumanda ang tunog gaya ng mga salitang *dusa* at *parusa*; bagama't totoo ring walang salitang tagalog na nagsisimula sa *r*, gayunman, ang pagpapalitan ay hindi lagi nang nangyayari. Halimbawa, daan-madaan, may maraming daan'; hindi sinasabing *maraan*. Ang salitang *araw* ay hindi maaaring sabihing *adaw*. Ang salitang *iral* ay hindi rin masasabing *idal*. Ang salitang *dilim* ay hindi masasabing *marilim*. Sa kabilang dako naman, sinasabing *dunong*, *marunog*; *dami*, *marami*.

Ang pagpapalit ng *r* sa *d* ay sapilitan sa ikagaganda ng tunog sa pag-uulit ng mga pantig sa panahong panghinaharap, halimbawa, *dating*, *darating* (*dadating*); *daan*, *daraan*. Liban dito ay hindi mapahihintulutan ang pagpapalitan sa ibang pag-uulit ng pantig, halimbawa, *marunog*, *marurunog* at hindi sinasabing *marurunog* ni *marudunog*.

Samakatuwid ay walang bisa ang palagay ng maraming mambabalarilà at manunulat na ang pagpapalitang ito ay lagi nang dapat mangyari.

Ang *h* ay lagi nang binibigkas nang may pahangin, at lalo pang mariin kaysa *h* ng wikang pransés. May tunog ng gaya ng *h* sa mga wikang ingles, olandés at alemán.

Ang *r* ay lagi nang banayad kahit na ito'y nasa-unahan ng pantig o sumusunod kaya sa *katinig na matigas*. (consonante quiescente). Kauri ito ng *r* sa wikang italyano.

Ang *w* ay may tunog ng pinagdalawang *u* at katulad ng *w* sa mga wikang inglés, olandés, malayo, at haponés.

Ang mga patinig sa hulihan ng ilang salitâ ay may tuldk na malumi o maragsâ sang-ayon sa kung ang huling patinig ay impit nguni't ang lundô ng bigkas ay wala naman sa naturang patinig, o kung bukod pa sa ang huling patinig ay impit ay binubuntuhan pa ng bigat sa pagbigkas; halimbawa, *habà*, *habá*, *balì*, *balí*.

## ANG MGA BAHAGI NG PANANALITA

Ang waló o siyam na bahagi ng pananalitâ na ginagamit ng mga mambabalarilà upang pag-uri-uriin ang lahat ng mga salitang maaaring masumpungan sa alinmang pangungusap, ay máikakapit din sa Tagalog kung ang pag-uuri-uri ay isasalig sa kahulugan ng mga salitâ. Datapuwa't kung ang pag-uuri-uri ay ibabatay sa linguwistiká, ang mga salitâ sa wikang tagalog ay mapag-hahati-hati sa *pangngalan*, *panghalip*, *pangabay*, *ugat*, *katagá*, at *hulapi*.

Ang pantukoy na *ang* o ang katagang palagyô ay katulad na katulad, maging sa gamit at maging sa kahulugan man, ng



salitang *the* sa wikang ingles, at katulad din nito ay hindi bina-bago maging sa isahan o sa maramihan. Walang-wala sa wikang tagalog ng pag-uukol-ukol. Halimbawa: *ang* isdá, *ang* m̄ga isda. Ang m̄ga o māga (dati ay mānga) ay siyang katagang nagpapakilala ng pangmaramihan. Ito'y hindi isang hulapì, at nakakahawig, sa ganang kahulugan lamang at hindi sa uri, ng *s* o *es* sa hulihán ng salita, na ginagamit sa pangmarami sa wikang kastilà o inglés.

Ang *n̄g* (padaglat ng *nāg* upang ito'y matangi sa pangabay pamanahón *nāg* sa tuwina'y isinusulat nang buô) ay ang katagang paari at katumbas ng of the the wikang ingles. Sa lahat ng mga wikang sinasalita sa Europa, ang ingles ay siyang lalong maraming pagkakahawig sa wikang tagalog. Ang *n̄g* ang tumutugon sa kaukulang paari ng pantukoy ng mga mambabalarilà, halimbawà, *n̄g araw*, *n̄g m̄ga araw*.

Ang *sa*, na siyang nagpapakilala sa di-tuwirang layon o kaukulang palayón ng mga matatandâ, ay dili iba kundi ang katagang nagpapakilala ng layong tumatanggap ng pakinabang o kapinsalaan, lunán at pagkakaukol. Hindi tanging pantukoy lamang kung gamitin. Ang *sa* ay may malaking pagkakatulad sa *to* sa wikang inglés, halimbawà, *sa bahay*, (*nasabahay*, *patungo sa bahay*, *para sa bahay*).

Ang katagang palagyô o nagpapakilala sa mga pangngalang panangì ng mga bagay-bagay na may buhay ay ang *si* na ginagamit din kahit na sinusundan ng titulo ng tao, halimbawà, *si Juan*, *si Pedro*, *si Ginoóng Juan*, *si Parì Antonio*.

Ginagamit din naman ang *si* sa unahan ng ilang pangngalang pambalana kung ang mga ito'y ginagamit na parang pangngalang panangì, halimbawà, *si matsīg si pagōg*, *si pūggé*.

Kung ang titulo ay naukol sa mga kataas-taasang katungkulan, hindi ang *si* ang ginagamit kundi ang *ang*; halimbawà, *Āg*, *Papa León*, *āg harīg Alfonso*.

Ang katagang *si* ay hindi ginagamit sa unahan ng mga pangngalang panangì ng mga bayan, lunsod, bundók at iba pa.

Ang paari nitong katagang ito ay *ni*; halimbawà, *ni amá*, *ni Lucia*.

Ang *kay* ay ginagamit sa kaukulang palayón, at siyang pinakadaglát ng katagang *ka* (na unlaping nagpapakilala ng pag-sasama, pagtitipon, pagdaragdag) at ng katagang *sa*; halimbawà, *kay Siso*.

Ang kabuuan ng katagang Pantukoy

Sa mga pangngalang  
pambalaná

$\bar{A}g$  = palagyô

$\bar{N}g$  = paari

(sa) = pang-ukol  
na pangatnig

Sa mga pangngalang  
panangì

Si = palagyô

ni = paari

Kay = layong pang-ukol

Bagama't sa lahat halos ng ibang wika ay walang pangmarami ang mga pangngalang panangì, sa tagalog ay mayroon nito kapag ang pangngalan ay pinangungunahan ng katagang *si*.

Ang pangmaraming ito ay binubuô ng panlaping *na* (*la*) na ikinakabit sa katagang *si*; halimbawà, *siná Pedro* (*si Pedro* at ang kanyang mga kasama); *niná Maria* (*ni Maria* at ng kanyang mga kasama); *kina* (*kainá* = *kená* = *kiná*) *Pari Juan* (*kay Pari Juan* at kanyang mga kasama.)

Ang panlaping *na* ay walang pag-aalinlangan na siya ring panlaping *la* na ginagamit para sa pangmarami (bagama't ang *n* at *l* ay nagkakapalitan gaya ng sa *labasa* = *navaja* at nana-natili sa salitang *siya* (*si-yá*), *silá* (*si-lá*).

### ANG MGA PANGNGALAN (PAMBALANA)

Ang mga pangngalang pambalana sa wikang tagalog ay karaniwang dadalawahing pantig o tatatluhin pantig at ang mga aapatin o maramihang pantig ay mga pangngalang tambalan, halimbawa: bundok, *lagit*; kabundukan, *kalaģitan buhay*, *kabahayan*.

## PANG-ISA AT PANGMARAMI

Ang pangngalan sa wikang tagalog ay walang pag-uukol-ukol at hindi nagbabago ng anyô kahit na sa kailanán, pangmarami man.

Upang maipakilala ang máramihan ay ginagamit ang katagang *m̄ga* na inilalagay sa unahán ng pangngalan, halimbawa: *m̄ga aso, ang m̄ga pusa, ng m̄ga tao, sa m̄ga bata.*

Gayon man, ang mga pangngalan na hinango sa pang-uri at ginagamitan ng unlaping *ma*, na nagpapakilala ng karamihan, ay may anyong pangmarami. Ito'y binubuô sa pamamagitan ng pag-ulit ng unang pantig ng ugat, halimbawa: *magulang* (ma-unlapi, at *gulang*, ugat), magugulang; marunoḡ, marurunoḡ. Ang máramihan ay bunga ng matandang pamamaraan na ang pangngalan ay makalawang inuulit upang maging pangmarami, halimbawa: *magulaḡ-magulaḡ, marunoḡ-marunoḡ.* Ang pamamaraang ito'y nananatili sa wikang malayo.

## KASARIÁN

Ang wikang tagalog ay walang kasarián, palibhasa'y tila hindi niya pinagkaabalahan ang pagkalalaki o pagkababae kaya, ng mga nilalang. Datapuwa't sa mga nilalang na may buhay, kung ang mga ito'y ninanais na pagbukod-bukurin, ayon sa kasarián, ay sinasamahan ng mga salitang lalaki o babae na pinangungunahan ng *na*. Halimbawa: *baboy na lalaki, baboy na babae.* Ito'y nagbabagu-bago alinsunod sa salitang sinusundan. Hindi mapag-aalinlanganan na ang katagang *na* ay siya ring katagang *ga* sa wikang bisaya bagama't nabago ang anyo nito, sapagka't silang dalawa'y magkaisá sa gamit at sa kahulugan. Sa ilang ibang wika, ang *ga* ay may anyong *ga* na binibigkas nang hindi nagdaraan sa ilóng ang tunog nitong katinig, alalaong baga'y binibigkas sa lalamunan lamang.

Bilang katunayan nito, kapag ang katagang *na* ay sumusunod sa isang pangngalang nagtatapos sa patinig o sa isang pangngiping dumaraan sa ilong, halimbawa: *aso na lalaki, balon na ma-*

*lalim*, na ang katagang *na* ay ikinakabit sa sinusundang salita ay nawawala ang patinig at nanunumbalik ang kanyang matandang anyô at binibigkas nang dumaraan sa ilong, halimbawà: *aso na lalaki* ay nagiging *asoḡ lalaki*, at *balón na malalim* ay nagiging *balog malalim*. Būkod sa rito, ang pagbabago buhat sa pagbigkas sa sabang ng lalamuna't ilong (*ḡ*) sa pangngiping dumaraan din sa ilóng (*n*) ay karaniwan na gaya ng napatutunan sa pag-aaral ng karunungan nauukol sa mga wikà.

### MGA PANG-URI

Maliban na sa ilang pang-uri na ang pinagbubuhatan ay hindi ko natatarok, gaya bagà ng *ulul*, *sinuḡaliḡ*, *taksil*, *tampalasan*, *lasig*, at iba pa, at ilan ding pandiwari, gaya ng *uhaw*; *gutóm*; *pilás* (na binubuô ng salitang-ugát na ang diín ay ibinubunto sa huling pantig), ang karamihan sa mga pang-uri sa wikang tagalog ay binubuô ng isang salitang-ugat o ng isang pangngalan na pinangungunahan ng panlaping *ma* na nangangahulugan ng karamihan o kasaganaan. Ang karamihan sa mga pang-uring may ganitong uri ay nakakahawig ng pang-uring nagtatapos sa *oso* sa wikang kastila na may kahawig ding kahulugan, halimbawà: *ma bató* (pedregoso), *madilim* (umbroso, sombrío), *matulin*, *mabilis*, *mayaman*, *masagana*.

### PABAWÁS

Kapag inuulit ang dalawang pantig ng salitang-ugat o ng pangngalan kayâ na sumusunod sa kataga o unlaping *ma*, ang kahulugan ng pang-uri ay nagiging pabawás, halimbawa: *ma alat*, *ma alat alat* (may bahagyang pagkaalat); *masalapi*, *masala-salapi* (may kaunting salapi).

Ang anyong ito ng pang-uri ay ginagamit din kahit na sa mga pang-uri na ang anyô sa kaantasang lantáy ay hindi ginagamitan ng unlaping *ma*, halimbawa: *ulul*, *ma ulul-ulul* (ulul nang kaunti); *sinuḡaliḡ*, *masinu-sinuḡaliḡ* (sinungaling nang bahagya), at iba pa. Datapuwa't ang ilan sa mga pang-uring ito ay hindi tumatanggap ng unlaping *ma*, at inuulit na lamang ang dalawang

unang pantig ng ugat, halimbawà: *mahál, mura* ay nagiging *mahál mahál* (mahál nang kaunti) *murá murá* (mura nang bahagya). Sa lahat ng mga anyong ito ng pang-uring pabawás, ang diin ay dapat ibagsak sa huling pantig ng salitang-ugat o ng pangngalan kayâ, halimbawà, maásim, maasím-asím.

### ANG KAANTASÁNG PAHAMBING

Sa tagalog ay walang tanging anyô ng pahambingan. Para sa bagay na ito'y ginagamit ang katagang *pa* na may diin kung bigkasin at isinusunod sa anyong lantáy, halimbawà: *mayaman, mayaman pa sa hari, maaasim pa sa sukà*. Datapuwa't sa tagalog ay may katumbas ang pahambing sa kastila na ginagamitan ng ito (halimbawà *mejorcito, peorcito*) na sa katunayan ay mga panukdulang pabawás. Ang katumbas nito sa tagalog ay ang anyong lantáy na kinakabitan ng unlaping *pinaka*, halimbawà: *ang pinakamagaling* (lo mejorcito), *ang pinakamayaman* (el mas riquito), *ang pinakahari* (el reyezuelo).

### ANG KAANTASÁNG PASUKDÓL

Sa tagalog ay may kaantasáng pasukdól, at binubuô sa ganitong paraan: iniuna ang katagâ o unlaping *ka*, inuulit ang unang dalawang pantig ng salitang-ugat, at idinurugtong ang hulaping an o ang *han* kayâ kapag ang salitang-ugat ay nagtatapos sa patinig, upang sa ganitong paraan ay maiwasan ang masamang tunóg; halimbawà: *maasim, kaasim-asiman; matamis, katamis-tamisan*. Ang anyong panukdulan sa kastila na ginagamitan ng *lo más, el más, o la más* gaya ng *el más rico, la más hermosa, lo más bello*, kung marami ang pinag-uusapan, ay katumbas na katumbas sa tagalog ng anyong *ag lalag* (*ag lalo na*); halimbawà: *ang lalag marunog* (el más sabio), *ang lalag mabilis* (el más rápido) at iba pa.

### ANG PANDIWA

Ang buong kahirapan sa wikang tagalog ay nasa-pandiwa at sa pagbabanghay nito, at dahil dito'y mababalam tayo, lalung-lalo

na sa pag-aaral ng kanyang mga kaanyuan, pagbubuô, at mga katangian.

Ang pandiwang-pangngalan sa kastila na *ser*, sa kagamitang pagkapang-angkop pang-angkop ay kinakatawan sa tagalog ng katagang pang-angkop na *ay* na kung bigkasin ay walang diin. Sa ibang kahulugan gaya ng nasakalagayan o pagkamayroon ay mayroon naman ng kaukulang kahambing na aming iuulat sa dakong huli.

Ang pandiwang *estar* sa kastila ay katumbas ng *na* sa tagalog at binibigkas nang may diin at kaiba sa katagang pang-angkop na *na*, na kung bigkasin ay walang diin, halimbawà: *nároon, náriyán, nárini*. Palibhasa'y napakatindi ang diin sa pagbigkas ng katagang ito, kaya't nawawala na tuloy ang diin ng lahat ng ibang pantig na sumusunod, at sa wakas ay nagiging iisáng salita na lamang. Sapagka't ang pandiwang *estar* ay isang pandiwang ang pinakatanging katuturan ay sa pangkasalukuyan, isang pandiwang nangangahulugan ng *ngayon din*, kung matatawag nga ng ganito, at sapagka't ang nakaraan at ang hinaharap ay hindi sa kasalukuyan at hindi sa ngayon din, ay walang panahunan ang pandiwang ito sa tagalog kundi ang pangkasalukuyan; kayâ nga, ang ibang panahunan ng pandiwang *estar* sa kastila tinutumbasan sa tagalog ng ibang pandiwa na ialong naaangkop kung ang pagbabatayan ay ang pilosopiya.

## ANG SALITANG-UGAT

Ang pandiwang tagalog ay karaniwan nang binubuô ng salitang-ugat lamang at ng mga panlaping nagpapahayag ng iba't ibang panahon. Ang salitang-ugat ay halos lagi nang dadalawahing pantig na may tatlong katinig at dalawang patinig sa mga pagitan nito at gaya ng sa wikang ebreo, ang katutubong kahulugan ay nananatili kahit na magbagu-bago ang mga patinig. Halimbawà, ang *t — l — s* ay nangangahulugan ng katalasan o katulisan: *talas, tilis, tulus, tilos, tulis*. Ang *t — r — k* ay nangangahulugan ng kataasang patindig, halimbawà: *tarak, tirik, turok, tarik*.

Hindi totoo ang paniwala ng ilan na sa wikang tagalog ay magagawang pandiwa ang alinmang salitâ. Mayroon nga ng ga-

nitong kalayaan, totoo iyon, datapuwa't ang kalayaang ito ay hindi naman lubos na lubos, gaya ng pinaniniwalaan, bagkus nakakahalintulad lamang ng nagagawâ sa wikang inglé, na sa bagay na ito ay siyang wikang lalong may malaking kalayaan kaysa alinmang ibang wikang sinasalita sa Europa. Ang mga katagâ ay hindi magagamit na salitang-ugat upang bumuô ng mga pandiwâ; hindi rin magagamit na salitang-ugat ang mga pang-abay na pamanahon, ni ang ilang pangngalan na ang kahulugan ay hindi nagpapahintulot na gawing pandiwâ; halimbawâ, sa salitang *buán* ay walang pandiwang maaaring buuin, ni sa salitang *lagít*, at iba pa.

## MGA ANYÔ

Nagtataglay ng maraming anyô ang pandiwang tagalog; ang payak at ang mga hangò, gaya ng mga anyong *niphel*, *hit pahel*, sa wikang ebreo; halimbawâ, sa salitang-ugat na *kuha* ay nahahango ang *magpakuha* (mag-utos na kumuha), *makakuha* (mampungán, hindi kinukusa) at iba pa.

## MGA TINIG

Ang pandiwang tagalog ay may dalawang tinig: ang túkuyan at ang kabalikán. Ang túkuyan ay ginagamit tuwing ang layon ng pandiwâ ay hindi tiyak na kilalâ, at ang kabalikán kung tiyak na kilalâ naman. Halimbawâ: *Magpatay ka ng manok* (túkuyan). Sa pangungusap na ito'y hindi tinitiyak kung aling manok na lalaki o babae bagâ ang papatayin. Datapuwa't kung aking sabihing: *Patayin mo ang manok*, ito'y nangangahulugan na ang manok na papatayin ay tiyák na tiyák . . "ang manok na lalaki o babae na nakikilala natin." Samakatuwid, ang simunó ng pandiwâ, maging ito'y nasa-tinig na túkuyan o nasa-tinig na kabalikán, ay nararapat na maging isang bagay o isang nilikha na natitiyák.

## ANG MGA PÁNAHUNAN

Ang mga pánahunan ng pandiwâ ay ang pangkasalukuyan, ang pangnagdaán, ang panghináharáp at ang pautós.

## ANG MGA PANAGANO

Sa tagalog ay walang panaganong pasakali, ito'y naisasagawâ sa pamamagitan ng pagdaragdag sa mga iba-ibang panahunan ng salitang *sana* na nangangahulugan ng kaibigán; halimbawâ: *kunin mo, kunin mo sana*.

## ANG MGA PANAUHAN

Ang anyo ng pánahunan ng pandiwâ ay nananatiling walang pagbabago sa lahat ng panauhan at sa dahilang ito'y kinakailangan na ilantád na lagi na ang panauhan liban na lamang kung ito'y hindi maaaring pag-alinlanganan. Kapág ang pandiwâ ay nasa-tinig túkuyan, ang simunò ay nakaugalian nang ipagpahulí sa pandiwâ, at ang panghalip na panaong *ikaw* ay nagiging *ka*. Hindi ibig sabihin nito na ang panghalip na nabanggit ay hindi maaaring ipagpauna sa pandiwâ, nguni't sa ganitong paggamit, ang simunò ay dapat sundan ng katagang pangatnig na *ay* at ang mga panghalip ay nararapat na nasa-anyong katutubo.

## ANG PAGBABANGHAY NG PANDIWANG PAYAK SA TINIG NA TUKUYAN

Nakikilala ang tinig na túkuyan at napag-iibâ sa tinig na kabalikán sapagka't sa tinig na túkuyan ay nananatili ang salitang-ugat sa dulo ng anyô ng pandiwâ, at wala ring anumang panlapi o unlaping may titik na *i*; halimbawâ: *pumatay* (salitang-ugat *patay* — *um*), magpa-patáy, *maka-matáy*.

(Tinatawag ko ang pansin ng mga palaarál sa wikâ tungkol sa salitang *patáy* na ang ugat ay *pat*. Ito rin ang ugat ng pandiwang *matar* sa kastilà, at ang pagbabago ng titik na *p* (na kung bigkasin ay may kalakasan ang pagpapalabás ng tunog) sa titik na *m* (na kung bigkasin ay may napapahalong kaunting tunog sa ilóng) ay nakaugailan na, gaya ng ating makikita pagkatapos sa salitang *matáy*).

Ang iba't ibang panahunan ng payak na pandiwang túkuyan ng salitang-ugat na *patay* ay nababanghay sa sumusunod na paraan.



Upang mabuô ang panghinaharap, ay inuulit ang unang pantig ng salitang-ugat, halimbawà: *patáy*, panghinaharap — *pápatáy*; *ulán*, panghinaharap — *úlán*; *kuha*, panghinaharap — *kukuha*. Ang pag-ulit na ito'y bunga, marahil, ng pag-ulit ng salitang *pápatay*; maaari na noong una ay *patay-patay*. Naipakilala na namin na ang pag-uulit ng salitá ay nagpapabawas sa lakas ng kahulugan ng salitá. Sa katunayan ay ano ba ang anyong panghinaharap kundi ang anyong lalong marupok ng pandiwà, palihasa ang panghinaharap ay hindi pa nangyayari sa kasalukuyan at hindi naman nangyari noong nakaraan? At kami'y lalong pinagtitibay sa palagay na ito ng diing ibinubuntó sa kauna-unahang pantig ng anyong ito dahil sa ito'y mapagkakakilanlan na dito'y may mga titik o mga panting na nawawalá, at ipinakakatawan sa diin ng pagbigkas. Sa salitang *pápatay*, ang pantig na *pá* ay walang kinalaman sa salitang-ugat: ito ay *pápatáy*.

Upang mabuô ang panahunang *pangnagdaan*, ay inilalagay ang pantig na *um* sa unahan ng kauna-unahang patinig ng salitang-ugat. Sa ganitong paraan, ang *patáy* ay ginagawang *p — um — atáy*; *kuha*, *k — um — uha*; *higi*, *h — um — igi*; *ulán*; *um — ulán*; *alis*, *um — alis*.

(Hindi ko pa natitiyak ang pinagmulan nitong unlapì o gitlaping *um*. Si Esguerra, na tumutukoy naman sa *Tagliches Verbum (Die Kawi Strache)* ni Humboldt, ay gumagamit ng *ung* o kaya'y *uḡ* sa halip ng *um*; at sinasabi niyang *sungmulat*, *s — ung — mulat*. Ang gamit na ito ay hindi tumpak. Isa pa ay saan kinuha ni Esguerra ang magkatambal ng *uḡm* o *ungm* na hindi likas sa wikang tagalog? Marahil, kung pag-aaralan ang ibang wikà na kamag-anak ng tagalog ay matutuklasan ang pinagbuhatan ng pantig na *um*, na nagbibigay sa salitang-ugat ng kahulugang pangnagdaan).

Para sa panahunang pangkasalukuyan ay ginagamit ng wikang tagalog ang pagsasama ng panghinaharap at ng pangnagdaan. Kung ang wikang ebreo ay masasabing isang wikang nababatay sa matuwid na pangangatuwiran bagama't wala siyang panahunang pangkasalukuyan, ay lalong mailalapat iyon sa wikang tagalog. Hindi itinataggi ng wikang tagalog na may panahong

*kasalukuyan*, at ito'y kanyang ipinahahayag sa pamamagitan ng panghinaharap na kagyat, sa isang saglit ay dumaraan. Sa katunayan ano ba ang pangkasalukuyan kundi ang hinaharap na dumaraan at mabilis na nagiging pagnagdaan? Kayâ nga, upang buuin ang panahunang pangkasalukuyan ng salitang-ugat na *patáy*, ay hinahango muna ang anyo ng panahunang panghinaharap at saka sa panahunang ito'y inilalapat ang mga tuntunin sa pagbuô ng panahunang pagnagdaan; halimbawà: *patáy*, panghinaharap, *pápatáy*, at kung ilalakip sa salitang ito ang *um* sa harap ng kauna-unahang patinig ay lalabas na *p-um-ápatáy*; ang *alis*, ay magiging *aalis*, at sa pangkasalukuyan ay *um-aalis*; *higi*, *hum-ihigi*; *ibig*, *iibig*, *um-iibig*.

Ang pautós sa wikang tagalog ay karaniwang sa anyo na rin ng pawatás gaya ng sa inglés. Ang kaibhán lamang ay ang pangyayaring sa wikang tagalog ay lagi nang ipinagpapahuli ang mga panghalip, nguni't ang panghalip na *tu* sa kastila ay sapilitang tinutumbasan ng *ka* sa hailp ng *ikáw*. Sinabi nating ito'y *karaniwan* sapagka't sa pautós sa tinig túkuyan ng anyong payak ay hindi ginagamit ang pawatás kundi ang pagnagdaan, kaya't sinasabing *kumuha ka*, *kumuha tayo*, *kumuha kayo*, at iba pa.

Ang wikang tagalog ay walang panaganong pasakali; sa halip nito'y may isang uri ng panasà o pasumalá na naipahahayag sa pamamagitan ng pagdaragdag ng katagáng *sana* na nagbibigay pa rin ng kahulugang kaibigán; halimbawà: *kukuha sana ako*, *kumuha sana ako*, *kumukuha sana ako*, at iba pa.

## ANG TINIG NA KABALIKÁN ANG HULAPING IN

Ang tinig na kabalikán sa tagalog ay naipakikilala sa pamamagitan ng pagdaragdag ng hulaping *in*. Kapag ang anyô ng alinmang pandiwà ay nagtataglay ng hulaping ito, matitiyak nang nasa-tinig na kabalikán; halimbawà: *patay-in*, *p-in-atay* at iba pa. Sa mga anyong tambalan, sa halip ng *in*, ang ginagamit ay *i*.

Binubuô ang pawatas ng kabalikan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng *in*, halimbawà, *patay*, *patay-in*; *sunog*, *sunug-in*. Kapag ang salitang-ugat ay nagtatapos sa patinig na ang diin ay

hindi malumì o maragsâ, gaya ng *huli, hila*, ay sinisingitan ng isang katinig na binibigkas nang may pahangin upang maiwasan ang masamang tunog ng dalawang nagkakasunod na patinig, kayâ bagâ sinasabing *huli-hin, hila-hin*. Sa kabilang dako, kung ang huling patinig ay may diing malumì o maragsâ, alalaong bagâ, kung ito'y patinig na impit, gaya ng *subà, likha*, ang hulapi ay hindi na nangangailangan ng pahangin, samakatuwid ay nagiging *suba-in, likha-in*.

Ang *in* sa pawatás ay nagiging *an* kapág ang pagganap ng pandiwà ay hindi tahasang tumitiyak sa simunò, halimbawà, ang pandiwang *butas*: *butasin mo ang bundók* (ang simunong *bundók* ay hindi tiyak), *butasan mo ang bundók* (ang simunong *bundok* ay natitiyak). Gayunman ay may ilang pandiwà na sa tinig na pawatas ay walang tinatanggap kundi ang anyong *an* lamang, sa halip ng *in*; halimbawà: *Dalhin mo dine si Pedro; Dalhan mo dine si Pedro nag pagkain*.

Ang pagbabanghay sa panaganong paturól ay sumusunod halos sa mga tuntunin ng tinig na tukuyan.

Ang panahong panghinaharap ay nabubuò sa pag-ulit ng unang pantig ng salitang-ugat, kayâ ang *hulihin* ay nagiging *huhulihin*. Ang pandiwang *dalhin* ay may nakasingit na pahangin sapagka't nagbuhat sa *dalahin*; ang salitang-ugat na *dalá*, ay nagiging *dádalhin* sa panghinaharap; gayon din, ang *buksán*, ay *búbuksán*.

Ang pangnagdaan ay binubuò sa pamamagitan ng paglalagay sa unahan ng unang patinig ng salitang-ugat ng panlaping *in* sa halip ng *um* na siyang ginagamit sa tinig na tukuyan, at nawawala naman ang dulong *in* ng pawatás; alinsunod dito, ang *dalhin* ay nagiging *dinala; patayin, pinatay; ibigin, inibig; antayin, inantáy*.

Ang pangkasalukuyan, gaya ng sa tinig na tukuyan, ay isang haluán ng panahong pangnagdaan at ng panahong panghinaharap; kayâ nga, ang pandiwang *patayin* ay nagiging *papatayin* sa panghinaharap na kung ito'y lalapatan ng tuntunin sa pagbuò ng pangnagdaan, ay magiging *pinapatay* na siyang pangkasalukuyan; gayon din, *hilahin, hihilahin* (sa panghinaharap), ay nagiging

hinihila (sa pangkasalukuyan). Sa katunaya'y ano ang panahong pangkasalukuyan kundi ang panahong darating na nagiging nakalipas, o sa lalong tumpak na sabi'y ang pagiging nakaraan ng hinaharap?

Ginagamit sa pautós ang anyong pinakamaikli ng pandiwa, na dili iba kundi ang pawatás; kayâ nga sinasabing *dalhin mo*, *buksán mo* at iba pa.

## ANG MGA ANYONG TAMBALAN

May ilang unlapì sa wikang tagalog, na kapag inilapì sa unahán ng salitang-ugat, ay nagbabago ang pagganap ng pandiwa, gaya ng *mag*, *magpa*, *makapa*, sa tinig na túkuyan, at *ika*, *ipa*, *ipag*, *pa* sa tinig na kabalikán naman. Halimbawà, kung inuunlapi ang mga panlaping yaon sa salitang-ugat na *patáy* na ang kahulugan ay mamatay sa dahás, ang mga pagbabago ay ganito:

*magpatáy*, gumawâ ng pagpatay  
*magpapatáy*, gumawâ ng pagpatay  
*mágpapatay* (mag-utos na pumatay; iba sa *magpápatáy*)  
*makápatáy* (hindi sinasadyâ)  
*Papatáy*, (pabayaang patayin ang sarili)  
*makapatáy*, (kakayahang pumatay)  
*Ikatáy*, (patayin dahil sa ganoong sanhi)  
*Ipapatáy*, (iba sa ipápatáy), iutos na patayin.  
*Ipagpatay*, (pumatay bilang handog)

sa sabi:

*magsabi*, magbigay-alam  
*magpasabi*, mag-utos na magbigay-alam  
*makásabi*, hindi kinukusa

sa butas:

*magbutas*, gumawâ ng butas  
*magpabutas*, mag-utos na gumawâ ng butas  
*makabutas*, makágawâ ng butas nang hindi sinasadyâ  
*Ikabutas*, dahilan ng paggawa ng butas

*ipagbutas*, gumawa ng butas para sa iba  
*pabutasan*, mag-utos na butasan  
*pabutas*, pabayaang malagyan ng butas  
*makabutas*, makagawa ng butas.

## ANG UNLAPING MAG

Ang unlaping *mag* ay malaki ang pagkahawig sa mga ugat na *mag* o *mog* ng wikang aleman, sa *may* ng ingles, *magnusis* ng latin, sa *meg alos*, sa *max* o *mai* ng griyego, sa *mahimó* ng bisaya at iba pa, at nangangahulugan ng ikápagsasagawâ ng ibig sabihin ng salitang-ugat, alalalong baga'y ginagawang pandiwâ ang salitang-ugat.

Ang pandiwang ginagamitan ng panlaping *mag* ay binabanghay na gaya rin ng pandiwang payak at ang mga sinusunod na mga tuntunin ay gaya rin ng sa pandiwang payak. Ang kaibhan lamang ay sa halip na ilakip ang katagáng *um* sa unahán ng unang pantíng ng salitang-ugat upang buuin ang pangnagdaan, ang binabago lamang ay ang titik na *m* sa panlapi na ginagawang *n*. Ang katangiang ito'y sinusunod din sa ibang anyong tambalan. Walang-wala kaming maibigay na dahilan sa pagbabagong naban-git. Bilang halimbawâ:

*magbaro*, (magsuot ng baro)  
pangnagdaan — nagbarò  
panghinaharap — magbabarò  
pangkasalukuyan — nagbabarò  
pautós — magbarò.

Iniuunlapi ang *mag* sa lahat ng pangngalan na tinatangkang pandiwain o gawing pandiwâ, halimbawâ, sa salitang *bahay*, *magbahay* (gumawâ ng bahay); *lupà*, *maglulupà* (magkaroon ng mga lupà); *usig*, *mag-usig* (magsagawa ng pag-usig); hiras, *maghirap* (magkaroon ng hiras o tiisin), at iba pa.

Ang titik na *g* sa *mag* ay binibigkas kung minsan, nang dumaraan sa ilong, kung sinusundan o ng *k* na nawawala, o ng isang patinig, at kung magkaganito ay nagbabago ang kahulugan ng pandiwâ. Halimbawâ, sa salitang *usap*, ay maaaring buuin

ang *mag-usap* na ang kahulugan ay magsalitaan at ang *mag-usap* na ang kahulugan ay iba na, alalaong baga'y magsalitâ, bumigkas; *aso*, *mag-aso* (magkaroon o mag-alaga ng aso), *magaso* (manghuli nang ginagamitan ng aso). Datapuwa't may mga ibang salitang-ugat naman na hindi tumatanggap ng dalawang anyo nabanggit; halimbawâ, ang *utag* ay hindi maaaring *mag-utag* kundi *magutag*, at ang *kilabot* ay *magilabot*.

## ANG UNLAPING MAGPA

Ang unlaping *magpa* ay nagbibigay ng kahulugan ng pagganap na sunod sa pagganap na ipinahahayag ng pandiwâ.

May katangian ang unlaping ito, na dili iba't ang pag-ulit ng huling pantig ng unlapi sa panahunang panghinaharap sa halip ng pag-ulit ng unang pantig ng salitang-ugat, kayâ sinasabing *magpapabili* at hindi *magbibili*.

## ANG MGA UNLAPING MAKA AT MAKA.

Ang *makâ* ay nagpapakilala na ang pagkaganâp ng pandiwâ ay hindi kinukusa, datapuwa't ang unlaping *maka* na walang tuldik o diin ay nagsasaad ng kusang pagganap; halimbawâ, *makâpatay* ay nangahulugan ng *pagpatay na hindi sinasadyâ* at ang *makapatay* ay nangahulugan ng *sadyang pagpatay*. Lubhang magkaiba ang dalawang unlaping ito sa pagbuô ng panahunang panghinaharap: ang *makâ* ay inuulit ang kanyang huling pantig sa halip ng pantig ng salitang-ugat; ang *maka* naman na walang diin ay inuulit ang unang pantig ng salitang-ugat upang mabuô ang panahunang panghinaharap; halimbawâ, *makabili*, (pagbili nang hindi binabalak), panghinaharap: *makakabili*; makabili (matamo ang layong bumili), panghinaharap: makabibili.

## ANG UNLAPING PA

Ang unlaping *pa* na walang diin kung bigkasin ay nagdaragdag sa kahulugan ng salitang-ugat, ng paggawa ng simuno na sang-ayon sa pagganap, halimbawâ, *patay*, *papatay* (sumang-ayon na patayin); *bili*, *pabili* (tulutang bilhin), at iba pa. Hindi nagbabago ang unlaping ito; sa panahunang pangnagdaan ay dinaragd

dagan ng unlaping *na* sa unahan, at sa panahunang panghinaharap ay inuulit ang ugat.

## ANG MGA UNLAPI NG TINIG NA KABALIKAN

Ang *ika*, *ipa*, *ipag*

Sinusunod ng tatlong unlaping ito sa pagbabanghay ng mga panahunang ang mga karaniwang tuntunin. Sa panahong pangnagdaan, ang panlaping *in* ay isinisingit pagkatapos ng *ik*, *ip*; sa panahong panghinaharap ay inuulit ang unang pantig ng salitang-ugat; at sa pangkasalukuyan ay pinagsasama ang pangnagdaan at ang panghinaharap.

	<i>Pagnagdaan</i>	<i>Panghinaharap</i>	<i>Pangkasalukuyan</i>
ikapatáy	ikinapatay		
ikabili	ikinabili	ikabíbilí	ikinabíbilí
ipapatay	ipinapatay	ipapapatay	ipinapapatay
ipagbukás	ipinagbukás	ipagbúbukás	ipinagbúbukás

## ANG ANYO I

May isang tinig na kabalikán na marami ang kahulugan na sa halip ng mga unlaping *in* o *an*, ay ginagamitan sa unahán ng salitang-ugat ng unlaping *i* gaya ng *ibukás* na galing sa *bukás*, *ihuli* na galing sa *huli*, at iba pa. Ang panahong pangnagdaan ay nabubuô sa pamamagitan ng pagdaragdag ng katagang *in* sa unahán ng unang patinig ng salitang-ugat; ang panghinaharap, sa pamamagitan ng pag-ulit ng unang pantig; at ang pangkasalukuyan, ay kagaya ng kaugaliang pagbabanghay ng mga panahon.

	<i>Pagnagdaan</i>	<i>Panghinaharap</i>	<i>Pangkasalukuyan</i>
ibukás	ihinuli	ibúbukás	ihinúhuli
ihuli	ibinukás	ihúhuli	ibinúbukás

## PALAUGNAYAN

Ang *na*

Ang *na*, gaya ng sinabi na natin, ay nararapat maging *ga*

noong una, at ang anyong ito'y nananatili pa sa ilang pangatnig, at nagpapakilala ng pagkakatnig ng dalawang-salita; halimbawa: *kahuy na mabuti, mabutiḡ kahoy*. Ito'y katumbás ng panghalip na pamanggit na *que* sa wikang kastila, at sa pariralang *kahuy na mabuti* ay *gūmaganap* nga ng tungkulin ng isang panghalip na pamanggit. Ang *na* ay siyang ginagamit sa pag-aangkop sa dalawang pangngalan, sa isang pangngalan at isang pang-uri, at sa isang pangngalan at isang pandiwà, sa tuwing ang kahulugan ng alinman sa dalawang salitang nabanggit ay hindi napapailalim sa isa: Halimbawa: *bahay na lupà, bahay na malaki, bahay na iginibà*. Kapag ang *na* ay sumusunod sa isang salitang nagtatapos sa patinig o sa titik na *n*, ito'y ikinakabit na sa salita at nawawala ang titik na *a* na binibigkas nang walang diin at nanunumbalik sa dating anyong *ḡ*. Halimbawa: *bató na bihay, batóḡ buháy; balon na malalim, baloḡ malalim*.

## ANG NI — ANG

Kung ang kahulugan ng alinman sa dalawang salita ay napapailalim sa kahulugan ng isa sa kanila o kaya'y ang pagkakaugnay ng isa sa dalawang salita sa isa naman, ito'y ipinakikilala sa pamamagitan ng *ni* kapag ang kinauukulan ay isang pangngalang panangl, at kung hindi naman pangngalang panangl ay sa pamamagitan ng *nḡ*; halimbawa: *ang aso ni Pedro, ang aso nḡ Hari*.

Ang pagsasailalim ay naipakikilala rin sa pamamagitan ng *kay* na siyang ginagamit para sa pangngalang panangl, at ng *sa*, na ginagamit para sa pangngalang pambálaná, at ang pangngalan ng nagmamay-arì ay iniuuna at ikinakatnig sa bagay na inaari sa pamamagitan ng katagang pangatnig, halimbawa: *ang kay Pedrong aso, ang sa Haring aso*.

## ANG AY

Kung ninanais na ipahayag sa isang pangungusap ang pagkaangkop o di-pagkaangkop ng dalawang kaisipan, ang ginagamit ay ang *ay* na walang diin, at dahilang ito, ang *ay* ay laging ikinakabit sa salitang sinusundan kailanma't ito'y nagtatapos sa patinig o sa titik na *n*; halimbawa: *aḡ araw ay maliwanag; aḡ aso'y isaḡ hayop; aḡ balo'y malalim* (balon ay = balo'y).



Ang katagang *ay* ay ginagamit din upang pagkatnigin ang dalawang pangungusap o kuro-kuro na nagkakaugnayan kapag nababaligtad ang ayos ng mga salitâ, halimbawâ: *bibili sana ako ng bahay kuḡ ako'y mayaman*. Ang pangungusap ay maaaring mag-simula sa katulong ng sugnay, datapuwa't kung gayon ay nilalagyan ng katagang *ay* sa pagitan ng dalawang sugnay, halimbawâ: *Kuḡ ako'y mayaman, ay bibili sana ako naḡ bahay*.

Sa mga halimbawang inihayag sa unahan ay maaaring alisin ang *ay* at sabihin ang ganito: *Maliwanag aḡ araw; isaḡ hayop aḡ aso; malalim aḡ balon*, sapagka't sa kaisipang tagalog, ito ang lalong tumpak na ayos ng pagpapahayag, ang ipahayag na una ang pangunahing kaisipang tumimo sa kanyang dilidili.

### UKOL SA LAYON NG PANDIWÀ

Ang tuwirang layon ng pagganap ng pandiwâ sa tinig na tukuyan ay pinangungunahan ng katagang kinauugnayan o pang-aring *ng*, katulad ng *du* sa pranses: halimbawâ: *bibili ako nḡ isda (j'acheterai du poisson)*.

Sa tinig na kabalikán, ang simuno ay hindi lagi nang tuwirang layon ng pagganap ng pandiwâ: kapag ang pandiwâ ay may dalawang layon, ang layong lalong mahalaga ay ginagawang kaukulang palagyô at ang isa naman ay nananatiling pinangungunahan ng katagang nagpapakilala ng palayón o paarî, halimbawâ: *Bigyan mo si Pedro nḡ tubig; ipagpatay mo ang maysakit nḡ manok*.

### ANG MGA PANGHALIP NA PANAÓ

		<i>Paarî</i>
Palagyô	<i>akó</i>	
Paukól	<i>ko</i>	<i>Akin</i>
Palayón	<i>sa akin</i>	
Palagyô	<i>ikaw o ka</i>	
		<i>Iyo</i>
Paukól	<i>mo</i>	
Palayón	<i>sa iyo</i>	
Palagyô	<i>siya</i>	

		<i>Paari</i>
Paukól	<i>niya</i>	<i>Kanyá</i>
Palayón	<i>sa kaniya</i>	
Palagyô	<i>kami</i> (hindi isinasama ang kinakausap)	
Paukól	<i>namin</i>	<i>Amin</i>
Palayón	<i>sa amin</i>	
Palagyô	<i>tayo</i> (kasama ang ki- nakausap)	
Paukól	<i>natin</i>	<i>Atin</i>
Palayón	<i>sa atin</i>	
Palagyô	<i>kayó</i>	
Paukól	<i>ninyó</i>	<i>inyo</i>
Palayón	<i>sa inyó</i>	
Palagyô	<i>silá</i>	
Paukól	<i>nilá</i>	<i>Kanila</i>
Palayón	<i>sa kanilá</i>	

## ANG PAGGAMOT SA MGA NAKUKULAM

(Talang ginawa ukol sa pag-aaral ng "Medicina Filipina", na sadyang sinulat para sa karilag-rilagang G. Benito Francia)

Tinatawag na nakukulam sa Pilipinas ang mga dinarapuan ng isang sakit na pambihira o hindi kilalá ng mga mangagamot, at ang pinagbubuhatan ay hindi maaaring ibintang sa hangin, sa init, sa lamig, sa singaw ng lupa ni sa hindi pagkatunaw ng kinain, na siyang mga tanging pinagmumulang kinikilala sa bayan.

Sa ganang mga tagalog, ang kulam ay nagbabago ng sidhi alinsunod sa kung nagbubuhat sa isang *mangkukulam* o sa isang *manggagaway*. Ang kulam, na nagkakabisa sa mga bata kapag ang isang taong di-kilalá ay lumalabis ng pagkalugod sa kanya, at tinatawag na uhiyá, ay hindi nararapat isama sa kabanatang ito: maaaring magawa ng kahit na sino sa isang kaparaanang hindi namamalayan.

Ang kulam na nagbubuhat sa *mangkukulam* ay siyang lalong mahiwaga. Kaya't siya ring lalong katakut-takot, bagaman sa kabutihang palad ay bihira lamang. Ang *mangkukulam* ay karaniwang isang lalaking ipinanganganak na kakambal na ang uring ito, bagaman ipinalalagay ng ilan na isang sakit na nakukuha at nagbibigay sa maysakit ng kapangyarihang kasindak-sindak at napakalaki. Sinasabing sa loob ng panahon ng mahigpit na sumpung, ang mangkukulam ay nagpapatulo ng luhang tunay na apoy, at gayon na lamang ang kapangyarihan ng kanyang tingin, na pumapawi ng panamdang ng mga maliliit na hayop, patí na ng mga ibon sa kanilang paglipad. Inaakalang ang sakit na gawa ng mangkukulam ay hindi napagagaling; at dahil sa takot na ibinubunga at sa pagiging bihira ay hindi gaanong nakikilala ang uri ng kulam na ito. Ang mangkukulam ay parang isang kasindak-sindak na "hipnotizador" o nanggagayuma, katulad ng isang walang-palad na *fakit* na hindi man kinukusa ay nagiging

masama. Huwag ninyo siyang ipagkakamali sa *magol*, na tutukuyin namin sa dakong huli.

Sa kabilang dako, ang kulam ng *manggagaway* ay pangkaraniwan. Ang *manggagaway*, na karaniwan nang isang babaing magagalitin, at di lagi nang matanda ni pangit, ay hindi dapat ipagkamali sa *hiloanon* (1) ng mga bisaya; ang una ay gumagamit ng mga kaparaanang makademonyo, samantalang itong huli ay gumagamit lamang ng lason, na karaniwan nang mga damu-damo, na ang karamiha'y mga gulay, na kanyang inihahalo sa hitso, sigarilyo, tubâ, isda at ibinibigay sa kanyang mga kaaway o kagalit; sa wikang bisaya, ang *hilo* ay nangangahulugan ng lason. Tinalakay ang *hiloanon* sa pagtukoy sa mga lason.

Bawa't bayan sa Luzon ay may isa man lamang na walang palad na *manggagaway* na ito, at may mga bayang ang kanilang mga babai'y nag-aangkin ng kabantugang ito. Bagaman ang ilan sa kanila'y tinatawag ng gayon sanhi sa di-maipaliwanag na pagmamapurí, sa kadadaldal, sa paniniwalang sa gayo'y katatakutan sila, gayunman ang ila'y walang-walang malay tungkol sa bagay na ito. Ang isang kilos na di-karaniwan, isang kaasalang tila malihim at mahiwaga, pagtingin o pagsulyap na ikinaiiba, ang di-madalas na pagdalo sa mga gawain sa simbahan at iba pa, ay sapat na upang paratangan ang walang palad na babae ng pagka *manggagaway*. Siya ang nagpapasan ng kamangmangan at kasamaán ng dila ng madla, siya ang *kambing na lalaki*<sup>2</sup> ng mga pagmura't pagsumpa, ang kaligtasan ng mga nag-aalanganing mga manggagamot. Sa mga maladiyos na katangian ng sangkatauhan ay may mga maladiyos din namang kasiraan: ibig niyang ipaliwanag ang lahat at linisin sa dugo ng iba ang kanyang sariling karumhan. Ang *manggagaway* na pilipina, ayon sa mga taong karaniwan at sa mga manggagamot, ay katulad ng pagdaramdam ng mga diyoses, ang demonyo, ang pakikipagkasundo sa mga diyablo noong Edad Media, ang kasaganaan ng dugo, ang neurosis at iba pa ng iba't ibang gulang: siyang pagkilala sa hindi maipaliwanag na mga karamdaman.

(1) Ang *hiloanon* ay isang manlalason dahil sa sariling galit o sa utos ng ibang tao.

(2) Ang ibig sabih'y para siyang isang hayop na pinapatay, sa paniniwalang ang nasabing hayop ay siyang magpapasan ng kasalanan.

Ang *manggagaway* ay gumagawa sa dalawang kaparaanan: sinusugatan ang isang bahagi ng katawan, o sinsira ang isip o pinipinsala kaya ito.

Upang sugatan ang isang bahagi ng katawan, ang *manggagaway* ay gumagamit ng isang manika na ipinaparis, humigit-kumalang, sa taong ibig niyang papagkasakitin, pagkatapos ay ibinabaon ang isang karayom o alpiler sa katawan ng manika na ibig niyang papagkasakitin sa taong kinagagalitan niya. Gaya ng namamalas, ang pamamaraang ito'y katulad din ng ginagawa ng mga bruha sa Europa nang mga nakaraang dantaon.

Magpapatuloy ang pagkakasakit ng tao habang hindi binubunot ang alpiler o karayom sa katawan ng manika. Walang mga tapal, ni mga damo, ni anumang ipinaiinom na makagagaling sa kanya; ang *manggagaway* lamang ang makapagliligtas sa kanya kung siya'y patatahimikin, kung magbibigay sa kanya ng kasiyahang loob ang maysakit, kung siya'y pipilitin. Sa isang bayan sa Luzon, ang bayan ng B ng lalawigan ng L, ay sinasabing isang babae ang nakipagbabag sa isang *manggagaway* dahil sa isang supot ng bigas at dalawang mangga. Kinabukasan, ang babai'y nagkasakit at siya'y tinubuan sa tiyan ng isang bukol na kamukha ng nasabing supot at ng dalawang mangga. Karakarakang hinuli ang *manggagaway* at pinilit itong gamutin ang maysakit. Ito'y namatay makaraan ang isang ilnggo sa gitna ng malabis na sakit na dinamdam, at ang manggagaway na bahagya nang nakaligtas sa galit ng mga taong-bayan ay pinarusahan ng Gobernadorsilyo na atangan ng limampung palo sa araw-araw. Nguni't nang ikalawang araw ng pagpaparusa sa kanya ay nakita na lamang siyang nakabitin sa rehas ng bilangguan sa pamamagitan ng aporo ng kanyang saya, na siyang ginawang taling ibinilibid sa liig. Upang mamatay ang sawimpalad na *manggagaway* ay nangulungkot muna't pinamaluktot ang kanyang mga paá upang mabitin, sapagka't may kababaan ang rehas. — "Tinulungan siya ng demonyo sa pagpapakamatay" — ang wika ng mga masambahin.

Bagaman sa palagay na ito ng marami na ang mga *manggagaway* lamang ang makapagpapagaling, sa kanyang pinagkakasakit, gayunma'y may mangagamot na nagpapalagay na sila'y

may mga lihim, mga panalangin, pananakot, anting-anting, pamama-  
raan at iba pa, upang alisin ang kulam. Kung ito'y sinasabi  
upang sumunod lamang sa agos at inilalapat ang angkop na lunas  
ay hindi masama ang kanilang ginagawa, nguni't kung ang gayo'y  
ginagawa nila dahil sa kanilang sadyang pananalig, ay walang  
salang nabibilad sila sa maraming pagkabigo.

Ang isa pang uri ng kulam ay siyang madalas na pagka-  
abalahan ng isip ng mga hukuman ngayong mga araw na ito at  
naging dahil ng pagkapoot ng mga mediko. Ang isang babai'y  
nilalagnat, nahihibang, may mga sumpung na parang naninigas  
ang mga litid o kaya'y sadyang nababaliw na; kung bago nang-  
yari ito'y nakipagkagalit muna siya, sumama ang loob, o nagka-  
roon ng isang pakikipagpangagawan sa isa sa mga sinasabing  
*manggagaway*, ang lahat ay makapaghihinalang nakulam nga, at  
ang hinalang ito'y mapagtitibay ng manggagamot: ang sakit ay  
kilalá na. — “Napagkilala na”, ang sasabihin ng isang Kumpare,  
“natakot siya riyán... Kung ako lamang, nang makipagkagalit  
ako sa kanya'y hinamon ko siyang kulamin ako, kaya naman  
hindi niya ako nakulam”. Ayon sa paniniwala ng marami, ang  
bisa ng paghamong harap-harapan ay hindi sumasala laban sa  
kulam matapos mapagkilala ang kulam, at sa dahilang walang  
makitang sugat sa katawan (bagay na nagpapakilalang walang  
dapat ipaghinalang ginamitan ng alpiler) ay ipinalalagay na ang  
diwa ng *manggagaway* ay napapasok sa katawan ng taong pina-  
hihirapan. Ang inihahatol sa bagay na ito'y palabasin, sa lahat  
ng kaparaanang magagawa, ang nasabing diwa sa katawan ng  
maysakit. Walang kabuluhan ang mabubuting salita; ang mga pa-  
nalangin upang mapalayas ang masamang espiritu, na karaniwan  
nang gamitin nang Edad Media ay nasusulat sa latin at hindi  
nauunawa ng mga *manggagaway* at mga manggagamot, kaya't  
sila'y gumagamit ng kaparaanang nang unang panahon, na naaabot  
ng isip ng lahat: sa pamamagitan ng yantok, at kung maaari'y  
ng buntot-page. Ang manggagaway ay siyang nagsasalita, siyang  
nakakaramdam, siyang nakakakita sa loob ng katawan ng maysa-  
kit. Ang mga palo ng yantok na sa malas ay tinatanggap nito,  
sa katotohana'y nararamdaman at tinitiiis ng *manggagaway*: ito  
ang sumisigaw, siyang dumaraing, at kung hindi na makatiis ay  
umaalis o nagtatanan, sa wakas, at iniwan ang maysakit na ma-

galing na at nananahimik; ang lalong nakapagtataka'y walang bakas ng mga palo ng yantok, samantalang kung sisiyasatin ang katawan ng *manggagaway* ay kakikitaan ito ng mga gasgas at mga pasâ.

Ito ang sinasabing siyang nangyayari.

Sa pagitan ng manggamot, na boong kasiglahan at paniniwalang naghahatol ng pamamalo ng yantok at ng may titulong nag-susumbong na parang tunay na kasalbahihan pati ng pagbabala sa pamamalo, ay naroon ang medikong pilosopo na nararapat magdili-dili. Magpakabali-baligho man ang isang gawa, kung tinanggap naman o sinasang-ayunan ng madla nang di sa pamamagitan ng pilit, ay nararapat kilalaning may pinagbabatayan. Sa katotohana'y kung pakaiisiping mabuti ay mamamalas na ang ilang nakakulam ay pawang naudyukan o naibuyó (*sugestionadas*) lamang kung di man *auto-sugestionadas*. Hindi mapag-aalinlanganang karamihan sa mga manggagamot ay nagpapalagay na ang gaway o kulam ay parang isang sakit na kilalâ na, nguni't kung ang mga may diploma'y nagkakamali sa kanilang pagkilala ng sakit, ay bakit sila magiging napakahigpit sa walang muwang na manggagamot? Sinasabi naming maaring magkaroon ng isang pangyayaring gawa ng udyok, buyó o *sugestión* o *auto-sugestion*, sapagka't nagiging isang makapangyarihang kalaban ng kulam ang harap-harapang paghamon, o kaya'y ang paghihimagsik laban sa lakas na iyon. Ngayon, kung isasaalang-alang ang sakit sa ilalim ng ganitong uri, hindi mapag-aalinlanganang ang simulaing pinagbabatayan ng panggagamot na ito ay hindi lamang makatuwiran, hindi lamang naaalinsunod sa mga makabagong pamamaraan hinggil sa udyok, *buyó* o *sugestión*, kundi siya lamang tanging makapagbibigay ng kailangang bunga.

Halimbawa'y mayroon tayong isang maysakit na buhos na buhos ang paniniwala sa isang mangkukulam na kanyang nakagalit: ang paniwalang ito'y nasa kanyang dili-dili, arawgabi'y hindi siya tinutugtugan ng kaisipang ito, hindi magpatulog sa kanya at di ikakain; sa gayo'y nadidili-dili niyang ang kanyang sakit ay gawa ng *manggagaway* na nakapangyayari sa boong katawan niya, sa kanyang mga pandamdâ, at dahil dito'y nagkaroon ng pagkahibang: isang di-pagkakatatimbang ng pang-unawa at

ng budhi, isang paglalaban sa loob ng isang utak. Iwaksi ang bagay na itong mapanira, iwaksi ang udyok, buyó o *sugestió*ng ito sa pamamagitan ng ibang udyok o *sugestió*ng ay di mapag-aalinlanganang siyang pantas na layon ng matunog na manggagamot, na siyang unang lumikha ng kaparaanang ito. Hindi malayang likha rin niya ang panlaban sa kulam na siyang naghahanda sa *sugestió*ng. Ang sama'y nasa pagmamalabis sa paggagamot, anupa't sinira't binago ang paraan ng mga nagsigamit; maging ang mga manggagamot at mga kumare, dahil sa piring na kamangmangan nila'y walang namalas kundi ang kulam sa bawa't pangyayari, at nagsipaniwalang ang maysakit ay sadyang pinalitan ng *manggagaway*, kaya't pinalo nang boong lakas na magagawa ng kanilang bisig buhat sa payo ng kanilang isip. Kailan ma'y ipinalalagay ng mga karaniwang tao at ng mga nagmana sa kanila na isang katotohanan ang mga sagisag o palatandaan lamang, naiwan sa kanila ang titik at nalilimutan ang diwa. Kung kami'y mahaharap sa isang pangyayari ng *auto-sugestió*ng, ay hindi kami mag-aalinlangan sa paggamit ng simulaing katulad ng paggamot nang unang panahon, datapwa't walang salang gagamit kami ng ibang kaparaanang gaya ng inilahad na namin sa paggamot sa *mali-mali* o *sakit-latar* ng mga Malayo.

(Mga tala hinggil sa paggagamot ng mga médiko sa Pilipinas).

JOSE RIZAL

Dapitan, 15 ng Nobyembre ng 1895.



## BAHAGI NG ISANG PAGSASANAY NA PANGKASAYSAYAN

Mambabasa, matibay ang aking paniniwala sa iyong pinag-aralan, nguni't itulot mong bago ko isaysay ang mga tunay na pangyayari sa kasaysayang ito, na parang isang nobela ay ilarawan ko sa iyo ang tanghalang gagalawan ng aking mga tauhan. — Ang maykatha ng isang opera at gayon din ng isang sarsuwela ay gumagamit ng isang paniwala o pambungad na kinasisinagan ng layunin ng akda, na anupa't kung ang isang maselang na pandinig ay hindi makatagpo ng anumang karapat-dapat pansinin, ay maaaring lumisan sa kanyang upuan at humanap ng malamig na simoy ng gabí at ng kaakit-akit na himig ng katahimikan at ng pag-iisa.

Ako man ay ayokong mawalan ka ng isang sandali sa pag-sulat ko ng mga pahinang ito — kung sa pagbasa mo ng sanaysay na ito ay wala kang masumpungang sukat ikaaaliw ni katutuhan, ay ipinid mo ang aklat: marahil ay nasayang ang iyong kuwalta at ako naman ay nawalan ng isang kaibigan at isang pag-asa.

Kung hindi ka ipinanganak sa bayang tanghalan ng aking dula ay isaysay sa iyo ng mga taludtod na ito ang mga hindi sinabi ng mga aklat ni ng mga manunulat na taga-ibang-lupa hinggil sa aming mga kaugalian at mga damdamin; kung sa kabutihan o kasamaang palad naman, ang mga una mong alaala, ang mga una mong pag-ibig, ang mga unang salitang binigkas, ay nasaksihan ng magandang langit ng aking bayan at napabanguhan ng simoy ng kanyang mga bughaw na lawa at ng sinag ng kanyang mga basal na kagubatan, sa gayo'y tingnan mo at masdan kung paano nagdaraan ang buhay sa gitna ng tila mapang-law naming pagkakatiwalag; Makailang malasin namin ang isang bagay at hindi namin mapagsiya ang kanyang kabuuan! Kinakailangang tawagin ang aming pansin ng iba at gisingin ang

malasakit upang mapagkilala namin ang kanyang halaga, mga mararangal na kaalamang nakapagpapalimot sa kanyang kabuhasan at sa kanyang sariling katauhan.

Nalalabí pa ang mga prusisyon, ang mga *misa de gracia*, ang mga pagsisiyam at mga sabungan, na kaaliwan ng kaluluwa at katawan, mga libangang sumisipsip ng gawain at ng salapi ng mga mag-aanak; ang mga hapunan, mga pigíng at mga tug-tugan ay patuloy pa ring ginagawa nang buong kasaganaan at karingalan. Nalalabí pa sa kanya ang mga pahayagan, dalawa o tatlong rebista ng magagaling at dakilang mga pulpito, mga karumata at kalesang nangalalansag, mga kabayong payát na nangabubuwal sa malaking pagod at ang salitang tindahan, mga satsatan hinggil sa kawalang kaya ng indiyo at sa katalinuhan ng mga sumasatsat.

Natitirá pa rin sa kanya ang dulaan sa Arroceros, Prinsipe Alfonso o Espanyol, na dinadaluhan ng mga litaw at tanyag na mamamayan at saganáng kina Steffani at iba pang *empresario* o nagpapalabas ay parang isang matandang baka, na maaaring magbigay ng lahát, nguni't walang gatas. Nalalabi pa ang sirko sa Bilibid at ang dulaan sa Tundo na siyang takbuhan ng tinutugis na komedyang tagalog, komedyang ginaya sa panitikang kastila ng dantaóng XVI na marahil ay hatid dito ng mga unang guro ng Pilipinas. Ito at marami pang ibang bagay ang nalalabí sa panahong yaóng nakaraan. — Ano ang nababagong inibahandog? Sapul ng hulíng apat na taón, ang Pilipinas ay pumapasok sa isang bagong buhay...

Ang Maynila, ang dating Mutya ng Silangan ng Taóng 1876, na siyang panahóng ipinagsisimula ng ating pagsasalaysay hinggil sa nakaraang kagandahang asal at kasaysayan, ay isa na lamang anino ngayon; parang isang babaing naaalaala sa kanyang kabataan, hindi dahil sa kanyang panghalina ni sa kalinisan, kundi sa mga kapintasang tinamo niya noong mga unang taón niya.

Hindi na siya ang Mutya ng Silangan: pinapagkulimlim na ang kanyang kahalagahan ng Singapur, Hongkong, Yokohama, na ngayon ay sumisikat at lalong mapalad: mabagal na mabagal na lumalakad ang Maynila kung di man umuurong, samantalang ang ibang mga bayan ay boong bilís na umuunlad sa kanilang

industriya at kalakal. Gayunma'y nalalabi sa kaniya, bilang aliw ng kanyang yumaong kayamanan: ang di mabilang na kombento ng mga relihiyoso at relihiyosa sa loob at labas ng Siyudad: ang magagandang simbahang may masasaya't matutunog na kampana, na kinatitirhan nang buong ligaya ng mga babae sa pamamagitan ng isang buhay na nasisiyahan, doon sa pinaghahandugan ng pag-samba sa relihiyong katolika na puspos ng kaningningan at kada-kilaan; ang Universidad ng Santo Tomas na pinagtuturuan pa ng mga kaparaanan upang tarukin sa pamamagitan ng mga *nistingos* at katalasan ng isip..(\*)

---

(\*) Ang lathalaing ito'y sadyang hindi tapós at hanggang dito lamang sa orihinal na Kastilang isinalin namin.

# KARAGDAGAN NG AKING MAPA NG PULO NG MINDANAW

ni

G. FERNANDO BLUMENTRITT  
(Isinalin buhat sa kastila ni J. Rizal at  
inialay sa May-akda)

Bagaman napakalaki ng Pulo ng Mindanaw, para sa ating mga alemán ay nanatili hanggang sa mga huling araw na ito na parang isang lupang hindi kilalá (*terra incognita*). Hanggang sa magtatapos na ang ikaanimnapu ay nanatili pa rin sa ating mapa ang Pulong iyon, ang pangalawa, sa laki, ng Kapuluang Pilipinas, na may mga di-karaniwang paligid na nakikita na natin sa mga mapa (Land Charter) nang nakaraang dantaon. Ang gayong pangyayari'y hindi mapatatawad, sapagka't ang mga kastila, ang mga maninirang-puring may-ari ng bayan ay naglathala na noon pang may ikatlong bahagi ng dantaon (isang saling-tao, ayon sa orihinal) ng isang mapa ng Mindanaw, na napakabuti kung isasaalang-alang ang pagkakaguhit ng mga baybayin; ito'y dili iba kundi ang sa kilalá at bantog na heógrapo (kartógrapo) na si Coello, na maging hangga ngayo'y naglilingkod pang mabuti sa pag-aaral ng bayang iyon. Kaya't ang mga kastila'y may tumpak nang dibuho ng mahirap na suysuying pulong iyon, noon pang ipinagmamagaling ang mayamang pulo ng San Juan sa Silanganan ng Mindanaw, sa maraming mapang alemán at pati na sa mga tagaibang-lupa. Noon lamang buhat sa ikaanimnapu hanggang ikapitumpu sinimulan ng mga "atlas" na alemán ang pag-aalis ng dating (panakot) na kaukulan, samantalang sa Espanya'y tinatakpan ang mga kasiraan ng akda ni Coello at binabago ang mga nakatanang kamalian, ang maiinam na mapa ng "Dirección hidrográfica", lalung-lalo na ang mga dahong inilathala ni G. Claudio Montero at Gay. Lalung-lalo na itong mga huli ay nangagtataglay ng mga bago't maraming guhit ng

takbo ng Malaking Ilog (Río Grande) ng Mindanaw; ang pagkasakop ng mga kastila ng "delta" o munting pulo sa bungad ng ilog na ito ay nagbunga ng mga ulat na pangheograpiya, na sa wakas ay nagbigay sa amin ng isang tumpak na dibuho ng agos o tinutungo ng nasabing ilog sa kanyang dakong kalahatian at kababaan. Gayunma'y patuloy pa ring hindi natutuklas o nararating ang lalong malaking bahagi ng Mindanaw, lalong-lalo na ang lupaing inaagusan ng malaking ilog ng Agusan (o karaniwang tawagin noong araw na ilog ng Butuan), lupaing halos babahagyang naguguhit sa mga "Cartas" ng nasabing pulo. Tunay ngang ang nasabing lupai'y nadalaw ng mga tanyag at paham na manlalakbay — naaalaala ko si Pr. C. Semper — nguni't hindi dahil dito'y napayayaman ang mga mapa ng dakong silanganan ng Mindanaw, sapagka't ang mga naturang pantas ay may ibang bagay na pinag-aaralan doon. Ang isang Mapa ng Mindanaw na inilathala ng "Sociedad Geográfica" sa Madrid sa kanyang mga buletin nang taong 1876 na may kaibhan lamang sa "carta" na inilathala ng Patnugutang "hidrográfico" sa guhit na nauukol sa hangahang politiko. Gayunman, ang taóng iyo'y naging lubhang mahalaga para sa "Cartografía" ng pulong ito. Sa ngalan ng Pamahalaang kastila ay tinanggap ng mga heswita ang paggamot sa mga kaluluwā sa napabayaang pulong iyon, at ang tutoo'y nagsapul ito nang taong 1852; gayunma'y nang 1859 lamang nagsirating sa Maynila ang mga unang misyonero, at ang una nilang ginawa'y ang pamamahala ng isang Paaralang Normal, alalaong baga'y salamat sa mga huling pagsisikap ay nakapagtatag ng isang Misyon sa Tamontaca, Mindanaw, nang taong 1862. Maging sa kakulangan ng pagsusumakit gayundin naman sa kakulangan ng salapi, ang naging bunga'y noon lamang taóng 1876 napalaganap ang pagsisikap ng misyon sa ibang bahagi ng Mindanaw. Bilang bunga ng mga gawaing itong ukol sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ay hindi lamang ang pagdaragdag ng mga ilaw, kundi ang pagkakaroon ng isang mapa na inilathala ni P. Juan Heras noong 1890. Ang mapang ito'y nababatay, sa isang dako, sa mga mapa ni Montero at Coello, at sa kabilang dako'y sa tuntunin sa paglalakbay ng mga misyonero, na iginuhit sa tulong ng "brújula". Sukat sa isang masid lamang sa mga naturang "carta" ay mapagkikilala na natin gaano naragdagan at lumaki ang ating kaalaman sa pamamagitan ng naturang "carta", na yari sa lito-

grapiya, ni Pari Heras: dito una-unang itinakda ang boong lupa-  
ing nilalaganapan ng ilog Agusan, dito una-unang matatagpuan  
nating naguguhit yaong Dagat-dagatan ng Linao o Dagum na  
nakatulong nang malaki sa pakikipagbaka ng mga karistiyano o  
lalung-lalo na ng mga mahometano nang taong 1840 hanggang  
1850. Gayonding halaga ang mga bagong salaysay hinggil sa Laot  
ng Dabaw. Hanggang taong 1880, ang ilog "Hijo" ay siyang  
lumalabas na tanging ilog na kagalang-galang, na sa Hilaga ng  
malalim na Laot na iyon ay nasasama ang kanyang tubig sa mga  
alon sa dagat; salamat kay Pari Heras at napagmamalas sa Timog  
ng naturang ilog ang bunganga ng ilog Tagum, na magbuhat sa  
pagkakakatnig ng dalawang ilog ng Libaganum at Salug, ay nag-  
kakaroon ng higit na kahalagahan sa ilog "Hijo", bagaman ito'y  
nagdudulot ng lalong maginhawang daanang tungo sa lupain ng  
Agusan, samantalang ang Salug ay may malalaking balakid upang  
daanan ng tuwirang pamamangka, sanhi sa karamihan ng kan-  
yang mga talón. Sa gayon ding kaparaanan natatagpuan sa  
"carta" ni P. Heras ang mga ilog ng Tugánay at Lasán, na lu-  
malabas sa dagat sa di kalayuan sa Tágum. Ang dalawang ilog  
na ito'y kapuwa napamamangkaan. Sa guhit ng mga baybayin  
ng dakong iyon ng Mindanaw ay natatausan nating maliwanag  
na inihihwalay ni P. Heras ang tangway na yaong humahati sa  
look ng Mayo sa look ng Pujaga (Pujada) at sa pamamagitan  
ng Tangos ng Taucanan ay nakaungos nang malayo sa dagat ng  
Timog. Sa kay Montero, atbp, ang tangway na ito'y nakakabit  
sa Panatag na Lupa (Tierra Firme) sa pamamagitan ng isang  
batayan, samantalang sa mapa ni P. Heras, ang malapad na ba-  
tayang ito ay lumilitaw na pinalitan ng isang makitid na pulo.  
Sa katotohanan, ipinagbibigay-alam ng mga misyonero sa Mataas  
na Puno ng Misyon na ang pagkakatuklas sa munting pulong ito  
ay nagbunga ng lalong madaling pagpapahatiran sa pagitan ng  
dalawang look ng Mayo at Pujaga, palibhasa'y noong una, upang  
makagawa ng katumbas nitong paglalakbay ay napipilitang lumi-  
gid sa nasabing dulo ng Taucanan, bagay na ipinaghihirap at  
ipinagsasayáng ng panahon sanhi sa lagi nang kawalan halos  
ng katahimikan ng dagat ng Timog at sa kawing-kawing na ma-  
lalaking bato sa ilalim ng tubig sa dakong malapit sa bunduk-  
bundukang iyon. Sa ngayon, ang pagkakatuklas sa maliit na  
pulong ito ay nakatutulong at nakapagpapadali sa pagpapahati-

ran, lalo na kung iisiping nasa gitna niyon ang isang kababawan at makitid na umbok ng lupa, na nagiging parang halang sa pagitan ng dalawang maliliit na ilog na napamamangkaan ng mga bangka hanggang sa malapit na pinagmumulan, bagaman ang isa sa mga ilog na iyo'y tumatakbo sa look ng Mayo at ang isa naman ay sa look ng Pujaga, na bumabagtas sa isang makapal na latian. At sa pagpapatuloy natin sa pagtukoy sa dakong Silanganan ng Mindanaw ay banggitin natin ang pagtatakda ng Laguna de Mainit (Tabonga, Sponga, Spongong) at ang sa ilog ng Tubay na nagbubuhay doon, mga bagay na unang-unang inilahad ni P. Heras sa pook na kinauukulan, samantalang ang mga unang planong kastila, bagaman tiyakang nagtatakda ng kinaduroonan ng (siyudad) kabayanan ng Mainit, ay inililipat, sa kabilang dako, ang Laguna sa dako pa roong malayung-malayo na sa Katimugan. Sa dakong kalahatian at kanluran ng Mindanaw ay nakatatawag ng aming pansin ang pagkakabago ng guhit ng Laguna de Lanaw o Danaw, ang dagat-dagatan o lagunang iyong pinagkunan ng pangalan ng boong pulo; Magindanaw. Lupa ng mga Laguna. Ang guhit na ito'y lalong nalalapit doon sa kay Forrest (*Voyage to New Guinea... including an account of Magindanao, etc.*, Dublin, 1779). Gayunman, dito'y wala akong sinabing patakbo lamang kundi ang mahahalagang ulat na nababago, na itinutulong ng mapa ni P. Heras sa Agham tungkol sa pagkakasunud-sunod ng mga ilog at ang pagkakahayanay ng mga baybayin sa malaking pulong iyon. Samantalang sa mga sinundang mapa ay walang isinasaad dito at doon kundi ang pook ng isang lugar sa Mindanaw, ay natatagpuan namin sa mapa ni P. Heras ang walang katapusang hanay ng mga siyudad, mga bayan at mga bukid. Sa wakas, sa mapang ito ni P. Heras, ay nalalahad sa ating paningin, ang isang tunay na dibuho ng pulong iyon sa kabuuan at sa kanyang laki; walang natitira, at marami pang natitirang dapat ayusin o baguhin, marami pang talang nararapat iragdag, tutoo nga; nguni't ang mapang ito ng Mindanaw ay kawangis din ng iginuhit tungkol sa Konggo pagkatapos ng mapangahas na paglalakbay ni Stanley sa kapakanan ng mapa ng Aprika, lahat ng pangunahing guhit ay nayari na at ang sa dakong huli'y gagawin na lamang ay ang pagpapalaki o ang pagdaragdag ng mga detalye. Sa harap ng kahalagahan ng mapang ito ni P. Heras ay masusukat na ang damdaming nararapat kong angkinin sa hindi ko

pagkakamalas nang panahong iyong sinusulat ko ang aking "Ensayo de una Etnografia de Filipinas," nguni't ang akdang ito'y hindi naipagbili kundi pagkaraan ng mahabang panahon matapos na mailathala ko ang dagdag na kuwaderno blg. 67 sa *Geographischen Mitteilungen de Petermann*, na tinanggap ko sa Superior ng Misyon ng mga heswita, si Reberendo P. Juan Ricart, hindi lamang ang mga naturang sulat at ang pangalawang palimbag na inayos, kundi gayundin ang daan-daang sulat na iyon na, sa ilalim ng pamagat na "Cartas de los PP. de la Compañia de Jesus de la Misión de Filipinas" ay ipinadala sa paring Superior ng ilang misyonero, at naglalaman ng mga patalastas na lubhang mahalaga tungkol sa bayan at mga mamamayan sa pulo ng Mindanaw.

Ang mapa ng dakong silanganan ng Mindanaw na inilathala ni Dr. S. Montano sa buletin ng *Société de Géographie* (4e Trimestre 1882) ay ginamit ko na sa aking sulat na ukol sa etnograpiya ng boong Kapuluang Pilipinas. Sa kasalukuyang sulat hinggil sa Mindanaw, ay napilitan akong ilagay sa dako pa roon ng timog ng Patrocinio, kaysa nakalagay sa mapa ni Montano, upang bigyang matuwid na lalo ang mga patalastas ng mga heswitang misyonero. Ang manlalakbay na si Montano, angkin ang kanyang matibay na katumpakan, ay walang ginawa kundi ang jguhit lamang ang mga dakong iyon ng bayang kanyang dinalaw, at ang iba pa'y itinala lamang o niliwanag, kaya't ang dakong iyon ng Mindanao ay lumalabas, para sa isang walang kama-layán, na parang isang lupaing halos hindi pa natutuklas, samantalang sa katotohana'y walang bahaging lalong kilala sa malaking pulong iyon na gaya ng lupain ng ilog Agusan, na sa kanyang mga baybayin at sa mga karatig ay nangagtamo ang mga heswita ng lalong malalaking tagumpay at kinadoroonan ng mga mahalagang tahanan ng mga Bayang Kristiyano at ng mga dibinyagang nagbagong loob. Sa aking mapa ay makikita ang takbo ng ilog Agusan buhat sa Moncayo hanggang sa bunganga ng Butuan, na iginuhit sang-ayon kay Montano; sa kalahatian lamang ng kanyang takbo na malapit sa Bunauan, sa kanluran ng Dagat-dagatan ng Linao, sinunod ko ang guhit ni P. Heras, sapagka't wala ang Dagat-dagatan ng Cadacum sa guhit ng manlalakbay na pranses. Ang Dagat-dagatan ng Linao, ay maliit ang sukat sa mapa ni Montano kaysa kay Heras, sanhi marahil sa dahilan lamang na sinasaklaw ng heswita ang mga lupaing putikan at



binabahaan. Maging ang mga maliliit na lawa sa agos sa itaas ng Agusan ay sumasama sa ilog sa malayo o malapit na agwat sa kanilang mga baybayin, gayon din naman ang mga ilog na karatig ay iginuhit ng ayon sa ginawa ni Heras, samantalang ang ilog Tubay ay ginawa alinsunod sa iginuhit ng pranses. Ang pagkakaguhit ng ilog Salug at Tagum ay ginawa sang-ayon kay Montano; ang mga ilog ng Libaganum, Tuganay at Lasan ay ginawa ang isang bahagi, ng alinsunod kina Montano at Heras, at ang ibang bahagi'y sang-ayon sa mga talâ ng sulat ni P. Mateo Gisbert na may petsa sa Dabaw noong Nobyembre 17, 1881. Karapat-dapat pansinin ang kawalan sa sulat ni Montano ng ilog ng Dabaw, na kinatatayuan sa kanyang mga baybayin ng siyudad na may ganito ring pangalan; gayunman, kung ito'y masasabing isang mahalagang ilog ay hindi namin nakikitang lubos sa mapa ni Montano, gaya ng nasabi na, at sa kay Heras naman ay nakita lamang namin sa ikalawang palimbag. Iginuhit ko ang kanyang dibuho, sang-ayon sa nasabing tuntuning inilathala sa *Comercio de Manila* (Mayo at Hunyo, 1882) sa ilalim ng pamagat na "Buhat sa Dabaw hanggang Misamis" at taglay ang lahat niyang kamalian (sang-ayon sa paninging ganap na makaagham) ay nagdudulot sa atin, gayunman, ng malapit na pagkakilala sa makabuluhang ilog na iyon. Ang ilog ng Tagaloan ay iginuhit nang alinsunod sa lathalaing "Ang Mindanaw at ang kanyang mga Pahatirang Panloob", na lumabas sa *Oceania Española*, blg. 133 (Hunyo 13, 1882) Ang mga tala ng ilang pahayagan sa Maynila, na nagsasabing . . .

### *Mga bundukin at iba pa*

Ang mga bundukin sa Mindanaw ay natatala lamang sa aking mapa, sapagka't ako'y may sapat at angkop na mga kagamitan tungkol sa bagay na ito. Ang pinakamalaking bahagi ng Mindanaw ay mga bundukin; ang tanging malalawak na kapatagan ay matatagpuan sa kababaan at kalahatian ng mga ilog ng Agusan at Polangui (malaking ilog ng Mindanaw) gayon din naman sa mga baybayin ng lawa ng Dabaw. Ang mga kawing-kawing lamang na bundok na buhat sa Look ng Ilyana ay umaabot hanggang sa bulkang Apo, ang may sariling pangalang laganap na laganap: Mga Bundok ng Rangaya o sunud-sunod na Bundok (Cordillera) Sugut, na ang pinakamataas na taluktok ay siyang

bumubuo ng bulkan Makaturing, na ang pagkakaparis sa bulkan sa Kotabato (Sugut) ay kinikilala ng lahat. Ang bulkang yao'y laging buháy, bagaman nagdudulot ng malaking pagkabakla ang kanyang pagputok pagkaraan ng mahahabang pagitan. Ang pinakamalakas na pagputok ay nangyari noong unang araw ng Nobyembre ng 1856, at gayon na lamang ang karimlan sa Polyok, na ang mga tao'y napilitang magsipag-ilaw sa boong maghapon: umulan ng abó, na dumating hanggang sa Sambuwangga. Sa ulang ito ng abo ay sumunod ang pag-ulan ng butil-butit, mainit at nagbabagang bato na nakikita ng lahat (*von Pollok her seine Hange herabstutzen*). Ang di-karaniwang pangyayaring ito'y tumagal hanggang Marso ng sumunod na taon. Isang munting pagputok ang nakasabay ng lindol ng 65; nang panahon ng kakiláki-labot na lindol noong 1871, na ipanagkadurug-durog ng Kotabato, ang ituktok ng bulkan ng namalas na nababalot ng makapal na usok ng mga ulap. Nang taon ding yaon ay nangyari rin, gaya ng talos na ng madla, ang pagputok ng bulkang Katarman sa Pulo ng Kamiging (sa Hilaga ng Mindanaw). Sa ilalim ng pamagat na "Composición geognóstica de algunas localidades del Sur", ay natuklas namin sa bantog na akda ni Vidal y Soler, *Memoria sobre el Ramo de Montes en las Islas Filipinas* (Madrid, Areban y Comp, 1874) ang mga sumusunod na balita tungkol sa lupaín ng Malaking Ilog (*Rio Grande*), gayondin tungkol sa ibang dako ng Pulo ng Mindanaw: "Sa mga baybayin ng Malaking Ilog ay wala akong napansing anumang batong-buháy na nagbuhat sa bulkan; ang mga buról ng Cudarang, na ang anyong binalisunsong ay ipinaghihinala ng gayong pinagbubuhatan .....

(Sa sulat-kamay na orihinal sa kastila na isinalin namin sa Tagalog ay kulang ang dahong kasunod).

## KASAYSAYAN NI HANS CHRISTIAN ANDERSEN

(*Ang may-akda ng limang Kathang-salaysay*) (*Fairy Tales*)

---

Si Hans Christian Andersen, makata at nobelista, ay isinilang noong 1805 sa Odensa, Dinmarka. Pagsapit ng ika-labing isang taóng gulang, siya'y naulila sa ama na noong nabubuhay pa ay isa lamang tagakumpuni ng sapatos. Sa simula ay hindi gaanong tumuntong ng paaralan si Andersen, at sa gulang na labing-apat na taon ay nagtungo sa Copanhage upang humanap ng mapapasukan o gawain sa dulaan. Dito'y nagdanas siya ng di-matingkalang hirap at pagkabigo, nguni't sa wakas ay nakatagpo siya ng ilang tagatangkilik na pawang kumandili at sumubaybay sa kanya hanggang sa sinikap na siya'y makapag-aral sa gugol ng pamahalaan. Ang buhay ni Andersen, bilang isang manunulat, ay nagsimula sa gulang na dalawampu't apat na taon sa pagsulat ng isang katawanáng-katha na may pamagat na, "A Journey on Foot from Holman's Canal to the East Point of Amager"; at ito'y sinundan ng sari-saring tula, mga palabas-dulaan, mga salaysay sa paglalakbay, gayon din ng iba't ibang katha. Noong 1835 ay kinatha niya ang unang bahagi ng *Fairy Tales*, mga kathang-salaysay (Eventyr) at ito'y sunod-sunod na dinagdagan hanggang sa taong 1872. Ang *Tales*, ay siyang naglalarawan ng kayamanan ng kanyang isip at namumukod ito sa lahat, bagama't noong una, siya'y nililibak at kinukutya dahil sa anila'y may uring pangkaraniwan ang kanyang mga katha, bukod sa walang maituturong magaling. Nguni't sa simula pa lamang ay naibigan na ng mga bata, at yao'y isinalin sa iba't ibang wika. Ang "Harvard Classics" ay naglalaman ng dalawampu sa mga kathang-salaysay na ito.

Ang mga sinulat ni Andersen ay nagdulot sa kanya ng isang kabantugang pandaigdig, at sa bawa't bayang kanyang dalawin,

siya'y pinapupurihan at tinatanggap ng boong sigla. Namatay noong ikaapat ng Agosto ng taóng 1875, at siya'y pinarangalan ng pamahalaan sa pamamagitan ng isang maringal na libing. Bilang handog, ang mga tagahanga niya ay nagtayo ng isang bantayog sa kanyang karangalan.

Ang ilan sa mga *Tales* ni Andersen na matutunghan sa bahaging ito ay isinalin ni Rizal sa wikang Tagalog pagkalipas ng labing-isang taon buhat nang mamatay ang may-katha.

## ANG PUNŪ NG PINO \*

(Sa lahat ñg m̄ga pamankin sa  
Pasko ng Pañgañganak)

DOON SA LABAS sa kagubatan ai mai nakatanim na isang maganda at maliit na punù ñg pino: mabuti ang kaniang kinalagian, nagtatamo ng arau, dī nagkukulang sa hañgin, at sa palibut nia'i, mai nañgagtayo pang ibang malalaking kasama mañga pino at fitchen.<sup>1</sup> Nguni at ang maliit na punù ñg pino'i ualang minamabuti kundī ang paglakí; dī nia pinahahalagahan ang mainit na arau at ang malamig na hañgin, di nia kinikibuan ang mga batâ ñg magsasaka na napaparoon at nagsasalitaan pag silai lumalabas mañguñguha ñg fresas<sup>2</sup> at frambuesas.<sup>3</sup> Malimit silang dumating taglai ang isang punung paliúkan<sup>4</sup> o nagtúhog kayâ sa dayami ñg m̄ga fresas at saka maguupuan sa tabí ñg maliit na punù ñg pino at sasabihin: "Anong inam na lingit nito!"<sup>1</sup> Yto'i di matiis pakinggan nang kahoi.

Sa sumunod na taon sila'i lumakí ñg isang bukú, at isang tao'i humabang mulí ñg isa pa sapagka't mabibilang sa m̄ga bukú ñg punù ñg pino kung ilan nang taon ang kanilang tandâ.

"O, malaking kahoi sana ako na paris ng iba!" inihihimutok ñg maliit na kahuikahuyan. "Maibubuka ko sanang malayu sa palibut ang aking m̄ga sañga at ang aking tuktuk ai makatatanau sa malayong mundo! Magsisipagpugad ang m̄ga ibon sa aking

---

\* Pino: "pine tree" sa wikang Ingles. Ang pamagat ng kuwentong ito sa isinaling-wikang Ingles nina Ginang E. V. Lucas at H. B. Paul ay "The Fir Tree", nguni't ginamit ni Rizal ang salitang "pino" sapagka't magkawañgis ang dalawang punong ito — "pine tree" at fir tree" — at sa dahilang lalong kilala ang puno ng pino dito sa atin.

- 1 Fichien: salitang aleman; "spruce".
- 2 Fresas: "strawberry".
- 3 Frambuesas: "raspberry".
- 4 Paliúkan: palayok; "earthen pot".

---

1 "Anong inam na lingit nito!" — "What a pretty little tree!"

m̄ga sañga, at paghihip ñg hañgin ai ako'i kikilingkilink sanang marañgal na paris ñg iba!"

Ualâ siang ilgaya sa sikat ñg arau, sa m̄ga ibun at mapupulang alapaap, na umaga at hapon ai sa tiaas nia'i nañgaglaláyág.

Kung dumadaan ang tag-ginau at ang nieve (busilak?)<sup>2</sup> ai lumalatag at kumikinang sa puti sa palibut, malimit dumaraang paluksú ang isang liebre<sup>3</sup> sa ibabau ng maliit na kahoi. !O, yao'i nakapagñgalit!<sup>4</sup> Nguni at nakaraan ang dalawang tag-ginau at sa ikaatlo ang kahuikahuya'i lumaki nang totoo na ang liebre ai napipilitang lumigid. "!O tumaas tumaas, lumaki at tumandâ, yan lamang ang tunai na kariktan dito sa lupa!" siang iniisip ñg kahoi.

Sa taglamig ai laging dumadating ang magkakahoi at pumuputol ñg ilang sa pinakamalalaking punû; taontaon ito'i nangyari, at ang batang punû ñg pino, na ngaio'i malaki na, ai pinañgiñgilabutan; sapagka't nañgabubual na naglalagitikan<sup>1</sup> at nakakalabugan ang mga matatayug at magagandang kahui, ang m̄ga sañga'i pinuputol at ang m̄ga punû'i tila nahuhubaran, namamayat at humahabâ, halus di na sila makilala. Nguni at pagkatapus ai isasakai sila sa kariton, babatakin ñg m̄ga kabayo at ilalabas ñg gubat.

Saan paparoon sila? Ano ang nagaantay sa kanila?

Pag pamumulaklak ñg m̄ga halaman pagdating ñg m̄ga tagak (cigueña) at ñg m̄ga layang-layang,<sup>2</sup> tatanungin sila ñg kahui. "Di ba ninio alam kun saan sila dinala? Nasalubong ba ninio?"

Ualang masabi ang m̄ga layang-layang, ñguni at ang tagak ai tila magninilai-nilai, itatañgú ang ulu at magsasabi: "Oo, ang akalà ko; mai nasalubong akong maraming ñga bagong bagong sasakian, ñg ako'i lumipad na mangaling sa Egipto;<sup>3</sup> sa ibabau ñg mga sasakian ai mai nañgagtayong maririkit na albor,<sup>4</sup> mapani-

2 Busilak: "frost" o "snowflake".

3 Liebre: "hare".

4 Nakakapagñgalit: nakamumuhi, nakayayamot.

1 Naglalagitikan: "creaking sound".

2 Layang-layang: langay-langayan, isang uri ng ibon; "swallow".

3 Egipto: "Egypt".

4 Albor: palo ng banka; "mast".

niualaan kong sila ñga yaon, sila'i mai amui sahing; sila'i bina-batí kong malimit ñguni at nañgagmamalaki, sila'i nagmamalaki."

"O, ako sana'i lumaki ñg kainaman upang makapaglayag sa ibabau ñg dagat. Ano ang bagang tunai yaon dagat, ano ang kaniang ayos?"

"Sia ñga, yai dí madaling paliuanagan!" ang sagot ñg tagak at sakâ lumipad.

"Kaligayahan mo ang yong kabataan!" ang sabi ñg m̄ga sikat ñg arau; "Kaligayahan mo ang maaga mong paglaki, ang batang buhai na sumasayo!"

At hinahalikan ang kahol ñg hañgin, at dinidilig sia ñg luhà ñg hamog, ñguni at itô'i di inaantala<sup>1</sup> ñg punû ñg pino?

Paglumlalapat na ang Pascó ñg Pañgañganank, ai pinuputul ang m̄ga batang-batang kahui, m̄ga kahui na dí man lamang kasing-lakí ó kasingtandâ nitong punû ñg pino na dí tumitigil at di nagpapahiñga, kundî laging nahihilí; itong m̄ga batang kahui na sia pa manding pinaka-magagandá sa lahat ai tinataglai ang lahat nilang sañga; isasakai sila sa kariton babatakin ñg m̄ga kabayo at ilalabas ñg gubat.

"Saan paparoon sila?" ang tanong ñg punû ñg pino. "Sila'i dí malalaki kaisa sa akin, at ang isa't isa'y kung magkataon ai maliit pa ñga; bakit at dí sila hinuhubdan ñg mga sañga? Saan sila mañgañgariton?"

"Ya'i alam namin! Ya'i alam namin!" ang irit ñg m̄ga maya. "Sa labak doon sa bayan, kami'i sumilip sa bintanâ! Alam namin kung saan sila nañgañgariton! O, sila'i nagkakamit na malaking karikitan at karañgalan, na dí maabut maisip. kami'i sumilip sa bintanâ at aming nasuliapan na sila'i itinatanim sa gitnâ ñg mainit na salas at pinamumutihan ñg maririkit na bagai, m̄ga manzanas na balot ñg gintû, m̄ga matamis, bibinkang mai pulut-pukyutan, m̄ga laruan at m̄ga libong ilau".

"At sakâ?" ang tanong ñg punû ñg pino na nañgiñgilig<sup>1</sup> sa

<sup>1</sup> Inaantala: hindi ini-ino; "does not regard".

<sup>1</sup> Nañgiñgilig: nañgañgatal; "trembling".

lahat ñg saña.

“Sia ñga, iba sa dian ai ualâ na kaming nakita. Yao'i marikit na hindi matumbasan!”

“Nalalaan baga kaya ako naman magdaan dito sa makinang na landas?” ang saging mai tuâ ñg punû ñg pino. “Yto'i lalong magaling pa sa pumasa dagat. Anong pagkalunkut ko sa pag-aantai! Dumating na sana ang pascó ñg Pañañganak! Ngaion mataas na ako at mayabung na paris ñg ibang kinuha rito ñg taong nagdaan! O, nakasakai na sana ako sa kariton nakatanim na sana ako sa mainit na salas punu ñg lahat ñg karikitan at karañgala! At saka? Sia at saka lalê pang magaling ang darating lalong maganda, at kung hindi, bakit nila ako pakakapamutihan?<sup>2</sup> Dapat pa ñgang dumating ang ibang lalong marikit at marañgal! Datapua at ano? Ay! ako'i nahahapis, ako'i nalulumbai, ako mai liko rin maalaman kung ano ang akin!”

“Ykaligaya mo kami!” ang sabi ñg hañgin at nang liuanag ñg arau; ikaligaya mo ang murâ mong kabataan sa gitnâ ñg gubat!”

Nguni at hinding hindi mandin sia nagsasaya; sia'i lumaki ñg lumaki, tagginau at taginit ai nakatayû siang sariuâ; verdeng magulang ang kaniang kulai, at ang m̄ga tacn nakakamálas sa kania'i nagsasabi: “Ayan ang isang magandang kahui!” at sia ang unang pinutul pagdating ñg pasco. Ang palakul ai bumaong malalim hanggang ubud; nabual nanagbubuntong hiniña ang kahuli sa lupâ, nakaramdam ñg sakit, nanglambot, hindi nia maala-ala ang anomang ligaya, nalulunkut siang humiualai sa kaniang tinubuang lupâ, sa lupaing kaniang sinibulan; talos na nia na dî na muling kikitain ang m̄ga liag<sup>1</sup> at matatandang kasama, ang maliit na túmuk<sup>2</sup> ang m̄ga bulaklak na naglfbut, sia ñga, at marahil pati ñg m̄ga ibon. Ang pagalis ai ualang anomang kasayahan.

Pinagsaulan lamang ñg loob ang kahui ñg sia'i maibaba na sa patio kasama ñg iabng m̄ga kahui, at narining ang sabi ñg isang

2 Pakakapamutihan: gagayakan; “to adorn”.

1 Liag: itinatangi.

2 Turuk: isang munti at makapal na damuhan; “bush”.



tao: "Yto ang maganda! Yto lamang ang aming kailangan!"

At sakâ dumating ang dalauang alilang marikit ang gayak at dinala ang punû ñg pino sa isang malaki at magandang salas. Sa palibut ñg m̄ga dinding nagbitin ang m̄ga larauan, at sa tabi ñg malaking apuyang pingan, nakatayó ang dalauang malalaking tibul<sup>3</sup> insik na mai leon sa m̄ga panakip; doo'i mai m̄ga upuang uuga-ugâ, m̄ga sofang sutlâ, malalapad na mesang punô ñg m̄ga librong malarauan, at m̄ga laruang mai isandaang libong piso.

Ytinayô ang punû ñg pino sa isang malaking pasô na punû ñg buhañgin, ñguni at ualang makapagsasabi na yao'i pasô sapagka't pinalibutan ñg m̄ga papel at damit na verde at ipinatong sa isang malapat at sari-saring kulai na alfombra. O, anong pañgañgatal ñg kahui! Anó ñga kayâ ang mangyayari? At pinamutihan sia ñg m̄ga alila pati ñg m̄ga dalaga. Sa isang sañga isinabit ang maliit na lambat na ginupit sa papel na makulai, at ang balang lambat ai punû ñg mga confites<sup>1</sup> at mga matamis; binitinan ñg m̄ga manzanas at apúlid<sup>2</sup> na balot ñg gintû na tila doon din sumibul at itinaling mahigpit sa mga sañga ang mahigit na isang daang mapupula, azul at mapuputing ilau-ilauan. Manikaang tila m̄ga tao — ñgaion lamang nakakita noon ang kahui — ai naggalauan sa mga sañga at doon sa itaas sa taluktuk ai itinali ang isang bituing oropel<sup>3</sup> na kulai gintû. Yaon ñga'i marikit, di masabing labis ñg dikit!

Ngaion gabi" ang sabi ñg lahat, "ñgaiong gabi sia magliluanag".

"O," ang iniisip ñg kahui, maging gabi na sana! Paniñgasin na sana agad ang m̄ga ilau. At sakâ ano ang mangyayari? Mangagaling kayâ bagang darating ang m̄ga kahoi sa gubat at ako'i sa gubat at ako'i panonoorin? Magliliparan kaya baga ang m̄ga maya sa salamin ñg bintanà? Dito kayâ baga ako mabubuhai at taglamig at tagarau ai tatayong mai pamuti?"

<sup>3</sup> Tibul: tapayan; "vase".

<sup>1</sup> Confites: kendi; "sugar plum", "bon-bon".

<sup>2</sup> Apulid: isang lamang-ugat (tuber) na kinakain at nagtataglay ng tamis at linamnam.

<sup>3</sup> Takupis: upak; "tree-bark".

Sia ñga, hindî sia makasagot; ñguni at sia'i pinagsasaktan sa takupis<sup>1</sup> dahil sa pagaantai, at ang sakit sa takupis ñg m̄ga kahui ay kaparis kasing samâ sa atin ñg sakit ñg ulu.

Ngaion pinaniñgasan na ñga ang m̄ga ilau. Anong liuanag, anong dikit! Pinañginginigan ang kahui sa lahat ñg saña, kayâ ñga at sinunug ñg isang ilau ang dahundahunan; nasalab ñga siang magaling.

"Yadiá tayo ñg Dios!" ang sigau ñg m̄ga dalaga at inagapan siang pinatai.

Ngaion hindî ñga dapat mañginig ang kahui. O, yao'i naka-pañgingilabut! Nakalulunkut sa kania ang pagkasira nang alin man niang hias; sia'i nabubulagan sa lahat ñg kaniang dilag. Siang pagkabukas ñg dalauang paipai ñg pintu, at nagpasukan ang isang buntong m̄ga bata, tila бага ibig nilang salakayin ang kahui, kasunod ang m̄ga matatandang marahan at panimdimin;<sup>2</sup> ang m̄ga maliliit ai napipi, nguni at sumandali lamang, kapagdaka'i sila'i nagsigauan na matunug ang iñgai, nagsayauan sa palibut ñg kahui, at sunud-sunud na pinagpitan ang nañgag-sabit.

"Ano ang ginagauâ ninio?" ang ibig isigau ñg kahui. "Ano ang mangyayari?" Nañgauupus na ang manga kandilà hangang saña, at kapag sila'i nauupus, ai agad na pinapatai, at saka pahihintulutan ang m̄ga batang lusubin ang kahui. Gaion kadahas ang kanilang pagkukulumut<sup>1</sup> sa kania, na ang lahatang saña ai nagiiritan;<sup>2</sup> at kun hindî sana itinalí sa bubung ang kaniang taluktuk ñg bituing gintû, ai tunai sana siang nabual.

Ypinagsasayauan ñg m̄ga batâ ang kanilang maririkit na larauan sa palibut, sinoma'i ualang natiñgin sa kahui, maliban sa matandang sisiua<sup>1</sup> na lumapit at sumilip sa m̄ga saña; ñguni at kaya lamang ai nang tingnan baka mai nalimutang manzanas ó higos.<sup>2</sup>

---

2 Panimdimin: mapagisip.

1 Pagkukulumut: pagdumog, paglusob; "to rush upon".

2 Nagiiritan: naglalangitngitan; "cracking".

1 Sisiua: "wet nurse".

2 Higos: igos, o "fig".

"Ysang salita! Ysang sailta!" ang hiyauan ñg m̄ga batâ at hinila ang isang maliit at matabang lalaki sa tabi ñg kahui, at sia ñga'i naupu sa ilalim, "sapagkat", ang uika nia, "tayo sisilong, at ang kahui ai mai roon ding mapapakinabang, kung makinig! Nguni at isa lamang ang sasalit'in ko. Ybig ninió ang kai Yvede-Avede ó ang kai Klumpe-Dumpe na nahulug sa hagdanan ñguni at pinarañgal at tumangap ñg isang Princesa?"

"Yvede-Avede!" ang sigau ñg ilan, "Klumpe-Dumpe!"<sup>3</sup> ang sigau ñg iba. Yao'i isang sigauan at hiyauan! Ang punû lamang ñg pino ang hindi umimik at di kumibo at nag-iisip: "Hindi ba ako kasali, ualâ ba akong sukat magagauâ? Nakisama ñga sia at pinaoohan ang anomang mangyayari.

Sinalitâ ñg tao si Klumpe-Dumpe na nahulug sa hagdanan ñguni at pinarañgal at tumangap ng isang princesa. At ang m̄ga princesa. At ang m̄ga bata'y nagpapakpakakan at nagsisigauan: "Salitâ, salitâ." At ibig ñga nilang mapakingan ang buhai ni Yvede-Avede, ñguni at ualâ silang narinig kundî ang kai Klumpe-Dumpe. Nakatayong pipi ang punû ñg pino at nagninilai-nilai, kailan man ai di nakapagsalitâ ng kaparis ang m̄ga ibon sa gubat. "Si Klumpe-Dumpe ai nahulug sa hagdanan at sakâ nagkamit ñg princesa! Sia ñga, sia ñga ganian ñga ang lakad ñg mundo!" ganito ang isip ñg punû ñg pino at ang akala yao'y tunai, sa pagka at mahusai na tao ang nagsalitâ. "Sia ñga, sia ñga! Marahil ai mahulug naman ako sa hagdanan at magkaroon ñg isang princesa!" At natutuâ siang sa susunud na arau sia'i pamumutihang muli ng m̄ga ilau, laruan, gintû at m̄ga buñga ñg kahui.

"Bukas hindi ako mañginginig!" ang sabi nia sa sarili. "Ybig kong lasapin ang lahat na aking karañgalan. Bukas maririnig kong muli ang Salitâ ni Klumpe-Dumpe at marahil pati ng kai Ybede-Avede!" At tumayong magdamag pipi at maisipin ang punû ñg pino.

Nang knaumagaha'i nasok ang m̄ga alilà at ang dalaga sa loob.

"Ngaion sisimulan na namang bago ang saya!" ito ang isip

<sup>3</sup> Klumpe-Dumpe: isang tauhan (Humpty-Dumpty) sa kuwentong ingles na may pamagat na Through the Looking Glass na sinulat ni Charles Lutwidge Dodgson ng Inglatera, sa ilalim ng sagisag na Lewis Carrol.

ñg kahui; ñguni at sia'i ilinabas sa salas, iniakiat sa itaas, sa kisami, at ilinagai sia sa isang suluk, doon sa hindi naaabot ng sikat ñg arau. "Ano ang kahulugan nito?" ang sabi ñg kahui. "Ano ang gagauin ko rito? Ano ang sukat kong maririnig dito?" Humilig sia sa pader at isip nang isip. At labis ang panahon nia sapagkat gabi at arau ai nagsipagdaan; ualâ isa mang umakiat at kung sakali at mai isang pumanhik ai kayâ lamang ñg maisiksik sa suluk ang isang malaking kahon; nakatago ñgang lubus ang kahui at mapaniniualang sia'i kinalimutan.

Ngaio'i tagginau sa labas!" ang sabi sa sarili ñg kahui. "Matigas ang lupà at balot ñg busilak (nieve?), ang m̄ga tao ay hindi makapagtanim; dahil dito ai ako'i itinatago hangang dumating ang tagabulaklak! Anong galing ñg kanilang isipan! Anong buti ñg m̄ga tao! Kung hindi sana lamang dito madilim at katakuttakut na ilang! Uala isa mang maliit na liebre! Anong dikit ñga doon sa labas sa kagubatan, paglumalatag ang busilak, at ang liebre'i dumadaang paluksu, at pag ako mai linalakdauan, sia ñga; ñguni at noo'i diko yaon matiis. Dito sa itaas ai katakuttakut na ilang!"

"Pip. pip!" iirit ang isang bubuit at lulundag sa tabi; at saka darating pa ang isang maliit. Ynamuyan ang punû ñg pino at sakâ nagakiatan sa kaniang m̄ga sañga.

"Katakuttakut na ginau!" ang sabi ñg m̄ga bubuit. "Kung hindi ai mabuti sanang matira dito; di ñga ba, ikau, matandang punû ñg pino?"

"Ai, ako'i hindi matandâ!" ang sagot ñg punû ñg pino; "mai marami pang lalong matandâ sa akin!"

"Saan ka nangaling?" ang tanong ñg m̄ga daga, "at ano ang nalalâman mo?" Sila'i labis mausisâ. "Salit'in mo ñga sa amin ang m̄ga karikidikitang lugar sa lupa! Naátira ka ba roon? Nakaparon ka ba sa taguan ñg ulam, doon sa mai kesong nakalatag sa tabla, at mai m̄ga jamong nagbitin sa palupu,<sup>1</sup> doon sa pinag-sasayauan sa ilau ñg kandilâ, payat kang papasuk at matabâ kang lalabas?"

"Ya'i diko kilala" ang sagot ñg kahoi; "ñguni at kilala ko

<sup>1</sup> Palupu: taluktok o bubong ng bahay; "ceiling".

ang gubat na sinisikátan ñg arau at inaauitan ñg mga ibon!" At sakâ sinalita niang lahat ang kaniang pagkabatâ, kailan ma'i di nakarinig ñg kaparis ang m̄ga bubuit, at sila ñga'i nakikinig at maguiuika: "Anong dami ñg yong nakita! Anong palad ang naging yo!"

"Ako?" ang tanong ñg punû ñg punû ñg pino at paguauariuariin ang kaniang sinalitâ. "Sia ñgâ, tunai ñga silang masasayang panahon!" At saka sinalitâ nia ang gabi ñg pascó ñg Pañgañganak ñg sia"i mai pamuting m̄ga bibinka at ialu.

"O," ang sabi ñg m̄ga bubuit, "anong palad ang naging iyo matandang punû ñg pino!"

"Hindî mandin ako matanda!" ang tugon ñg kahui"; "ito lamang tagginau na ito nangaling ako sa gubat! Ako'i nasa kasaganaang panahon, ganito lamang ang sibul ko".

"Anong inam mong magsasalitâ!" ang sabi ñg m̄ga bubuit at sa sumusunod na gabi'i dumating silang kasama ang apat na ibang bubuit, na makikinig ñg salitâ ñg kahui, at lalong naaalala niang lahat na maliuanag at iniisip: "Masasaya ñga palang panahon yaon. Nguni at sila'i makapagbabalik, makapagbabalik. Si Klume-Dumpe ai nahulug sa hagdanan ñguni at nagkamit ñg isang princesa; marahil ai ako'i magkakamit din ñg isang princesa". At saka maalaala nia ang isang magandat at maliit na Koles-Moluko<sup>1</sup> (Lioka) na sumisibul rin sa labas sa kagubatan; yao'i para sa punû ñg pino ai isang tunai at magandang princesa.

"Sino ba yaong si Klumpe-Dumpe?" ang tanong ñg m̄ga bubuit. Sinalita ñga ñg punû ñg pino ang buung buhai, naaalala nia pati ñg kaliit-liitang uika; tuatua ang m̄ga bubuit na ibig luksuhin ang tuktuk ñg kahui. Sa sumunod na gabi nagsidating pa ang marami pang bubuit, at ñg lingo ai dalaua pa manding malaking daga na nagsasabi datapua na ang salita'i hindi maganda, na kinalunkut ñg m̄ga bubuit, sapagka't nang magkagayon, naual'an din naman sa kanila ñg halaga.

<sup>1</sup> Koles-Moluko: Coles-Maluco (Pisonia Alba) "birch tree, an ornamental plant".

"Ualâ ba kayong nalalaman kundi isang salita?" ang tanong ng mga daga.

"Yisa lamang," ang sagot ñg kahui; "sia'i narinig ko niaong kaligaliyayahang gabi, ñguni at noo'i hindi ko inakalang ako'i puspus galak."

"Ya'i isang kasaisai-saisai<sup>2</sup> na salitâ! Uala ba kayong nalalaman isang salitâ ñg tabâ ñg bubuit, at ilan ñg sebo? Ysang salitâ sa taguan ñg ulam?"

"Uala!" ang sagot ng kahui.

"Kung ganoo'i maraming salamat!" ang sagot ñg m̄ga dagat at nagsibalik sa kanilang m̄ga lunga.

Ang m̄ga bubuit ai nagsialis din naman pati, nang magkagaio'i nagbuntung hiniñga ang kahui: "Anong sayá ñga mandin ñg sila'i naguupuan sa aking palibut, silang m̄ga malilikut na bubuit, at pinakikingan ang aking pagsasalitâ! Ngaion ito nama'i lampas na! Ñguni at di ko lilimuting ito'i kaligayahan pag ako'i inalis dito!"

Datapuâ at kailan ito nangyari? Sia ñga, isang umaga, nagdatiñgan ang m̄ga tao at lininis ang kisami; inalis ang m̄ga cajon ilinabas ang kahui; inihagis siang biglâ sa sahig, ñguni at inihulug sia sa hagdanan ñg isang alilâ, doon sa nililiuanagan ñg arau.

Ñgaion mabubuhai tayong muli!" ang isip-isip ñg kahui; naran-daman nia ang malamig na hañgin, ang m̄ga unang sikat ñg arau. at ñgaio'i inilabas sia sa patio. Ytong lahat na ito'i nangyaring mabilis, ang kahui nakalimut magmalas sa sarili sa karamihan ñg mamalasin sa paligid. Ang patio'i karugtung ñg halamanan namumulaklak na lahat; nagtayong sariuâ ang m̄ga rosas at bumaba-ñgong masangsang<sup>1</sup> hangan sa labas ñg bakod, nagsisipamulaklak ang m̄ga tilo,<sup>2</sup> at nagsasalimbayan ang m̄ga layang-layang at nag-huhunihan: "Kuirrebirrebit, ang aking tao'i dumating na!" Ñguni at hindi ang punû ñg pino ang ibig nilang sabihin.

"Ngaion ako mabubuhai!" ang hiau niang mai galak at ikinadkad ang kaniang m̄ga sañga at sa aba, tiu at madidilau silang

2 Ualang kasaisai-saisai: walang kahala-halaga; wáláng kuwentá.

1 Masangsang: masarap na amoy, lubhang mabango; "strong-scented".

2 Tilo: "linden tree".

lahat; at sia'i nakahandusai doon sa gitna ñg m̄ga kalit-kalit<sup>1</sup> at m̄ga lipa.<sup>2</sup> Ang butuing oropel ai nakatayu pa doon sa itaas sa taluktuk at kumikinang sa maliuanag na sikat ñg arau.

Sa patio mai nagsisipaglaro ang dalua sa m̄ga batang nagsayau saligid ñg kahui at natua sa kania ang pascó ñg Pañgañganak. Ysa sa kaliitliitan ai tinakbo sia at linagot ang bituing gintû.

"Tingnan mo kung ano ang natitirá pa sa buluk at matandang punû ñg pino!" ang sabi nia, at niyurukan<sup>3</sup> ang m̄ga sañga na naglalagitikan sa yapak ñg kaniang m̄ga botas.<sup>4</sup>

Tinitingala ñg kahui ang lahat ñg ganda at kasariuaan ñg m̄ga bulaklak sa halamanan, nagmamasid sia sa sarili at ninanasá na sia sana'i natira sa madilim na suluk doon sa taguan; kaniang inaala-ala ang sariuañang kabataan sa gubat, ang masayang gabi ñg pascó ñg Pañgañganak at ang m̄ga maliliit na bubuit na masayangnagsipakinig ñg buhai ni Klumpe-Dumpe.

"Lipás na, lipas na!" ang sabi ng kaaua-auang kahui. "Kiniligayahan ko sana niaong naaarì pa! Lipas na, lipas na!"

Ang alila'i dumating at pinagputul-putul ang kahui ñg maliit na pirasu at binigkís; maniñgas siang nagalab sa ilalim ñg taliasin<sup>1</sup> pakuluan. Naghihimutuk ang kahui at balang isang himutuk ai katulad ñg isang mahinak putuk; kayâ ñga naglapitan ang m̄ga batâ, na doo'i nagsisipaglarô hinarap ang apui, sinilip at nagsigauan: "Piff, paff!" Nguni at sa bauang isang putuk, na malalim na buntung hiniñga ai inaala-ala ñg kahui ang isang hapun ñg tagginau doon sa labas; inaala-ala ang gabi ñg pascó ñg Pañgañganak at si Klumpe-Dumpe ang kaisa-isang salitâ na kaniang napakingan at narurunuñgang<sup>2</sup> salitain-at sakâ na tipug<sup>3</sup> ang kahui.

Ang m̄ga bata'i nagallaro sa halamanan, at taglai ñg kaliitliitan ang bituin gintû sa dibdib na dinalá ñg kahui niaong kaniang kasaya-sayahang gabi; ñgaion lumipas na sia, lumipas na pati ñg kahui, at pati ñg salita; tapus na, tapus na at gaion ang nangyayari sa lahat ñg salita!

1 Kalit-kalit: isang uri ng damo; "weeds".

2 Lipa: "nettle".

3 Niyurakan: tinuntungan; "tample".

4 Botas: "boots".

1 Taliasin: Taliasi; "large kettle or boiler".

2 Narurunuñgan: natutuhan at nasanay.

3 Tipug: natupok; "burned".

## SI GAHINLALAKI\*

(Sa mga pamanking babai.)

MAI ISANG BABAI, na totoong nagnanasang<sup>1</sup> magkaroon ñg isang anak-anakan ñguni at di nia maalaman kung saan sukat kunin. Naparoon ñga sia sa isang matandang bruha<sup>2</sup> at nagsabi "Mamatamisin ko sana sa pusû ang isang anak-anakan, masasabi mo бага sa akin kung saan ko sia kukunin?"

"Oo ñga, tayo'i madaling magkakasundô!" ang sagut ñg bruja. "Naito ang isang butil ng cebada;<sup>3</sup> ito ai hindi mandin kaparis ng tumutubû sa bukid ñg magsasaka o ñg ipinatutukâ sa m̄ga manok; itanim mo ito sa isang masetas, at ikau ai mai makikita at matatamo!"

Salamat sa yo ang sagut ñg babai at binigian ang bruha ñg sikolo,<sup>4</sup> at sakâ umuî sa bahai itanim ang butil ñg cebada, at kapagkaraka'i sumibul<sup>5</sup> ang isang marikit at malaking bulaklak; anaki sia ai isang bulaklak ñg bainô,<sup>6</sup> ñguni at ang m̄ga daho'i pugung na mahigpit tila бага sia nasasabuku pa.

"Marikit na bulaklak!" ang sabi ng babai at hinalikan ang kaniang m̄ga mapupula at madidilau na dahon, at kapagkaraka, sa kaniang paghalik, ai nabuka at pumutuk ang bulaklak. Yao'i isa ñgang tunai na bainô at mapagmamasdan, ñguni at sa gitna ñg bulaklak, sa ibabau ñg ubud ai nakaupu ang isang maliit na batang babai, magandá at marikit; sia'i di malapad at dî mahaba sa isang hinlalaki kaya ñga Gahinlalaki ang ipinangalan sa kania.

\* Si Gahinlalaki: "Thumbelina".

1 Nagnanasang: buhat sa salitang "nagnanasa" na ang kahulugán: áy nág-hahangad, nagnanais; "wishing."

2 Bruha: matandang mangkukulam; "old witch".

3 Cebada: pananim na gaya ng palay; "barley".

4 Sikolo: pito at kalahating sentimos.

5 Sumibul: tumubu, lumabas.

6 Baino: "tulip".



Ysang marikit<sup>1</sup> at binuling<sup>2</sup> balat ñg niog-niogan<sup>3</sup> ang ibinigai sa kaniang tulugan, azul na m̄ga dahon ñg bulaklak ñg violeta ang panapin at isang dahon ñg rosa ang kumut. Doon sia natutulug kung gabi, ñguni at kung arau ai naglalarô sia sa ibabau ñg mesa, na linalagian ñg babai ñg isang pingang ligid ng tuhug-tuhug na bulaklak na naglubug sa t̄big ang mga tankai, sa ibabau ñg isang doon lumulutang na dahon ñg bainô umuupû si Gahinlalakí at nagpapatuid-tuid sa kabika-bilang tabi ñg pingan; dalauang mapuputing kiling<sup>4</sup> ñg kabayo ang kaniang m̄ga sagan. Yao'i anong dikit kung pagmasdan. Sia'i marunung namang uma-uit, at mainam at matamis na ualâ kayong kaparis na maririnig.

Minsan isang gabi, nang sia'i natutulug sa kaniang marikit na hihigan, mai nasuk na paluksu-luksung isang palakâ sa bintanâ na mai basag na isang salamin. Ang palaka'i pañgit, malaki at basâ, sia'i tumalon sa mesa na kinatutulugan ni Gahinlalakí balot ñg mapulang dahon ñg rosas.

"Maging asaua sana ñg aking anak itong magandang babai!" ang sabi ng palakâ, at kinuha ang balat ñg niog niogan na kinahimbiñgan ni Gahinlalakí at lumuksu sa basag na salamin ng bintanâ, at bumabâ sa halamanan.

Doo'i mai umaagos na isang malakí at maluag na ilog; ñguni at ang pampang<sup>1</sup> ai putikan at lusák;<sup>2</sup> dito natitirá ang palakâ at ang kaniang anak. Hu, ito'i pangit, nakasusuklam<sup>3</sup> at kaparis ñg kaniang ina. "Kokak, kokak, brekkekekex!" Yto lamang ang kaniang makita ang maganda at maliit na dalaga sa balat ñg niog-niogan.

"Huang kang kaingai magsalitâ at magigising!" ang sabi ñg matandang palakâ. Tayo'i malalayasan pa nia dahil at totoong

1 Marikit: maganda.

2 Binuling: buhat sa salitang "binuli" na ang kahulugan ay pinakinis o pinakintab.

3 Niog-niogan: Bunga ng isang baging na nakakahawig na balimbing su-balit maliit kaysa rito. Gamot sa bulati. Ngunit ang tinutukoy ni Rizal ay ang maliit na niyog na kung tawagin sa Kalamba ay "coco niño", at siya niyang ipinakahulugan sa salitang "walnut".

Kiling: buhok ng kabayo.

1 Pampang: "shore, beach".

2 Lusak: lupang malambot at putikan.

3 Nakasusuklam: nakayayamot; "loathsome".

magaan, anaki'i dapulak ñg Cisne.<sup>4</sup> Atin siang ilagai sa kala-padlaparan<sup>5</sup> dahon ng loto o nenufar<sup>6</sup> sa ilog, na ariin niang pulû<sup>7</sup> dahil at sia'i magaan at maliit, doon di sia madaling makaalpas samantalang ating ihahandâ ang salas sa ilalim ñg putikan ating tinitirahan."

Maraming nenufar ang sumisibul sa ilog, malalapad at verde ang dahong tila baga lumulutang sa ibabau ñg tubig; ang dahong pinakamalayu at pinakamalaki naman; doon naparoong lumañgoi ang matandang palakâ at ipinatong ang balat ñg niog-niogan at si Gahinlalaki sa ibabau.

Maagang nágising ang taó-tauhan at ñg mamas'dan ang kaniang kinalalagian ai umiyak ñg kahapis-hapis,<sup>1</sup> sapagka't uala kundî tubig sa palibot ñg malaki at verdeng dahon, at sia'i hindi makaahon sa pampang.

Nakadapâ ang matandang palakâ sa ilalim ñg putikan at linilinis ang kaniang bahai ñg balangut<sup>2</sup> at dahon ng kangkong—dapat dau yaon dumikit<sup>3</sup> para sa bagong manugang—at sakâ lumañgoi sia na kasama ang kaniang anak, naparoon sa dahong kinalalagian ni Gahinlalaki. Ybig nilang kunin ang kaniang magandang hihigan na ilalagi sa silid bago sia dito masok. Yumukung malalim sa tubig, sa harapan nia ang matandang palakâ at nag sabi: "Masdan mo rito ang aking anak; sia ang yong magiging asaua, at kayo'i mabubuhai na mainam doon sa ilalim ñg putikan!"

"Kokak, kokak, bekkerekekex!" ito lamang ang nasabi ñg anak.

Kinuha ñga nila ang maliit at magandang hihig'an, at luma-yong palañgoi; ñguni at si Gahinlalaki ai nakaupung nag-iisa at nagiiyak sa verdeng dahon, sa pagkat di nia ibig matira sa bahai

4 Dapulak ñg Cisne: ang malambot at maliliit na balahibo sa ilalim ñg malalaking pakpak ng cisne; "swan feathers".

5 Loto: "lotus", isang halamang-tubig o "water-lily" na tubo sa Ehipto at sa India.

6 Nenufar: puting "water-lily".

7 Pulu: "island".

8 Makakaalpás: makakawala.

1 Kahapis-hapis: kalungkut-lungkot.

2 Balangut: "rushes."

3 Dumikit: gumanda, buhat sa salitang dikit na ang kahulugan ay kagandan, karilagan.

ng kasuklam-suklam-suklam na palakâ o pakasalan kaya ang kaniang pañgit na anak. Ang m̄ga isdâ-isdang naglalañguyan sa ilalim ñg tubig ai nakitang magaling ang palakâ at narinig ang sinabi; kayâ ñga iniultau<sup>1</sup> nila ang kanilang m̄ga ulu, at ibig nilang makita ang maliit na dalaga. Manai<sup>2</sup> ñg kanilang masulip-apan,<sup>3</sup> nagandahan silang totoo at naauâ sila sa kania dahil sa titira sa ilalim, sa pañgit na palakâ. Hindi ñga, yao'i hindi ma-aarî. Nagtipun-tipun ñga sila sa ilalim ñg tubig sa palibut<sup>4</sup> ñg murang tankai, na nagtatangan sa dahon, ginitgit<sup>5</sup> at pinutul ñg kanilang ñgipin sa punu, kaya ñga naanod na kasunud ñg agos ang dahon, dala ni Gahinlalaki sa ibabau, sa malayô na dî ma-abutan ñg palakâ.

Naglayag si Gahinlalaki at nagdaan sa tapat ñg maraming malalaking bayan, at ang m̄ga maliliit na ibon ai nañgagtayo sa m̄ga tankai ñg kahuyan, at nagaauitan pag sia'i nakita; "Anong kaliagliag<sup>1</sup> ñg maliit na dalaga!" Naanod at naanod na palagi ang dahon at lumayô at lumabas sa kabayanan.

Ysang marikit na paru-parong maputî lilipad-lipad sa kaniang palibut at sakâ dumapu sa dahon sapagkat natuâ sia kai Gahinlalaki. Yto namai totoong nagsasaya; sapagkat ngaoyi dî na sia maaabutan ñg palakâ, at magandang totoo ang kaniang pinaparon; sumisikat ang arao sa tubig na kumikinang na anaki sapang<sup>2</sup> ginto. Kinalag nia ang kaniang pamigkis,<sup>3</sup> itinalî ang isang dulu sa paroparo at ang kabila ai sa dahon; kaya ñga ito'i' lalong tumulin sa paglakad, at pati sia sapagka't nakalulan ñga sia sa ibabau.

Nagkataong dumating na lumilipad ang isang malaking salagubang,<sup>4</sup> sia'i nasulipapan at kapag karâka'i niyapus<sup>5</sup> ñg kaniang m̄ga paa ang binibini<sup>6</sup> niang katauhan at ilinipad sa itaas ñg

1 Iniultau: inilitao, isinuñgaw.

2 Mana'i: kaya at.

3 Masulipán: matanaw, makita.

4 Palibut: paligid; "around".

5 Ginitgit: nginatñgat o kinagat; "gnawed".

1 Kaliag-liag: kaibig-ibig; "lovely".

2 Sapang: buhat sa salitang sapa na ang kahulugan ay batis o ilog-ilugan.

3 Pamigkis: bigkis; "girdle".

4 Salagubang: "cockchafer".

5 Niyapos: niyakap.

6 Binibini: payat, manipis, balinkinitan.

isang kahui; ang verdeng dahon ai naanod sa ilog na paibabá, kasama ang paróparó sapagkat ito'i nakatalí sa dahon at hindi makakalag ñg magisa.

Anong pagkagitla<sup>1</sup> ñg kaauauang si Gahinlalakí ñg sia'i ilipad ñg salágubang sa itaas ñg kahui! Nguni at lalong-lalú na ikinalulumbai<sup>2</sup> nia ang maganda at maputing paró-paró na itinalí nia sa dahon; kung sakalí at di sia makakalag, ai mamamatai sa gutum. Nguni at ito'i di inaantala ñg salágubang. Ydinapô sia sa kalaki-lakihang murang dahon ñg kahui, binigian sia ñg ubul ñg bulaklagk na makakain, at nagsabi na sia"i magandá bagamat hindíng-hindí sia mukhang (katulad ñg isang) salágubang. Malaonlao'i<sup>3</sup> nagdatingan ang ibang salagubang na naninirá sa kahui at sia'i dinalau; minasdan nila si Gahinlalakí, at binaluktut ñg m̄ga dalaga ñg salágubang ang kanilang m̄ga sungai-sungayan at ang sabi: "Ualâ mandin sia kundí dalauang paa; anong salantang<sup>4</sup> — ayus." — "Uala sia isa mang sungai-sungayan!"<sup>5</sup> ang sabi ñg isa. "Malantik mandin at maliit ang baiauang; pfui! anakí'i tao! Anong kapañgit!" ang sabi ñg lahat ñg m̄ga babaing salgágubang, ñguni at bago si Gahinlalakí'i totoong maganda. Yto'y alam din naman ñg salágubang na sa kania'i umagau, ñguni at ñg masabi ñg iba na sia'i pañgit, naniuala din naman sia ñg malaun at ayau na siang ariin; pumaroon sia kung saan nia ibig. Ybinabâ ñga sia sa kahui, at ipinatung sia sa isang bulaklak ñg margarita;<sup>1</sup> doon sia nanañgis dahil at sa kaniang kapañgitan, na pati m̄ga salágubang ai di sia ibig ariin, ñguni at ang tunai sia'i kaibig-ibig<sup>2</sup> na di abuting isipan, kasing dikit at kasing linis ñg kadikitdikitang<sup>3</sup> dahon ñg bulaklak ñg rosa.

Nabuhai na nagiisa sa malauak<sup>4</sup> na parang habang tagarau ang kaaua-auang si Gahinlalakí. Lumala<sup>5</sup> sia ñg duyan sa tankai ñg damo na kaniang ibinitin sa isang kahuikahuyan sa ilalim

1 Pagkagitla: pagkagulat.

2 Ikinalulumbai: ikinalulungkot.

3 Malaonlao'i: hindi nagtagal o pamaya-maya.

4 Salantang: buhat sa salitang "salanta" na ang kahulugan dito ay úbá at kaawaawa ang anyo.

5 Suñgai-sungayan: maliit na sungay.

1 Bulaklak ng margarita: "daisy".

2 Kaibig-ibig: maganda at kanais-nais

3 Kadikit-dikitang: pinakamaganda.

4 Malauak: malapad at malaki.

5 Lumala: humabi; "wove".

ng isang gábi, at gaion sia nakasílong sa ulan; kinitil nia ang ubod na matamis ñg m̄ga bulaklak ñg makain at iniinom nia and hamog na naglagai sa m̄ga dahon sa tuing umaga. Ganoon lumampas ang taginit at ang mulâ ñg taglamig. Nguni at dumating ang tagginau, ang malamig at mahabang tagginau. Lahat ñg m̄ga ibon, na nañgagsihuning maaliu<sup>6</sup> sa tabi nia'i nañgagliparan, nañgatuyû ang m̄ga kahui at ang m̄ga bulaklak; ang malapad na dahon ñg gabi na kaniang sinilungan ai naluui<sup>7</sup> at ualang natirá kundî isang madilau at tuyung tankai; naginau si Gahinlalaki ñg katakuatakut, sa pagka at ang kaniang m̄ga damit ai punit, at sia'i maganda at maliit na madaling malamigan. Umulan na ñga ñg busilak, at bauang busilak na lumagpak sa kania, ay para bagá kung tayo'i tabunan ñg isang punung pala<sup>1</sup> sa pagka at tayo'i malalaki at sia'i gaga isang tumurû.<sup>2</sup> Nagbalot ñga sia sa isang tions dahon, nguni at itoi'i di nakaiint; sia'i nañgañgatal<sup>3</sup> ñg ginau.

Sa tabi ñg gubat na kaniang kinadatiñgan ai nalalatag ang isang malaking bukid, ñguni at ang palai (trigo) ai malaon ñg nagapas at ualang nañgagtayu sa maginau na lupa kundî ang m̄ga linis at tions tankai. Sia'i para manding isang buung gubat na kaniang tatahakin<sup>4</sup> at sia'i nañgañgatal ñg ginau! Sumapit ñga sia sa pintaun ñg isang dagang bukid na mai isang luñgaan<sup>5</sup> sa ilalim ñg m̄ga tankai ñg palai. Doon namamahai ang dagang bukid, mainit at mainam, punu ang kaniang bahai ñg palai, masagana ang kaniang kusina at ang taguan ñg ulam. Tumayû ñga sa pintuan ang kaaua-uang si Gahinlalaki kaparis ñgang tunai ñg ibang bata ñg salantâ, at humingi ñg isang maliit na binlid<sup>6</sup> ñg cebada, sa pagkat dalauang arau na hindi sia kumakain ñg anomang bagai.

“Ykau, maliit na batâ!” ang wika ñg dagang bukid, sa pagkat isa sia rin ñgang mabuting matandang dagang bukid, “masuk ka sa

6 Maaliu: masaya.

7 Naluui: nalanta.

1 Pála: “shovel”.

2 Gaga isang tumuru: kasing taas ng isang pulgada. (one inch).

3 Nañgañgatal: nañgifiñginig.

4 Tatahakin: lilibutin; “to wander through”.

5 Lungaan: lunga o butas sa lupa na tinitirhan ng mga daga at ahas.

6 Binlid: butil ng bigas na lumiit sa pagka kiskis o pagka bayo ng palay.

mainit kong tirahan, at sumalo ka sa akin!"

Dahil at sia'i natuâ kai Gahinlalaki, ai nagsabi: "Sa boong taginau makatitira ka sa akin, ñguni ai dapat mong linisin at walisan ang aking bahai, pagsalitan! ako ñg mġa buhai na totoo kong ibig." Ginaua ñga ni Gahinlalaki ang nais ñg mabuting matandang dagang búkid, at bumuti ang kaniang lagai.

Ngaion magkakaroon tayong madalî ñg panauhin," ang sabi ñg dagang bukid. "Ang aking kapit-bahai ai mai ugaling dumalau sa akin lingu-lingó. Lalong mañuti pa ang kaniang buhai kaisa sa akin, malalaki ang kanaing mġa salas, at balot ñg isang maganda at maitim na balat na terciopelo.<sup>2</sup> Kung sia sana'i maging asaua mo, ay bubuti ang iyong lagai; ñguni at sia'i di nakakakita. Dapat mong salitain sa kania ang lalong karikitdikang mġa salitâ na yaong nalalaman!"

Ñguni at di ito pinañguñgusiuaan<sup>3</sup> ni Gahinlalaki di nía íbíg mapakasalan ang kapit bahai, sapagka't ito'i isang topo o magdudukal-lupa.<sup>4</sup>

Dumating ito dumalao bihís ang kaniang balat na terciopelo. Mayaman dau sia at marunung, ang sabi ñg dagang bukid, ang kaniang bahai ai maluang ñg maikadalauang puo sa bahai ng dagang bukid. Labis ang kaniang karunuñgan, ñguni at di nia matiis ang arau at ang magandang bulaklak, masamang totoo ang sinabi nia ukul dito sapagkat kailan mai di nia nakita.

Pinaauit si Gahinlalaki at ito ñga ai umauit; "Lípad, sala-gubang!" at "Maglakad ang kura sa bukid!" Naibigan nga sia ñg magdudukal-lupa dahilan sa matamis niang voces, ñguni at uala itong sinabi na anoman sapagka't sia'i isang mapagnilainilai na tao.

Mai hinukai siang isang bagong mahabang daan sa ilalim ñg lupâ mula sa kaniang kaniang lungâ hangan sa lungâ ñg dagâ; pinahintulutan ñga nia ang dagang bukid at si Gahinlalaki na

1 Pagsalitán: kuwentuhan.

2 Terciopelo: "velvet".

3 Di ito pinangngusiuaan: hindi pinahahalagahan, di pinapansin.

4 Topo o magdudukal-lupa: isang uri ng hayop na kulay abuhin, maliit ang mata at malalapad ang paa na siyang ipinanghuhukay sa lupá; "mole."

1 Mapagnilai-nilai: mahinahon; mapagisip, tahimik.

magpasial doon kalimit nilá ibigin. Nguni at sinabi niá na huag katakútan ang isang buhai na ibon, na nakaratai<sup>2</sup> sa daanan; yao'i isang buung ibon may pakpak at tukâ, na sa bantâ<sup>1</sup> nila ãi kamamatai pa at kalilibin pa doon pa ñga mandin sa pinaghukayan ng daan.

Ang topo ai nagtañgai ñg isang kaputul na buluk na kahui, na nagliliuanag ñgang parang apui sa dilim, nagpáuna at tinanglauan sila sa mahabá at madilim na daanan.

Nang sila'i makarating doon sa kinararatayan ñg patai na ibon, itinuun<sup>2</sup> ñg magdudukal-lupâ ang malapad niang ñgusu sa sabubung<sup>3</sup> at inunkal<sup>4</sup> ang lupâ, nang makaguâ ñg isang butas na mapagdaanan ñg liuanang na sisilang sa ilalim. Sa gitná ñg daanan nakahigâ ang isang patai na layang-layang, pikpik<sup>5</sup> sa tagiliran ang magagandang pakpak, ang m̄ga paa at ulu ai tagû sa balahibu; masasabing namatai sa ginau ang kahabag-habag na ibon. Yto'i ikinahambal<sup>6</sup> ni Gahinlalakí, mahal sa kania ang lahat na m̄ga mumunting ibon, silai nañgagsihuni at nañgagsiirít<sup>7</sup> sa harapan nia habang tagarao; ñguni at ang topo ai sinikaran ang ibon ñg kaniang maikling paa at nagsalita: Ngaion hindi na sia nasipul!<sup>8</sup> Ysa manding kahabaghabag na buhai ang lumitao sa lupang parang isang ibon! Salamat sa Dios at di magiging ibong ang alin man sa aking m̄ga anak; ang paris nitong ibon ai ualâ kundi ang kaniang kuibit,<sup>9</sup> at namamatai ñg gutum sa tagginau!"

"Sia ñga, masasabi ninió palibhasâ ñg ibon pagdating na tao," ang sagut ñg dagang búkid. "Ano ang arí ñg ibon pagdating ñg tagginau kundi ang kaniang kuigit? Namamatai sa gutum at ginau; datapua at ang buhai ai tila marangal,<sup>1</sup> ang sabi."

---

Nakaratai: nakahiga dahil sa isang mabigat na karamdámán.

1 Banta: dito'y nangangahulugang "palagay" o "sapantaha".

2 Itinuun: itinulak na paitaas.

3 Bubóng: kisame.

4 Inunkál: hinukay.

5 Pikpik: hapit o nakadikit na madiin; "pressed".

6 Ikinahambál: ikinalungkot.

7 N. ñgagsiirít: nagsi-awit; "twitered".

8 Násipul: sumutsut o pumito; "whistle".

9 Kuibuit: huni ng ibon; "tweet-tweet".

---

1 Marañgal: kapuri-puri.

Si Gahinlalaki ai hindi kumibu; nguni at ng matalikuran ng dalauâ ang ibon, yumuku sia hinaui<sup>2</sup> ang m̄ga balahibong tumatakip sa ulu, at hinal'kan sa m̄ga pikit na mata.

"Marahil ai sia ang nagaut sa aking marikit ng tagarau." ang kaniang isip-isip. "Anong laking ligaya ang ibinigai sa akin ng sintang magandang ibon!"

Tinakpan ng topo ang butas na pinagdaanan ng liuanang ng arau at inihatid ang m̄ga babai sa kanilang bahai. Nguni at ng kinagabihan ai hindi makatulog si Gahinlalaki, nagbañgon nga sia at lumala ng isang malaki at magandang banig na dinala sa ibon, ikinumut sa kania, at linagian sa palibut ang ibon ng malalambut na bulak na kaniang nasumpungan<sup>3</sup> sa bahai ng dagang bukid, upan ding huag totoong malamigan sa kinararatayang lupa.

"Samahan ka nauâ ng Dios, maganda't maliit na ibon!" ang sabi nia. "Samahan ka naua ng Dios at salamat sa yong marikit na aut ng tagarao, niaong mai dahon pa ang lahat ng kahui, at mainit pang sinisikatan tayo ng arao!" At sakâ ipinatong nia ang kaniang ulu sa dibdib ng ibon, nguni at nagitla kapagdaka, sapagka at tila бага tumitibuk<sup>1</sup> sa loob. Yaon nga ang puso ng ibon. Hindi pa nga patai ang ibon, sia'i hinimatai lamang, at ngaiong muling nainitan, ai pinagsaul'an ng buhai.

Pag masuk ng taglamig nangagliliparan ang lahat nâ layang-layang tungû sa maiinit na lupa; nguni at itong isa ai nahuli, inabot nga ng ginau, at lumagpak at natabunan ng malamig na busilak.

Nanginig si Gahinlalaki ng labis, sia'i gitlang gitlá, sapagkat ang ibon ai malaki, malaki ngang labis kaisa sa kania na gagadaliri lamang kalaki, nguni at nagtapang-tapañgan, pinagiging<sup>4</sup> binalot ng bulak ang láyang-layang, kinuha ang isang dahon ng menta,<sup>4</sup> na kaniang kumut, at itinakip sa ulu ng ibon.

2 Hinaui: itinaas.

3 Nasumpuñgan: natagpuan, nakita.

1 Tumitibuk: kumukutog; pumipintig; "sound of heartbeat".

2 Pinagsaul'an: buhat sa "pinagsaulian" na ang kahulugan ay pinagbálikán.

3 Pingiging: pinagbuti.

4 Menia: balsamo, isang uri ng malangis at mabangong dagta.



Dinalau niang muli sa sumunud na gabi, at natagpuan nga niang buhai, nguni at mahinang-mahina, bahagiâ nang maimulat<sup>5</sup> na sumandali ang mga mata at mating'nan si Gahinlalaki na nakatayu sa harapan nia taglai isang kaputul na buluk na kahui, sapagkat at ualâ siang linterna.<sup>6</sup>

"Salamat sa yo, ikau maganda at maliit na bata!" ang sabi ng maisakit na layang-layang. Magaling akong nainitan; mada-ling pagsaulian ako ng lakas at muling makapagpapalipad doon sa labas sa mainit na sikat ng arau!"

"O", ang sagot ni Gahinlalaki, "maginaw doon sa labas, nahuhulog ang busilak at namumuô ang tubig! Matira ka sa mainit mong banig, ataalagaan nga kita!"

Dinal'han nga nia ang layang-layang ng tubig sa isang dahon ng bulaklak, uminom nga ito at sinalita sa kania ang pagkaka-sugat ng isa niang pakpak sa tinikan, at dahil dito'i di sia nakalipad na mabilis paris ng ibang mga layang-layang, na nangagsilayu na, doon sa malayu, sa mga maiinit na lupa. Ng malaon nga ai nahulog sia sa lupâ. Ualâ siang masabi kundî ito at di man nia matamô<sup>1</sup> kung bakit sia hangan dito nakasapit.

Tumira sia doon sa ilalim habang tagginaw, inaalagaan siang mahal ni Gahinlalaki, ni ang topo ni ang dagang bukid ai ualâ mang namalayan, sapagka at hindi nga nila matiis ang kaau-auang layang-layang.

Pagdating nga ng pamumulaklak ng mga kahui at pagsikat na mainit ng arau sa lupâ, ai nagpaalam ang layang-layang kai Gahinlalaki, na binuk'san ang butas gauâ sa bubung ng magdu-dukul-lupâ. Maaliu na pinasok silâ ng sikat ng arau, at itinanong ng layang-layang kung ibig niang sumama; makauupu rau sia sa kaniang balugbug,<sup>1</sup> at lilipad silâ sa malayu, sa madahong gubat, Nguni at talos<sup>2</sup> ni Gahinlalaki na ikalulunkut ng matandang da-gang gubat ang kaniang paghualai.

---

<sup>5</sup> Maimulat: maidilat.

<sup>6</sup> Linterna: parol; "lantern".

---

<sup>1</sup> Matanto: maalaman.

<sup>1</sup> Balugbug: likod, "spine".

<sup>2</sup> Talos: alam.

“Hindi, hindi ako makasasama!” ang sagot ni Gahinlalaki.

“Paalam sa yo, paalam, ikau mabait at magandang dalaga!” ang sabi ng layang-layang at lumipad sa labas ng sikat ng arau. Sinundan sia ng mata ni Gahinlalaki at pinañgiliran<sup>3</sup> ng luha sa pagka at mahal sa kaniang loob ang abang layang-layang.

“Kuibit, kuibit!” ang huni ng ibon at lumipad sa makahui na gubat. Si Gahinlalaki ai totoong nalunkut. Di sia pinahihintutulang pumaroon sa mainit na sikat ng arau. Ang palai, na nakatanim sa bukid sa ibabau ng bahai ng daga, ai lumaki at tumaas na matayug;<sup>4</sup> yao’i parang isang masúkal na kagubatan para sa kaaua-auã at maliit na dalaga na gagadaliri kataas.

“Ngaion habang tagarau ai dapat mong tahiin ang iong damit na ipagkakasal!” ang sabi ng dagang bukid sa kania; sapagka at namulung<sup>5</sup> na ang kapitbahai, ang nakaaantok na topong gayak ang terciopelong itim. “Dapat kang magkaroon ng damit na lino at lana,<sup>6</sup> sapagka at di ka dapat magkulang ng anoman pag ikau ai naging asua ng topo!”

Napilitan nga si Gahinlalaking umupú sa ulukan,<sup>1</sup> at ang dagang bukid ai umupa ng apat na gagamba na gabí at arau ai nag uulak<sup>2</sup> at naghahabi para kai Gahinlalaki. Gabigabi ai dinadalau sila ng topo at laging sinasabi na pagka ang tagarau ay matatapus na, ang arau ai masanting<sup>3</sup> ang sikat ng arau na paris nga ngaion; sia nga pagkalampas dau ng tagarau, ibig niang pakasalan si Gahinlalaki. Nguni at di ko ito ikinatutuá ni Gahinlalaki, sapagka at di nia malunuk<sup>4</sup> ang nakaaantok na magdukdal lupã. Tuing umaga pagsikat ng arau, at tuing hapon paglubug nagaalpas sia at nalabas sa pintó, at saká paghumihip ang hañgin at nahau ang mga uhai ng palai, at nasusuliapan nia ang asul na langit, naalaala nia na maliuanag at maaliu

3 Pinañgiliran: luhang sumusungao sa gilid ng mga mata.

4 Matáyug: mataas.

5 Namulung: nakipagpulong, nakipanayam. Dito’y nangangahulugang nanhik o nakipagayos sa isang binabalak na kasalan.

6 Lino at lana: “linen and woolen”.

1 Ulakan: habihan; “spindle”.

2 Naguulak: lumalala; “weaving”.

3 Masanting: mainit, katulad ng sikat ng araw.

4 Di nia malunuk: ito’y karaniwang pananalita (colloquialism) na ang ibig abihin ay “hindi gusto”.

doon sa labas, at ninananasang mahigpit na muling makita ang mahal na layang-layang; ñguni at ito'i di na muling bumalik, marahil ai sia'i malayo at lumipad sa maganda at madahong gubat.

Nang dumating na ang panglalagas ñg m̄ga dahon,<sup>5</sup> ai tapus na ni Gahinlalakí ang lahat niang damit-kasal.

"Sa loob ñg apat na lingo ai ikakasal ka!" ang sabi ñg dagang gubat. Nguni at si Gahinlalakí ai nagiiyak at ang sabi ai di nia ibig ang nakaaantok na topo.

"Schnickschnak!" ang sagot ñg dagang bukid.

"Huang kang magmatigas ñg ulu at kakagatin ñg mapuputi kong ngipin! Kaandang lalaki ñg magiging asaua mo! Ang reina mai uala ñg kaiong maitim na balat terciopelo! Ang kusina nia at bodega ai punû. Ypagpasalamat mo sia sa Dios!"

Ngaion ikakasal na silá. Dumating na ang topo, at kakaunin si Gahinlalakí; sia'i dapat tumirá sa kaniang bahai doon sa malalim, sa lupa, di na sia lálabas sa mainit na arau, sapagka at ito ay hindi matiis ñg topo. Ang abang batâ ai totoong malunkut; ngaion sia magpapaalam sa maligayang arau, na nakikita nia sa pintu ñg bahai ñg dagang bukid.

"Paalam, samahan ka nauâ ñg Dios, ikau maliuanag na arau! ang wika nia at itinaas ang m̄ga kamai sa itaas at lumakad ñg ilang hakbang sa harap ñg bahai ñg dagang gubat; sapagka at ngaion naani na ang palai ai ualang natitirang nagtayo kundi ang m̄ga tióng dayami.<sup>1</sup> "Paalam, samahan ka naua ñg Dios!" ang uika nia at linigid ñg kaniang mga baraso<sup>2</sup> ang isang maliit na mapulang bulaklak na dooi nakatayo. "Ypagkumusta mo ako sa maliit na layang-layang kung sakali at yo siang makita!"

"Kuibit, kuibit!" humuning biglâ sa itaas ñg kaniang ulu, tumiñgala sía, yaon ñga ang maliit na layang-layang na nagkataong dumaan. Natuang lubus si Gahinlalaki ñg sia'i makita; sinalita

5 Panglalagas ng mga dahon: "Autumn".

1 Dayami: tuyong damo o tuyong puno ñg palay.

2 Linigid ñg kaniang mga baraso: niyapos o kinulong sa kanyang mga baraso.

nga nia na lason sa kaniang loob ang pakasal sa pañgit na topo, at sia'i patirahin doon sa ilalim ng lupa, doon sa di naabot ng sikat ng arau. Di nga sia makapagpigil na umiyak.

"Ngaion darating ang malungkut na tagginau," ang sabi ng maliit na layang-layang; "ako'i lilipad na malayu doon sa maiinit na lupâ, ibig mong sumama sa akin? Makauupu ka sa aking balugbug! Ytali mo lamang na mahigpit ang yong katauan ng yong pamigkis, at saka liliparan natin ang pañgit na topo, ang kaniang madilim na bahai, lalampasan natin ang mga kabundukan at darating tayo sa maiinit na lupâ, doo'i lalong marikit ang sikat ng arau, palaging taginit at laging mai maririkit na bulaklak. Lumipad ka lamang na kasama ko, ikau mahal at maliit na si Gahinlalaki, na nagligtas sa aking buhai ng ako'i nakahandusai na parang patai sa madilim na lungâ!"

"Totoo nga, sasama nga ako sa yo!" ang sagot ni Gahinlalaki at umuupu sa balugbug ng ibon, ang mga paa sa tupi<sup>2</sup> niang buntut, it mali ang kaniang pamigkis sa isang katibai-tibayang pakpak at saka lumipad na napaimbulug<sup>3</sup> ang layang-layang, sa ibabau ng mga gubat at dagat, sa itaas ng matatayug na bundok na laging linalatagan<sup>1</sup> ng busilak; nagiginau si Gahinlalaki sa malamig na hañgin, nguni at nagsusumiksik sia sa maiinit na bayanibo ng ibon at ualang isinusungao<sup>2</sup> kundi ang maungit na ulu ng mapagmalas<sup>3</sup> pagtakhan ang lahat ng mga karikitan.

Dumating nga sila sa maiinit na lupa. Doon sumisikat ang arau na maliuanag na lalo, ang lañgit ai mataas na maikalaua at nagsisitubu sa mga hukai at mga burul<sup>4</sup> ang magagandang verde at azul na uvas. Nañgagbatin sa mga kagubatan ang mga dayap at dalandan, dito humahalimuyak<sup>5</sup> ang mirto<sup>6</sup> at menta, at sa

---

1 Nakahandusai: nakahiga o nakaupo na karaniwa'y walang máláy-táo.

2 Tupi: tiklop, "folded".

3 Napaimbulug: lumipad na paitaas; "soaring".

---

1 Linalatagan: natatakpan.

2 Isinusungao: inilalabas, katulad ng pagsungao ng ulo sa bintana.

3 Mapagmalas: mapagmasdan.

4 Burul: gulod; "small hill".

5 Humahalimuyak: kumakalat ang bango.

6 Mirto: "myrtle".

m̄ga lansaṅgan<sup>7</sup> nagtatakbuhan ang m̄ga magagandang bata, kalaro ang m̄ga malalaking sári-sáring kulai na paro-paro. Nguni at ang layang-layang ai lumipad pa ñg lumipad, at ang lupa'i sumayá pa ñg sumayá. Nakatayu sa tabi ñg isang azul na dagatan, sa lilim ñg malalaki at mayayabung<sup>8</sup> na kahui isang maputing nakasisilao na palasiong marmol<sup>1</sup> ñg una pang panahon. Gumagapang na napaiitaas sa m̄ga haliging matatayug ang m̄ga punu ñg uvas; at sa kaitasan ang m̄ga pugad ñg m̄ga layang-layang na nagdala kai Gahinlalakí.

"Yto ang aking bahai!" ang sabi ñg layang-layang. "Data-pua at kung ibig mong piliin ang isa ñg m̄ga karikit-díkitang bulaklak na doon sa ibabâ sumisibul, dadal'hin kita doon; at lalagai ka ayon sa yong nasâ!"

"Anong kanam!" ank uikâ ni Gahinlalakí at nagpasaltak<sup>2</sup> ñg "Anong kainam!" ang uikâ ni Gahinlalakí at nagpasaltak<sup>2</sup> ng daliri.

Doon nakahigâ ang isang malaki at maputing haliging mármol, na nabual sa lupa at nagkatatlong piraso, ñguni at sa m̄ga pagitan nito nagsisibul ang magaganda, malalaki at mapuputing bulaklak. Ylinippad ñg layang-layang na paibabâ si Gahinlalakí at ilinagai sa isang malapad na dahon. Nguni at anong pagkagitla nito! Doon sa gitna ñg isang bulaklak mai nakaupong isang maliit na lalaki, maputi at malinao na tila бага bubug<sup>3</sup> pútung nia sa ulu ang isang marikit na koronang ginto, at sa likod ai mairoong magaganda at masisinag na pakpak, at sia ñga ai kasinglaki lamang ni Gahinlalakí. Yaon ñga ang angel ñg bulaklak. Sa bauat isang bulaklak ai mai tumitirang isang maliit na lalaki ó babaí, ñguní at ito ang naghaharí sa kanilang lahat.

"Sanctus Deus,<sup>1</sup> anong ganda!" ang bulung ni Gahinlalakí sa layang-layang. Knagulatang totoo ñg maliit na principe ang la-

7 Lansangan: "street".

8 Mayayabung: malago; "abundant, thick".

1 Marmol: "marble".

2 Nagpapasaltak: nagpatunog.

3 Bubug: kristal.

1 Sanctus Deus: isang karaniwang bulalas (exclamation) na naglalarawan ng gulat, pagkamangha o saya.

yang-layang, sapagka at sa kaniang liit at kauntian ai ito isang malaking ibon; ñguni at ñg masuliapan si Gahinlalakí ai natúa siang lubus; kailan man ualâ siang nakita na kasing-gandang dalaga. Kaya ñga inalis sa kaniang ulu ang koronang ginto at ipinatong sa kania, itinanong kung ano ang ñgalan nia at kung ibig kayang pakasal, at maging reina ñg lahat ñg m̄ga bulaklak! Sia ñga po, ito'i iba ñgang tunai sa anak ñg palaka at sa magdudukal-lupa na mai damit ñg maitim na terciopelong balat. Kaya ñga pinaoohan<sup>2</sup> nia ang marañgal na principe at sa bauat isang bulaklak dumating na nangaling ang isang marañgal na babai o lalaki, labis ñg ganda na katuatua;<sup>3</sup> bauat isa'i maitaglai na alai, ñguni at ang kagaling galiñgan ai dalauang magagandang pakpak ñg isang malaki at maputing lañgao; ikinapit ñga itong matibaf sa likod ni Gahinlalakí, at ñgaion ai nakakaluksu na sia palipatlipat sa m̄ga bulaklak. Nañgagsaya nga silang totoo at inautitan silang pinakainam ñg layang-layang na na kaupû sa itaas sa kaniang pugad; ñguni at sa loob nia ai malunkut sa pagka at mahal sa kania si Gahinlalakí at di sana ibig na hiualayan sia magpakailan pa man.

“Hindi ka dapat magñgalan ñg Gahinlalakí!” ang sabi sa kania ñg angel ñg bulaklak. “Ya'i isang pañgit na ñgalan at kami ai maganda. Panganganlan ka namin ñg Maya.”

“Paalam sa yo, paalam sayo!” ang sabi ñg maliit na layang-layang at lumipad na muling umalis sa maiinit na lupa at tuñgu sa malayo, sa Dinamarka; doon mairoon siang isang maliit na pugad sa ibabau ñg dungauan na tinitiarhan ñg taong marunung magsalitâ ñg m̄ga sarisaring buhai, umaut sa kania ñg “Kuibit, kuibit!” Kaya ñga naalaman namin ang buong salitâ.

<sup>2</sup> Pinaoohan: pumayag, sumangayon.

<sup>3</sup> Katauatua: kalugod-lugod; “delightful”.

## ANG PANGIT NA SISIU NG PATO \*

MALIGAYA ÑGANG LUBOS doon sa labas ñg bayan; niao'i tagarau, ang trigo ai naninilao, ang avena<sup>1</sup> ai verde, at ang damo ñg mamamandala<sup>2</sup> doon sa murang sakatihan at doon inihahakbang ñg cigueña<sup>3</sup> ang kaniang mapupulang paa at humuhuni ñg uikang egipcio<sup>4</sup> sa pagkat itong uikang ito ai pinagarálan nia sa kaniang ina. Sa palibot ñg parang at ñg damuhan nañgagtayô ang masúsúkal na kagubátan, at sa gitná ñg gubat mai isang malalim na dagátan sia ñga, maligaya ñgang tunai na tunai doon sa labas ñg bayan! Sa nasisikatan ñg arau ai nakatayô ang isang bahai ñg mataas na tao, ligid ñg malalim na bambang,<sup>5</sup> at mulá sa pader hanggang sa tubig ai nagsisibulan ang malalaking púnú ñg bigâ<sup>6</sup> at matataas, kayâ ñya at ang m̄ga bata ai nakasisilong na patindig sa ilalim; ñguni at doo'i masukal na anaki'i katumúkan<sup>1</sup> ñg parang. Dito mai nakaupu sa pugad na isang pato<sup>2</sup> na dapat limliman<sup>3</sup> ang kaniang m̄ga sisiu, ñguni at halos nayayamot na sia bago mañgagputúkan ang m̄ga itlog, at saka pa bihirâ siang daluin dahil at minamagaling pa ñg m̄ga ibang pato ang maglañguyan sa m̄ga bambang sa umahon at sumilong sa isang dahon ñg bigâ at makipagtaltalan<sup>4</sup> sa kania.

Nang malao'i nagputukan din ang m̄ga itlog na sunud-sunid. "Pip. pip!" ang uikâ at ang lahat ñg m̄ga itlog ai nañgabuhai at ang m̄ga batang bibi ai nagultaan ang ulu.

\* Ang Pangit na Sisiu ñg Pato: "The Ugly Duckling".

1 Avena: "oats".

2 Namamandalá: nakasalansán o nakabuntón katulad ñg palay sa bukid bago giikin.

3 Cigueña: tagák; "stork".

4 Egipcio: nahihinggil sa Ehipto (Egypt).

5 Bambang: pádaluyan ñg tubig; "canal".

6 Bagá: "burdock".

1 Anaki'i katumúkan: katulad ñg isang muntí at makapal na damuhan.

2 Pato: itik; "duck".

3 Limlimán: halimhímán; "to sit on eggs, as a hen".

4 Makipagtaltalan: magsihuni ñg 'kwak, kwak'; "to cackle".

5 Nagraprapan: huni ñg pato na hinangó sa "rapp-rapp".

"Rapp, rapp!" ang uika ñg ina at nagraprapan<sup>5</sup> naman silang lahat ayon sa kanilang kaya at nagpabiling-biling<sup>6</sup> sa palibut sa ilalim ñg m̄ga murang dahon, pinabayaan naman ñg ina sila'i magsipagmalas habang ibig nila sa pagka at ang kulai murâ ai mabuti sa mata.

"Ano ñga palang laki ñg mundo!" ang sabi ñg m̄ga sisiu; palibhasâ ai ñgaion ibâ ang kanilang kinalalagian sa noon sila ai nasasaitlog pa.

"Ang isip ba ninio ai ito na ang buung mundó?" ang tanong ñg ina. "Yto ai lumalatag pang malayu hangan doon sa kabilang tabi ñg halamanan, abut hangán sa bukid ñg Cura,<sup>1</sup> ñguni at ako'i hindi pa nakasasapit<sup>2</sup> doon! Tipón ba kayo?" ang tanong niang kasunud at tumindig. "Hindi, hindi pa napipisang<sup>3</sup> lahat, naroon pa ang malaking itlog. Gaano pa magalalaon<sup>4</sup> yan? Ako'i mayayamot na!" At muli siang lumimlim.

"Ano, komusta kayo?" ang sabi ñg isang matandang pato na dumating at dumadalau.

Tumatagal na totoo itong isang itlog!" ang sabi ñg itik na lumilimlim; "ayau pang mapisâ; ñguni at suliapan lamang ninio ang iba doon? di ñga бага sila ang m̄ga kagandagandahang bibi na namalas kailan pa man? Kamukha mandin silang lahat ñg kawang ama; ang hampas-lupâ ai hindi man lamang dumarating at ako'i dalauin."

"Tingnan ko ñga ang itlog na hindi mapisa!" ang uika ñg matandâ. Maniualâ kayo sa akin, ya'i isang itlog ñg pavo,<sup>5</sup> minsan ai nangyari din sa akin ang kaparis, at laki ñg aking hirap at alagâ sa m̄ga sisiu dahil sa sila'i takút sa tubig. Hindi ko mandin<sup>6</sup> silá mapalusung,<sup>7</sup> tinatañgai ko at sinisigauan ko sila, ñguni at ualang saisai,<sup>8</sup> Tingnan ka ñga ang itlog. Sia ñga, yan

---

6 Nagpabiling-bilng: nagpalinga-lingá; "to look around".

1 Cura: kura, parí.

2 Nakakasapit: nakarating, naka-aabot.

3 Napipisang: buhat sa salitang "napipisá" na ang kahulugan ay lumabas ang sisiw sa itlog.

4 Maglalaon: magtatagal.

5 Pavo: pabo; "turkey".

6 Mandin: tila, anaki; "it seems".

7 Mapalusung: mapababá.

8 Ualang saisai: walang kabuluhan; "useless".



ñga'i itlog ng pavo, bayaan nio sia turuan pa ninio ang ibang m̄ga anak na lumañgoi."

"Lilimliman ko pa siang sandali" ang sabi ñg itik matagal nakapaginot<sup>1</sup> lumimlim, makauupú pa akong sumandali!"

"Kayo ang bahalâ!" ang uika ñg matandang itik at umal's.

Ng malao'i nipsisâ ang malaking itlog. "Pip, pip!" ang uika ñg sisiu at lumabas; ito'i malaki at pangit. Pinagmasdan sia ñg itik na inahin. "Yto'y isang malakas at malaking sisiu ñg ítk." ang sabi nia; "alin man sa iba ai hindi nia kamukha; sísfu ñga ka-yâ baga ito ñg pavo? Ngaion natin malalaman, lulusung sia sa tubig, mapilitan man akong sia'i itulak".

Sa kinabukásan ai mainam at maganda ang panahon. Arau ai sumisikat sa lahat ñg bigâ. Ang itik na inahin ai naparoon sa bangbang kasama ang lahat ñg anak; platseh! lumuksu ñga sia sa tubig. "Rapp, rapp!" ang uikâ nia at nagtalúnang sunudsunud ang m̄ga bibi; sila'i matatabunan ñg tubig hangang ulu ñguni at muling nalitau at naglañguyang mainam, ang m̄ga paa'i kumukauai ñg magisa; lahat sila'i nasasa tubig, pati ñg pangit at kakatuang<sup>2</sup> bibi a lumalañgoi.

"Hindî ñga, hindî ñga ito pavo!" ang sabi ñg inahiná masda't anong galng kumauai, matuid tumayô; anak ko ñga siang tunai. At sakâ maganda rin naman, kung talagá siang pagmamas'dan. Rapp, rapp—Sumunod kayô sa akin, ibig ko kayong akayin at dal'hin sa marangal na bahai, ibig ko kayong ipakilala sa palacio ñg m̄ga itik, ñguni at lumapit lamang kayong palagi sa akin ñg huag kayong mayapakan<sup>1</sup> ñg sinoman, at pañgilagan<sup>2</sup> ninió ang m̄ga pusa!"

Nások ñga silá sa palacio ñg m̄ga ítik. Kaiñgai na katakot-takot ñga sa loob sa pagkat doo'i dalauang ankang<sup>3</sup> nagaaga-

1 Nakapaginót: nakapaghintay.

2 Kakatuang: buhat sa salitang "kakatuá" na ang kahulugan ay "kalbá at nakakátawá".

1 Mayapakan: matapakan.

2 pañgilagan: iwasan; "avoid".

3 Angkang: buhat sa salitang "angkan" na ang kahulugan ay sangba-ayán ó pamilya.

guan sa isang ulu ñg igat,<sup>4</sup> at sa katapustapusan ai nahúlug sa kukú ñg pusâ.

“Mas’dan ninió, ganian ñga ang lákad ñg mundó!” ang uiká ñg inahing itik at kinuskús ang kaniang tuká sa pagka at nakakabig din naman sia sa ulu ñg igat. “Lakad kayo!” ang uiká. Magpilit kayong makapiyak,<sup>5</sup> at iyukú ang iniong liig sa harap niaong matandang ítik doon; sia ang karañgaldañgalan<sup>6</sup> sa lahat; sia ai dugung-Kastilâ kayâ ñga sia totoong matabâ; at mas’dan ninió; sia ai mairoong mapulang tauing<sup>7</sup> sa palibut ñg paa, yan ai dí maabot masabi ñg dikit, at ang kalakílahang palitandâ na maibibigai sa isang itik; malaking lubhâ ang kaniang kahulugan, na dí bagá sia ibig maualâ at makilala agad ñg háyup man ó tao man. Magrap-rapan man kayo; huag ipapasók ang paa. Ang isang mai pinagkalak’hang<sup>2</sup> bibi ai iniungkang<sup>3</sup> ñg magaling ang dalauang paa, paris ñg amá at iná; tingnan ninió ganitó. Ngaion iyukú ang iniong liig at sabihin: “Rapp!”

Sinunud ñga nila ito; ñguni at pinagmas’dan sila sa palibut ñg ibang mañga itik at nagsalitáang pasigau: “Ting’nan mo. Ngaion madaragdangan na naman tayo ñg isang kabanán,<sup>4</sup> tila bagá hindi pa tayo labis, at pfui! anong kapañgit niaong isang bibi ya’i dí natin dápat payágan!” At kapagkaraka’i linipad sia ñg isang itik at kinagat sa liig.

“Pabayaan mo sia, huwag mong galauin!” ang uika ñg ina. “Di nila kinikibô ang sinoman!”

“Sia ñga, ñguni at napakalakí at di karaniuan” ang sagot ñg mnñgañgagat na itik. “dahilan dito ai dapat siang mahimulmulan!”<sup>5</sup>

“Magaganda ang mga inakai<sup>6</sup> ng inahin,” ang sabi ng itik na

4 Igat: palos; “eel”.

5 Makapiyák: mañgay; “to bustle about”.

6 Karañgalan: pinakadakila.

7 Tauing: kulay pulá sa palibot ñg paa ñg pato.

1 Palitandá: katañgian, pagkakaiba; “distinction.”

2 Mai pinagkalak’hang: buhat sa salitang “may pinagkalakihan” na áng kahulugan ay “may pinag-aralan.”

3 Iniuungkang: “to turn toes out”.

4 Kabanán: kawan; “herd”.

5 Mahimulmulan: alisan ñg balahib, o katulad ñg sa manok ó pato kung luluuin; “to pluck the feathers.”

6 Inakai: ákay; “brood”.

mai pamuti sa paa. "Lahat sila ai magaganda patí ñg isang hindi nagkapálad,<sup>7</sup> pahintulútan akong magnasa na inió siang mabago".

"Hindi pô maaari, mahal na maginoo," ang sagut ñg inahin; "hindi ñga magandá nguni at mabait mainam lalañgoi, kasin dikít<sup>1</sup> ñg ibá, at masasabi ko pang, marikít pa sa ibá; sapantahâ ko pó, ai gagandá paglakí at liliit ñg kaunti sa habâ ñg panahon; matagalang nátira sa itlog at kaya ñga hindi nagkaroon ñg mabuting kías!"<sup>3</sup> at binátak sa líig at pinakinis<sup>4</sup> ang balahibo. "At sakâ po ai sia'i isang itik na lalaki," ang idinugtung nia; "at dahilan doon ai ualang malaking manualâ. Sa bantâ ko po ai totoong lálakas, magaling na pong sisísid."

"Ang ibang m̄ga bibi ai kaligaligaya" ang uikâ ñg matandâ. "Ypalagai niniong kayo'i nasa sarili, at kung kayo'i mai matagpuang ulu ñg igat ai maibibigai ninió sa akin."

At lumagai ñga silang para sa sarili.

Nguni at ang kaauauang bibi na huling nipsisâ na pañgit na na lubhâ ai pinagkagátan, tulákan, tuyáan<sup>5</sup> at hindi lamang ang m̄ga itik kundí patí ñg m̄ga manok. "Napakalakí," ang sabi nilang lahat at ang papo na nagaakalâ na sia'i emperador<sup>6</sup> dahil at sumiput sa mundó na mai tahid,<sup>7</sup> nañgalisag<sup>8</sup> na parang sasakiang kadjad ang lahat ñg láyag<sup>9</sup> tinuñgo sia, pinaltok<sup>10</sup> sia, kayâ ñga at namula ang líig. Di ñga maalaman ñg kaauáauang bibi kung saan tatayô ó tutuñgo; malumbai ñga siang totoo dahil sa kaniang kapañgitan at dahil sa sia'i pinaglilibákan<sup>1</sup> ñg tanang<sup>2</sup> kaitikan.

Gayon nakaraos ang unang arao, ñguni at nalalacn at nala-

7 Hindi nagkapalad; "unlucky".

1 Kasin dikít: kasing gandá, kasing inam.

2 Sapantaha: palagay.

3 Kías: anyó, tikas, "shape".

4 Pinakinis: pinakintab; "polished".

5 Tuyáan: birúan, paguyam; "jeering."

6 Emperador: hari ñg malaking bansá; "emperor".

7 Tahid: "spurs".

8 Nañgalisag: nagpapatayó ng balahibo, kung natatakot ó nagagalit, ká-tulad ñg pusá; "hair standing on its end".

9 Láyag: "sail".

10 Pinaltók: sinakmál; "gobbled.

1 pinaglilibákan: tinutuyá; inu-uyam.

2 Tanáng: buhat sa salitaáng "tanán" na ang ibig sabihin ay kalahatán kabuón.

laon ai lalong sumasamâ. Lahat ai nagtatabuyan sa bibi, at pati ñga ñg mġa kapatid ai naiinip sa kania at laging sabisabi: "Mada-  
kip ka sana ñg pusâ, ikau pañgit na kulugu!"<sup>3</sup> at ang uikâ ñg inâ:  
"Lumayas ka sana lamang ñg malayu!" Pinagtutukâan sia ñg  
mġa itik, at sinasabong ñg mġa manok at tinatadyakan<sup>4</sup> sia ñg  
alilang babai na nagpapatukâ sa mġa hayop.

Lumipad ñga sia at nagtânan sa kuluñgan; nagliparang gitlá  
ang mġa ibon sa mġa túmuk. "Ya'i nangyayari dahil at ako'i to-  
toong pañgit!" ang isip-isip ñg bibi, at pumíkit at lumipad ñg  
lumipad; at dumating ñga sa kumunoi<sup>5</sup> doon sa tirahan ñg mga  
patong gubat. Dito sia tumirang magdamag, pagod siang labis  
at lubhang malumbai.<sup>6</sup>

Sa kinaumagahan ai nañgagising ang mġa patong gubat at  
pinagmas'dan ang bagong abai.<sup>7</sup> "Anó ka?" ang tanong nilá, ang  
bibi ai nagbigai ñg magandang arao sa lahat, at pinagbuti ang pag-  
bati.

"Napakalabis ka kapañgit!" ang sabi ñg mġa patong bunduk.  
Nguni at pababayaang ka namin kung huag ka lamang magaasaua  
sa isa sa aming an'kan." Malayû ñga sa isip ñg kaauauang bibi  
ang magasaua, pahintúlutan lamang siang umupû sa balangot at  
uminom ñg kaunting tubig sa kumunoi.

Nátira ñga sia doong dalauang arau. Nagkataon namang  
dumating ang dalauang gansang búkid,<sup>1</sup> ó lalong malinao dalauang  
gansang lalaki bulubundúkin;<sup>2</sup> di pa ñga nalalaong sila'i napisâ  
sa itlog; at dahilan dito sila'i totoong matatabil.<sup>3</sup>

"Pakingan mo, abai" ang uikâ nilá, "Ykau ai napakapañgit  
na sukat naming mabatá;<sup>4</sup> ibig mong sumama at maging ibong  
galá?<sup>5</sup> Dito sa malápit ai mai isang kumunoi na tinitirahan ñg

---

3 Pañgit na kulugú: "wart"; ito'y karaniwang pananalitá (colloquialism)  
na ang ibig sabihin ay masamang hitsura at nakasusuklam.

4 Tinatadyakán: sinisikaran, sinisipá.

5 Kumunoi: "mudhole, swamp".

6 Malumbai: malungkot.

7 Abai: kasama, "companion".

---

1 Gansang búkid: "wild geese."

2 Bulubundúkin: "mountainous".

3 Matatabil: masalitá.

4 Mabatá: matlis.

5 Ibong galá: "bird of passage".

ilang magagandang gansang bunduk, dalang tanan na nakapag-sasabi ng "Rapp." Ykau ai nasasalagai<sup>6</sup> na magauâ mo ang yong palad, pañgit ka mang labis!"

"Piff, paff," ang pumutuk at ang dalauang gansang bunduk ai nahulug na kapuà sa balangot, at sa dugû ai namulá ang tubig. "Piff, paff," pumutuk na mulí, at naglipirán ang kabanang gansang gubat sa m̄ga balangot, at putukang mulí. Yao'i isang pañgañgasong malakí, ang mañgañgaso'i<sup>7</sup> naglibot sa kumunoi, at ang iba'i nañgapupû pa sa m̄ga sañga ng kahoi na nañgagduklai<sup>1</sup> sa tubig; kumalat ang azul na úsuk na anaki'i alapaap<sup>2</sup> sa madidilim na kahoi hanggang sa tubig; lumúsung sa tubig ang mga aso; platseh platseh!—ang balangot at kauayan ai nahauí sa magkabikabilá. Natakut ñgang lubhâ ang abang bibi; ibiniling ang ulu ng maitago sa ilalim ng pakpak; siang pagkakita sa piling nia ng isang kakilakilabot<sup>3</sup> na malaking aso; lailai<sup>4</sup> na mahaba ang diiâ at nagbabaga ang matá na nakatatakot; iniakma<sup>5</sup> ang kaniang bibig sa bibi ipnakita ang matulis niang ñgipin at — platseh! platseh lumampas na hindî sia sinakmal.<sup>6</sup>

"O salamat sa Dios!" ang idinaing ng bibi, "ako'i totoong napakapañgit na ang ano ma'i dî makakagat sa akin!"

Nátira ñga siang tahímik, samantálang humuhugung sa m̄ga balangot ang ulan ng bala at nagsusunudsunud ang putuk.

Nang matanhalian lamang tumahímik ñguni at dî makapañgasahas umultao ang kaauauang batang itik; nagantai pa siang ilang oras. bago tumiñgin sa palibot, at nagpakadaling lumabás sa kumunoi: lumipad ng lumipad sa bukiran at lamuhan, at nagkataon namang naghahañgin, kayâ ñga at sia'i nahirapan bago makalayô sa kinalalagian.

6 Nasasalagai: na sa kalagayan, may pagkakatáón.

7 Mañgañgaso: Mámamaril ng hayop-bundok; "hunters, sportmen."

1 Nañgagduklai: nañgagbitin, nakalaylay.

2 Alapaap: ulap; "cloud".

3 Kakilakilabot: kasindak-sindak: "frightful".

4 Lailai: nakalawít.

5 Iniakma: tinangká.

6 Sinakmal: hinulí, sinagpang.

Nang magdadakong hapon ai dumating sa isang maliit na kubu na palugsû<sup>1</sup> na, at tumatayô pa lamang dahilan at tila pa nagiiisip kung saan sia bubual. Sa hinugung-hugung ñg hangin at napilitan ang bibing bumabâ at mañgapit sa kubu; ñguni at luma-lalô; ñguni at namalas nia na ang pintô ai nakalinsad<sup>2</sup> sa isang bunsuran,<sup>3</sup> at biting pakiling<sup>4</sup> na makapapások sa loob ñg bahai kung magdaraan sa butas at sia ñga niang ginauâ.

Dito namamahai ang isang matandang babai kasama ang kaniang pusâ at ang kaniang manok, at ang pusang tinatauag niang bunsung-anak, ai marunung mamaluktut, mañgalisag, at kung minsan ai nagpapaalipato,<sup>5</sup> ñguni at nagkakailangang himasin ang balahibo ñg ito'i mangyari. Maliliit at maiikli ang m̄ga kalísô ng manok kaya nga, sia'i pinanganga'nlang (budigos) maikling paa umiitlog na mabuti at máhal sia sa babai na parang tunai na anak.

Sa kinaumagahan ai napansin kapagdaka ang bagong dating na bibi, nañgalisag ñga ang pusâ, at ang manok ai nagpuputak.<sup>8</sup>

"Ano yan?" ang uikâ ñg babai at tumiñgin sa palibot, ñguni at malabû na ang kaniang matá at akalâ nia'i ang bibi ai isang matabang itik na doo'i naligau. "Yto ai isang katuâtuang huli!" ang uikâ nia. "Ngaion ako'i magkakaroon ñg itlog ñg itik. Huag sana lamang siang isang itik na lalaki. Ya'i ating matitik'man."

Tatlong lingo ñgang pinagbantayan ang bibi ñguni at ualang sumiput na itlog. Namiminunû<sup>1</sup> sa bahai ang pusâ at ang inahin ai parang pañginoong babai at lagî nilang sinasabi: "Kami at ang mundó!" sapagka at ang akalâ nilá, ai silá ang kagaling-galiñgang<sup>2</sup> kabiak ñg mundo. Nguni at ang sabi ñg bibi ai ang ibang tao ai

1 Napalugsú: gibá-gibá, nakaguhó; "dilapidated."

2 Nakalinsád: nakausli, nakalabas; "protruding".

3 Bunsuran: pangkawing, bisagra; "door-hinge".

4 Biting pakiling: Hápay ó pahilig na tayó.

5 Nagpapaalipato: nagpapalipad ng kislap ó niñgas; "to give out sparks".

6 Kalís: paa ñg manok.

7 Budigos-maikling paa: "Chickabiddy Short-shanks", palayaw ñg inahing-manok sa kuwentong itó.

8 Nagpuputák: "to cluck, as a hen".

1 Namiminunú: naghaharf.

2 Kagaling-galiñgan: pinakamagaling, pinakamabuti.

mairon din namang ibang akdâ, ñguni at ito'i hindi mapalampas ñg manok.

"Nakaitlog ka ba?" ang tanong nia.

"Hindi!"

"Kung gaio'i hindi ka dapat sumabat<sup>4</sup> pag nagsalita ang mga matitinong tao."<sup>5</sup>

Umupû ñga ang bibi sa isang sùluk at masamâ ang kaniang loob; sumaloob ñga sa kania ang malamig na hañgin at ang liuanag ñg arau; pinasúkan sia ñg malaking nasang lumañgoi sa tubig at di sia nakapígil na ito'i salit'in<sup>6</sup> sa manok.

"Anó ang naiisipan mo?" ang tanong nito. "Ykau ai ualang magauâ, kayâ ka sinusumpong!" Umitlog ka ó ikau ai mañgalísag at lalampasan ka ñg tuksú."

"Nguni at totoong mainam ang lumañgoi sa tubig," ang sagot ñg bibi, "kaligayang pasabuyin<sup>1</sup> sa ulo at sakâ sumisid sa kailaliman.

"Sia ñga, anong laking kalibañgan!"<sup>2</sup> ang uikâ ñg manok. "Ykau ai ulul ñgang tunai! Ytanong mo lamang sa pusâ, sia ang karunungrunuñgang pusang aking nakilala, itanong mo kung ibig niang lumañgoi sa tubig ó sumísid; di ko na ibig bumangit sa aking sarili. Tanonñgin mo ñga patí ñg ating pañginoon, ang matandang babai ualang dudunung sa kania sa ibabao ñg lupâ.

"Di ninió natatalastas<sup>3</sup> ang ibig kong sabihin," ang uikâ ng itik.

"Anó, hindi kami nakatatalastas? At sino pa ang makatatalastas sa yo? Bantâ ko'i di mo ibig sabihin na ikau ai marunung pa sa pusâ at sa babai, hindi ko na ibig bumangit sa aking sarili. Huag kang magpalalo, batâ, at pasalamátan mo ang mahal mong

---

3 Itahan mo ang buñgañga mo! magtigil ka! "stop talking, shut up!"

4 Sumabát: makialam, manghimasok.

5 Matitinong tao: "sensible folks".

6 Salit'in: buhat sa "salitain" na ang kahulugan ay sabihin.

---

1 Pasabuyin: pabiglang buhos ñg tubig.

2 Kalibañgan: kasayahan.

3 Natatalastas: na-iintindihan.

Maikapal dahil sa lahat ñg biayâ<sup>4</sup> na sa yo ai ibinigai. Hindî ka bagá nakarating sa isang mainit na bahai, at dî ka bagá nakikisalamuhâ<sup>1</sup> sa m̄ga taong yong mapupulútan?<sup>2</sup> Nguni at ikau ai isang matabil lamang at hindî mabuti na sa yo'i makisama. Mapaninuulaan mo ako, mabuti ang tankâ<sup>3</sup> ko sa yo, mapapait ang sa yo'i aking sinasabi ñguni at dito mo mapapagkilala ang mga tunai na kaibigan! Pañgusiuaan<sup>4</sup> mong matutunan ang pagitlog, ang pañgañgalisag ó pagaalipato."

"Sapantahâ ko'i ako'i maglalagalag sa mundó," ang sabi ñg itik.

"Oo ñga, lákad na!" ang sagot ñg manok.

Lumákad na ñga po ang bibi; lumañgoi sa tubig, sumísid, ñguni at dahil sa kaniang kapañgitan ai dî sia alumana<sup>5</sup> ñg lahat ñg hayop.

Ngaion ñga dumatíng ang taglamig, nanilau at nañgitim ang mga dahon sa gúbat, linágas sila ñg hañgin na nagiilandañgan,<sup>6</sup> at doon sa papayirin<sup>7</sup> ai guminau na ñga; mabibigat na nagbítin ang m̄ga alapaap na punû ñg túbig na buu at busílak, at mai isang nakatuntung sa bakod na isang uak<sup>8</sup> na napapahiau<sup>9</sup> sa ginau: "naku, naku!; oo ñga ang umísip lamang doon ai nakapañgañgalos.<sup>10</sup> Ang abang bibi ai totoo manding naghirap. Ysang hapon, ñg makalubug na ang arau, dumating ang isang kában<sup>11</sup> ñg madidilag at malalaking ibong gáling sa túmuk; gaion kaganda ai hindî nakakita kailan man ang bibi. Sila'i nakasisilao sa puti, mahahabâ at malalantik<sup>1</sup> ang liig, silá ñga ai m̄ga Cisne. Ang huni nilá ai kaibá, ibinubuka ang madidilag at malalapad na pagpak, at saká naglipáran lumayû sa malamig na lupâ patuñgó sa maiinit na m̄ga lupain, sa malalauak na dagat. Sila'i nañgagsipaímbulug na

---

4 Biayá: pagpapala; "blessing."

1 Nakikisalamuhá: nakikihaló.

2 Mapupulutan: "to learn something from".

3 Tanká: hañgarin, nasá.

4 Pañgusiuaan: dito ay "pagsikapan" ang kahulugan.

5 Alumana: pansin.

6 Nagiilandañgan: nagliliparan

7 Papayirin: maulap na pañganorin; "cloudy atmosphere."

8 Uak: "raven".

9 Napapahiaua: sumisigaw.

10 Nakapañgañgalos: magdamdam ng ginau, nakapañgañgaligkig.

11 Kában: kawan; "flock".

---

1 Malalantik: "long and flexible".



matáyug, at pinasúkan ñg katakátaka<sup>2</sup> sa loob ang pañgit at maliit na itik: nagpaikitikit na tila gulung sa túbig, itinuid at itinaas ang líg na parang pasunud sa kanilá, at sumigau ñg matunug at katakátaká na natákut sia sa kania ding sarili. Oh! hindi nga nia malimutan ang m̄ga magagandá at mapapálad na ibon, at ñg hindi na nia abutin ñg tiñgin ai sumísid síang matufd hangan sa kailálman, at ñg sia'i muling lumitao, ai totoo mandin siang nabagúhan. Dì ñga tantô ang ñgalan ñg m̄ga ibon, ni kung saan silá palipad, ñguni at hilig ang loob nia sa kanila na di bagá paris sa iba. Di naman nia sila kinaingitan; paanong papasapanimdim<sup>3</sup> nia ang magnasá ñg gaiong karikitan.<sup>4</sup> Ykinatuâ sana niang lubus, kung sia man lamang abá at pañgit na hayop, ai pinagbatahan<sup>5</sup> ñg m̄ga itik.

Lumalá na ñga po ang tagginau; ang bibi ai napipilítang maglalañgoi palibut-libut upan ding mapígil na manuû ang tubig, datapuâ at kumikipot ng kumikipot sa gabí ang ukâ<sup>1</sup> na kaniang linalañguyan: ang ginau ai gaion kalaki na naglalagitíkan ang ielo; kauai din ñg kauai ang paa ñg itik, ñg huag siang makulung ñg tubig na buu, ñguni at ñg malaon ai napagod, pumahiñga at ang tubig ai namuu at nabilango sia sa ielo.<sup>2</sup>

Sa kinaumagahang madaling arau, ai dumating ang isang mag-sasaká, at sia'i nakita; linapitan ñga sia at dinúnig<sup>3</sup> ñg kaníang chaping kahoi<sup>4</sup> ang ielo, at inuí sa bahai sa kaniang asaua ang bibi. Doon sia muling pinagsaul'an ñg ísip.

Ybig mandin siang paglaruan ñg m̄ga batá, ñguni at ang akala ñg bibi ai ibig siang sak'tan at lumipad sa takut sa kamau<sup>5</sup> ñg gatas, kayâ nga nabubu<sup>6</sup> sa bahai ang gatas; ang babai ai napasi-gau, nagdaop<sup>7</sup> ang kamai, at ang bibi ai lumipad sa baril ñg mante-

---

2 Pinasukan ng katakataka: kaibang pakiramdam; "strange feeling"

3 Papasapanimdim: nanaisin, gugustuhin.

4 Karik'tan, karikitan, kagandahan, karilagan.

5 Pinagbatahan: tiniis.

---

1 Uka: hukay, butas.

2 Nabilango sia sa ielo: nakulong sa loob ng namung tubig; "frozen".

3 Dinunig: binasag.

4 Chaping kahoi: bakya.

---

5 Kamau: paso; "milk-pan."

6 Nabubu: nabuhos at tumapon.

7 Nagdaop: "clasped".

quilla,<sup>8</sup> at sakâ sa pasô ñg gatas, at muling lumipad-lipad. Ynio sanang nakita. Humiyau ang babai, at hinampas sia ñg sipit,<sup>1</sup> ang m̄ga bata ai nagtakbuhan sa lahat na ito, upan ding máhuli ang bibi; tauanan at sigauan! Palad mandin at bukás ang pintô, at sia'i sa gitna ñg m̄ga tuyong damo, sa bago kahuhulug na busilak ai nakapagtago; doon sia humandusai<sup>2</sup> na pagod na pagod.

Nguni at kung sasalit'in ang lahat ñg hirap at sákit na binatá ñg bibi habang tagginau, ai totoong makalulunkot. Nakahigâ sia sa kumunoi, sa gitnâ ñg mga balangot ñg muling sumikat na masanting ang arau; naghuhunihan ang m̄ga jilgueros,<sup>3</sup> sapagka at yao'i masayang tagbulaklak.

Ngaion maipapagaspas<sup>4</sup> na muli ñg itik ang kaniang m̄ga pakpak, sila'i humúhugung na malakas sa dati, at ilinipad ñga siang mabilis; at bago ñga nia mapansin ai sumápit sia sa gitná ñg isang malaking halamánan, na kinataniman ñg nañgamumulaklak na punû ñg manzanas, doon humahalimuyak ang lila<sup>5</sup> at idinuduklai hangan sa pasíkutsikut<sup>6</sup> na m̄ga bangbang ang m̄ga mahahabâ at murang sañga. Oh, doon ñga maaliu at maligaya ang tagbulaklak! Nagkataon namang dumating na gáling sa isang kasukálan ang dalauang marilag at maputing Cisne; ipinagaspas nila ang kanilang m̄ga pakpak at lumalakgoi na marahan sa tubig. Nakilala ñg itik ang m̄ga magagandang hayup at sinidlan ang kaniang loob ñg di masabing kahapisan.

"Ybig kong lumipad sa kanilá at lumapit sa m̄ga ibong hari, at ako ai kanilang sisilain,<sup>1</sup> dahil at sa aking kapañgitan ai nañgañgahas akong lumiping;<sup>2</sup> ñguni at ano kaya sa akin! Mabuti pang ako'i patáin nilá sa himulmulan ñg m̄ga itik, sabuñgin ñg m̄ga manok, sikáran ñg alilang babai na nagaalagâ sa kulungan, at magbata ñg hirap at kasalatan,<sup>3</sup> sa tagginau." Lumipad ñga

---

8 Baril ng mantequilla: "butter-tub".

1 Sipit: "fire-tongs".

2 Humandusai: napalugmok, napahiga.

3 Jilgueros: "larks".

4 Maipapagaspas: ipaspas; "to flap, as the wings".

5 Lila: "the elder-tree".

6 Pasikutsikut: paikot-ikot: "winding."

---

1 Sisilain: dadagitin at kakanin; dito'y nangangahulugang bubugbugin.

2 Lumiping: lumapit.

3 Kasalatan: kahirapan.

sia sa túbig at lumañgoi na pasalúbong sa m̄ga maririkit na Cisne; namalasan sia nitong silá at sinalubong siang pumagaspas ang m̄ga pakpak.

“Patain ninio ako!” ang uika ñg abang hayop at iyinukú ang ulu sa salamin ñg tubig at nagantai ñg kamatayan. “Ñguni at anó ang kaniang nakita sa malinau na túbig? Nakita nia sa ilalim ang sariling larauan, na hindi isang magaspang<sup>4</sup> at abuhing<sup>5</sup> ibon na, pañgit at nakasusuklam kundî isang cisne ñga rin.

Ualang nauualâ ianak man sa kulungan ñg ítik, kung nalagai lamang sa itlog ñg Cisne.

Ykinatuâ ñga niang totoo ang lahat ñg hirap at pagapí<sup>6</sup> na kaniang binatá; ñgaion lamang nakilala nia ang kaniang lualhatí sa lahat ñg m̄ga karañgalang tíla bumabatí sa kania.

Lumalañgoi sa kaniang palibot ang m̄ga malalaking cisne at hinahaplos<sup>1</sup> sia ñg tukâ.

At sakâ dumating sa halamanan ang ilang maliliit na batâ na nagsabog sa tubig ñg tinapai at trigo, at sumigau ang kaliitliitan: “Ayon ang isang bago!” At ang ibang mga batâ ai nakíniau patí: “Sia ñga, mai isang bagong dumating!” “Nagpasaltak ñga silá ñg m̄ga dalirí at nagsayauan sa palibot, nagtakbuhan sa ama at ina, at nagtapon sa tubig ñg tinapai at bíbinká at ang sabi nilang lahat: “Ang bago ang siang maganda sa lahat, bata at marikit!” At yuku sa harapan nia ang matandang cisne.

Pinasúkan ñga sa ñg hiâ at isiniksik ang ulu sa ilalim ñg kaniang pakpak; di man ñga nia naalaman kung anó ang sukat niang gagauin, totoo siang naliligayahan ñguni at hindi nagpapalalo; sa pagka at ang isang mabuting puso ai kailan mai hindi nagiging palalo! Ynaala-ala nia na sia’i pinaghagáran at pinagtuyaán, at ñgaio’i naririnig nia na sia rau ang kagandangandahan sa lahat ñg ibon; pati ñg lila ai yumuyukú sa kania pati m̄ga

4 Magaspang: hindi makinis; “coarse”.

5 Abuhin: kulay abo; “gray”.

6 Pagapi: paghamak; “to slight”.

7 Lualhati: kaligayahan.

1 Hinahaplos: hinihimas; hinahagod.

sañga hangang tubig, at ang arau ai sumisikat na mainit ñg kainaman. Ypinagaspas ñga nia ang kaniang m̄ga pakpak itinaas ang malantik na líig at isinagau nia ñg boong puso: "Ganitong kalaking tuâ ai hindi ko man lamang napanaginip niaong akoi' isa pa lamang na pañgit na itik itíkan!"

## ANG SUGU \*

(Sa kamatayan ng kapatid.)

SA TUI-TUING MAMAMATAI ang isang mabait na batâ, ai nananaog sa lupâ ang isang sugu<sup>1</sup> ñg Dios, kinalong ang batang patai, ibinubuka ang m̄ga pakpak, at kumitikitil<sup>2</sup> ñg isang bigkís na bulaklak na ipapanhik sa Dios, upan ding sila'i doon muling manariuâ ñg maganda pa sa lupâ. Ang lahat nang bulaklak ai ikinakapit ñg sintang Dios sa kaniang dibdib, ñguni at hinahal'kan nia ang kaniang pinakamamahál sa lahat ñg bulaklak, at nagkaroon ñga ñg voces, at nakasasalang umauit sa malaking kalualhatian!

Aba't ang lahat na ito'i sinasalitâ ñg isang sũgũ ñg Dios samantalang ilinilipad sa lañgit ang isang patai na batâ, at napapakingan ñg batâ na tila sa panaginip; lumilipad silá sa ibabau ñg m̄ga bayanan sa sariling lupâ na pinaglaroan niaong maliit, at nagdaan sa maririkit na halamanang púnũ ñg m̄ga bulaklak.

"Alin kayâ baga ang ating kukunin at itanim sa Lañgit?" ang tanong ñg sũgũ.

Doo'i mai nakatayong isang mahaguai<sup>1</sup> at marakit na punũ ñg rosas, ñguni at binálf ñg isang malupit na kamai, kayâ ñga at nañgaglailai na tuyũ ang lahat ñg sañgang punũ ñg malalaki at ga bukas ñg buku. "Ang abang púnũ ñg rosas!" ang uikâ ñg batâ: "Kunin mó sia ñg uling manariuâ doon sa itaas sa Dios!"

Kinúha ñga yaong ñg anhel hinal'kan ang batâ dahil dito, at ga iminúlat ñg maliit ang kaniang m̄ga matá. Kumitil silá ñg marí-

---

\* Ang Sũgũ: "The Angell"

1 Sugu: kinatawan; dito ay sinugo ng Dios ang isang anghel upang tunupad sa isang kautusan.

2 Kumitikitil: isang kamalian ang pagkatitik nito sa salitang kumikitil, na ang ibig sabihin ay pumipitas.

---

1 Mahaguai: mataas na payat; "slender".

rikít na bulaklak, pumitas silá pati ñg alipustang<sup>2</sup> pandakaki<sup>3</sup> at ñg kamantiging<sup>4</sup> ligau.

“Ngaion mairon na tayong bulaklak!” ang uika ñg bata, at ang sugû ai tumaño, ñguni at hindi pa umakyat sa itaas sa Dios. Gabing tahimik gabing malalim niaon; sila’i tumigil sa malaking bayan at nagpalipadlipad sa ibabao ñg isang makiput na daang kinalalagian ñg m̄ga buntung dayami at avo:<sup>1</sup> tila mandin mai lumipat ñg bahai. Doon ñga nangagalat ang m̄ga bibiña, lupang-puti, basáhan at matatandang sambalilo, lahat ñg buluk at hindi marikit.

Tumurû ang angel dito sa halô-halong buntong sa isang durug na macetas, at sa isang bugal na lupâ na doo’i sumabog at nañga-ñgapit sa m̄ga tuyung ugat ñg isang halamang ualang halaga at dahil dito ai itinapon sa daan. “Yto ai ating kunin!” ang uikâ ñg sugû; “Sasalitin ko sa yo ang bakít habang tayo’i nalipad!”

Lumipad ñga sila at nag salita ang súgû:

“Doon sa ibabâ, sa makiput na daan, sa ilalim ñg lupa ai mai tumirang isang mahirap at maisakit na batâ. Mulang pagkatao nia’i lagi siang sakitin; ang kagalinggaliñgan niang tayo’i at ang kaniang kalakasan ai pagnakalakad siang makalaua sa maliit na silid tulung ang dalauang tunkud. Sa tagarao inaabot sia ng mainit na sikat habang kalahating oras lamang sa malalim nilang tirahan, at pagka nauupû doon ang batâ, napasikat sa mainit naarao, at inaaninag ang mapulang dugû sa kaniang maña daliri, na kaniang itinatatapat sa mukhâ, ai masasabing sia’i nakagalâ

Kilalâ nia ang pagdadahon at pamumulaklak ñg gubat lamang dahil at ang anak ñg isang kapitbahai ai nagdala sa kania ñg isang tankai ñg haya,<sup>2</sup> na ipinatong nia sa ulo, at inaring sia’i na sa lilim ng isang haya, na sinisikátan ñg arau ai inauitan ñg mga ibon. Ysang arau din naman ñg tagbulaklak<sup>1</sup> ai dinal’han sia ñg anak ñg kapitbahai ñg mga bulaklak parang at nagkataong ang

2 Alipusta: api; dusta.

3 Pandakaki: isang kahoy-kahoyang (shrub) ligao, tumataas mula sa isa hanggang apat na metro at ang dagta ay ipinanggagamot.

4 Kamantigi: isng uri ng damong ligao na ngayon ay halamang pang hardin, at may sari-saring kulay na bulaklak.

1 Avo: isang kamalian sa pagkatitik sa salitang ‘abo’.

2 Haya: “beech-tree”.

1 Tagbulaklak: “Spring”.

isa ai mai ugat, kayâ ñga itinanim sa isang pasô, at ilinagi sa bintanâ sa tabi ñg hihig'an. Magaang kamai ang nagtanim sa bulaklak, lumakí, nagsañga at taon-taon ai namumulaklak; sia ang masayang halamanan ñg sakiting batâ, ang muntí niang yaman dito sa lupâ; dinidilig nia at inaalagáan, at pinañguñgusiuaang<sup>2</sup> tamohin hangan sa kahulihulihan ang lahat ñg sikat ñg arao na nagdaraan sa butas; luha nia ang nagpalaki sa halaman na namumulaklak dahil lamang sa kania, humalimuyak at umaaliu sa paniñgin; humilig sa kania sa kamatayan, ñg sia'i tawagin ñg Dios. Ysang taon na siang tumitira sa tabi ñg Dios, isang taon nakatayo sa bintana ang bulaklak na nakalimutan, natuyu, at kayâ ñga paglipat ñg bahai ai itinapon sia sa buntun ñg dumi. Yto ñga ang bulaklak, ang abang,<sup>3</sup> lantang bulaklak na ating isinapi<sup>4</sup> sa ating ramillete<sup>5</sup> sa pagkat ang bulaklak na ito ai nakapagbigai saya pa ñg malaki sa karikitdikitang bulaklak sa halamanan ñg isang reina.

"Saan mo naalaman ang lahat na yan?" ang tanong ñg bata na taglai sa lañgit ng súgû ñg Dios.

"Alam ko," ang sagot ñg anhel, "sa pagka at ako rin ñga yaong maliit at sakiting bata, na nanununkud, kilalakong tunai ang aking bulaklak."

Yminulat ñg bata ang kaniang mga mata tumiñgin sa masaya at madilag<sup>1</sup> na mukha ñg súgû, at noon din sila'i sumalañgit, sa harapan ñg Dios, sa saya at kalualhatian. Kinipkip ñg Dios ang patai na bata sa puso, at kapagdaka ai nagkapakpak, paris ñg ibang anhel at lumipad na magkakapit ang kamai. Ykinápít ñg Dios sa dibdib ang lahat ñg bulaklak, datapua at hinal'kan nia ang abang tuyung bulaklak-parang, at nagka voces ñga at nakiauit sa lahat ñg anhel, na lumilibot sa Dios at iba'i malapit na malapit, ang ibai palayô ñg palayo ñguni at lahat ai malualhati. Muntí at malakí ai umaauit, pati ñg mabait at pinagpalang bata pati ñg bulaklak-parang na itinapong tuyu sa buntun ñg dumi ñg arao ñg paglipat ñg bahai, sa makiput at madilim na lansañgan.

<sup>2</sup> Pinangungusiuaan: pinagsisikapan.

<sup>3</sup> Abang: mula sa salitang 'aba' na ang kahulugan ay dusta o api.

<sup>4</sup> Isinapi: "took into".

<sup>5</sup> Ramillete: "nosegay".

<sup>1</sup> Madilag: marikit, magandá.

## ANG BATANG BABAING MAI DALANG SAKAFUEGO \*

(Sa nunung-babai ñg m̄ga  
pamangkin: sa aking ina.)

NIAO'I KATAKUTTAKUT NA ginau; nalalaglag ang busilak, at nagdidilim ang gabi! (1) Sa ginau na ito at ganitong kadiliman ai naglalakad ang isang maliit at abang batang babai, ualang pandong,<sup>1</sup> hubad ang paa sa gitnâ ñg daan. Nagkaroon ñga siang tunai ñg sinelas ñg sia'i umalis sa bahai, ñguni at anong saisai! Yaong sinelas ai lubhang malalaki, na ginamit linuntai<sup>2</sup> ñg ina lubhang kalaki na tumapon sa bata ñg sia'i nagmamadaling tumauid sa daan, ñg ang dalauang karuahe ai mabilis na natakbc! Ang isang paa ai dî na nia nakuha, at ang isa'i itinakbo ñg isang batang lalaki, na ang sabi ai gagauin niang higaan ñg anak kung sakali at sia'i magkaroon.

Kayâ ñga naglakad ang batang babai, ang paa niang maliliit ai ualang sapin, at namumula at nangingitim sa ginau. Sa isang gulanit na tãpis dala nia ang isang buntong sakafuego,<sup>3</sup> at sa kamai dala nia ang isang bigkis. Ualâ isa mang bumili sa kania sa buung maghapon, sinoman ai ualang nagbigai sa kania ñg isang lapad<sup>1</sup> man laman; gutum at nanglalamig sia nagpapatakbutakbu, at namamaluktut ang abang maliit! Nagtauing<sup>2</sup> sa madilao niang buhuk ang mga bulak ñg busilak na magandang lumilibot sa kaniang liig, datapua at ang kagandahan ai di sumasaisip sa kania.

---

\* Ang Batang Babaing Mai Dalang Sakafuego: "The Little Match Girl".

(1) Yao'i ang huling gabi ng taen, ang visperas ng bagong taen.

1 Pandong: panakip ng ulo sa biglang pangangailangan, katulad ng dahon ng saging, bilao, etc.

2 Linuntai: naluma sa pagkagamit.

3 Sakafuego: kasapuwego, posporo.

---

1 Lapad: ikaapat na bahagi ng isang pera.

2 Nagtauing: dumadausdos; "falling from".



Sa isang súluk, pagitan ñg dalauang bahai — ang isa'i nali-linsad<sup>3</sup> ñg kaunti at lumalabas sa daan — doon umupû sia at namaluktut. Ydinikit niang magaling sa kania ang maliliit niang paa, ñguni at lalò siang naginau, at hindi naman sia makapañgahas umuî sa bahai, sapagka at ualâ siang naipagbiling sakafuego, ni isa mang lapad na tinangap. Papaluin sia ñg ama, at sa bahai man ai maginau din, sila'i tumitira sa kisami at doo'i humahagunos<sup>4</sup> ang hañgin bagamat kanilang siniksikan ñg dayami at basahan ang mga malalaking puang. Ang maliliit niang kamai ai naninigas mandin sa ginau. Ay! Makabubuti manding tunai ang isang sakafuego; kung mapañgahasan man lamang niang bumunut ñg isa sa bigkis, ikiskis sa pader, at painitan ang mga dalirî. Bumunut ñga sía ñg isa, "Ritseh!" Anong pilantik,<sup>5</sup> anong ningas! Nangyari sa maliit na batâ na tila baga sia nakaupû sa harapan ñg isang malaking apuyang bákai na mai paang tansô at mai patong na tansô rin; maiging nagaalab ang apui sa loob, at nakafinit na mainam! — Ylinalabas na ñg maliit ang mga paa, ñg mainitan naman pati — siang pagka matai ñg niñgas, nauala ang apuyan—sia'i nakaupung muli hauak ang isang maliit na tinting ñg nasunug na sakafuego.

Nagkiskis sia ñg isa na panibago, nagalab, nagniñgas, at ang pader na maabot ñg kaniang liuanag, ai lumilinao na parang damit na piña. Ynabot ñga ñg kaniang paniñgin ang loob ñg bahai, doo'i mai nakahandang mesa na mai takip na mantel na nakasisilau sa puti, punu ñg mga pingang porselana, at umuusuk sa gitna ang isang inihau na gansâ, na punû ñg siniguelas at manzanas! At ang kainaminaman pa ai tumalon ang gansâ sa pingang papanaog, lumakad na paugâ-ugâ sa sahig taglai ang tendor at cuchillo sa balugbug,<sup>1</sup> patuñgo sa abang batang babai. Siang pagkamatai ñg sakafuego, at ualâ siang nakita kundî ang makapal at malamig na pader.

Nagpaniñgas sia ñg isang panibago. Naupu ñga sia sa ilalim ñg kagandagandahang kahui sa pasko! Yto ai malaki at ma-

3 Nalilinsad: nakaungos.

4 Humahagunos: hugong ng hangin.

5 Pilantik: "spluttered".

1 Balugbug: gulugod; bahagi ng likod.

pamuti sa m̄ga kahui ñg puno na kung Pasko'i kaniang nasihilip sa m̄ga pintuang salamin ñg m̄ga mayayamang maitinda. Ysang laksang<sup>2</sup> ilau ang nagniniñgas sa m̄ga murang tankai, at tinutuñgo sia ñg sari-saring kulai na laroan, na paris ñg nañgaglagai sa mga escaparate<sup>1</sup> ng tindahan. Ytinataas na ñga ñg bata ang kaniang m̄ga kamai sa itaas — siang pagkamatai ñg sacafuego; nagakyatang paitaas ñg paitaas ang isang laksang ilau, at ñgaion nakita nia na yaon ang m̄ga makikinang na bituin sa lañgit. at ang isa sa kanila ai nahulug at gumuhit ñg isang mahabang guhit na apui sa lañgit.

"Ngaio'i mai taong namatai!" ang sabi ñg bata, sa pagka at ang kaniang nunung<sup>2</sup> babai na nakaisaisang nagmahal sa kania at ñgaion datapua'i patai na, ai nagsabi: "Pag mai nahuhulug na bituin ai mai umaakyat na kalulua sa Dios sa lañgit."

Sia'i nagkiskis na muli ñg isang sakafuego sa pader, at nagliuanag ang kaniang palibot, at sa gitnâ nitong liuanag ai nakatayô ang matanda niang lelang,<sup>3</sup> marilag, mabait at punû ñg pagibig.

"Lelang!" ang idinaing ñg maliit "O dal'hin mo na ako! Alam ko ñga na ikau mai papanau din pagkamatai ñg sakafuego; katulad ñg mainit na apuyan, ñg magandang inihau na gansa, at ñg malaki at marikit na kahui sa pasko!" Ypinagkikiskis ñga niang dalidali ang lahat ñg sakafuego nasa sa bigkis, ibig niang pigilan ang anaki'i<sup>1</sup> nasa katanhalian ñg arau. Kailan man ai di gaion kaganda ang lelang, gaion kalaki; kinalong ñga nia ang abang batang babai, at sa liuanag at saya ai nagsilipad silang paitaas, at doon di na sia nagdamdam ginau, gutum at takut — sila'i sumasa Dios!

Nguni at sa suluk ñg bahai, sa maginau, na maguumaga, na-kaupû ang maliit na batang babai, mapula ang pisñgi at umuumis<sup>2</sup> ang bibig — patai sa ginau sa huling gabi ñg lumang taon. Ang

---

2 Laksang: Hinango sa salitang 'laksa' na ang kahulugan dito ay napakárâmi.

1 Escaparate: "show case".

2 Nunu: "grandmother" o "grandfather".

3 Lelang: "grandmother".

---

1 Anaki: katulad, kaparis.

2 Umuumis: ñgumifigiti.

umaga ñg taong bago ai dumaan sa maliit na bankai na nakaupû doon, taglai ang m̄ga sakafuego, at dito'i sunug halos ang isang bigkis. Ang sabi ai ibig dau niang magdarang.<sup>3</sup> Sino mai ualang nakatanto<sup>4</sup> ñg dikit na kaniang nakita, at kung saan liuanag sila nagbagong taon ñg kaniang matandang lelang.

---

3 Magdarang: magpainit ng katawan sa harapan ng apoy.

4 Nakatanto: nakaalam.

# ANG KASAYSAYAN NI PAGONG AT NI MATSING

ni H. KERN

Sa *Traubner's Record*, bilang 245, ay may isang lathalaing sinulat si Doktor Rizal tungkol sa dalawang katha-katha. Ang isa'y sa Hapon, at ang isa pa'y sa Kapuluang Pilipinas, at ang dalawang ito'y may napakaraming pagkakawangis na hindi maaaring pag-alinlanganang iisa ang pinagmulan nila. Pinatotohanan ni Dr. Rizal na ang kasaysayang iyon ay nakikilala sa lahat ng dako ng Pilipinas sa bawa't pulo, lalawigan, bayan at wika; ninanais niyang malaman kung may mga bakas ng katha-kathang ito sa ibang dako ng kapuluang Indiyu. Kung isasaalang-alang ang matalik na pakikipagpalagayan ng mga taong tubo sa Indonesya, ay maaaring tayo'y makatagpo ng ibang pagkakasaysay ng katha-kathang iyon, o kahit ng mga bakas man lamang niyaon sa Haba at sa iba pang pulo.

Ngayon, kung sisimulan sa Haba, ay matatagpuan natin sa mga sudanes, isang bayang may mga kaugaliang lalo pang mata-tanda kaysa mga Habanes, ang isang buong hanay ng mga kasaysayan tungkol sa matsing at sa pagong.

Ang pasimula ng katha-katha<sup>1</sup> ay halos walang pagkakaiba, maliban sa mga salita sa unang bahagi ng pagkakasaysay sa wikang Tagalog. — May isang panahong ang matsing at ang pagong ay naging magkaibigang matalik. Bawa't isa sa kanila'y nagtanim ng isang putol ng punong saging; kinuha ng matsing ang bahaging itaas pati ng puso, at ang dakong ibaba ay kinuha ng pagong. Bukod dito, ang karugtong ng kasaysayan ay katulad na ng sa pagkakasaysay sa Tagalog, hanggang sa bahaging ang matsing ay naupo sa ibabaw ng puno ng saging at namitas ng mga bungang

---

1 Ang pagkakasaysay na sudanes ng kasaysayan ng matsing at ng pagong ay ginagamit na aklat pampaaralan para sa mga batang sudanes sa mga paaralan ng pamahalaan.

binabalak niyang kaning lahat. Datapuwa't ang mga balak ng masamang hayop ay binigo ng pagong.

Sa dahilang ang katha-kathang sudanes, ay nagpapakilala sa dakong huli na ang pinagbuhatan niya'y katulad ng sa pagkaka-saysay sa Tagalog, ay hindi maaaring pag-alinlanganan ninuman na iisa ang pinagmulan ng dalawang pagkakasaysay na ito. Nararapat alalahaning ang mga sudanes ay nakatipon ng maraming katha-katha tungkol sa dalawang hayop na ito, at ang katapusan ay ang paghihiganti ng pagong dahil sa maraming panlilinlang na ginawa sa kanya ng dayukdok at masamang matsing, na kasama niya at may pagkahangal din naman. Upang makatagpo ng mga kaparaanang maipagpaliban ang paghihiganti ng pagong hanggang sa katapusan ng mga pangyayari ay maaaring paniwalaang binago ang mga dakilang tagpo ng kauna-unahang kasaysayan.

May isa pang pagkakasaysay ng katha-katha ring iyon, na kahawig ng pagkakasaysay sa Tagalog, bagaman naiiba sa mga paraang ipinaghiganti ng pagong, na laganap sa Minabasa, sa Hilaga ng Selebes. Mayroon din ng kasaysayang ito sa wikang *ton-sea*, na isinalin sa wikang olandes ni Doktor Rieddell.<sup>2</sup> Ang saling ingles ay nagpapakilala ng mga bakas na matatagpuan sa iba't ibang salin.

Ang matsing at ang pagong — anang salaysay — ay minsang naging magkaibigang napakamatalik. At kapuwa sila lumabas upang magtanim bawa't isa ng isang punong saging. Ang punong itinanim ng matsing ay hindi tumubo at namatay agad. Samantalang ang punong itinanim ng pagong ay tumubo, at inalagaan niyang mabuti; sinikap niyang bunutin ang mga damo sa paligid-ligid, hanggang dumating ang panahong iyo'y yumabong at namunga. Nang mahinog ang mga bunga, ay sinabi ng pagong sa matsing: "Ipinakikiusap ko sa iyo, mahal na kaibigan, na umakyat ka sa kaitaas-taasan, yamang ako'y hindi makaakyat." At ang matsing ay umakyat sa puno. Nang dumating na siya sa kaita-itaasan, ay pumitas ng mga bunga at sinimulan ang pagkain ng mga ito. Sinabi ng pagong: "Bigyan mo naman ako, kaibigan, kahit na ilan lamang ng mga bungang iyan:" Sumagot

---

<sup>2</sup> Si Doktor Rieddell ay isang palaaral ng kalikasan sa Hilagang Selebes.

ang kasama niya: "Maghintay ka sandali, hayaan mo munang matikman ko."

Nang namalas ng pagong na inuubos ng matsing ang lahat ng saging ay naglagay siya ng mga damo at mga siit sa paligid ng puno, at inilagay din doon ang mga dumi niya. Pagkatapos ay naglalagay ng mga tinik at saka humingi sa matsing ng mga dahon ng saging, yamang wala na rin lamang bungang natitira para sa kanya. Hinagisan siya ng matsing ng ilang putol ng dahon; ang mga ito'y pinulot ng pagong at siyang itinakip sa mga tinik. Sinabi ng matsing buhat sa itaas: "Kaibigan, saang dako ako magpapatihulog? At sumagot ang pagong: "Magpatihulog ka kung nais mo sa buntong ito ng mga damo, datapuwa't doo'y dumumi ako; dito ka na lumundag sa ibabaw ng buntong ito ng mga dahong ng saging. Ang matsing ay nagpatihulog sa dakong kinaroroonan ng mga dahon ng saging; natimo siya ng mga tinik at namatay. Nang makita ng pagong na ang matsing ay namatay ay kinuha ang mga buto nito at ginawa niyang apog.

Nangyari pagkatapos ng isang araw ay maraming nagdaraang mga matsing at itinanong ng mga ito sa pagong kung saan naroon ang kaibigan nila. Sūmagot ang pagong: Kaaalis lamang niya at nagpasyal; gayunma'y tumuloy kayo at tumikim ng kaunting buyo. Pagkatapos na sila'y makanganga ng *buyong* inialok sa kanila, ay nagpatuloy sila ng paglakad. Nang mamalas ng pagong na sila'y malayo na, ay sumigaw siya:

"Hoy! Nakakain kayo ng buto ng inyong kasamang matsing, na nakahalo sa buyo" Itinanong ng mga matsing: "Ano ang sinasabi mo, kaibigan?" Sumagot ang pagong: "Ang sinasabi ko'y ipagpatuloy ninyo agad ang inyong paglalakad at nang huwag kayong abutin ng dilim" at pagkatapos ay sumigaw uli: "Hoy! nakakain kayo ng mga buto ng kasama ninyong matsing, na nakahalo sa buyo." Itinanong uli ng mga matsing: "Ano ang sinasabi mo, kaibigan?"

Sumagot ang pagong: "Ang sabi ko'y mamitas kayo ng lumboy sa daan para sa inyong mga anak." Minsan pang sumigaw ang pagong at sapagka't naunawaan marahil ng mga matsing ang ibig niyang sabihin, kaya ang mga ito'y bumalik at nakita nilang

ang pagong ay nagtatago sa isang bitak ng daan, kaya't hinatak nila at inilabas ang pagong. At pinagsabihan ito ng mga matsing: "Ikaw ba'y tatadtarin namin?" Sumagot ang pagong: "Napaka-buti kung gayon, sapagka't ako'y darami." Sa gayo'y sinabi ng mga matsing: "Gapusin natin siya." "Mabuti", ang tugon ng pagong, sapagka't sa gayo'y makapag-uuguy-ugoy ako." Nagbago ng sabi ang mga matsing; "Mabuti pa'y ihagis siya sa apoy." Sumagot ang pagong: "Mabuti, sa gayo'y maaari akong makapag-painit." Pagkuwa'y sinabi ng mga matsing: "Lulunurin ka namin sa lawa." Sumagot ang pagong: "Huwag, huwag, maawa kayo sa akin!..." Sinunggaban ang pagong ng mga matsing at inihagis sa lawa, nang marinig nilang iyon pala'y takot na takot sa tubig. Datapuwa't nang nasa tubig na ang pagong, ay sumigaw ito sa mga matsing: "Kayo ang nalinlang ko, sapagka't ito ang aking buhay!"

Nang malaman ng mga matsing na sila'y nalinlang ng pagong, ay nagsadya sila't nakipagkasundo sa pamamagitan ng pakikipag-tulungan at pakikipagkaibigan sa dangkou.<sup>3</sup> "Kaibigan, kung maaari sa anumang paraan, ay inumin mo ang lawang iyon upang mahuli namin ang pagong, sa dahilang kami'y nilinlang niya at siya ang naging dahilan ng pagkanganga namin ng buyong may apog na yari sa mga buto ng isa sa lipi namin." Sa gayon ay hinigop ng *dangkou* ang lawa at ang mga matsing ay nagsimulang lumakad sa tabi sa paghahanap sa pagong. Sinabi nang sandaling iyon ng pagong sa alimango: "Kaibigan, ang lawang nasa ibabaw natin ay natuyo, sa dahilang hinigop ang tubig ng *dangkou*; ipinakiusap ko sa iyong sipitin mo ang tiyan niya at sugatan mo siya." Sinipit ng alimango ang *dangkou*; ang tiyan nito'y nabutas, at lumabas ang tubig at bumaha.

Dahil dito'y namatay ang *dangkou* at isa-isang nalunod ang mga matsing. At ito ang dahilan kung bakit ang mga alimango, hanggang sa araw na ito'y may isang larawang nakatatak sa likod nila, bilang alaala ng pagkapatay sa *dangkou*.

May isa pang katha-kathang ang pagkakasaysay ay lalong maikli at laganap din sa Minabasa, na inilathala ni Louwerier sa

<sup>3</sup> Ang *dangkou* sa wika ng mga Tunenbutu Lancon, ay isang hayop na tanging matatagpuan sa Seletas; ito'y ang *anowa* ng *cipressicornes*.

wikang Olandes at isinawikang Ingles ni S. G. Mickson sa kanyang aklat na ang pamagat ay "Isang Palaaral ng Kalikasan sa Hilagang Selebes", panig 306.

Nang ipaliwanag ni Doktor Rizal ang pagkakasaysay sa Hapon, ay ipinasaalang-alang niyang may ilang bagay na lalong maunlad na kalagayang panlipunan, gaya ng digmaan ng mga alimango at ng mga matsing. Hindi ako nahahandang tumawad sa kahalagahan ng gayong kuru-kuro, datapuwa't hindi ako sumasang-ayon sa mga kaisipan ng palaaral na ginoo nang idugtong niya ang sumunod: "Ang lusong ng bigas, ang pambayo o halo, ang pukyutan, ang itlog, ay nagsitulong sa mga nangganggalit na alimango", at ito ay nagpapahiwatig sa atin ng malayang paghaka ng bayang Hapon. Hindi lamang ang mga nilikhang may buhay kundi pati ng mga bagay na walang buhay ay nangagsasalita at nagbibigay ng payo, dumaramdam at gumagalaw gaya ng mga iba. Ngayon nga, ang pagkakaragdag ng ganang kanya ng panghakang Hapon sa tanging kasaysayang ito ay hindi dapat akalaing isang katangian ng mga hapon, gaya rin ng pagkakapagpasok sa kasaysayan ng mga bagay na dumaramdam, nagsasalita at kumikilos. Ang mga kasaysayan, sa wikang *ton-sea* na inilathala ni Dr. Rieddel, ay nagpapakilala ng isang bagay na kahawig na kahawig niyaon. Sa kasaysayang *Ang Bato ng Gilingan*, ang karayom, ang palos, ang alupihan at ang bayawak, pagkatapos na sila'y maging magkaka-sama at masuong sa isang sakuna, ay nagtulung-tulong sa wakas sa pagpatay sa isang matandang babae.

Sa ilang kasaysayan ay natatagpuan naming ang mga punong-kahoy at mga halaman ay nagpapakilalang hindi lamang parang may kaluluwa kundi parang may kapanagutan din sa kanilang mga gawa; halimbawa, sa pagkakasaysay sa *Duri-batok* ng kilalang katha-kathang *ang tagapag-alaga ng hayop na si Kilanduk*, "*silo-silo dikit Kilanduk*." Dito, ang punong saging, ang damong alang-alang, at ang halamang "*sicala*" ay isinasaysay na humingi ng kapatawaran sa ilang nagawa nila.



TUNGKOL SA PAGKAKAIBA NG MGA LAHI

NI

PROFESOR HERRN FERDINAND BLUMENTRITT

Noong ika-30 ng Disyembre ng 1896 ay binaril ng mga Kastila sa Maynila si Dr. Jose Rizal, na siyang pinakadakilang anak ng Pilipinas, dahil sa bintang na siyang nagpanukala ng himagsikang naghahari sa kapuluan<sup>1</sup>. Siya'y Tagalog, ipinanganak ng Kalam-  
ba, na isang bayang maliit sa lalawigan ng Laguna de Bay, Pulo ng Luzon<sup>2</sup>. Nang una'y inihanda siya upang mag-aral ng pag-  
papare, nguni't lalo niyang kinahihiligan ang pag-aaral ng medi-  
sina, at siya'y nakasulit sa pag-aaral nito sa Maynila at sa Madrid,  
at nagtamo sa huling siyudad na ito ng "diploma" ng pagka-  
Doktor sa Medisina at Pilosopiya<sup>3</sup>. Pinalawak ang kanyang pag-  
aaral ng karunungan iyon sa Paris, Heidelberg, Leipzig at Ber-

<sup>1</sup> Isang pangyayaring napagsiyasat na, na si Rizal ay hindi naging kasang-  
ayon kailanman ng himagsikan. Sa kanyang *El Filibusterismo* ay ipinagtanggol  
niya ang unti-unting pag-unlad sa pamamagitan ng pag-aaral kaysá ibáng kápá-  
raanan upang matamo natin ang kalayaan. At sinabi pa niyang: *Kápág áng*  
*bunga ng paglilih'y dumating sa sa kagulangan ay kahabag-habag ang ináng*  
*magtatangkang tumanaw dito.*

<sup>2</sup> Si Rizal ay siyang ikapito sa kanyang mga kaptid, ay siya'y ipinanganak  
gaya ng alam na ng madla, noong ika-19 ng Hunyo ng 1861.

<sup>3</sup> Ang mithiin ng mga inang pilipina nang unang panahon ay ang pag-  
kakaroon ng isang anak na pare. Bilang halimbawa nito ay ang kasaysáyán ni  
Mabini. Gayunman buhat nang 1872, ang palagay ng bayan tungkol sa pag-  
papare ay malaki ang ipinagbago sanhi sa kakilakilabot na naging wákás ng  
tatlong mababait na paring sina Burgos, Gomez at Zamora, na binitay sa  
Bagumbayan. Nang una'y nagsimula ng pag-aaral ng pagpapare si Rizal áláng-  
sa ikasisiyang-loob ng kanyang ina, at dahil din naman sa pinagkagawian  
nang panahong yaon, nguni't nang mapagkilala niyang ang likas na hilig  
niya'y hindi upang magpare ay nagbago ng layon at nag-aral ng medisina, na  
ipinalalagay niyang lalong makatao sa lahat ng karerang pinag-áarálán. Nág-  
simula siya ng pag-aaral nito sa Universidad ng Sto. Tomas, at pagkatapos,  
noong 1882 ay lumipad sa Universidad Central sa Madrid na kanyang pinag-  
patuluyan ng pag-aaral ng medisina at ng "Filosofia y Letras", na sabay niyang  
pinag-aralan. Naglisenyado siya sa medisina noong 1884, at nag-aral din ng  
pagdodoktor ng karunungan ito, nguni't hindi siya pinagkalooban ng titulong  
pagka-doktor, dahil sa hindi niya naiharang ang "tesis" na kinakailangan.

lin<sup>4</sup> at kasabay nitong nag-aral siya ng mga wika at ng karunungan sa mga lahi; pagkatapos ay nahalal na kagawad ng "Sociedad Antropologica" sa Berlin<sup>5</sup>. Pagbalik niya sa kanyang lupang kinamulatan ay di nalauna't napiitang umalis muli, sapagka't ang kanyang nobelang *Noli Me Tangere* ay umakay ng walang patumanggang galit sa kanya ng mga matatandang Kastila<sup>6</sup>. Pagkatapos ng maikling panahong paninirahan sa Hapon at Hilagang Amerika ay nagtira sa Londres, at doon, sa pamamatuugot ni Dr. Rost ay nagpakarunong sa pag-aaral ng mga wika<sup>7</sup> at hinarap ang ikalawang pagpapalimbag ng "Morga" (Sucesos de las Islas Filipinas) na noo'y inilathala niya sa Paris<sup>8</sup>. Sa Biarritz, Paris, Hinebra at Bruselas ay sinulat niya ang kanyang pangalawang nobelang politico, ang *El Filibusterismo*. Sa loob ng ilang panahon ay nanggamot sa Hongkong<sup>9</sup> at buhat doo'y nagtungo sa Borneo

4 Dahil sa pinili niyang magpakatangi sa panggagamot ng mata, tainga, ilong at lalamunan, ay nag-aral siya ng karunungan ito sa iba't ibang paaralan sa Europa. Sa Paris ay naging katulong siya ng bantog na optalmologong si Dr. Wecker, sa Berlin ay nakatulong siya ni Dr. Galezeusky at sa Viena ay ng bantog na Dr. Fuchs, na lubhang kilala sa boong daigdig. Nang ito'y madalaw dito sa atin nang mga ilang taong nakaraan ay gayon na lámang ang pagpuring iniukol sa dati niyang katulong. Nang bumalik dito si Dr. Rizal ay nanggamot sa mga sakit ng mata, at sa loob ng maikling panahon ay nabantog siya nang gayon na lamang.

5 Sa mungkahi ng bantog na Dr. Rodolfo Virchow, si Rizal ay natanggap na kasapi sa "Sociedad Antropológica" sa Berlin. Doo'y bumigkas siya sa wikang aleman ng isang mahalagang panayam tungkol sa "Sining ng Panulaan Tagalog".

6 Nararapat sabihing maging sa mga Kastila ay nagkaroon si Rizal ng mga tunay na tagahanga. Dalawa lamang ang babanggitin namin, na ngayo'y naaalaala namin: sina Juan Utor Fernandez at Joaquin Pellicena Camacho. Ang huling ito ay nakakagunita pa, pagkaraan ng ilang taon, kung paanong nang araw na barilin si Rizal ay magdasal sila ng kanyang mga kaanak at ipanalangin ang namatay.

7 Si Sr. Rost siyang pangalawang pantas sa wika sa boong daigdig nang kapanahunan niya, at naka-sulat siya ng pitumpung balarila ng iba't ibang wikang kilala.

8 Sa pamamagitan ng pamagat na "Sucesos de las Islas Filipinas", ay inilathala sa Mehiko noong 1609 ni Dr. Don Antonio de Morga, naging "oidor" ng "Real Audiencia de Manila", ang kanyang bantog na aklat, bagaman napag-unawang noon pang 1602 ay nagpapalipat-lipat na sa mga kamay ang naturang aklat sa sulat-kamay lamang. Ang akda ni Rizal ay isang bagong palimbag ng naturang aklat na tumutukoy sa Pilipinas, kalakip ang mga mahahalagat tumpak na pansin, na sa ayos na parang mga tala ay isinama sa akda ni Morga. Ang mga talang ito'y bunga ng mga pagsusuri't pagsisiyasat na ginawa ni Rizal sa Museo Britaniko.

(9) Sa Hongkong ay nanggamot si Rizal at doo'y dalawang tarheta ng pagkamediko ang kanyang ginamit, ang isa'y sa wikang ingles at ang isa pa'y sa wikang insik. Dito sinimulang tistisin ni Rizal ang mata ng kanyang ina dahil sa bilig o katarata, na, pagkatapos ay inulit niya nang siya'y nasá Dapitan na. Dahil sa hindi pagsunod ng kanyang ina sa kanyang mga payo at hatol ay muntik nang mabulag tuloy. Kaya't pahimutok na nasabi ni Rizal: "Ngayon ko napagkilala kung bakit ang mga mediko'y hindi nararapat gumamot sa kanyang mga kaanak".

sa hangad na magtatag doon ng isang bayan-bayanang magsasaka ng mga pilipino<sup>10</sup>. Nakapagtamo siya ng pahintulot na makadalaw sa kanyang lupang tinubuan, nguni't piniit siya roon dahil sa pakakatuklas ng Aduwana sa kanyang mga baul ng mga sulat na laban sa mga Kastila<sup>11</sup> x x x. Itinapon siya sa Dapitan at doo'y madali sana siyang nakatanan. Sa panghahawak, sa kanyang kawalang-sala ay nanatili siya sa pagkakatapon<sup>12</sup>. Nang sumabog ang himagsikan ay pinaratangan siya agad na siyang pangunahing tagapagpalaganap<sup>13</sup>. Sa loob ng limang buwan ay makaitlo siyang ipagsakdal, at sa katapusan ay namalas ng mga kaaway niyang salát sa pagka-kristiyano na natupad din ang kanilang hangarin: sa ikatlong pagsasakdal laban sa kanya ay hinatulan siyang patayin, at ang hatol na itó'y ipinatupad<sup>14</sup>.

(10) Ang Balak na bayan-bayanang magsasaka ng mga pilipino sa Sandakan, Hilaga ng Borneo, ay hindi natuloy dahil sa pagtutol ng mga maykapangyarihan Kastila sa Pilipinas, kaya't iniurong niya ang kanyang balák.

(11) Nang bumalik si Dr. Rizal noon 1892 sa kanyang lupang tinubuan, ay sinasabing umano'y nakatuklas sa kanyang mga balutan, nang ang mgá ito'y siyasatin sa Aduwana ng Maynila, ng ilang sulat na laban sa mga Kastila, na gawa ni G. Jose M. Basa. Ayon kay Prop. Craig, ang bintang na ito'y hindi maaaring paniwalaan, sapagka't ang isang taong maliwanág áng isip at matalinong gaya ni Rizal ay hindi makakaisip na magdala ng anumáng maaaring maging katunayan ng kanyang pagkakasala, lalo ná kung iisiping hindi naman kaila sa kanyang dito'y marami siyang kaaway. Nang dakong huli'y napag-alaman ding sa nangyaring yao'y walang ibang may kagagáwán kundi ang isang pamangkin ng Gobernador Heneral, at ang naturang sulat ay "itinanim" lamang sa mga dala-dalahan ni Rizal. Ang lahat nang ito'y napatunayan sa pamamagitan ng mga kasulatang hindi mapupuwing.

(12) Sa pagkakatapon sa Dapitan ni Rizal ay nanagano siya sa pagkákároon ng bahagyang kalayaan. Gaya ng nalalaman na, doo'y hinaráp niyá áng pagtuturo sa mga batang tagaroon, at ang pagtitipon ng mga halama't mga kulisap, at dala ng pagkamahiligin niya sa "etnologia" ay nagtipon siya ng mga kagamitan sa bahay, mga sandata at iba't ibang kasángkápán ng mgá lipi sa dakong yaon, at hanggang sa siya'y naghukay na kasama ng kanyang nasirang guro, na si pari Francisco do Paula Sanchez.

13 Nasabi na naming si Rizal ay hindi naging tagapagtatag o tagapagbalak ng himagsikan kailanman, at ang boong paglilitis hanggang sa pagkakahatol sa kanya ay pawang komedya lamang. Si G. Henry W. Bray ang nagsabi ng ganito: "Isa sa mga berdugo niya o kaya'y isa sa mga bumuo ng hukumang militar, ang nagsabi sa aking pinarusahan nila si Rizal sa utos ng kanilang mga pinuno".

(14) Ang pagtupad sa hatol na kamataya'y ginawa, hindi sa talagang Parang ng Bagumbayan, kundi sa dakong silanganan ng gilid ng dating Luneta, paharap sa dagat. Ang pangkat ng mga nagsibaril ay binubuo ng walong kawal na Pilipino, at sa likuran nila'y nangaroon ang ibang mga kawal na Kastila. Nang siya'y lapitan ni Dr. Ruiz ilang sandali muna bago siya barilin at hawakan ang kanyang pulso, ay namangha ang nasabing doktor nang mákitang hindi nagbabago ang tibok, bagay na sinabi kay Rizal. Ito'y walang isinagot kundi isang kubit ng balikat. Hinihingi niyang siya'y barilin nang paharap, nguni't sinagot siya ng pinuno na ang utos sa kanya'y barilin si Rizal nang patalikod. Gayunma'y pinayagan ang kanyang hiling na huwag siyang patamaan sa ulo. Nang marinig ang putok ay nagpilit si Rizal na pumihit,

Sa ilang kataga ay ito ang kanyang buhay, nguni't hindi ang buhay ni Rizal na politiko, ang kulang-palad na sinawi ng paghihiganting politiko at pangsarili na tutukuyin namin sa lathalang ito, kundi kay Rizal na matalinong tagalog, na nag-aangkin sa kanyang bayan ng isang taimtim na pag-ibig, at nagpalagay na tungkulin niyang ilaan ang kanyang buhay sa pagtuturo sa mga malayong pilipino upang sila'y maipakipiling, hanggang maaaring magawa, sa sukatang pangkalinangan ng mga europeo<sup>15</sup>.

Lalung-lalo nang hinarap niya ang pagsusuri sa mga damdaming nakapangyayari sa isa't isa at maminsan-minsan sa mga lahing puti at may kulay. Walang sinumang katulad niya na nasa kalagayang makagawa ng isang pag-aaral sa napakahalagang suliranin ng sikolohiya o kaugalian ng mga bansa, at matausan niya ang kalutasán nito, sapagka't siya'y kabilang sa lahing kayumanggi at siya'y namuhay sa kanyang lupang tinubuan, sa piling ng mga mahihirap niyang kababayan, gayondin sa piling ng mga puti, mestiso at iba pang lahi sa Maynila, bukod sa nakikilala niyang lubos ang Europa, Hongkong, Hapon at Estados Unidos, hindi lamang sa pagiging "manlalakbay niyang napaparaan lamang doon". Ang malawak na kaalaman niya sa iba't ibang wika ay nakatulong sa kanya sa pagbabasa ng lahat ng mahalagang bagay na inilalathala sa mga bansang bihasa nang di nawili ang malakas at matalas niyang katalinuhan sa mga bagay na paimbabaw lamang<sup>16</sup>.

Sa gayon siya nababalutian, at hindi naman kahinahinayang. Bagaman hindi niya naititik sa isang aklat ang kanyang mga puna at pansin, ay lagi na naman niyang tinutukoy ang paksang

---

kaya't siya'y nabuwal nang hindi pa subsob, gaya ng karaniwang nangyayari sa daan-daang binabari sa mga manghihimagsik, kundi patihaya at páháráp sa araw:

(15) Ang kanyang pangarap na maturuan ang mga kababayan niya ay nasising sa lahat ng kanyang mga akda, at ang gayo'y lubos na naiságawá nang siya'y handugan ni G. Mariano Cunanan ng halagang P40,000 upang magugol sa pagtatayo ng isang makabagong kolehiyo sa Hongkong. Lahat ng nakatunghay ay alintuntuning ginawa ni Rizal ay nangamangha nang gayon na lamang dahil sa katayugan ng patakarang inihanda niya, pátákárang káhit na sa panahong ito'y hindi mapapahuli sa mga itinuturo sa ating mga paaralan. Dapat ding alalahanin ang sinabi niya sa isa sa mga sulat niya kay Pastell: "Nakabanaag ako ng kaunting liwanag at tungkulin kong ituro sa aking mga kababayan".

(16) Si Rizal ay naging mapanghawak na lagi sa maayos at mabuting tuntunin sa kanyang mga pag-aaral, kaya naman gayo'y náaring marátng niya ang kalalim-laliman ng anumang bagay na ibig niyang marating.

ito sa kanyang maraming sulat, at gayon na lamang karami ang binanggit tungkol sa kanya, na maaaring isalin dito ang kanyang mga pangunahing isipan. Gayunma'y sasabihin kong si Rizal ay tumukoy lamang sa pagpapalagayan ng mga puti at ng lahing pilipinong may kulay, sapagka't ayon sa kanya, ang sikolohiya ng ibang mga lahing may kulay ay hindi niya kilala.

Sinasabi ni Rizal na maging noon pa mang bata lamang siya ay dinamdang na niya ng labis-labis ang paghamak na ipinama-malas sa kanya ng mga Kastila, dahil lamang sa siya'y indiyo. Buhat noo'y sinikap na niyang matalos kung ano ang sanhing pinanghahawakan ng mga puti, lalo na ang mga Kastila, kung bakit iniirapan o hinahamak kung tingnan ang isang taong umi-isip, nag-aaral at humihinging katulad din nila, at wala namang dahilan kundi ang pagiging kayumanggi ng balat at ang buhok ay gusot.

Nappapalagay ang mga europeo na sila ang ganap na mayari ng lupain, at ang kanilang lahi ay siyang tanging tagapaghatid ng pagkakasulong at kalinangan, at nangagpapalagay din namang parang siyang uring *homo sapiens*, at ipinahahayag nilang mga mabababa ang ibang lahi, alalaong bagay mga walang kaya upang makaparis sa kahilingang europeo; kaya't ang mga lahing may kulay ay nagsisikatawan lamang sa mga balabalaking uri ng *homo brutus*, ayon sa palagay ng mga europeo.

Itinatanong ni Rizal ang ganito: Matwid ba ang mga palagay na ito? Ginawa na niya ang tanong na ito noon pa mang siya'y isang mag-aaral pa lamang, noong maingat na minamasdan ang ang kanyang mga kamag-aaral na puti at ang kanyang sarili. Hindi nalaunan at kanyang napagkilala, kahit sa kolehiyo man lamang, na hindi maaaring mapansin ang pagkakaiba, tungkol sa naaabot ng isip, ng puti at ng taal na pilipino; may mga tamad at masisipag, masasama at mabubuti, mga hangal at matatalino maging sa mga kolehiyal na puti at maging sa kayumanggi: may mga tamad at may matatalino, maging sa mga puti at sa mga taal na pilipino. Nagpapasigla sa kanya sa pagpapakasipag sa pag-aaral ang pag-aaral naman tungkol sa mga lahi; nakapangyari sa kanya ang parang pagkainggit tungkol sa lahi. Nalulugod siya kapag ang isang mahirap na suliraning hindi malutas ng kanyang mga

kamag-aaral na puti ay nalulutas niya. Ito'y hindi niya ipinalalagay na isang tagumpay ng kanyang sarili, kundi isang tagumpay ng kanyang sariling bayan. Sa kolehiyo nga muna natausan niya ang paniniwalang maging ang mga puti at maging ang mga tubo sa kanyang lupang kinamulatan na nagsisigawa sa pamamagitan ng isip ay magkakaparis na nagsisiunlad — ceteris paribus. Dahil dito'y hininuha niyang maging ang una at maging ang iba ay kapuwa may mga likas na kakayahan.

Bilang bunga ng paghihinuhang ito ay yumabong kay Rizal, gaya ng kanya na ring ipinagtatapat, ang parang isang matwid na pagmamataas. Nagsimula siya sa pagpapalagay na ang mga tagalog ay lalong matatalino kaysa mga Kastila (na siyang mga tanging puting nakasama niya noon); boong kagalakang isinasaysay ni Rizal kung bakit siya dumating sa ganitong mapanlinlang na hinuha. Una-una'y sapagka't sinasabi niya ang sumusunod: Sa aming kolehiyo ay walang itinuturo kundi sa wikang kastila samakatwid, ang mga puti'y tinuturuan sa kanilang wika, at kaming mga tagarito'y kailangang magpakasikap sa wikang dayuhan upang makaunawa ng sa ami'y itinuturo, kaya naman kailangang kami'y maging lalong matatalino kaysa mga Kastila, kapag kami'y nakakapiling nila at kung minsa'y makahigit pa sa kanila. Isang masusing pagsusuri ang pumukaw sa kanya ng pag-aalinlangan, hinggil sa kalamangan ng katalinuhan ng europeo. Napansin niyang inaakala ng mga Kastila na ang mga ito'y pinipintuho ng mga tubo sa bayang ito na parang mga nilikhang nakatataas, sa pananalig na ang mga puti'y nilikha sa pamamagitan ng lalong mabuting putik kaysa mga inianak sa bayang ito. Datapuwa't natatalos ni Rizal na ang paggalang na ipinamamalas ng mga tubo sa bayang ito sa mga Kastila ay hindi nangangahulugan ng pagpapawalang-halaga sa kanilang sariling lahi; ang paggalang ay paimbabaw lamang at buhat sa takot at pagmamakaakin. Buhat sa takot, sapagka't ang tingin nila sa puti ay kanilang panginoon at tagapamahala, ang sa pamamagitan ng lupit, bagaman angkin ang lalong mabuting hangad, marahil, ay sinusupil sila. Buhat din sa pagmamakaakin, sapagka't namamalas nilang ang europeo, dahil sa kanilang kapalaluan sa lahi, ay lagi nang nagpapamalas ng dakong mahina; sa kanya'y maraming mapapakinabang, kung ang isang tao'y ma-

ninikluhod at magpapakababa (ang europeo'y sadyang ayaw nang maiiba pa rito). Ang mga taal na pilipino'y hindi rin nagtataglay ng paggalang sa europeo, maliban sa yumuyukod lamang sa kanya; ungi't nagsisitawa sa likuran nila at tumatawa lamang sa kanilang kapalaluan, at nagpapalagay na sila'y lalong tuso. Palibhasa'y hindi kinikilala ng mga kastila ang tunay na hangarin ng mga pilipino, kung kaya ipinalagay ni Rizal, at may matwid naman, upang sila'y ipalagay na lalong mababa kaysa kanyang mga kababayan kung tungkol din lamang sa katalasan ng isip. Nitong mga huling araw, ay boong kagalakang naaalaala ni Dr. Rizal ang mga mapanlinlang na hinuhang kanyang naisip nang kanyang kabataan, sapagka't ang wika nga niya'y napatunayan niya sa kanya na ring sarili kung gaano kadaling makagawa ng mga maling akala tungkol sa ibang bansa. Kailan man niya narinig sa bibig ng mga europeo o nababasa sa kanilang mga aklat ang mga kuru-kuro nila tungkol sa aking bayan, ay nananariwa sa aking gunita ang mga isipan ng aking kabataan, at ang poot na naghahari sa akin ay nawawala, at pangiting binabanggit ko ang sawikaing pranses na: "unawain ang lahat ay ipatawad ang lahat".

Ang paninirahan niya sa Espanya ay nagbukas sa kanya ng isang bagong daigdig. Ang tanawin ng kanyang bait at isip ay lumawak nang gayon na lamang. Mga bagong isipan ang nakapangyari sa kanya. Nanggaling siya sa isang bayang pinagharian ng "beaterio", doon sa ang prayleng kastila, ang kawaning kastila, ang militar na kastila ay nagsisipamahala sa mga katawan at mga kaluluwa, na angkin ang kapangyarihang walang hangganan. Dito sa Madrid ay kabaligtaran ng lahat ang kanyang natagpuan: ang mga malayang palaisip at mga "ateo" ay boong layang nagsisipagsalita sa isang paraang mapanghamak laban sa kanilang relihiyon at kanilang simbahan, ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nakita niya ritong kakaunti, at hindi lamang nakita niyang nakikipag-away ang mga liberal laban sa mga makapari, kundi boong pagtataka pa ring namalas niyang ang mga Republikano at mga Carlista ay hayagang nagsisikap sa ipagtatagumpay ng kani-kanilang mga mithiing politiko. Isang damdaming puspos ng kapaitan ang nahari sa kanya nang mamalas ang kaibigan ng walang pamigil na kalayaan sa Inang Bayan at



ang mapanglagom na kapangyarihan ng mga pare sa kanyang lupang kinamulatan. Pinag-aaralan niya ngayon ang iba't ibang partido sa Espanya nguni't ang pag-aaral na ito'y hindi nakatulong sa ikabubuti ng kanyang kuro at palagay tungkol sa mga europeo. Namalas niyang ang lahat ng partido'y nanghahawak sa magagandang palatuntunan, napatunayan din niyang bagaman bawa't partido'y nagtataglay ng kasiraan, sa ilalim ng kani-kanyang puno ay hindi lamang nag-iinit dahil sa isang makapartido lamang kundi dahil sa sariling pananalig; namalas niyang ang karamihan sa mga politiko'y inaakay o pinangungunahan, kusa man o hindi kusa, ng pagmamataas at ng pagmamakaakin.

Nguni't lalo nang ikinamamangha niya na ang mga karaniwang mamamayan ay magpamalas ng pagwawalang-bahala o kaya'y hindi man lamang nag-iisip na nag-sisitungo sa mga presintong pinaghahalalan. Ito man, ang wika niya, ay bunga ng isang matandang kabihasnang mahigit nang dalawang libong taon; na sa bawa't sandaan europeo, ang siyamnapu't siyam ay naniniwalang lahat mang di tinutuligsa o pinupuna ang sinasabi o ipinatatalos sa kanila ng mga manunulat ng kanilang tinatangkilik na mga pahayagan. "Iya'y ginagawa rin ng aking mga tagalog kahit na sila'y walang maputing balat".

Ang kanyang pagkakatira sa Pransya, Alemanya at Englatera ay siyang lalong nagdulot sa kanya ng malaking kapangyarihan. Sa mga bansang ito'y lumawak ang kanyang mga kaalamang pang-aghams, o sa lalong maliwanag na pagtuturing ay doon niya natuklas na unang-una ang diwa ng makabagong agham ng mga wika. doon niya una-unang natutuhan ang kahulugan ng salitang "etnografia" o kasaysayan ng mga lahi.

Sa Espanya ay itinuturong unang-una — tinutukoy ko lamang dito ang Pilipinas — ang mga wika at kasaysayan ng mga lahi sa isang paraang katangi-tangi. Ang mga prayle'y sumusulat ng maraming balarila at talatinigan ng mga wikaing pilipino, nguni't wala silang kaalaman (sa pamamagitan man lamang) ng ibang mga wikang malayo. Isa sa kanila'y nagtangkang humanap ng kaugnayan ng mga wikaing pilipino sa ibang mga wikaing malayo, nguni't naliligaw sa mga landasing ipinagsasapalaran. Ang mga heswita lamang at ang mestisong pilipinong si Dr. T. H. Pardo de



Tavera ang siyang mangasasabing maluluwalhating kataliwasan. Sa pag-aaral ng mga wika ni Dr. Rizal ay nakatulong nang malaki ang yumaong si Dr. Rost ng Londres. Ang mga kuru-kuro nito at ang pag-aaral ng mga akda ni W. von Humboldt, Jacquet at Prop. H. Kern ay nangagdulot sa kanya ng tanawin ng isang daigdig na ganap na bago<sup>17</sup>. Ipinasiya niya ang pagpapalimbag ng isang akda tungkol sa pandiwang Tagalog; pagkatapos ay binago ang balak na ito at sa Dapitan ay sumulat ng isang balarilang Tagalog sa wikang Ingles, at kasabay nito'y sumulat din ng isang pagwawasto hinggil sa mga sangkap na pangugnay na Tagalog sa Bisaya. Ibig sana niyang ialay ang isa mga akdang ito kay Dr. Kern sa ngalan ng mga malayo at ang isa pa ay bilang alaala kay Dr. Rost. Hindi niya naaring tapusin ang mga akdang ito<sup>18</sup>. Sa pagkaladkad sa kanya sa isa't isang hukuman, ay namatay siya sa pook na pinagbarilan sa kanya. Sa kabutihang palad, sa ati'y nalabi ang isang sipi ng Tagalog, na lumabas ang salin sa mga padalang-tulong sa "Instituto Indico"<sup>19</sup>. Sa kasamaang palad, ang akdang ito'y nakaragdag ng poot ng kanyang mga kaaway na politiko, palibhasa'y ang mga Kastila ay sadyang galit na galit sa lahat ng uri ng mga akdang wagas na pilipino, na laging kinababanaagan ng hangad na mahiwalay, at sa Pilipinas, ang maturang pinaghihinalaan sa paghiwalay sa Espanya ay makaaasa nang magtatamo ng malungkot na wakas.

Ang pag-aaral ng kasaysayan ng mga lahi ng mga Kastila sa Pilipinas ay kasabay ng pag-aaral nila ng wika. Lahat ng Kastilang nagsisiulat ngayon tungkol sa kasaysayan ng mga lahi sa Pilipinas ay malayung-malayo ang agwat sa kinaduroonan ng kababayan nilang si Hervas noong magtatapos ang dantaong naka-

(1) Sinuri at hinamaymay ni Prop. A. B. Kera ang kuwento ni Dr. Rizal na "Ang Pagong at ang Matsing" na nalathala sa wikang ingles sa "Trubners Record", bagay na siyang lalong ikinabantog ni Rizal sa mga lipunang siyentipiko sa boong daigdig.

(18) Hindi namin malaman kung ang belarilang tagalog sa wikang ingles ay natapos, ni ang nauukol sa pagkakaugnay ng tagalog at bisaya ay ná-ingatan para sa mga magsisisunod sa atin. Sa anu't anoman, sa pagtátángká ni Rizal na iukol ang mga akdang ito bilang alaala kina doktor Kern at Rost, ay wala siyang ginawa kundi ang pag-ukulan ng matwid, na ganti ang mga pinagkakautangan ng kanyang kalinangan sa agham.

(19) Ang akdang itong tinutukoy ay ang "Sining ng Panulaan sa Tagalog", na nasusulat sa wikang aleman, at ang salin sa kastilang ginawa rin ni Rizal ay nilathalang una-una ni Efanio de los Santos Cristobal noong 1909, sa kanyang panayam na binibigkas hinggil sa Panitikang Tagalog sa harap ng "Samahar ng mga Mananagalog".

raan at nang magsimula ang dantaong ito, sapagka't sila'y sahol sa kaalaman kaysa rito. Kung babasahin ang mga makabagong akdang kastila tungkol sa kasaysayan ng mga lahi sa Pilipinas, ay boong pagkakamanghang mamamalas, na ang mga may-katha niyaon ay walang pinag-iwan sa mga mananalaysay nang mga dantaong nakaraan; sinusulat nila ang kanilang mga pansin o kaya'y sinisipi ang mga gawa ng kanilang mga ninuno nang di pinupuna, walang kaalaman sa pagkakaugnay ng mga kaugalian, kaasalan, atbp. ng mga pilipino sa mga tubo sa ibang mga bayan. Sa biglang sabi, ang makabagong kasaysayan ng mga lahi ay masasabing may lampin pa hangga ngayon sa Espanya.

Si Rizal na isinilang sa gitna ng mga Kastila, ay hindi masasabing lalong mabuti ang turo, tungkol sa bagay na ito, kaysa mga Kastila. Dahil lamang sa akin, na siyang unang tumawag ng kanyang pansin sa guwang na bukas ng kanyang pinag-aralan, kung kaya nagsikap ng gayon na lamang upang mapalawak ang kanyang mga kaalaman tungkol sa bagay na ito. Ang mga pang-kalahatang kasaysayan ng mga lahi ni von Peschel, F. Muller, Watz-Gerland at Ratzel, ang pinagparis na kasaysayan ng mga lahi ni Andres, ang mga "monogracia" ni Wilken, ang mga lathalang pangkasaysayan ni Lipper at Rellwald ay siyang paksa noon ng kanyang kasipagan at masigasig na pag-aaral. Ang mga pag-aaral na ito'y hindi lamang ipinaging taimtim ng kanyang kaalaman kundi naging malaking kaaliwan pa niya. Naisip niyang ngayon lamang niya napagkilalang ang kanyang bansa'y hindi bansa ng mga "antropoido" gaya ng sinasabi ng mga Kastila, sapagka't namalas niyang ang mga kasiraan at kagalingan ng mga Tagalog ay lantay na sa pagkatao lamang, at ang mga kagalingan at mga bisyo ng isang bayan ay hindi lamang sarili o buhat sa kanyang lahi kundi mga kaugaliang minana at sa mga ito'y nakatutulong ang singaw ng lupa at ang kapaligirang panlipunan.

Dito'y idinagdag ang kanyang tinatawag na "Curso en etnografia practica" na nangangahulugan ng pagmamalas sa buhay ng mga manggagawa. Angkin ang layuning ito, siya'y lumiligpit nang lingguhan o buwanan sa mga nayong tahimik, at doo'y masusing

minamalas ang buhay ng mga mamamayan<sup>20</sup>.

Ang bunga ng kanyang mga makaagham at napagdanasang pag-aaral ay binubuo sa mga sumusunod:

(1) Ang mga lahi ng tao ay nagkakaiba sa kanilang panlabas na pinagkaugalian at sa kayarian ng kanilang kalansay, nguni't hindi ang tungkol sa kanilang *psyche*. Nagdaramdam sila ng magkakatulad na simbuyo, ng magkakaparis na hirap o sakit na dinaramdam ng mga puti, mga dilaw, kayumanggi at itim; at ang kaibhan lamang ay ang ayos o anyo ng pagpapahayag, gayunman, ito'y hindi lagi nang namamalas sa alin mang lahi ni sa alin mang bayan, kundi nagbabago alinsunod sa lakas ng iba't ibang bagay o sangkap.

(2) Nagkakaroon lamang ng mga lahi para sa mga "antro-pólogo"; sa mga nagsusuri sa buhay ng mga bayan ay wala kundi mga iba't ibang uri lamang ng lipunan. Ang pagbukod-bukod at pagbibigay ng pangalan sa mga uring ito ay siyang magiging suliranin ng mga "etnólogo". Kung paanong kiniklala sa sukat ang taas ng mga bundok, gayondin namang matatamo ang ganito sa pamamagitan ng pagpaparis ng mga uring panlipunan ng lahi ng tao. Kung papaanong may mga bundok na hindi makaabot sa lalong matayog na balabal ng kataasan, gayon din naman, may mga bayang hindi nakaaabot sa lalong matayog na uring panlipunan; ang lalong mababa ay siyang karaniwan na sa lahat ng bayan. Sa mataandang lupain ng kalinangan ng Pransya ay Alemanya ay bumubuo ng isang uri lamang ang pangunahing pulutong ng mga mamamayan, na kapantay din sa isip at talino ng pangunahing pulutong ng mga Tagalog; nagkakahiwalay lamang sila sa kulay ng balat, sa damit at sa wika. Kung hindi napatataas ang mga bundok, ang mga tao nama'y nagsisilaking unti-unti hanggang sa dakong lalong mataas. Ang paglaking ito'y hindi lamang utang sa kakayahan ng mga nasabing bayan, kundi sa kabutihan ng kapalaran at sa iba pang bagay, na sa isang dako'y naipaliliwanag at sa kabilang dako nama'y hindi mataya.

---

(2) Samantalang nasa Alemanya si Rizal ay karaniwan na siyang nág-paparaan ng tag-init sa mga maliit na nayon, at sa isa sa mga sulát niyá kay Pastor F. Ulmer ay matalimtim na ginugunita niya ang pagbibigayan o pagpaparaanan tungkol sa relihiyon ng isang pastor protestante at isang paring katoliko, gayondin ang pakikipagtalo niya sa nasabing pastor sa loob ng matatagal na liwanag ng tag-init sa kaparangan ng Odenwald.

(3) Kapag pinatunayan, hindi lamang ng mga politikong mapanakop kundi gayondin ng mga taong makaagham, na may mga lahing maiikli ang isip, na kailanma'y hindi makararating sa itaas na kinadoroonan ng mga europeo, ang katotohanang pinagbabatayan nila ay ito:

Sa isang matayog na kaisipan ay nangyayari ang gaya rin ng kayamanan. May mga bayang mayayaman at may mga bayang mahihirap, gaya rin naman ng pagkakaroon ng mga taong mayayaman at mahihirap. Ang mayamang nagpapalagay na siya'y ipinanganak nang mayaman ay dumaraya sa sarili; siya'y isinilang sa daigdig nang mahirap at hubad katulad din naman ng kanyang alipin. Ang nangyayari'y namana niya ang kanyang kayamanan sa kanyang mga magulang na nakatipon noon. Inaakala kong ang katalinuhan ay namamana rin. Ang mga bayang dahil sa ilang kalagayang di-karaniwan ay napilitang gumawa sa pamamagitan ng kanilang talino, mangyari pang dili ang hindi magkakaroon ng katalinuhan lalong linang na maipamamana sa kanilang mga kaanak, na boong pagmamasakit naming sinusunod ng mga ito. Ang mga bayan sa Europa ay mayayaman (sa katalinuhan). nguni't hindi mapaninindigan, nang di magsisinungaling, ng mga nasa kasalukuyang panahon, na buhat nang sila'y lalangin ay naging mayaman na sila (sa katalinuhan); kinailangan nila ang daan-daang taong pakikihamok at paggawa, ang pangyayaring makabubuti, kailangang kalayaan, mga batas na pakikinabangan at mga pinunong may matuwid na pagkukuro upang maipamana ang kanilang kayamanan ng isip sa kanilang mga kaanak. Ang mga bayang matatalino ngayon ay dumating sa kanilang kalagayan sa pamamagitan ng matagal na pagkakasalin-salin ng mana at pakikibaka. Ito'y pinatutunayan ng kasaysayan; ang mga Romano ay walang mabuting palagay sa mga Hermano (aleman) na hihigit sa pagpapalagay ng mga Kastila sa mga Tagalog, at kung sila'y pinupuri ni Tacito ay sinusunod ang gayonding landas ng may ibig sabihing paghilo gaya ng namamalas natin sa mga kabig ni Rousseau, na nangagpapaalgay na naganap at nangyari ang kanilang mga mithiing "filosófico-politico" sa Tahiti.

(4) Ang hamak na palagay ng mga Europeo sa mga taong maykulay ang balat ay maipapaliwanag nguni't hindi maipagdadahilan. Si Rizal ay nanghahawak tungkol dito, sa gaya ng

sumusunod: Sa ibang mga bayan ay hindi nandarayuhan ang mga taong nag-uurung-sulong, kundi mga taong matitigas, na hindi lamang taglay nila, pag-alis sa kanilang lupa, ang di mabuting pagpapalagay sa mga lahing may kulay ang balat, kundi kipkip pa nila ang karapatang kaloob ng batas na sila'y maykapangyarihang mamahala sa mga taong may kulay ang balat. Kung natatalos lamang nila ang natatalos ng kakaunting puti, na kinatatakutan ng mga taong may kulay ang balat ang kahayupan ng mga puti, gayo'y sapat nang makapagpaliwanag kung bakit ang mga taong may kulay ang balat ay lumalabas na mga aba sa mga akda ng mga puti, kapag ang mga iyon, gaya ng sukat mahintay, ay hindi makasagot sa kanila sa pamamagitan ng mga nilimbag na akda. Bukod dito kung sasang-ayunang ang mga taong may kulay ang balat ay kabilang o nauukol sa lalong mababang baitang ng lipunan, sa gayon, ang palagay ng isang puti ay makakasing-halaga rin ng kung ang isang Tagalog na may pinag-aralan na naglalakbay sa Pransya, at Alemanya ay magpalagay sa mga Pranses at mga Aleman na katulad din o kaparis ng mga pastol, alila, kamarero at kutserong pranses o aleman.

(5) Ang kakulangang-palad ng mga taong may kulay ay tanging nasa kulay lamang ng balat. Sa Europa ay maraming taong napaakyat sa lalong mataas na katungkulan at karangalan, gayong sila'y galing sa angkan ng lalong mababang baitang ng bayan. Ang mga nagsisiakyat na ito'y may dalawang uri: ang una'y yaong madaling makawangis sa kapaligirang kinadoroonan nila, at kailan ma'y hindi ipinamumukha sa kanila ang pinagmulang nakahihiya, kundi sa kabilang dako'y pinararangalan pa nga sila sanhi na sila'y mga "self-made man" o nagsitaas sa sariling sikap. Ang iba naman ay yaong mga mapanghimasok, na pinagtatawana't binibiru-biru lamang. Ang isang taong may kulay ay karaniwan nang nakikita sa kalagayan ng mga nasa ikalawang uri; magpakarangaldangal at magpakalinis-linis man, sa boong kahulugan ng dalawang salitang ito, ay taglay din sa kanyang mukha ang di makakatkat na tatak ng kanyang pinagbuhatan; bagay na siyang naghahatid sa taong may kulay, ayon sa dimabuting palagay ng mga europeo, sa kasakit-sakit na pagkaduhagi. Dito'y tinutuligsa ang lahat; ang isang maliit na kamaliang maipatatwad nang walang anumang paghihinala sa anak ng isang manggagawa ng sapatos na nataas

hanggang sa maging isang baron, bagay na maaari ring mangyari sa isang kaanak ni Montmorency, ay nagiging dahil ng pagtawa at ikinaririnig ng turing na: "ano ang ibig ninyo, sa siya'y isang kayumanggi"! Datapuwa't kung hindi nagkakasala sa magandang kaugalian, kung isang magaling na abogado, isang mabuting mediko, ito'y hindi ipinalalagay na parang isang bagay na napaguunawa sa kanyang sarili, kundi minamalas ng boong kabutihang loob, katulad ng pagmamalas sa isang sirko sa isang asong balahibuhin, nguni't hindi gaya ng isang taong may kagalingan.

Sa masamang pagpapalagay na ipinamamalas sa mga taong may kulay, ay dapat din namang bigyang sala o pagpanagutin ang pangyayaring sa mga bayang maiinit ay mga taong may kulay ang siyang mga utusan o tagapaglingkod. Kung ang isang ginang na alemanya'y dumaraing o pumipintas sa kanyang mga utusan sapagka't ang mga ito'y hangal o tunggak, ay walang salang hindi ilalapat ang pang-uring ito sa boong bansang aleman, nguni't ang mga europeong tumitira rito sa tropiko o bayang maiinit ay nakakagawa ng ganitong kawalang matwid at tahimik na nagsisihimlay na parang walang kasalanan.

Nakatutulong din naman ang mga mangangalakal sa hindi tumpak na kurong iniukol sa mga taong may kulay. Ang mga europeoy nagsisitungo sa mga bayang maiinit upang magpayaman sa lalong madaling panahon. Ito'y nagagawa lamang sa pamamagitan ng pamimili sa bayan sa halagang kamangha-mangha ang kamurahan. Ang kaparaanang ito'y hindi ipinalalagay ng mga tubo roon na parang tunay na pangangalakal. Inaakala nilang sila'y dinaraya lamang ng mga puti, at sa ganang kanila nama'y nag-aayos-sila upang samantalahin ang mga europeo, samantalang sila-sila'y boong karangalang nagpapalagayan. Sa gayo'y tinatawag sila ng mga europeo na mapaggawang-usap at magdaraya, nguni't kung ninanais ng mga europeong iyan na pag-samantalahan ang kamangmangan ng mga tubo roon ay ipinalalagay nilang sila'y may karapatan, bilang mga puti, na magsamang asal sa mga taong may kulay.

Sa wakas ay pinatutunayan ni Dr. Rizal na hindi siya nagtataakang magkaroon ng masamang palagay ang mga europeo sa mga taong may kulay, matapos na makita niya sa Europa ang

walang matuwid na paunang kurong inaangkin sa pagpapalagayan o pagsasamahan nila.

Si Rizal ay may mabuting kalooban at mapanghawak sa matuwid sa kanyang pagbibigay ng kuru-kuro sa ibang bayan. Ang kanyang buhay at maliwanag na katalinuhan, ang sarili niyang pagkamagiliwin, ang mainam niyang kilos bilang isang taong nakaunawa ng lakad ng daigdig at ang kanyang marangal at magandang kalooban ay nakaakit sa kanya ng mga kaibigan sa lahat ng dako, kaya't ang kalagim-lagim na kamatayan ng marangal na taong ito, matalino at minamahal, ay nagbunga ng malabis na pagdaramdam ng kalahatan<sup>21</sup>. Si Rizal ay isa ring bantog na artista o makasining; siya'y dibuhante at eskultor. Mayroon akong tatlong estatwa niya, na maituturing na mga sagisag ng kanyang buhay. Ang isa ay kumakatawan kay Prometeo na natatanikalaan, ang ikalawa'y ang pananagumpay ng kamatayan sa buhay — ang anyong ito'y tunay na walang kaparis; isang kalansay na nababalot sa isang sotana ng prayle, ang kumakaladkad sa bangkay ng isang batang babae; ang ikatlo ay kumakatawan sa isang anyong babae, na nakatuntong sa ibabaw ng isang bungo at sa kanyang nakataas

(21) Si G. Wenceslao E. Retana, sa kanyang "Buhay at mga Sinulat ni Dr. José Rizal", na inilathala sa Madrid noong 1907, ay may isang buong kabanata na pinamagatang *Post Mortem* na pinagsipian ng mga huling kuru-kuro ng mga bantog na europeo hinggil sa katauhan at mga ginawa ni Dr. José Rizal. Si Prop. Blumentritt ang siyang una-unang sumulat ng isang lathala sa "Revista Etnográfica" tungkol kay Dr. Rizal, na ngayo'y sinipi namin at isinalin sa wikang Tagalog. Sumunod sa kanya, pagkatapos, Si Dr. Stolpe na siyang nagsalin sa wikang suweko ng Huling Paelam.

#### *Si Rizal at si Blumentritt*

Sa aking pagkapilipino ay lagi na akong pinaeigla ng mga akda at sinulat ng dakilang magiting na si Rizal, nguni't sa aking pagkametiko ay lalo nang inakit ako ng kanyang mga sinulat na nauukol sa agham. Ang akdang ito n' Prop. Blumentritt ay kasama sa aming sariling katipunan ng mga kesulatan noong may dalawampung taon na ang nakaraan, at ang salin sa Kastila, ay sa kahilingan nami'y boong katumpakang ginawa ni G. Adolfo Spanielberg. Ay may limang taon nang nakalibing na kasama ng aming matatandaang kasulatan. Si G. Leon Ma. Guerrero, na lubhang sanay sa wikang Kastila, ay siyang kuminis sa kagaspangan ng isang saling hindi malaya ang pagkakagawa kundi isang pakahulugan sa bawat salita. Wala nga kaming inihahandog na sariling amin, at wala rin kaming hinahabol na kapurihan maliban sa pangyayaring ito'y inilathala naming bago papanghinain ang aming diwa at patigasin ang aming mga bisig ng lamig ng mga taon. Si Prop. Blumentritt ay siyang punong tagapagsanggalang, nang kanyang kapanahunan, ng kakayahán, ng mga pilipino at walang sinumang katulad niya na nakaunawa hanggang sa kaibu-ibuturan ng kaugalian nating pambansa at ng ating mithing politiko. Ang akda ngang ito'y isang katipunan ng buhay ni Rizal, bukod sa isang walang kinikilingang kuro o palagay kung ano ang magagawa ng Pilipino kung siya'y bibigyan ng pagkakataong nararapat sa isang mabuting kalagayan.



na mga kamay ay may isang nagniningas na sulo: ito'y nangangahulugan ng Pagtatagumpay ng Agham, ng katalinuhan, sa kamatayan.

Sa lahat ng bagay, si Rizal ay siyang taong bantog, hindi lamang sa kanyang bayan kundi sa boong lahing malayo. Ang kanyang alaala'y hindi mapaparam sa kanyang lupang tinubuan at walang salang bibigkasin nang boong paggalang ng mga susunod na salinlahi ng mga Kastila ang kanyang pangalan. *Hindi siya naging kaaway kailanman ng Espanya.*

Minahal ni Blumentritt ang bayang pilipino na angkin ang init ng isang magiting, at ang taling nagbuklod sa kanya kay Rizal nang ito'y buhay pa ay masasabing napakahigpit. Ang damdamin nila'y magkaisa. Ang kahuli-huhang sulat ni Rizal, sa labas ng kanyang mga kaanak, at bago siya barilin, ay ipinadala kay Prop. Blumentritt. Ang sulat na yao'y ipinalalagay ni Blumentritt na parang isang awit ng *sisne* at kung kanyang binabasang muli ay dumadalo ang kanyang masaganang luha. (Gayon na lamang ang pagmamahal nila!)

Ang sulat na yao'y nasa wikang aleman, matatag ang kamay, walang pag-uurung-sulong ni anumang katkat, at ang nilalamay gaya nito:

"Minamahal kong kapatid:

"Pagkatanggap mo ng sulat na ito ay patay na ako. Bukas ng ikapito ng umaga ay babarilin ako, nguni't wala akong kasalanan sa ipinararatang sa aking paghihimagsik.

"Mamamatay akong panatag ang aking budhi.

"Paalam na, kaibigan kong pinakamabuti't pinakamamahal, a kailan man sana'y huwag mo akong pag-isipan ng masama.

Kuta ni Santiago, 29 ng Disyembre ng 1896.

#### JOSE RIZAL

"Mesaganang alaala sa boong kaanak, kay Donya Rosa, kay I-leng, Conrado at Federico".

(Sa gilid ng sulat ay isinulat ito:)

"Bilang alaala ay iniwan ko sa iyo ang isang aklat".

Ang aklat na ito, ayon kay Prop. Blumentritt ay isang antolohiyá o kati-punan ng mga sinulat sa wikang aleman, nababalan sa hilaw na balát n-  
usa, at sa mga hulig araw ng pagkakabilanggo ni Dr. Rizal, ay nilagay ng salungguhit ang mga kaisang katulad o katugon ng kanya (ni Blumentritt). Ang aklat na nasabi'y boong katumpakang tinawag ni Blumentritt na *huling-pating pilosopiko-literario ni Rizal.*

Ngayon pa lamang ang kauna-unahang pagkakatulad na akdang ito ni Prop. Blumentritt sa wikang kastila (na isinalin ngayon sa wikang Tagalog.) Nguni't noong 1898 pa ay nabasa na ito sa salin sa wikang ingles na inialay kay Heneral Emilio Aguinaldo at ang salling iyo'y gawa ni G. Henry W. Bray, na may mga kasamang talá, bukod sa may dahong dagdag na parang kabuuan ng mga pagsisikap na ginawa ni G. Antonio Ma. Regidor at iba pa upang agawin si Rizal sa kukó ng Espanyang Itim.

J. P. BANTUG

Maynila, 27 ng Disyembre, 1928.



